# Diksyonaryo-Gabay

SA MGA GAWA NI

# Berry Manansala



U Z. Eliserio

# Diksyonaryo-Gabay

SA MGA GAWA NI

# Berry Manansala

U Z. Eliserio

**Diksyonaryo-Gabay sa mga Gawa ni Berry Manansala**
© 2024 Sentro ng Wikang Filipino-Unibersidad ng Pilipinas Diliman at U Z. Eliserio

Sinusuportahan ng Sentro ng Wikang Filipino–Unibersidad ng Pilipinas Diliman (SWF-UPD) ang bukas na pag-akses (open access) para sa pag-download, pagbahagi, pagsipi, at paggamit nang buo ng mga aklat at materyales ng Aklatang Bayan Online at P2P Digital. Hinihiling ang angkop na pagbanggit sa mga aklat at mga awtor at/o patnugot nito at sa SWF-UPD bilang orihinal na batis at tagapaglathala, kadikit ang tagubilin na huwag babaguhin at gagamitin para sa komersiyal na layunin ang mga na-download na teksto.

The National Library of the Philippines CIP Data Recommended entry:

Kinikilala ng Sentro ng Wikang Filipino-Unibersidad ng Pilipinas Diliman ang Opisina ng Tsanselor ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman para sa pagpopondo ng paglalathalang ito.

**U Z. Eliserio**
Awtor

**Jayson D. Petras**
Punong Editor, Aklatang Bayan Online
Direktor, Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman

**Michael Francis C. Andrada**
Punong Editor, Aklatang Bayan Online (2019-2022)
Direktor, Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman (2019-2022)

**Elfrey Vera Cruz Paterno**
Tagapamahalang Editor, Aklatang Bayan

**Allan Enoslay Avena**
Tagapamahalang Editor, Aklatang Bayan

**(Pangalan)**
Disenyo ng Aklat at Pabalat

**Inilathala ng:**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman sa pamamagitan ng
Sentro ng Wikang Filipino-Unibersidad ng Pilipinas Diliman
3/Palapag Gusaling ISSI, E. Jacinto St., UP Campus, Diliman, Lungsod Quezon
Telefax: 8924-4747 | Telepono: 8981-8500 lok. 4583
www.sentrofilipino.upd.edu.ph

# Pagpalaot sa Bagong Anyo ng Paglalathala

Pinagtibay at ipinatupad sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) noong 1989 ang Patakarang Pangwika na nagtatakda sa wikang Filipino bilang pangunahing midyum ng pagtuturo, pananaliksik, paglalathala, gawaing ekstensiyon, at opisyal na komunikasyon. Bukod sa pagtalima sa mga probisyong pangwika sa Konstitusyong 1987, ang hakbang na ito ay pagkilala sa kapasidad, kahusayan, at katotohanan na sariling wika ang higit na mabisang kasangkapan ng edukasyon tungo sa pagkatuto at pagkilos ng mamamayan. Malaon nang napatunayan sa kahit na anong bansa at bayan na ang sariling dinamikong wika na nauunawaan at ginagamit ng nakararami ay susi sa pagtataguyod ng pagkakakilanlan, pagkakaisa, panlipunang katarungan, at pambansang aspirasyon.

Upang mahusto ang patakarang pangwika, itinaguyod ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman (SWF-UPD) ang proyektong Aklatang Bayan. Layunin ng Aklatang Bayan na maglathala ng mga teksbuk at iba pang libro na nakasulat sa wikang Filipino sa iba't ibang disiplina at larang. Mithiin ng proyektong ito na magamit ng mga guro at mag-aaral ang mga teksbuk, aklat, at iba pang lathalain para sa kanilang pagtuturo, pagkatuto, at pananaliksik.

Mulang 1994 hanggang kasalukuyan, ang publikasyon sa Aklatang Bayan ay nilahukan ng mga guro, iskolar, mananaliksik, at manunulat sa iba't ibang disiplina tulad ng agham, matematika, humanidades, araling panlipunan, agham panlipunan, isports, panitikan, malikhaing pagsulat, panlipunang kaunlaran, heograpiya, pagpaplanong urban at rehiyonal, musika, araling katutubo, sikolohiya, wika, at marami pang iba.

Humigit-kumulang 200 titulo na ang nailathala sa Aklatang Bayan, kabilang ang dihital na plataporma nitong Aklatang Bayan Online na sinimulan bilang proyektong E-bahagi noong 2018. Taong 2019 nang maging pormal ang institusyonalisasyon ng Aklatang Bayan Online at sa panahon naman ng pandemya simula 2020, tumugon

ito sa pagbibigay ng malayang akses sa ilang luma at bagong aklat ng SWF-UPD. Higit na ibinukas ito sa mga awtor at mambabasa sa pamamagitan ng paglalathala ng mga aklat, pananaliksik, pag-aaral, at maging ng mga malikhaing akda na libreng makukuha mula sa SWF-UPD Website.

Sa kasalukuyan, patuloy pa ring tumutugon sa panawagan ang maraming guro, iskolar, mananaliksik, at manunulat na magsumite ng kanilang mga manuskrito sa layuning maibahagi ito sa pinakamalawak na mambabasa. Tulad ng mababanaag sa sagisag ng Aklatang Bayan Online, nasa iisang bangka ang akademya at bayan: pumapalaot, sumusulong, at lumalaban sa gitna ng iba't ibang hamon.

Sa ilang taon nang pakikibaka ng mamamayan, kabilang ang mga guro, iskolar, mag-aaral, at manunulat, sa disimpormasyon at distorsiyon ng katotohanan at kasaysayan, naninindigan ang Aklatang Bayan para sa responsable, malaya, at mapagpalayang paglalathala.

Lagi't lagi para sa katotohanan. Lagi't lagi para sa bayan.

AKLAT SANYATA

Ang Aklat Sanyata ng Sentro ng Wikang Filipino—UP Diliman ay serye ng mga akda at pananaliksik sa panitikan, malikhaing pagsulat at produksiyon, wika, sining, komunikasyon, midya, pamamahayag, at humanidades. Sa wikang Iloko nagmula ang salitang "sanyata," na nangangahulugang "liwanag" o "ganda."

# Talaan ng Nilalaman

**Biyograpikal na Introduksiyon** ........ *ix*
**A** ........ *1*
**B** ........ *10*
**C** ........ *22*
**D** ........ *30*
**E** ........ *45*
**F** ........ *50*
**G** ........ *51*
**H** ........ *56*
**I** ........ *65*
**J** ........ *71*
**K** ........ *76*
**L** ........ *84*
**M** ........ *97*
**N** ........ *113*
**O** ........ *118*
**P** ........ *122*
**Q** ........ *136*
**R** ........ *137*
**S** ........ *143*
**T** ........ *159*
**U** ........ *170*
**V** ........ *173*
**W** ........ *174*
**X** ........ *175*
**Y** ........ *185*
**Z** ........ *186*
**Postface** ........ *187*
**Pasasalamat** ........ *189*
**Pagkilala** ........ *190*
**Tungkol sa May Akda** ........ *191*

# Biyograpikal na Introduksiyon

Samantalang ang tauhang Berry Manansala sa kanyang mga nobela, panay ang mga kagila-gilalas na pakikipagsapalaran, masasabing ordinaryo, nakakabagot pa nga, ang buhay ng taong Berry Manansala. Ipinanganak siya sa Malabon noong Hulyo 4, 1964, nagtapos ng batsilyer sa Panitikan sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, at nagsimulang magturo sa UP Los Baños noong 1986. Nakamit niya ang Masteral sa Philippine Studies noong 1992 at nagturo sa Department of Humanities, College of Arts and Science ng UPLB hanggang pumanaw noong 2012. Tanging isang insidente lang sa kanyang buhay ang kapansin-pansin. Noong 1998, nagkabalikan sila ng kanyang childhood sweetheart na 20 taon na nang huli niyang nakausap. Ikinasal sila noong Enero 1999. Ang babaeng ito ay si Anasthasia Suan. Labingtatlong taon silang nagsama at hindi nagkaanak.

Namatay si Berry noong Hunyo 12, 2012, taos-pusong naniniwalang susunod sa kanya ang mundo sa Disyembre ng parehong taon. (Naniwala rin siyang darating ang Singularity sa taong 2045.) Natagpuan ni Anasthasia ang print-out ng kanyang mga nobela (Basagulero, Sampung mga Daliri, Ang Awit ng Pag-ibig, Ang Kaharian ng mga Engkanto, Korporasyon, Melon Drama, Ang Bukas na Aklat, Ang Pagbabalik, Panaginip ng Baha, Palusot, Pahayag, Fisting Yahweh) habang nag-iimis ng kanilang garahe. Pagkatapos ng anim na buwang paghahanap ng soft copy ng mga ito, nagsawa siya sa kakahalughog at pina-encode na lamang ang mga manuskrito. Labag sa payo ng mga kaibigan, sa halip na isumite sa tradisyonal na pabliser ay inilathala niya itong lahat sa Internet sa pamamagitan ng blog. Kumalat ito sa mga kabataan, at sa loob lamang ng isang taon ay hinirang ng mga kritiko bilang "ang nawawalang epiko ng mga Tagalog."

Ngayon, lahat, mula simpleng estudyante hanggang pinakaespesyalisadong iskolar, interesado sa mga nobela ni Berry Manansala, kaya't naisipan ng inyong lingkod na likhain ang librong nasa inyong kamay. Hindi ito exhaustive, sigurado akong maraming minor at kahit semi-major na tauhang hindi ko nabanggit man lang, at kahit ang mga major na tauhan ay mahirap gawan ng hustisya sa loob ng lima o anim na pahina, pero umaasa ako na kahit papaano ay makatulong ito sa pagpapakilala, sa paggabay sa mambabasa, baguhan man o betereno, sa sansinukob na nilikha ng isa sa pinakaimportanteng manunulat ng ating panahon.

*Banga, Aklan*
*Enero 13, 2016*

# A

**Abu Road** Isa sa mga daan tungong **HOLY JESUS CEMETARY**. Dito naubusan ng dugo si **HOMBRE LECHE** at muntik nang mamatay. Dinala siya sa ospital ni **PAUL CAMUA**.

**Administrador** Grupo ng mga taong malapit sa **BURUKRATA**. Binubuo ang grupo ng isang guro, si Iti; isang tambay, si Bao Bauhay; dalawang abogado, sina Bangcaw at Lapinig Lapinigay; isang akawntant, si Uhipan Kasili Kasilihay. Hindi sila kumikilos puwera bilang isang grupo, epektibo lang sila pag sama-sama. Ang dahilan: lahat sila ay sumali sa isang brain enhancement program ng **COMPANIA DE MERCADO**. Pero pinagtaksilan sila ng Compania, at imbes na patalinuhin bilang mga indibidwal, pinaghalo-halo nito ang kanilang mga utak. Ngayon, wala na silang tig-iisang loob. Imbes, para na silang iisang tao sa loob ng limang katawan. Ginagamit sila ng Compania, pati na rin ng pasistang gobyerno, para manambang ng mga disidente, mang-torture, at sa pangkalahatan ay mag-sow ng terror sa mga mamamayan ng **BAYANG MALAYO**. Isa sa mga hinabol nila, para buwisan, ang aktres na si **ISABELLA PATA**.

Sa kanilang lima, si Iti pa rin ang may pinakamalakas na alaala. Dati itong guro sa **TECHNOLOGICAL UNIVERSITY OF LAOAG**. Bahagi ito ng Departamento ng mga Kasaysayan ng Kamalayan. Mayamang batis sana ito para makahulagpos siya mula sa "enhancement" ng Compania. Ang kaso, puro lang naman masasamang alaala ang mayroon si Iti. Isang beses, natagpuan niya ang kanyang pangalan sa pader ng cr, katabi ng mga salita tulad ng "tae" at "kupal." Isang beses naman, pinagtawanan ng mga estudyante ang pagkakamali niya sa Ingles (mali ang kanyang grammar), at hindi umepekto ang depensa niya tungkol sa "colonial mentality" ng mga "Inglesero." Isang beses pa, nakita niya ang kanyang crush na estudyante, kasama ang kaklase nito. Dala-dala ng lalaki ang mga kartolina na assignment para sa klase ni Iti.

Pagkamuhi sa sarili ang nagpapalakas kay Iti, at sa buong grupo ng Administrador. Hiyang-hiya siya kasi naging predator siya sa mga taong dapat ay kanyang pinangangalagaan. Bagaman hindi siya

nangdarahas nang pisikal, o nangha-harass, sobrang guilty pa rin niya na nakipagtalik siya sa mga dating estudyante. Hindi man iyong sexual harassment, sabi niya sa kanyang sarili (na sarili-ng-grupo), hindi pa rin iyon tama. Ang problema pa, negatibo rin ang kakarampot na alaala na mayroon ang ibang miyembro ng grupo. Nakapatay ang tambay, puro embezzlement scheme ang akawntant, at tagapagtanggol ng mayayamang magnanakaw ang mga abogado. Nagpapasalamat pa nga sila minsan sa Compania, dahil sa pagkawala ng kanilang individuality, kahit papaano ay naparusahan na sila sa kanilang mga krimen.

Nagkamali ang Compania sa pag-aakalang ang kamatayan ng mga sarili ng bawat miyembro ay kamatayan na rin ng kanilang pagkamakasarili. Ibinigay sa kanilang misyon ang pagpatay sa bruhang si Unglo. Sa ilalim ng pamumuno ni Bao, mabilis nilang sinugod ang kubo ng bruha. Ang katapusan, bagok ang ulo nito sa sahig, patay. Pero imbes na isuko sa Compania ang mga agimat, sumpa, at iba pang mahikal na kasangkapan sa kubo, nagdesisyon ang Administrador na kamkamin ito. Ngayon ay nagsimula na sila ng gera laban sa Compania. Hindi bilang paghihiganti sa ginawa sa kanilang "enhancement," at mas lalong hindi dahil ubod ng buktot ang Compania at inaapi nito ang mga mamamayan ng Bayang Malayo. Imbes, nais ng Administrador na sakupin ang Compania, itumba ang CEO at Board nito, nang sa gayon ay sila na ang makapagkontrol ng yaman ng Compania. May buktot silang balak na kahit sa Fisting Yahweh ay hindi pa nagaganap: ang pag-isahin ang isip at loob ng bawat mamamayan ng Bayang Malayo... at ng mundo... Consensus ng mga iskolar na, dahil sa hindi pa nareresolbang plot point na ito'y hindi talaga Fisting ang huling libro sa serye ni Manansala, pero kahit binulatlat na ni Suan ang lahat ng hard drive at email accounts ng asawa nang paulit-ulit ay wala siyang ibang manuskrito o balangkas man lang para sa isa pang nobelang natatagpuan.

**Agham Road** Pugad ng urban poor, madalas setting ng banggaan ng mga squatter at pulisya. Sa isang demolisyon dito, nasira ang huling **PAHINA** ng **AKLAT** na hawak ng **HARI NG KAMAO**.

**Aklat ng Sansinukob** Isang mistikong libro mula sa sinaunang panahon, na di-umano'y nagtataglay ng walang hanggang kapangyarihan, karunungan at katotohanan, at kapayapaan. Sinasabi ring nagmula ito sa wakas ng panahon, at ipinadala sa nakaraan para pigilan ang darating na sakunang tatapos sa sansinukob.

May ilang clone, pati na rin miyembro ng Iglesia ni **AMANDOTE** at Kulto ng **GULO**, na naniniwalang pag binasa ni Gabby ang Aklat, biglang maaagnas ang mga **PAHINA** nito, na magiging sanhi ng **GUNAW**. May iba

namang clone na nagsasabing ang magiging epekto ay paglabo lamang ng **TINTA**. Maaaring basahin ang mga Pahina sa iba't ibang paraan, iba ang dulot pag pangkaraniwan (kaliwa pakanan, taas pababa) ang ginagamit, at iba pag random. Minsan, kahit hindi basahin ay may mahiwagang naidudulot ang Aklat. Si **GEMMA RED**, napasahan ng karunungan tungkol sa urban guerrilla warfare dahil lang nabalot ang mukha ng isang Pahina ng Aklat.

May piratang bersiyon ng Aklat, na maaaring ma-obtain nang sinomang may sapat na tiyaga. Wala itong pinapakawalang kapangyarihan o ibinabahaging katotohanan.

**Aklatan** Sikat na family restaurant sa **SCARBOROUGH FAIR SHOAL**.

**Alaga ng Tagalabas** Muog ng **ANARKISTA KOLEKTIB** ilang kilometro lang ang layo mula sa **MUNTING RUSYA**-proper. Isa sa pinakamamamatagumpay na eksperimental na komunidad ng Kolektib.

**Alak, Babaril** Sidekick minsan ni **HAPON KAWABATA**, minsan naman ni **CLARO RECTO ESPEJO**, laging sidekick si Babaril Alak. Mabilis maghilom si Alak, at may pagsasanay din siya sa akrobatiko. Noong bata pa, nagtatanghal siya sa circus. Natigil ito nang mahuli ang kanyang mga magulang na ginamit ang kanilang kakayahang akrobatiko para magnakaw mula sa isang mayamang playboy, si **ASOG BAKLA**. Napatay sila sa kulungan, at inampon naman ng mayamang playboy si Alak. Nang magbinata siya, natuklasan niyang ang mayamang playboy na ito pala ang nagpapapatay sa kanyang mga magulang. Imbes na magalit o maghiganti, pinatawad ni Alak ang playboy, na tinitingnan na rin niya bilang kanyang tunay na tatay. Pero nagdesisyon siyang maging vigilante, tigre ang pinili niyang persona. Ayon sa kanya, gusto niyang pigilan ang mga kriminal bago pa man nila magawa ang krimen, imbes na hulihin ang mga ito pagkatapos, nang sa gayo'y mas mababa ang parusang maipataw sa mga ito.

Lagi nga lang nabibigo si Alak. Dahil tigre ang persona niyang pinili, madalas siyang mang-slash ng mga kriminal, at dumudugo ang mga ito hanggang mamatay bago abutan ng ambulansiya. Dahil nga melee weapon ang gamit, madalas din siyang mabaril, at kung hindi lang dahil sa bilis niyang maghilom, ilang beses na dapat siyang patay. Dahil sa hindi siya epektibong vigilante, sumuko rin si Alak sa paglaban sa kriminalidad. Sa udyok ng mayamang playboy, nag-apply siya bilang clerk sa **COMPANIA DE MERCADO**. Sa udyok naman ng kanyang mga kamag-anak na akrobat, sumali siya sa Kulto ng **GULO**. Lagi, sa kanyang puso, may dalawang puwersang naghihidwaan. Iyong gustong sumunod sa mayamang playboy, at iyong gustong pagpugayan ang kanyang mga pinatay na magulang.

Sa Melon Drama, inilarawan kung paanong napadpad si Alak sa **VINLUAN HIGH** dahil sa isang random na **PAGBUBURA**. Pero maikli lang ang pananatili niya rito, para bang nakulangan ang Vinluan High sa kanya, para bang hindi siya karapat-dapat na ikulong. Sa Fisting Yahweh, ikinuwento kung ano ang nangyari kay Alak pagkatapos siyang idura ng Vinluan High at mapadpad sa **MUNTING RUSYA**. Dito niya nakilala ang wala na sa isip na si **KULANG LAMANG**. Nagkaroon sila ng maraming spirited discussion tungkol sa kalikasan ng paghihiganti, at ang mga tunay na dahilan ng kriminalidad. Sa Munting Rusya rin niya nakilala si **LALAMUNAN SOLOMON**. Sa mga panahong ito, hindi pa tumutulong si Lalamunan sa mga kaaway ng Compania, at imbes ay nagsisilbing isa sa mga propagandista nila. Sa mga blog, palabas sa telebisyon, pati na rin sa text campaign, panay ang pagmamasahe ni Lalamunan sa katotohanan para palabasing ang interes ng Compania ay ang ikabubuti ng Munting Rusya. Panay ang pagtuligsa ni Alak sa pagtatanggol ni Lalamunan sa militarisasyon ng kanayunan, at ang pagpapalusot nito sa mga death squad sa kalapit na **CAGAYAN DE ORO**.

Hindi naman napapakain ng debate at moral indignation, nagtrabaho sa **KATAYAN**, karatig-bayan ng Munting Rusya, si Alak, bilang apprentice ni **LOLO MATADOR**. Dito niya natutunan kung ano ang nangyayari sa mga baboy bago maging porkchop, kasim, buto-buto, at pigi. Bagaman hindi siya nagbitiw sa trabahong itinuturing niyang brutal at hindi etikal, dahil kailangan niyang kumita, naging lifetime vegetarian at paminsan-minsang vegan si Alak.

Mahilig manood ng labanan ng mga **GLADIATOR** si Alak. Paborito niya ang mga **BANYAGA**, iyong mga Gladiator na ang persona ay salbahe, ang mga kontrabidang madalas i-boo ng mga manonood. Sinubukan niyang maging Gladiator nang magsimulang kumatay si Lolo Matador ng mga baka, pero isang buwan lang din ang kanyang itinagal. Para sa kanya, hindi patas na mabilis siyang maghilom samantalang ordinaryong tao lang ang nakakalaban niya sa arena. Sa loob ng isang buwang ito, dalawampu't walo ang napatay ni Alak, sampu rito'y Banyaga. Tatlong buwan naman pagkatapos niyang bumalik sa pagiging apprentice ni Lolo Matador, dumating ang mga puwersa ng **CENSOR** sa Katayan.

Tumakas si Alak papuntang **MALATE**, kung saan niya naging kaibigan ang kolboy na si **JACK GIL PANGAKO**. Miyembro pala si Jack ng **LA BAMBA**, at dahil galit na galit siya sa Censor, madaling na-recruit si Alak. Perpektong suicide bomber si Alak, dahil hindi siya namamatay.

Ilang pambobomba ang ginawa niya para sa grupo, pinakasikat siyempre ang pambobomba sa headquarters sa Compania de Mercado, na nagpapatuloy pa rin pala sa pagpapasuweldo kay Alak. Pagkatapos

ng misyong ito, nakilala ni Alak si **BEN ZAYB**, ang lider ng La Bamba, ang tunay na tao sa likod ng maskara at pampublikong persona na si Asog Bakla. Hindi man lang nagulat si Alak. Dahil dito, idineklara ni Asog na panahon na para magretiro siya, at ang papalit sa kanyang puwesto ay si Alak.

Sa madugong labanan sa **PALACIO DE MALACANANG**, nakita ni Gabby ang isang misteryosong lalaking naka-costume ng tigre. Mahaba ang mga kuko nito, at kahit matamaan ng bala'y bumabangon lang muli para mangalmot at mang-slash. Nang nahahalata nang matatalo ang mga nirentahang mersenaryo ng **PRIVATE ARMY FOR HIRE**, sumuko si Hapon pero binaril pa rin ng goons ng Compania. Iniligtas si Hapon ng lalaking naka-costume ng tigre.

**Alegria, Dante** Isang tikbalang, kaibigan ni **BUNGISNGIS ROSTRO**. Kasama si Dante sa protesta sa mass funeral sa **BRAZIL**, laban sa commercial logging ng **COMPANIA DE MERCADO** na nagdulot ng flash floods na pumatay sa libo-libong tao.

**Alexandria** Dakilang silid-aklatan. Dito nakakuha ng dose-dosenang **PAHINA** ang **HARI NG KAMAO**. Dito rin napatay si **BLANCO** at si **MARIA CLARA DAMASO**. Gamit ang **PAHINA** na matagal niyang binasa, iniangat ni **KRISTINA JAYA** ang buong lungsod mula sa daigdig at ginawang ikalawang buwan.

**Alien** Mga nilalang mula sa ibang galaxy. Hinahanap nila ang **ANGKAN NI HESUS**, at nagsasaliksik tungkol sa iba't ibang aspekto ng pagkatao.

**Alien 12** Ang nanay ni **BANYUHAY PAGONG**. Namatay siya sa pambobomba ng **LA BAMBA** sa isang alien settlement sa **GAZA**.

**Alien 13** Ang isa sa nagbalita kay **BANYUHAY PAGONG** na patay na si **ALIEN 12**.

**Alien 97** Ang isa sa nagbalita kay **BANYUHAY PAGONG** na patay na si **ALIEN 12**.

**Amandote** Ang Diyos ng Kaayusan. Halos wala nang sumasamba sa kanya dahil sa katotohanan ng **GULO**. May ilang artistang mahilig paglaruan ang kanyang imahen sa kanilang mga gawa, kasama na rito ang mananayaw na si **ISABELLA PATA**.

**Amargoso** Isang **BIOROBOT**. Inabandona ng lumikha.

**Ambuvussi Puti**. Guro ng teatro, aktor, at mandudula rin. Pinatay ni **ELIZABETH STRAPON** sa **ILOG LAOAG**.

**Anak ng Loob** Isang dakilang angkan. Itinuturing nilang tungkulin ang matyagan ang mga tao at lamanlupang masyadong makapangyarihan, halimbawa na si **KRISTINA JAYA**. Wala naman silang ginagawa kundi magmatyag. Malaking eskandalo ang nangyari nang pumutok ang balita tungkol sa marital rape na di-umano'y naganap sa pagitan ng magpinsan at mag-asawang Anak ng Loob na pinagtatakpan ng elders ng angkan.

**Anak ng Loob, Marko** Tatay ng **HARI NG KAMAO**, hindi siya ang nagpalaki kay Anne, dahil ini-switch ng nanay ni Anne ang sariling anak sa ibang sanggol sa **OSPITAL SIPILIS**. Pinuno ng **KASTILYO**, kabahagi ng kapangyarihan si **BLANCA ENCARNACION**.

**Anarkista Kolektib** Samahang may love-hate relationship sa mga miyembro ng Kulto ng **GULO**. Marami silang muog na nagtatago sa loob at labas ng iba't ibang lungsod sa **BAYANG MALAYO**. Isa sa pinakamatagumpay nilang eksperimento ang **ALAGA NG TAGALABAS**. Priyoridad ng grupo ang sining, mayroon silang decentralized committee for culture and the arts, na si **JORDAN NICOLAS** ang pinakasikat na miyembro. Malaki ang kontribusyon, sa teorya, ni **CLARO RECTO ESPEJO** sa Kolektib. Itinuturing ng Kolektib na iresponsable ang lahat ng hindi bata na walang kahit kaunting alam tungkol sa **AKLAT NG SANSINUKOB**. "Ang pagbabasa ay sandata," ayon sa isa sa marami nilang islogan. Nito lang ay ipinagdiwang nila ang kanilang ikalimampu't limang anibersaryo sa pamamagitan ng pamimigay ng mga leaflet.

**Angel, Dexter** Ubod nang bobong engineer. Biktima ng hypnosis ng **PILANDOK**, natutulog lang ito sa isang bagon ng **TRAK NI HUDAS** habang nag-iinuman si **KALI ESCRIBA** at ang "happy drunk" na si Errold.

**Angkan ni Kristo** Ang mga anak, apo, at lahat ng mga kadugo ni Kristo, na naging biktima ng sansiglong ubusan ng lahi. Inubos sila ng nilalang na kilala lang bilang **PILANDOK**. May mangilan-ngilan pa ring deboto ang Angkan. May mga nagpanata na mag-alay ng bigas sa **PUNTOD** sa **HOLY JESUS CEMETARY**. Wala pang nakakagawa nito.

**Angkan Kramer** Dominateng pamilya ng mga panginoong may lupa sa **RASEL**.

**Anino ng MRT** Dahil hindi maasahan ang MRT (kung hindi lubog sa baha ang estasyon ay pugad ng **ZOMBIE**), ilang wais na negosyante ang nag-alok ng pribadong tren para sa milyong empleadong naghahanap ng malinis at episyenteng transportasyon. Bagaman mahal, epektibo ito at kumbenyente. Patunay na dapat nasa pribadong kamay ang paglalaan ng basic services.

**Apist, American** Singer, partner ng kapatid niyang si **HALIWUD APIST**. Tumutula rin siya, at laging nakakasungkit ng ikatlong gantimpala sa mga patimpalak. Huwad na intelektuwal, naging propagandista lang siya sa kanyang mga Twitter status at blog post, tagapagtanggol ng berdugong militar. Isa sa pinakapaborito niyang manunulat si Benito Perez Galdos. Naniniwala si Apist na ang pag-unlad ng isang kultura ay nakasalalay sa pakikipag-crossbreed nito sa kultura ng ibang bayan. Ito ang dahilan kung bakit hayok na hayok siyang pakinggan ang pinakausong kanta sa Billboard Hot 100, panoorin ang pinakabagong pelikula mula sa Hollywood, at isuot ang pinakabonggang damit mula sa **DIJON**.

Minsan ay nag-concert si American at Haliwud sa **ELEY**. Bilang panimulang gimik, sumakay siya sa buwaya papunta sa stage. Dito nakilala ni American si **TOMAS PANGAKO**. Sa gitna ng performance, hinila ni American si Tomas papunta sa stage para makikanta at makisayaw. Inimbitahan pa niya ang higante sa backstage pagkatapos. Akala ni Tomas, magpa-party sila, at umasa nga ito sa orgy. Sa simula, ganito nga ang dating. Iginapos siya ni American, na bali-balita namang mahilig sa kinky, at pinalo-palo sa puwit. Kaso, nakatanggap ito ng tawag at iniwan na si Tomas na nakatali sa silya.

Kaya nang sumunod na araw ay sinubukang maghiganti ng higante. Sinugod niya sa airport si American. Sinabuyan lang ni American ng bahay-pukyutan ng bubuyog sa mukha si Tomas. Ito ang insidenteng inspirasyon ng hit song na “A Tsetse” ng magkapatid. Tungkol ang kanta sa tse tse fly na tinatakbuhan ng isang batang Maasai. Sa isang interbiyu, inilahad ni American na panunuligsa nila ang kanta sa kultura ng stalking. “Parang sagana ang mga fans na obsessed!”

Nagkamali si American na bumalik pa sa Eley. Sa tulong ng na-**UPLIFT** na si **LESLIE**, nag-set up ng mala-Rube Goldberg na patibong si Tomas. Nagpanggap siyang upstart na singer na “nativist” ang moda. Bilang Errold Sabit, paulit-ulit na inatake ni Tomas ang tinatawag niyang pagmamahal ng mga singer tulad nina American sa banyaga at ang pagkalimot sa mga tradisyon ng **BAYANG MALAYO**, na ayon sa kanya ay “kultural na lohika” ng “multinasyonal na kapitalismo.” Sa totoo, nagnanakaw lang si Tomas ng mga linya mula sa website ng mga anti-globalization activists. Gimik ni Tomas ang laging pagdadala ng bayong. “Ako na tagapagtanggol ng ating bayan!” lagi nito sigaw habang mahigpit ang kapit sa bayong.

Hindi naman sana gagana ang patibong dahil wala namang pakialam si American sa pananaw ng mga taga-Bayang Malayo tungkol sa kultura, hindi naman ito ang uso sa kritikal na diskurso sa **LONDON** o **HAMBURG**. Ang kaso, super dulas lang ng boses ni Tomas. Naging sikat

na sikat si Errold Sabit, triple platinum agad ang kanyang album, na POD imbes na suportado ng multinational na music company. Grass roots talaga ang pundasyon nito, tunay na pagmamahal via word of mouth sa self-titled album.

Nagharap din sila sa isang singing showdown. Nagwagi si American, pero sinadya ito ni Tomas. Pagkatapos ng pagtatanghal, inimbitahan ni Tomas si American sa isang orgy. Panay pa ang nguso niya sa dalang bayong, na para bang may nakahandang sorpresa.

May suspetsa na si American na set up ang lahat, kaya't nag-counter offer siya, sa kanyang kuwarto sa hotel dapat maganap ang orgy. Pumayag naman si Tomas. Nauna ang limo ng magkapatid na Apist papuntang hotel, sumunod naman ang tour bus ni Tomas. Nang magpang-abot sila sa kuwarto sa hotel, nilasing ni American si Tomas. Sa simula, kaya pa ng higante ang alak. Malakas pa ang kapit nito sa dalang bayong. Pagkatapos, nabitiwan din nito ang simbolo ng gimik na nasyonalismo. Gagahasain na sana ni American ang higante nang mawalan ito ng malay, pero natigil siya nang madapuan ng mga mata ang bayong. Nakababa na ang pantalon, pinasok ni American ang ulo niya sa bayong at kinain siya ng buwayang itinago ni Tomas sa loob nito.

**Apist, Haliwud** Partner ng kapatid niyang si **AMERICAN APIST**, "Garfunkel" ang tawag sa kanya nito. Nang magpanggap si **HOMBRE LECHE** na manager nila para manloko ng ibang wanna-be singers at banda, pati si Haliwud inakalang si Hombre nga ang manager nilang magkapatid. Madilim ang puso, mas salbahe pa rin ang kanyang kapatid.

**Appendix** Depende sa iskolar na tatanungin, ang mga ito'y a) pinakaimportanteng **PAHINA** ng **AKLAT NG SANSINUKOB** o b) mainam na toilet paper. May isang Pahina nito si **CLARO RECTO ESPEJO**. Isang bahagi nito ay na-smuggle papuntang **BRAZIL** ni **KALBO ROCOCCO** sa tulong ng niloko niyang si **ISABELLA PATA**. Pinabasa ni **BRUJO XIZARD** ang bahaging pag-aari niya kay **HOMBRE LECHE**.

**Argan** Ang mahikal na kulay ng **TINTA NG PAHINA**, na tila ba may sariling kamalayan at paminsan-minsa'y tumutulong sa mga tao at lamanlupa. Ginamit ito ng **CENSOR** bilang pambala sa mga catapult, nagreresulta ito ng iba't ibang paradox saan man bumagsak. Nang kumonti ang supply, kinulayan na lang nila ng Argan ang mga bato. Isa sa mga eksperto sa kulay na Argan si **KRISTINA JAYA**.

**Atia Octavian Canal** Pag-aari ng mga Salvi, idinoneyt ito ni **VERDOLAGAS SALVI** sa gobyerno ng **BAYANG MALAYO** bilang donasyon para magamit ang taripa sa pag-unlad ng bayan. Tulad ng inaasahan, ninakaw lang ng mga pasista ang pera.

**Atimon** Sikoanalista sa sosyalistang utopia ng kinabukasan. Isa sa pinakasikat niyang analysand si **RAPUNZEL LINDA**.

**Avellana, Robert** Gumanap na Inggit sa dulang Spoiled! ni **JORDAN NICOLAS**. Niloko ng scammer na si **HOMBRE LECHE**.

# B

**Baguio** Nagpunta si Gabby, **HAPON KAWABATA**, at **CLARO RECTO ESPEJO** sa bayan ng **BAGUIO** sa anyaya ng Reynang si **MIKA P. ROSTRO**. Maraming naghihinalang wala naman talagang kapangyarihan si Mika, at ang tunay na namumuno sa Baguio ay ang **COMPANIA DE MERCADO**. Palaki nang palaki ang populasyon ng Baguio, ito ang Midwifery Capital ng mundo.

**Baguio Dam II** Isa sa napakaraming proyekto ng **COMPANIA DE MERCADO** na magdi-displace ng katutubong populasyon para abusuhin ang kalikasan. Maraming pinapatay si **NINANG DONYA** para maipatayo ito.

**Bahay Ampunan** Lugar kung saan dinadala ni **SHARON** HAYOP ang mga nawawalang hayop mula sa daigdig ng tao na napadpad sa **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**. Hindi rito nakatira si Sharon dahil ayaw niyang ituring siyang diyos ng mga hayop.

**Baju, Kalasag** Bodyguard ni **KALI ESCRIBA**. Medyo konserbatibo, hindi nito gustong kinailangan niyang panoorin ang pakikipag-threesome ni Kali kina **JULIA MADIOGA** at **PAUL CAMUA**. Ninuno (mother's side) ni **BRUCE HUJO**. Ayaw niya sa sining, lalo na iyong sining na "pa-deep." Sabi pa niya, "Kung makikinig ako ng kanta, ayoko 'yung paulit-ulit na numero lang." Niloko, kasama ni **GAMMA RED**, ng **SCUM ARTISTES**, binentahan siya ng grupo ng mapa ng **EL DORADO**. Kasama pa rin si Gamma Red, binalatan nang buhay ni Kalasag ang bawat miyembro ng Scum na kanyang naresbakan.

**Bakla, Asog** Ang public persona ni **BEN ZAYB**. Para itago ang kanyang tunay na katauhan bilang lider ng **LA BAMBA**, nagpapanggap si Ben Zayb bilang mayamang playboy, na walang ibang interes kundi mangantot ng **TAGASIRA** at alagaan ang inampong si **BABARIL ALAK**.

**Bantay ng Pahina** Labing-tatlo ang mga Bantay, pinipigilan nilang lahat, sa iba't ibang paraan, ang pagbabago at pag-unlad sa **AKLAT NG SANSINUKOB**. Paminsan, nakikipag-usap sila sa mga tao at

lamanlupa, pero sa anyo lamang ng mga panaginip. Mas madalas, nagpapadala sila ng mga kalat na **PAHINA** na nagbibigay ng impormasyon o kapangyarihan. Katulad din ng mga mapanlinlang na genie, ang mga mensahe at regalo nila'y magkaiba ang panloob at panlabas.

**Banyaga** Uri ng **GLADIATOR** na ang persona ay taksil, madumi, salbahe, buktot, manloloko, at kontrabida.

**Bapor Tabo** Barkong nirentahan ni Gabby nang lokohin niya ang Katipunan sa kanyang pagtatangkang abutin ang **ALEXANDRIA** sa pamamagitan ng **PAMANA CANAL**.

**Barangay Paligsahan** Katabing barangay ng **ROXAS**. Madalas maglaban sa basketbol ang mga macho shit ng dalawang barangay. Madalas mauwi ang mga laban sa rambol.

**Barangay Roxas** Barangay sa **QUEZON CITY**, dito matatagpuan ang **SILID-AKLATAN** at iba pang importanteng establisyemento. Base sa isang palitan nina Gabby at **PAUL CAMUA** sa Fisting Yahweh, malalamang isang squad ng **PRIVATE ARMY FOR HIRE** ang rumoronda sa Roxas, hinahanap pa rin si **KANTA SUN**. Madalas dito magtago ang mga aktibista, conmen, pati mga dugong bughaw. Dahil sa kagipitan at mataas na cost of living, maraming may-ari ng lupa rito ang nagpapa-bed space for rent. Karibal ng team Roxas ang mula sa **BARANGAY PALIGSAHAN** sa liga ng basketbol. Dito lumaki si **KULANG LAMANG**, at kung naging iba lang ang ilan sa kanyang mga desisyon, halimbawa, kung sinubukan niyang uminom noong binata pa, iba sana ang naging buhay niya, at ng Barangay.

**Barko, Rabbit** Bastardong anak ng duke ng **BAGUIO**, tinulungan ni Rabbit si Gemma Red sa pagpapasabog sa **BAGUIO DAM**. Siya ang nag-hire dito bilang chef sa royale palace, kung saan siya nagtatrabaho bilang bellboy.

**Bastante, Bastardo** Anak ni **BERNABE BASTANTE**. May kontrol sa mayorya ng ports sa **SUBIC**. Bilib na bilib sa sarili kaya madaling imanipula.

**Bastante, Bernabe Bernardo** Guro nina Gabby, **HAPON KAWABATA**, at **CLARO ESPEJO RECTO** sa elementarya. Hindi niya aaminin, pero paborito niyang estudyante si Claro. Naging **GURONG GUMUGULONG**. Muntik nang mapaibig si **KRISTINA JAYA**, kaso kinain niya ang kanang binti nito dahil sa psychological torture ng mga **CANNIBAL** sa **MUNTING RUSYA**. Bagaman nagbagong loob at iniligtas si Kristina, huli na ito at hindi na siya magawang mahalin ng babae. Sa ibang dimensiyon, natiis

ni Bernabe ang mental torture ng mga cannibal, naging mag-best friend sila ni Kristina, at naging guro siya sa mga cannibal.

**Bastille** Kulungan ng mga bilanggong politikal sa Pransya. Sinugod ito ng mga rebolusyonaryo esksaktong alas otso ng umaga para palayain ang mga biktima ng monarkiya. May re-enactment sa pangyayaring ito kada alas otso ng umaga. Limang euro ang presyo ng bawat tiket.

**Bata** Hindi naman talaga bata ang Bata, bagkus, isa siyang normal na taong nabato papunta sa katapusan ng panahon. Pabaliktad siya kung tumanda, kaya pabata nang pabata. Sinabi ng Bata kay Gabby sa Basagulero na nakita na nito ang sariling kamatayan, kasabay ng mga dinosaur pagtama ng bulalakaw sa mundo. Tinawag ng Bata ang Cretaceous Period bilang kanyang "tahanan." Ang kanyang pag-atras sa panahon ay itinuturing niyang parusa, sapagkat naging heneral siya sa isang hindi makatarungang gera.

Hindi nagtitiwala si Gabby sa paglalarawan ng Bata sa sarili. Ayon kay **BLANCO**, parehas lang silang taga-Lupain ng mga Lamanlupa. Pero hindi rin naman mapagkakatiwalaan si Blanco, dahil sinabi rin nito kay Gabby na ang Bata ay isang tauhan ("bata") ng salamangkerong **DOKTORA**. Ang tangi lang nasigurado ni Gabby, pareho sila ng Bata na hinahanap ang **AKLAT NG SANSINUKOB**.

Sa Basagulero, nakilala ni Gabby ang Bata bilang isang guro sa publikong high school, kung saan nagsasaliksik si Gabby para sa balak niyang adaptasyon ng "Utos ng Hari"--The Musical. Kakaiba ang eskuwelahang ito, malinis, sapat ang mga kuwarto at upuan, may aircon, para bang hindi public school ang **VINLUAN HIGH**. Pinakakapansin-pansin dito ang poster ni Ramos na may islogang "Philippines 2000."

Nagpakilala ang Bata bilang Paric Reyes dahil nasa harap silang dalawa ng mga estudyante. Inimbitahan nito si Gabby sa school cafeteria, kung saan nito inamin ang sobrenatural na katangian. Ang panlabas na anyo ng Bata'y kayumanggi, maraming crater sa mukha na pamana ng pagbibinatang dinumog ng tagyawat. Nasa 40 ang hitsura nito. Agad nahulaan ng Bata na loveless si Gabby, at pinayuhang magdala ng pamangkin sa susunod na pupuntahang social event, dahil "gusto ng mga babae ang isang lalakeng mabait sa bata." Nagpunta nga si Gabby sa mall dala-dala si **KALI ESCRIBA**, na bagaman disiotso'y papasa pa ring trese anyos. Naakit niya ang atensiyon ng isang saleslady, na nakumbinsi siyang bumili ng sandosenang medyas kapalit ng cellphone number nito. Bumalik si Gabby sa Bata para magpasalamat sa tip nito, at paalis na sana siya nang makita ang parehong saleslady, na nagpapanggap

namang janitress sa eskuwelahan. Kinumpisal ng Bata na ang babaeng ito ang **DOKTORA**, kaparehas niyang sobrenatural, at kapehas din niyang bilanggo. Ang eskuwelahan pala'y isang engkanto, at lahat sila, mula principal hanggang pinakabatang estudyante ay paulit-ulit lang sa School Year 1993-1994. Ikinuwento ng Bata kung paanong pinipilit siyang magrebelyon ng Doktora, upang silang dalawa ang maging principal at vice principal ng eskuwelahan. "Nagagawa niyang lumabas ng isang oras kada araw, para magtapon ng basura, paano ko siya matatanggihan?" tanong ng Bata kay Gabby. Kung mananatiling nakakulong ang Bata sa eskuwelahan, hindi nito maipagpapatuloy ang paglalakbay pauwi sa sinaunang panahon para harapin ang bulalakaw. Sa awa, nakipagbarter si Gabby. Kung babasahin ng Bata ang kanyang nasulat nang iskrip para sa Musical, "nang may matino at malalim na critique," tutulungan niya itong makatakas mula sa buhay na eskuwelahan at sa Doktora. Pumayag naman ang Bata, at sinunog ni Gabby ang Vinluan High. Dahil sa tulong ng Bata, naging hit ang Musical--ang pagtatanghal nito'y tumagal ng isang gabi. Hindi nakakuha ng tamang permiso, kinasuhan si Gabby ng copyright infringement.

**Bayan Ko Nanay Ko** Child care services provider kung saan nagboluntaryo si **EDNA PILAPIL DELA CRUZ** nang maka-adjust na siya sa sosyalistang utopia.

**Bayang Malayo** Kilala bilang **ITAAS** sa mga lamanlupa, ang Bayang Malayo ang bersiyon ng Pilipinas ni **BERRY MANANSALA**. Marami ditong mahusay sa salamangka, at mataas din ang lebel ng teknolohiya ng Bayan. Tulad ng Pilipinas, pasista ang gobyerno nito't madalas gumamit ng mga asong pulis para mambasag ng iba't ibang demokratikong assembly.

**Bayang Malayo Delivery** Ang postal service ng Bayang Malayo. Halimbawa ng inefficiency ng mga publikong serbisyo. Epitome ng burukrasyang bloated, madalas ginagamit na argumento para sa neoliberal na patakaran.

**Ben** Isang robot, tauhan ni **MARIO ORLANDO**. Sinubukan niyang kumbinsihin ang kanyang boss na patayin sina **PAUL CAMUA** at **KALI ESCRIBA**, at patawarin si **HOMBRE LECHE**, pero hindi siya pinakinggan nito. Naging lider ng isang death squad na nagpapanatili ng kapayapaan sa **CAGAYAN DE ORO**. Asawa niya si **JULIA MADIOGA**. Marami siyang alagang **NANAYT**.

**Bikini, Trejo** Tatay ni **WILLA CATHER BIKINI**. Tumulong siya kay **KRISTINA JAYA** na itatag ang Iglesia ni **AMANDOTE**. Protégé ni Kristina si

Trejo, ito ang nagturo sa kanyang magbasa ng PAHINA. May koneksiyon sa mga arms dealer tulad ni **UNCLE SAM**, itinakwil ni Trejo ang digmaan bago siya mamatay.

**Bikini, Willa Cather** Nang makainom sila ng lasong tubig sa **POOL**, lumiit sa laki ng langgam sina **PAUL CAMUA** at **KALI ESCRIBA**. Namahay sila sa katawan ni Willa Cather Bikini, isang paraplegic na nakiapid sa kanyang bayaw.

Matagal na namang hindi masaya ang kapatid ni Willa na si **KINTSAY BRIP** sa bayaw niyang si **PATATAS BRIP**. Pero nang masisante siya mula sa pelikulang pinopondohan ng **COMPANIA DE MERCADO** para sa tax cuts, napilitan siyang dalhin ang kanyang hindi na maikilos na extremities, kulot na buhok, at hindi maliit na dibdib sa bahay ni Kintsay sa **CLARK**. Walang magawa sa kanilang kaliitan, naging mga mamboboso sina Paul at Kali sa umusbong na romansa nina Willa at Patatas. Wala kasing trabaho ang lalaki, dahil ang tangi nitong bentaha ay pagiging ubod ng lakas, na siya namang na-appreciate ni Willa. Si Patatas ang naging tagabuhat niya papunta sa banyo, at wala itong reklamo tungkol sa paggamit ng bidet para linisin ang likuran ni Willa. Si Patatas din ang nagsusubo kay Willa ng kanyang pagkain, na kinailangang harangin nina Paul habang nginunguya pa lang ni Willa sa bibig. Bago makiapid sa bayaw, pinapirma muna ni Willa si Patatas sa isang kontrata. Kapalit ng pag-aalaga ni Patatas, pumayag si Willa na maaaring angkinin ng lalaki ang kanyang katawan kahit siya ay natutulog. Hindi ito panggagahasa dahil meron niyang pahintulot. Naka-underline sa kontrata ang paggamit ng lube.

Sa totoo, kaya namang pakainin at paliguan ni Willa ang kanyang sarili, nabuhay nga siya nang mag-isa sa **BAYANG MALAYO**. Pero ang nagustuhan niya kay Patatas ay ang pagkamaasikaso nito. Paboritong puwesto ng dalawa ang sofa, kung saan maaari silang mag-cuddle sa harap ng telebisyon.

Isang gabi, nagising na lang sina Paul sa loob ng bibig ni Willa. May narinig silang pag-ungol. Nakita nila ang pagpa-pump ni Patatas sa tulog na si Willa. Nang subukang manghalik ng lalaki, nagising ang babae. “Kinakantot mo ako?” tanong ng babae. “Nakakalibog ka kasi e,” sagot ng lalaki, sabay lamas sa hindi maliit na dibdib ni Willa. Halos masuka si Kali at hinimatay naman si Paul, na hindi na narinig ang sunod pang palitan ng dalawa: “Gusto mo ng tsupa?” tanong ni Willa. “May lube na titi ko,” sagot ni Patatas. “Bukas pag nakatulog ako, i-face fuck mo ‘ko,” sabi ni Willa. Sa sandaling ito, nakilala ni Kali si Willa. Naging janitress pala ang babae sa kinabukasan, sa **VINLUAN HIGH**.

Naging biktima ang Clark at pinaligiran ito ng hukbo ng CENSOR. Binomba ng **PRIVATE ARMY FOR HIRE**, ayon sa utos ng rumerenta ditong Compania de Mercado, ang pinakamalaking drugstore sa lungsod. Dalawa ang naging epekto nito. Dahil walang mabiling gamot at hindi rin naman makalabas ng Clark dahil sa nakapaligid na hukbo ng Censor, nagkandamatay ang mga may sakit sa Clark, mula sa mga may malubhang kalagayan hanggang doon sa mga nangangailangan ng maintenance medicine. Isa pa, napuwersahan ang kapatid ni Willa na tumambay sa bahay. Pharmacist kasi si Kintsay. Dahil sa hindi sinasadyang pagsasalita ni Kali habang natutulog sa loob ng bibig ni Willa, natuklasan ni Kintsay ang pagtataksil ng kapatid at asawa. Gumawa si Kintsay ng drug cocktail mula sa expired nang gamot at pinainom ito kay Patatas, sanhi para maging halimaw ang lalaki: naging bato ang masel nito, at nagkaroon ng buntot ng aso, naging pampusa ang mga paa, at naging sipit ang mga ngipin.

Hinihinalang si Patatas, na nasiraan ng bait dahil sa transpormasyon, ang halimaw na umatake kay **BERRY MANANSALA** habang isinusulat ng huli ang nobelang Ang Pagbabalik. Awang-awa sa minamahal, humingi ng tulong si Willa sa app na si **GANDA**. Rumenta ito ng isang sundalo mula sa **PRIVATE ARMY FOR HIRE** para patayin si Patatas. Saktong nawawala na ang epekto ng drug cocktail na gawa ni Kintsay nang barilin ito sa ulo ng sundalo. Hindi na inilahad ni Ganda ang malungkot na balitang ito kay Willa.

Dahil sa mga pangyayaring ito, unti-unting nakumbinsi si Kali na dapat siyang sumali sa Kulto ng **GULO**. Pilit naman siyang hinihila paatras ni Paul, na nakikitang kasama lang sa pagiging naive ni Kali ang magkamaling isiping may saysay ang Gulo. Habang nagtatalo ang dalawa sa bibig ng nagluluksang si Willa, dumating ang tatay nitong si **TREJO BIKINI**, na gamit ang kakaunting natutunan mula sa pag-aaral ng **TINTA NG PAHINA** ay nagawang pumuslit papasok ng Clark nang hindi namamalayan ng mga sundalo ng Censor. Nagawa nitong tawagin at sakyan ang **MOTORSIKLO NI HUDAS**, na sa pagkakaakala nina Paul at Kali ay tanging si Gabby Lamang lamang ang nakakagawa.

Kumampi si Trejo kay Kintsay, at bilang parusa sa pagtataksil sa sariling kadugo, ikinulong nila si Willa sa basement. Pinapakain lang nila ito ng isang pirasong tasty araw-araw, bagay na halos pumatay kina Paul at Kali. Pero hindi pala papatalo si Willa, at dahil laging si Trejo ang nagdadala ng kanyang pagkain, nabigyan siya ng sapat na panahon para bolahin at manipulahin ang kanyang tatay. Pagkatapos ng tatlong linggo, pinakawalan siya ni Trejo, na boluntaryo namang

ikinulong ang sarili sa loob ng basement. Kinailangang gumapang ni Willa paakyat sa kuwarto ni Kintsay nang gamit lamang ang mga balikat, pero nagawa niya ito. Natagpuan niya ang kanyang kapatid na nagpipintura ng mga nahuli nitong IPIS.

Inakala nina Paul at Kali na papatayin ni Willa si Kintsay bilang paghihiganti, kaya't takang-taka sila nang magpalitan ng ilang maaanghang na salita ang magkapatid bago magbati. Si Kintsay ang nakapansin sa dalawang taong sinliit ng langgam sa loob ng bibig ni Willa. Naglabas siya ng tweezers para hulihin ang mga ito, kaya't napuwersahan sina Paul at Kali na tumalon paloob ng esophagous, tungong tiyan ni Willa. Sakto namang nag-catapult ng pirasong ARGAN ang mga puwersa ng Censor sa Clark, at saktong tinamaan ang bahay nina Kintsay. Ang resulta nito'y ang pagbabalik nina Paul sa tamang laki, sumambulat ang katawan ni Willa sa kanilang transpormasyon ni Kali.

Iniwan ng dalawa ang catatonic na si Kintsay sa kuwarto. Kinumbinsi ni Paul, may kanin pa sa ilong, ang nakakulong pa rin sa basement na si Trejo na ituro sa kanya kung paano tawagin ang Motorsiklo ni Hudas, at ito ang ginamit nila ni Kali para makatakas sa Clark. Ilang araw pagkatapos, sinagasaaan na ng mga tanke ng Censor ang mga pader ng lungsod at idineklara itong teritoryo ng Kulto ng Gulo.

Sa kanilang paglalakbay mula sa Clark, pinag-isipan ni Paul kung paano niya pagtataksilan si Gabby, habang sa wakas ay natanto ni Kali ang tunay na identidad ni Willa. Ang babaeng nasa Vinluan High ay hindi lamang janitress, kundi ang tunay niyang nanay. Dito nagsimula ang obsession ni Kali sa mga paradox na dulot ng paglalakbay sa panahon.

**Biorobot** Mga nilalang na likha mula sa tamod ng lalaki, itlog ng babae, at bakal. Ibinebenta ng mga arms dealer tulad ni **UNCLE SAM** sa pinakamataas na mag-bid. Sa kinabukasan, sa sosyalistang utopia, hindi maaaring alipinin ang isang biorobot, kahit ng lumikha sa kanya.

**Blanco** Hinihinalang Indonesian o Sinaunang Griyego, wala siyang apelyido, guro ng antropolohiya sa lokal na kolehiyo sa **THE CHOW**. May hawak na isang **PAHINA NG AKLAT**, naging mentor, tenyente, tagasamba, at sa wakas ay tagapagligtas ng **HARI NG KAMAO**. Obsessed siya sa relasyon nina **HAPON KAWABATA** at **PAUL CAMUA**. Binaril niya sa **TONMOR** si **TAMMUZ** sa pag-aakalang ilalantad nito ang sarili bilang diyos pag nalapit sa kamatayan. Bagaman patay na, maraming nagpapanggap na si Blanco, para magamit ang kanyang prestige para mang-intimidate ng mga tao't lamanlupa.

**Boljak** Paboritong alaga ni **KRAY KABAYO**. Hinayaan niyang makidnap ito ni **HOMBRE LECHE**. Huling namataan si Boljak na nagbibida sa isang porno.

**Bolosi** Ang tinaguriang "Paham" ng **AGHAM ROAD**.

**Bowla** Propesyonal na mananayaw. Karibal si **IMA LAYER**. Platonic friend si **JOKER CAMUA**. Nang mabalitaan niyang namatay si Joker, lalong nag-alab ang pagmamahal ni Bowla sa tango, at mag-isang tinalo si Ima at ang fiancé nitong si **GEORGE TALYER** sa kontest na pandalawahang mananayaw.

**Brazil** Isa sa mga kaalyadong bansa ng **BAYANG MALAYO**. Madalas magpalitan ng estudyante ang kanilang mga unibersidad. Winawasak ang mga kagubatan ng Brazil ng commercial logging ng mga conglomerate tulad ng **COMPANIA DE MERCADO**.

**Bruhang Will** Isa sa mga naging mangingibig ni **BUNGISNGIS ROSTRO** sa **BRAZIL**. Kasama sa protesta laban sa commercial logging ng **COMPANIA DE MERCADO** na nagdulot ng flash floods na pumatay ng libo-libong tao. Pinagsawaan niya si Bungisngis at iniwan itong luhaan.

**Bueno, Ets Ji** Mahusay na mekaniko. Isa sa maraming pinadala ng iba't ibang kaaway ng **HARI NG KAMAO** mula **MION** papunta sa sister city nito na **THE CHOW**. Bagaman hindi miyembro ng **CENSOR**, ka-close niya si **GEMMA RED**. Mekaniko ni **SHELDON SILYA**, noong minamaneho pa ni Silya ang **SCHOOL BUS**.

Pinugutan ng ulo ni **BLANCO**, saka ipinatapon sa **ILOG PASIG**. Buhay pa pala ito, at pinagpatuloy ang misyon para patayin ang Hari. Naengkuwentro ito ng Katipunan sa puwerta ng **PAMANA**, kung saan tinanggalan ng gulugod ni Gabby si Ets Ji Bueno. Naawa naman sa kanya si **BANYUHAY PAGONG**, na inilagay siya sa espesyal na kabaong kung saan nanatili siyang buhay. Ipinadala ang kahon na ito sa kanyang nanay na si **THOR BUENO**, sa tahanan nila sa **VALHALLA**.

Sa kinabukasan, sa sosyalistang utopia, nagawang gisingin at muling buoin ang katawan ni Ets Ji Bueno. Naging direktor siya ng mga lumang pelikula para sa **SUSAN PRODUCTIONS**.

**Bueno, Thor** Nanay ni Ets Ji Bueno at siyang nagpadala rito para patayin ang **HARI NG KAMAO**.

**Buho, Sergei** Tubong **DIJON**, aktibong proponent si Sergei ng legalisasyon ng droga (mula marijuana hanggang heroin). Sa nobelang Ang Awit ng Pag-ibig, na-witness niya kung paanong nabitag ni **MARIO ORLANDO SI JOKER CAMUA** sa **MRT - BUENDIA STATION**. Sinubukang niyang

ireport ang insidente sa mga pulis, pero dahil sa kanyang reputasyon ay dinismiss lang siya sa estasyon bilang “high.” Isa sa tatlong tagapagtatag ng **LIBERTARIAN PARTY OF QUEZON CITY**, kasama si **LESLIE** at **IVAN S. JACOB**, paboritong taktika ni Sergei ang pambobomba ng flyers sa mga parking lot ng mall.

Takot na patayin ng mga tauhan ni Mario, tumakas paalis ng **BAYANG MALAYO** si Sergei. Sinubukang niyang umuwi sa kanyang bayan, pero dahil sa isang hindi pagkakaintindihan niya at ng isang flight attendant sa **DIJON AIRPORT**, mga maleta lang ni Sergein ang nakauwi sa Dijon, samantalang na-delay siya ng tatlong oras. Nang sa wakas ay makasakay ng eroplano, nasa gitna na ng flight nang matuklasan niyang pa-**KANLURAN** pala ang biyahe nito. Hindi na lang sinayang ni Sergei ang karanasan. Mabilis siyang nakipag-networking sa **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**, lalo na sa komunidad ng mga **PUGITA**, na may simpatya sa kanyang mga pananaw sa droga. Nang subukan ni Sergei ang alok na kabute ng mga kaibigan, nagkaroon siya ng vision kung saan kinausap siya ng isang **BANTAY NG PAHINA**.

Nagpaikot-ikot si Sergei sa Lupain, sinusubukan lahat ng mild-altering substances na ialok sa kanya. Nandila siya ng palaka sa **LUCY**, nagturok ng heringgilya sa mata sa **LUNTIANG GABOL**. Ilang buwan din ang kanyang adventure. Sa **INDIA** siya unang muling namataan ng mga nag-aabang sa kanya sa **ITAAS**. Doon, nagtrabaho siya sa **FASHION DESIGNER POLICE**. Habang high, nagdidisenyo siya ng damit. Moderate lang ang pagiging mabenta ng mga likha ni Sergei, pero ayon sa kanya, “hindi naman ako hayok sa katanyagan.”

Sa Melon Drama, ikinuwento kung paanong naimbitahan si Sergei sa **DUBLIN** para magbigay ng talumpati. Pakana pala ito ni **SISIPUSI LAMANG** para bitagin si Leslie, na nakatanggap din ng imbitasyon. Naging Vice President for Alcohol and Tobacco rin kasi si Sisipusi pagkatapos ng kanyang masusing pamumuna sa masaker sa **PALACIO DE MALACANANG**, at isa sa kanyang nakitang kaaway para sa mamimili’y ang mga gustong maging legal ang iba’t ibang uri ng droga. Kasama ang iba pang advocate, natrap sina Sergei at Leslie sa **MAIS MAZE**. Gamit ang pinaghalong “inspirasyon” ng kabuteng galing Kanluran at ang kahenyohan ni Leslie, natuklasan ng dalawa ang solusyon sa kanilang bilangguan. Kailangan lang may mag-alay ng kanyang buhay sa **CORN GOD** at makakalaya na sila. Isang hindi kilalang binatilyo, na buo ang paniniwala sa ipinaglalaban nina Sergei, ang nagboluntaryong ibigay ang buhay. Bago pa man nakatahol si Leslie, patay na ang binatilyo at malaya na silang lahat.

Mabilis na kumalat ang balita tungkol sa mga nangyari sa Mais Maze, una sa buong Dublin, pagkatapos sa buong mundo. Kahit ang mga pugita sa Lupain, nakasagap ng tsismis. Kinilala si Sergei bilang “Hari ng Droga” at “Hari ng Kalayaan.” Sa Fisting Yahweh, nalathala ang kanyang papel na “Ang Tinta ng Pahina” sa prestihiyosong journal na Social Texting. Doon, ipinagtanggol niya ang argumentong uri lamang ng droga ang Tinta, at kung gayon ang **AKLAT NG SANSINUKOB** mismo ang nagsasabing mabuting bagay ang kumonsumo ng droga. Wala si Gabby sa mga panahong ito, at ginamit itong oportunidad ni **PAUL CAMUA** para idagdag si Sergei sa Katipunan. Siya at si Leslie lamang ang bumoto ng “aye.” “Nay” ang boto nina **KALI ESKRIBA** at **JACQUELINE KAWABATA**. Dahil tie ang mga boto, natalo ang proposisyon ni Paul.

Madaling magtiwala si Sergei sa mga tao, napatunayan na ito nang mabitag siya ni Sisipusi. Muli itong napatunayan nang, habang nakikipag-dinner date sa Love’s Lovers Boat sa **ILOG RUSYA**, naloko siya ni **KRAMER KRAMER** at nailantad niya na nagtatago sa **RASEL** si Ivan S. Jacob. Isang linggo pagkatapos, nabalitaang pinaslang ng **PRIVATE ARMY FOR HIRE** si Ivan. Hindi kailan man nalaman ni Sergei kung para kanino nagtatrabaho si Kramer, at kung sino ang rumenta sa mga berdugo ng Private Army. Isang buwan pagkatapos, nakatanggap siya ng deposito sa kanyang bank account. Binayaran siya ni Kramer, na itinuturing siyang mahusay na informant.

Dahil sa lungkot sa pagkamatay ng kaibigan, napabayaan na ni Sergei ang duties niya sa Libertarian Party of Quezon City. Isang **TAWAG** ang tumupok sa headquarters nila. Sinubukan niyang i-recruit si **CHARLIE IBA** para maging bagong presidente ng partido. Pumayag naman ang **PULA**, dahil hindi na nito kayang mag-anyong lobo at maging superhero o vigilante man lang. “Hindi mo kailangang makipagsapakan para baguhin ang mundo,” sabi ni Sergei kay Charlie. Ang mahabang usapan nila ay nirekord ni Charlie at pinost sa website ng grupo sa ilalim ng pamagat na “Reinvigorate and Refresh the Libertarian Party.” Nakakuha ito ng lampas tatlong daang libong views at naging paraan para makapag-fund raising ang partido para muling magpatayo ng headquarters.

Naging inspirasyon ni Sergei si Charlie at naging aktibo muli sa mga protesta at petisyon. Binuksan niya ang partido kahit sa mga lamanlupa, dahilan para sumali sina **DEGREE CALVIN**, **LOBO CALVIN**, **CARLA SOLOMON**, at **ANRIL SOLOMON**, lahat mga **PUTI**. Nagalit si Charlie kay Sergei dahil tinanggap nito sa Libertarian Party si Anril, na mamamatay-tao. Ipinagtanggol ni Sergei ang Puti, dahil malaki itong magbigay ng

donasyon, at isa pa'y "hindi pa napapatunayan kung kriminal nga talaga." Dahil dito, nag-resign si Charlie sa partido. Naging co-president sina Sergei at Anril ng Libertarian Party.

**Bundok** Ang kaliwang kamay ni **BANYUHAY PAGONG**. Huling nakitang nanlilimos sa **BAYANG MALAYO**.

**Burukrat** Hindi katulad ng ibang makapangyarihang nilalang, alam ang tunay na pangalan ng Burukrata. Ipinanganak siyang Lekuyan Gerunggey, supling ng na-**UPLIFT** na unggoy at suso. Meron siyang shell at ipinagmamalaki niya ito. Mahusay sa hand-to-hand combat, ginagamit niya itong bilang kalasag. Bagaman alam ang tunay na pangalan ng Burukrata, walang may tapang na tawagin siya gamit ito. Ang mga nagtangka'y naglaho na lang bigla, at kaibigan man o kaaway, alam na mas mabuti pang tawagin ang pangalan ng diyablo kaysa tukuyin ang Burukrata bilang Lekuyan Gerunggey.

Mabilis kumilos, madalas manghamon ng karera ang Burukrata. Magkukunwari siyang uugod-ugod, at magpapatalo sa simula. Magmamakaawa siyang mag-double or nothing, hanggang masigurado niyang napaikot na talaga niya ang utak ng kanyang mark. Saka niya aalukin ito ng pinakamatamis na pang-akit, "Kung sino ang matalo, magiging alipin ng mananalo habambuhay."

Sa Fisting Yahweh, ilalahad na may labinlimang alipin ang Burukrata. Bagaman alam na halos sa buong **BAYANG MALAYO** ang kanyang gimik, mayroon pa ring nagpapalinlang sa kanya. Mayroong sumusubok na umatras sa usapan. Sila rin, naglalaho.

Hindi naman purong dilim ang puso ng Burukrata. Anak ang tingin niya kay **ISABELLA PATA**, halimbawa. Gayundin, mapagmahal siya sa mga hayop, dahil siguro sa unggoy ang tatay niya. Mula pa lang pagkabata'y interesado na siya sa animal rights. Isang beses ay nakakita siya ng tatlong kaklaseng nagpulot ng mga bato at magsisimula na dapat kuyugin ang isang aso. Kahit na mas matanda at malaki ang mga ito sa kanya, nilabanan sila ng batang Burukrata. Nabugbog siya, pero hindi ang aso.

Noong kolehiyo naman, isang kaklase niya ang kasama niyang tumatambay sa damuhan. Nakakita ito ng pusa at akmang tatalunan. Sinalo ng Burukrata ang lalaki, at siya ang nabagsakan ng tuhod sa tiyan. Sumuka siya ng dugo pero nakatakas ang pusa.

Nang tumanda at nagkaroon ng mas matinding kapangyarihan, nagpatuloy ang Burukrata sa kanyang kampanya laban sa kalupitan sa

mga hayop. Nagtayo siya ng Vegan Society of Quezon City. Gayundin, malaki ang dino-donate niya sa pananaliksik sa paglikha ng artipisyal na karne. Pinapangarap niya na isang araw ang mga pabrika ng pagkain ay panay artipisyal na karne na lang ang nililikha, imbes na nagpapalaki ng mga manok at baka. Kumakain pa rin ng isda ang Burukrata, dahil ayon sa kanya ay walang alaala ang mga ito. Hindi rin siya nagsasayang ng oras sa mga ang argumento'y nakakaramdam din ng sakit ang mga halaman at prutas. Nang marinig niyang ibulalas ito ng isang reporter na hindi naman siya ang kausap, naglaho sa mismong sandaling iyon ang reporter.

Kakaiba rin ang pananaw ng Burukrata pagdating sa mga meeting. Naniniwala siyang pagsasayang ng oras lang ang pagtitipon ng mga tao sa isang takdang oras sa isang takdang lugar. Ang proposal niya, imbes, ay "modular meetings." Inspirasyon niya ang mga "clean as you go" signs sa mga fastfood, pati na rin ang iba't ibang guru sa YouTube. Imbes na magpulong sa isang lugar, nang kada linggo o buwan, may 24/7 na meeting na laging nagaganap. Ang sinoman ay maaaring magpahayag ng kanyang saloobin sa sinomang gustong makinig sa kanya. Hanggang limang tao lamang ang puwedeng magpulong, at wala silang puwedeng gawing desisyon na makakaapekto nang higit sa limang tao. Kadalasang mga terorista at artists group ang sumusunod sa doktrina ng Burukrata.

**Butas** Mga mahikal na daanang gamit para pumunta mula daigdig ng mga tao papuntang **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**, o di ka'ya mula kasalukuyan papuntang nakaraan o kinabukasan. Ipinagbabawal ng **HARI NG MGA LAMANLUPA** ang pagbubukas ng butas na hindi siya ang nag-utos na buksan.

**Butas na Malaki** Makinang nagagamit para sa teleportation, base ang disensyo sa mga natural na **BUTAS** na nagdurugtong sa **LUPAIN NG LAMANLUPA** sa daigdig ng tao. Pansamantala itong naging pag-aari ni **MARIO ORLANDO**, na minsan niyang pinagamit kina **DANGAL PANADERO** at **CLARO RECTO ESPEJO**.

# C

**Cabron, Ara** Sa **QUEZON CITY** ng taong 2666, na pinasadahan ng Katipunan sa Ang Kaharian ng mga Engkantado, natagpuan ni **KALI ESCRIBA** ang isang post-it na nakadikit sa monitor ng huling computer sa mundo. Sabi rito, "Binabangungot mo ang isang babaeng nasa Laguna. Ang pangalan n'ya ay Ara." Tatalon pa ulit sa panahon ang Katipunan bago nila maengkuwentro ang clone na ito, na sa taong 2766 ay isa nang bangkay. Sa nobelang Pahayag ni **BERRY MANANSALA**, inilarawan kung paanong ikinasal si Ara Cabron sa siyentistang si **RANDY MUGTO**. Sa pagbabasa ng mga flashback, flashforward, at sideways flash, matatanto ng mambabasa na likha ni Dr. Mugto si Ara, isang test tube baby ang orihinal na kopya. Lumaki ito nang itinuturing na ama si Dr. Mugto, hanggang isang araw ay bumukod na rin at nagsarili. Pagkatapos ng isang dekada ng pagkakahiwalay, bumalik si Ara sa Laguna, kung saan ikinumpisal niya ang kanyang pagmamahal sa kanyang lumikha. Tumanda at namatay si Ara, at sa kanyang lungkot at pangungulila, lumikha si Dr. Mugto ng clone ng asawa. Isa lang ang bilin niya sa ikalawang Ara, na wag nitong pupuntahan ang musoleo sa kanilang basement. Nasa DNA ang kuryosidad, sa unang pagkakataon pumuslit si Ara sa musoleo, kung saan niya natagpuan ang bangkay ng kanyang pinagmulan. Hindi matanggap na clone siya, nabaliw ang pangalawang Ara at mabilis ding namatay. Hindi makaya ang dalamhati, muli na namang gumawa ng kopya si Dr. Mugto. Paulit-ulit ang nangyayari sa mga Ara. Makakatakas ang isa sa kanila, at ang Ara na ito ang magtatayo ng **KULTO NG GULO**.

Sa Melon Drama, matutuklasan ng mambabasa na isa lamang sa mga posibleng maging kinabukasan ng mundo ni Patricio ang mundo ni Ara. Ang sakit na kumalat sa mundo mula sa **KARTERO**, kapitolyo ng **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**, at tumama sa **BAYANG MALAYO** ay papakalat pa lang sa panahon ni Ara. Sila Patricio mismo, sa kanilang pagliligtas sa iba't ibang miyembro ng **ANGKAN NI KRISTO** ang bumubura at nagsusulat sa mga **PAHINA** ng **AKLAT NG SANSINUKOB**.

**Cafe Chog** Isa sa mga legal na negosyo ng lider-sindikatong si **MARIO ORLANDO**. Kalat ang mga branch sa **BAYANG MALAYO**. Itinanghal na pinakamalinis ang sa **CALOOCAN**. May local branch nito sa **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**.

**Cafeteria** Kainan sa loob ng dambuhalang headquarters ng **COMPANIA DE MERCADO**. Dito madalas magkita ang mga miyembro ng **DEMONYO NG COMPANIA**.

**Cagayan De Oro** Isa sa pinakamaunlad na lungsod sa Mindanao. Kontrolado ng mga death squad ni **MARIO ORLANDO**.

**Cagayan Valley** Bayan kung saan maraming **PAWIS**, dito naligaw si **KRAMER KRAMER**. Naging minero dito si **CLARO RECTO ESPEJO**.

**Cain, Lino** Ang bunso ng mga **MAGKAKAPATID NA CAIN**. Ang nagtaksil kay **JOKER CAMUA**, gamit ang **CAMERAT**. Isa sa kanyang mga kapatid ang pumatay sa kanya sa pamamagitan ng paglibing ng punyal sa kanyang likod. Naubusan siya ng dugo sa kalagitnaan ng **QUEZON AVENUE**. Isa sa mga saksi ng kanyang kamatayan (pero hindi ang pagsaksak sa kanya) si **JULIA MADIOGA**.

**Camerat** Espesyal na uri ng **BIOROBOT**. Hindi kailangang daga para maging Camerat, pero lahat ng Camerat nagiging espiya.

**Camp John the Bassist** Ubod ng sosyal na Camp sa BAGUIO, paboritong bakasyunan ng mga burukrata-kapitalista at panginoong may lupa, at **PANGINOONG LAMANLUPA**. Mababa ang pasahod dito, at wala ngang unyon ang mga trabahador hanggang iorganisa sila ni **CLARO RECTO ESPEJO**.

Magkasamang sinunog ni Gabby at ng kanyang dating karibal na si **KANTA SUN** ang Camp.

**Camua, Joker** Kilala rin bilang Jaker (dahil sa kanyang mga “jakes”), si Joker ang bunsong kapatid ni Paul Camua. Drug addict at patapon, minsan nang sinubukan ni Joker na maging vigilante. Mala-**ROBIN HOOD** ang kanyang napiling persona, nagnanakaw mula sa mga hari at reyna ng **BAYANG MALAYO** para ibigay sa mga mahirap. Sa Melon Drama, inilarawan kung paano siya nag-training sa **SECOND THOMAS SHOAL**, kasama ang Ate nila ni Paul na si **MARIAN CAMUA**. Samantalang bumalik sa Bayang Malayo si Joker, nagpaiwan naman si Marian sa Shoal at nag-asawa ng **PUTI**.

Maingat sa gamit si Joker, lalo na sa mga sapatos.

Nagkunwari si **MARIO ORLANDO** na papatayin niya si Joker pag hindi sinabi ni Paul ang lahat nang nalalaman tungkol sa **AKLAT NG SANSINUKOB**, pero nang aminin ni Paul na wala siyang pakialam sa kapatid, inilahad ni Mario na ilang araw nang patay si Joker. Sa nobelang Sampung mga Daliri, nag-showdown ang vigilante at ang goons ni Mario sa **MRT - BUENDIA STATION**, kung saan nahuli si Joker. Sa Korporasyon ay inilarawan kung paano tinorture si Joker. Paulit-ulit na nilublob ang ulo niya sa **BUTAS NA MALAKI**.

Sa Shoal, naging guro ni Joker si **LUKE TALYER**, na sa simula'y ayaw pa siyang turuan. Habol nang habol si Joker sa mga misyon ni Luke, madalas pa nga siyang sagabal. Pero nang minsang makatulong si Joker sa pag-disarm ng bomba ng **LA BAMBA** (initsa niya ito sa malayo nang magkamali si Luke sa pagputol ng wire), tinanggap na rin ni Luke na mas kaunting pinsala ang maidudulot ni Joker kung opisyal niya itong estudyante. Idineklara ni Luke na tapos na ang training ni Joker nang nagkamali ulit ito sa pagputol ng wire ng bomba sa **DAKWEBA**, isang motel kung saan madalas dinadala ng mga puti ang mga TAGASIRA, at nasabugan silang pareho. Naputulan ng binti si Luke, samantalang sunog naman ang kaliwang pisngi ni Joker.

Bago piliing maging vigilante, at bago maging adik sa droga, sinubukan munang maging propesyonal na mananayaw ni Joker nang bumalik siya sa Bayang Malayo. Partner niya sa tango ang babaeng kilala lang bilang **BOWLA**, platonic friend, at lahat halos ng kompetisyon sa pagsasayaw ay sinasalihan nila. Ang kaso, nakakalaban lagi nila ang kapatid ni Luke na si **GEORGE TALYER** at ang fiancée nitong si **IMA LAYER**. Bagaman mas magaling si Joker at Bowla, sa hindi maipaliwanag na dahilan, laging nananalo sina George at Ima. Dahil dito, nalulong sa droga ang magpartner sa tango. Pero isang araw ay dumating ang isang email mula kay Marian. Iniwan pala ito ng asawang puti, at ikinuwento kay Joker kung paanong wala itong pambili ng gatas para sa kambal na anak. Puno ng galit dahil sa pang-aapi ng mga makapangyarihan sa kapatid, at sa pang-aapi ng mga makapangyarihan sa mga maliit, may heringgilya pang nakaturok sa braso, nagdesisyon si Joker na maging vigilante.

Halos limot na lahat ng itinuro sa kanya ni Luke, nagpunta si Joker sa **SAGADA**, sa **HAGDANG-HAGDANG PALAYAN**. Doon siya nag-training sa ilalim ni **KAPITAN EDMUND DANTE**, na nakilala niya sa Shoal. Bukod sa pagiging fitness trainer, si Dante rin ang supplier ng protein powder ni Joker. Dahil kay Dante, lumaki ang glamour muscles ni Joker. Sa isang inuman, inilahad ni Joker na inabuso siya noong bata siya, at hindi niya alam kung ang kuya niyang si Paul o ang ibang barkada

nito ang maysala. Inilahad naman ni Dante na kaya siya umalis sa Shoal at nagretiro mula sa militar ay dahil ginahasa siya ng isang admiral. Kinaumagahan, binawi ng dalawa ang kuwento nila sa isa't isa, sinabing pawang kasinungalingan ang kanilang mga kumpisal. Sumumpa sila sa isa't isa na hindi na gagamitin nang padalos-dalos ang panggagahasa bilang "plot point," dahil "hindi ito joke."

Ilan sa mga nakaharap ni Joker na supervillain, sa loob at labas ng Bayang Malayo, ay sina **MAL SALVAGE**, **BOSE SHLEK**, at **BUKTOT DIABLO**.

Sa kanyang pakikipaglaban sa pang-aapi, naging kasangga ni Joker ang **MAGKAKAPATID NA CAIN**, sina Barry, John, Lino, Abel, Eva, at Georgia. Pero habang sumisikat si Joker sa social media, at nagsisimulang magbenta ng t-shirt na may mukha niya, at nagkaroon siya ng fans at cosplayers, walang pumansin sa kontribusyon ng magkakapatid. Si **LINO CAIN** ang nakipag-deal kay Mario Orlando para mabitag si Joker sa MRT - Buendia Station.

Ang hindi alam ni Paul, kinidnap pala ni Mario ang nanay at tatay nila: sina **G. AT GNG. CAMUA**. Pinanood ni Joker ihulog sa bulkan ang kanyang mga magulang sa pamamagitan ng Butas na Malaki. Ang bulkang iyon din ang huling hantungan ni Joker, bagaman pinatay na siya bago siya ihulog sa lava. Alam ni Gabby Lamang ang lahat nang ito, dahil nagpapanggap siya noon bilang **GUHO DIMAGIBA**, deep undercover sa sindikato ni Mario. Hindi sinasabi ni Gabby ang katotohanan kay Paul, dahil alam niyang madudurog ang puso nito.

**Camua, Marian** Ang huling nabubuhay na kamag-anak ni **PAUL CAMUA**. May anak na kambal. Niloko, binuntis, pinaasa, saka iniwan ng isang **PUTI**.

**Camua, Paul** Isang bisexual, kuya ni **JOKER CAMUA**. Asawa-ama ni **JACQUELINE KAWABATA**. Sa kanilang unang monthsary, nag-date si Paul at Jacqueline sa **HOTEL PORNIA**.

Minsan nang naka-mexican stand off ni Gabby dahil sa pagturing sa kanya bilang "panakip butas." Lagi niyang ginagamit ang kapangyarihang humigop ng **TAWAG** para kidlatan ang kanyang mga kaaway, estratehiyang tinawag ni Gabby bilang "predictable." Nang matutunan ni Paul mula kay **TREJO BIKINI** kung paano tawagin ang **MOTORSIKLO NI HUDAS**, nagdesisyon siyang agawin ang pagiging Supremo ng Katipunan mula sa kaibigan. Isa sa mga naging manipestasyon ng kanyang pagtatangka ay ang pagtulak na gawing miyembro ng Katipunan si **SERGIO BUHO** habang may quorum pero wala si Gabby. Natalo ang kanyang mosyon.

Ilang beses ding naaresto sa **INTERNATIONAL SPACE STATION - DESNAY** dahil overpriced ang mga ibinebentang pills. Madalas nababalian ng buto dahil sa hilig sa iba't ibang uri ng tradisyonal na laro, tulad ng sepak takraw. Mahilig sa adventure, mangilang beses nang tumakbo si Paul sa **PAPLONA**, kung saan siya hinabol ng mga **KABAYONG SEKRETARYA**.

Hindi niya alam na pinatay ni **MARIO ORLANDO** ang kanyang mga magulang, akala niya'y ang patapon niyang kapatid lang na si **JOKER CAMUA** ang naging biktima ng lider-sindikato. Iniligtas ni Paul ang buhay ng halos wala nang dugong si **HOMBRE LECHE**, na natagpuan niya sa **ABU ROAD**. Dinala niya ito sa ospital kahit wala siyang motibasyon.

Nakipag-threesome minsan kina **JULIA MADIOGA** at **KALI ESCRIBA**. Gusto niyang ulitin ang experience.

**Cannibal** Halos lahat ng bayan, sa **LUPAIN** man o sa **ITAAS**, mayroong komunidad ng cannibal.

**Canta, Althea** Niyaya ni Althea na sumayaw si **HAPON KAWABATA** sa piging sa **BAGUIO**, na ikinaasar ng Reynang si **MIKA P. ROSTRO**.

**Censor** Binabaybay din bilang "Cencor," grupo ito ng mga indibidwal na walang ibang nais kundi ang pagsakop sa bawat lungsod sa daigdig ng tao, sa paniniwalang kailangan ito para sa paparating na digmaan sa pagitan ng mga tao at ng **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**. Bata pa lamang ang **HARI NG KAMAO** ay gusto na nila siyang patayin. Dalawa sa mga kilalang miyembro nito'y si **YEWUN** at si **GEMMA RED**, parehong sinunog nang buhay ni Gabby. Noong huling bahagi ng 2019, sinakop ng mga puwersa ng Censor ang bayan ng **KATAYAN** nang walang putukang nagaganap.

**Centaur** Mga nilalang na kabayo ang pambaba at tao ang pangtaas.

**Cesar Binata Emergency Room** Ang pinakasosyal na kuwarto sa **OSPITAL SIPILIS**. Dito natipuhan ni **ALIEN 12** ang pagong na ginawa niyang **BIOROBOT**.

**Chain Saw** Sa kanyang utos sa mga alipores, specific na binanggit ni **NINANG DONYA** na ang sandatang ito ang gamitin para pugutan ng ulo si **DEGREE CALVIN**.

**Charlie** Lungsod na ipinangalan sa dakilang bayaning si **CHARLIE IBA**, mistulang war zone ang Charlie dahil sa pambobomba ng mga clone sa lahat ng itinuturing nilang mababang uri ng nilalang, i.e. lahat ng hindi clone. Dahil sa genocide na ito, halos dalawang Palestino na lamang ang natitira sa Charlie.

**Chavannes, Skeat** Aktor. Katulad ng kasa-kasamang si **TIMOTHY COANGCO**, tinitiis niyang gumamit ng isang salita lamang bilang pangalan, kahit usong-uso ito.

**Clark** Isa sa mga lugar kung saan nag-tryst si **MARIO ORLANDO** at **KALI ESCRIBA**. Dito nagtago ang teroristang mag-amang sina **DAISY DAGA** at **CERES DAGA**, ang dalawang huling nakakaalam ng tunay na identidad ng **PILANDOK**. Vibrant ang art scene sa Clark, lalo na para sa mga manananayaw.

Nagkaroon ng **ZOMBIE** infestation sa Clark, pero ipinagtanggol ni **BENIGNO DAGUNDONG** ang mga mamamayan sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihang kulog.

Pira-pirasong ikinuwento ang pag-besiege at pagsakop sa lungsod na ito ng hukbo ng **CENSOR** sa mga nobelang Fisting Yahweh, Melon Drama, Korporasyon, at Ang Kaharian ng mga Engkanto. Eksaktong alas otso ng umaga itinaas ng mayor ng Clark ang puting bandila na nagsi-signify ng pagsuko niya sa lungsod.

Bilang lider ng hukbo ng Censor nang sakupin ang bayan, si **JUAN MAKINA** ang nagsisilbing gobernador-heneral ng Clark, bago ito binomba ni **KRISTINA JAYA** mula sa langit. Crater lang ang natira, at mga refugee na walang matakbuhan dahil naroon ang gera, saan man sila magpunta.

Sa kinabukasang malayo, sa sosyalistang utopia, muling bubuoin ang lungsod ng Clark bilang pagpapaalala na mas mabuti ang pag-ibig kaysa karahasan.

**Coangco, Timothy** Isang aktor, gumanap siya bilang Bwakaw sa dulang Spoiled! ni **JORDAN NICOLAS**. Naaresto ang buong troupe sa unang guerrilla performance nila sa **NATIONAL MUSEUM**. Nanlaban silang lahat bilang protesta sa pasistang gobyerno. Nahataw ng batuta sa mukha si Timothy, pero mas lalo lang siyang gumuwapo sa sanhi nitong pagkabali ng kanyang ilong.

Ang hindi alam ng mga kasama niya sa teatro, **CANNIBAL** si Timothy. Sinisikreto niya ito, at hindi siya kumakain ng tao pag nasa **QUEZON CITY**. Pero kada taon, nagsa-summer vacation siya sa **MUNTING RUSYA**, at doon siya naglalantak sa laman ng kapwa. Sa kanyang pagpapahinga lagi niyang kasama ang kapwa aktor na si **SKEAT CHAVANNES**, na kapwa cannibal din.

Naengkuwentro niya sa isang kubo sa gitna ng isang isla si **ANRIL SOLOMON**, na may hawak na bolo at suot-suot na korona.

**Compania De Fagin** Gumagamit ng child laborers, mga hypnotist ang mayorya ng Board of Directors ng Compania de Fagin. Sa popular na pananalita, alam ng mga ordinaryong mamamayan ng **BAYANG MALAYO** na pag sinabing "Compania," ang tinutukoy ay ang **COMPANIA DE MERCADO**, na mas malaki at mas makapangyarihan sa Compania de Fagin, na pag tinutukoy ng isang nagsasalita'y kailangang tawagin nang buong pangalan. Tradisyon sa mga CEO ng Compania de Fagin na mag-order ng **TAGASIRA** sa kanilang opisina, kahit di naman sila nakikipagtalik dito. Para i-solidify ang mga monopolyo nito, balak ng Compania de Fagin na i-hostile takeover ang **ORLANDO AND FRIENDS CORPORATION.**

**Compania De Halaman** Multinational conglomerate na nag-eeksperimento sa mga "taong gawa sa laman." Kahit ganito ang pangalan nila, marami silang empleado at VP na hindi naman **TAONG HALAMAN**.

**Compania De Mercado** Ang Compania de Mercado ay mass media empire na birtuwal na nagmonopolya sa pamamahayag, kultura, at sining ng **BAYANG MALAYO**, mula pang kabataan hanggang tumanda si Gabby Lamang. Maraming subsidiary sa ibang industriya. Isang conglomerate, mayroon din silang commercial logging at mining activities sa iba't ibang bansa, kasama na ang **BRAZIL** at **INDIA**. Gumagamit ng shell companies para magtago ng pera. Ilegal na ini-x-ray ng Compania ang sinomang pumapasok sa kanilang headquarters.

Binomba ng teroristang grupong **LA BAMBA** sa pamumuno ni **BEN ZAYB** ang headquarters ng Compania noong Hunyo 12, 2020.

Malaki ang naging papel ng Compania sa nobelang Ang Kaharian ng mga Engkanto. Inilarawan dito ang pagtatangka ni Gabby na ma-produce ang pelikulang Sa mga Kuko ng Liwanag, Part 2: Resbak sa Chinatown, na tungkol sa pagsugod ng angkang Madiaga sa mga tambay sa eskinita na pumatay kay Julio. Para magkaroon ng hype, ikinalat ni Gabby sa social media ang tsismis na si F. Sionil Jose, Pambansang Alagad ng Sining, ang di-umano'y nagsulat ng screenplay.

Pagkatapos mabomba ang headquarters, nagsimula ang Compania ng root and branch na pagdedestrungka sa unyon ng mga mamamahayag, artista, at iba pang cultural worker na itinuturing nilang front ng La Bamba. Katakot-takot ang sinisante, hinarass, nakatanggap ng death threat, finorce leave without pay, finorce retirement, at, sa kaso ng tatlong lider-unyon, pinapaslang. Bagaman hindi miyembro ng unyon, sinubukan ni Gabby na itago si **HAPON KAWABATA**, lider-unyon at kanyang kababata, mula sa goons ng Compania. Sa nobelang Ang

Awit ng Pag-ibig, inilarawan ang madugong labanan na naganap sa **PALACIO DE MALACANANG** sa pagitan ng goons ng Compania at ng nirentahang **PRIVATE ARMY FOR HIRE** ni Hapon, at iba pang hukbong namumuhi sa Compania, pinanood ni Gabby, mula sa isang panic room, kung paanong sumuko pero binaril pa rin ang kanyang kaibigan. Dalawang taon pagkatapos, pumutok ang isang insider trading scandal na nagpabagsak ng status at nagpahina ng monopolyo ng Compania. Nadawit ang pangalan ni Hapon at iginiit ng mga testigo na isa siya sa mga lider-unyon na tumatanggap ng suhol mula sa management. Nag-imbestiga si Gabby para linisin ang pangalan ng kaibigan, pero natuklasan niyang totoo pala ang mga paratang. Puno ng hinanakit at sama ng loob ang puso, ibinenta ni Gabby ang screenplay ng Resbak sa Chinatown, na siya naman talaga ang sumulat, sa halagang 10,000 piso, na noong ikalawang dekada ng ika-21 siglo'y malaki-laki na rin. Dumaan ito sa dalawang rewrites bago naluwal bilang pelikulang direct to DVD. Ibinenta rin ito bilang VOD sa Internet, at may di-kilalang pirata ang nag-upload ng kabuoan nito sa YouTube.

Ilan sa mga naging CEO ng Compania ay si **HEROD KANTA**, na namatay di-umano dahil sa atake sa puso, at si **ULAN LAMANG**, na huling namataang nakikipaglaban kay **CHARLIE IBA** sa **VINLUAN HIGH**.

**Corn God** Bagaman sinasabing ubos na ang **ANGKAN NI KRISTO**, inubos di-umano ng nilalang na kilala lamang bilang **PILANDOK**, sa totoo'y marami pa ring miyembro ng Angkan ang buhay. Iyon nga lang, buang na ang karamihan sa kanila, at ang iba nama'y masyadong malungkot o galit o takot para maging epektibong diyos. Isa na rito ang Corn God, na hindi umaalis sa teritoryo niyang **MAIS MAZE** sa **DUBLIN**. Malungkot ang Corn God, laging lonely, at sinomang mabitag sa kanyang Maze ay hindi makakawala nang hindi nagbibigay ng alay... alay ng buhay.

**Cultext** Binanggit nang pahapyaw sa Basagulero at Ang Awit ng Pag-ibig, ang Cultext ay maliit na komunidad kung saan di-umano'y libre ang pagkain at tirahan sa lahat ng payag magbungkal ng lupa nito. Matatagpuan ang kanilang lupa sa hilaga ng **SUBIC**.

# D

**Daga, Ceres** Teroristang nagtatago sa **CLARK**. Ang isa sa dalawang tanging nakakaalam ng tunay na identidad ng **PILANDOK**.

**Daga, Daisy** Tatay ni **CERES DAGA**. Ang isa sa dalawang tanging nakakaalam ng tunay na identidad ng **PILANDOK**.

**Dagat** Ang kanang kamay ni **BANYUHAY PAGONG**. Huling nakitang namamalengke sa **BAYANG MALAYO**.

**Dagundong, Benigno** Bago dumating ang mga catapult ng **CENSOR**, bago bumagsak ang mga bomba ni **KRISTINA JAYA**, naging problema ng **CLARK** ang pagkalat ng mga **ZOMBIE**. Pero ayos lang, kasi naroon naman ang kanilang bayani, si Benigno Dagundong. Gamit ang kapangyarihan ng kulog, binitag niya ang mga zombie, hinulog sila sa mga bangin, binangga ng mga troso, pinatapak sa mga landmine. Isang reality tv show ang nilikha para i-document ang mga pakikipagsapalaran ni Dagundong, pero na-cancel ito agad dahil walang makuhang sound--naka-interfere sa equipment ang kanyang mga pakulog.

Sa nobelang Korporasyon, inilarawan kung paanong inabandona ni Dagundong ang Clark para maging mas sikat at mas mayaman. Nakipagkita siya kay **JORGE ESPEJO**, tatay ni **CLARO RECTO ESPEJO**, at noo'y stooge ng pasistang gobyerno. Maraming koneksiyon sa biz si Jorge, at nilibre niya si Dagundong sa POOL para ipakita kung gaanong puwedeng maging ka-lavish ang lifestyle nito. Sa malas, nahigop sila sa isang pocket dimension, kung saan nakita nila ang lahat ng nangyari sa nakaraan, nangyayari sa kasalukuyan, at mangyayari sa hinaharap. Nang makawala, nabaliw si Jorge at kinailangang ilagay sa home ng kanyang anak.

Para mapanatili ang kanyang katinuan, laging nagpapasabog ng kulog sa loob ng kanyang bungo si Dagundong, dahilan para tuluyan siyang mabingi, pero paraan din para hindi niya marinig ang iyak ng bilyong-bilyong tao at lamanlupa at alien na naghihirap at maghihirap. Idol niya si Freddie Aguilar.

Sinubukang humanap ni Dagundong nang mas katanggap-tanggap na solusyon sa kanyang problema. Hinanting pa niya si **BERNABE BASTANTE**, na naging guro ng mga **CANNIBAL** sa **MUNTING RUSYA**. Inaway lang si Dagundong ng guro nang ilarawan niya rito ang isang realidad kung saan kinain nito ang binti ni Kristina Jaya. Ang hindi alam ni Dagundong, tumatalon-talon siya sa mga realidad, at hindi ang Bernabe na gusto niyang makausap ang nakausap niya. Sa bersyong ito ng Munting Rusya, hindi nagbigti kundi nagbaril si **KULANG LAMANG**, at kinain ng mga cannibal ang kanyang utak.

Sa kanyang paglalakbay sa iba't ibang dimensiyon, na akala niya'y paglalakbay lang sa kabuoan ng **BAYANG MALAYO**, nakilala niya si **BENIGNO XAGUNDONG**. Si Benigno ay bersiyon ni Dagundong na naging biologist at nasuka sa eksperimentasyon ng mga tao sa mga hayop, at naging primaryang pilosopo ng animal rights sa kanyang realidad. Ayon kay Benigno, hindi aksidente ang pagkahulog niya sa pocket universe sa Pool, eksperimento ito ng mga diyos na tinitingnan ang mga tao bilang mas mababang uri ng nilalang. Nag-away ang dalawa nang matuklasan ni Dagundong na hindi vegetarian si Benigno, bagay na sa kanya'y isang "kontradiksiyon."

Nakilala din ni Dagundong ang bersiyon ni Kulang Lamang na hindi naging stooge ng **COMPANIA DE MERCADO**, at hindi nagpakamatay. Imbes, ang Kulang na ito'y naging tambay sa kinalakhan nitong **BARANGAY ROXAS**. "Bawat buhay ay epiko," sabi ni Kulang habang tumutungga ng gin, "at bawat tao ay bayani." Tinawag ni Dagundong na "burgis" ang pilosopiya ni Kulang, pero hindi tumigil ang kanilang inuman.

Kahit na iniwan na niya si Kulang, umalingawngaw pa rin ang mga salita nito sa kanyang bungo, mas malakas pa sa mga kulog na pinangtatakip niya sa mga sigaw. Sa Pahayag, nagdesisyon si Dagundong na maging bayani muli, hindi lang ng isang lungsod kundi lahat ng lungsod. Nakalaban niya ang bersiyon ni **LOLO MATADOR** na tao imbes na baboy ang kinakatay. Napakulong niya ang bersiyon ni **LALAMUNAN SOLOMON** na naging CEO ng Compania at puno ng insider trading. "Mukha lang kayong mabait!" ang naging catchphrase ng interdimensional hero.

Tumindi nang tumindi ang kanyang pakikipagsapalaran, at ang kanyang kasikatan. Tumindi rin ang kanyang paghihirap, dahil sa kanyang paglalakbay, nakakilala siya ng mga taong puwede sana niyang mahalin, pero namatay ang mga ito sa misyon, pinagtaksilan siya kapalit ng pera, sumuko dahil masyadong makapangyarihan ang

kalaban. At patuloy pa rin ang mga hiyaw at paghingi ng saklolo sa loob ng kanyang utak.

Hanggang sa wakas ay nakilala niya ang may sanhi hindi lamang ng paghigop sa kanya ng pocket dimension, kundi pati ng orihinal niyang kapangyarihan ng kulog: ang mga **TAONG HALAMAN**. Bahagyang tama pala si Benigno Xagundong, pinag-eeksperimentuhan pala si Dagundong, pero hindi ng mga diyos kundi ng mga siyentista ng **COMPANIA DE HALAMAN**. Imbes na makipagsapakan sa kanila, nagmakaawa si Dagundong. Ang gusto lang niya'y mawala na ang mga iyak sa kanyang utak, at isusuko niya ang kanyang kontrol sa kulog kung mawawala ang mga ito. Naawa naman ang mga Taong Halaman at binalik siya sa katinuan. Pero humirit ang isa sa mga ito, "Taong gawa sa laman lamang ang uri ng tao na mas pipiliin ang simpleng buhay kaysa kapangyarihan."

Sa huling bahagi ng Fisting Yahweh, mababasang nakatira si Dagundong sa **YOSI MOTEL**. Ibinalik siya ng mga Taong Halaman sa tamang realidad, at dito'y nakaupo lang siya maghapon, nagsisigarilyo, ibinubuga ang usok sa kanyang mga money tree plant. Paborito niyang panoorin sa YouTube ang mga upload ng **KINETIC MOTION DANCERS**.

**Dakit, Buyo Nama** Direktor ng mga pelikula at, higit pa rito, ang ilan sa pinakainteresanteng patalastas ng ika-21 siglo. Pinatay ni **SHELDON SILYA** ang kanyang asawa at labindawalang anak. Naging kalaguyo niya ang manunulat na si **JORDAN NICOLAS** at ang aktres na si **TABKUKO**.

**Dakweba** Isang motel sa **SECOND THOMAS SHOAL** kung saan madalas dalhin ng mga **PUTI** ang nirerentahan nilang **TAGASIRA**.

**Dalag** Isang dalagita, may kakayahang mag-anyong suso.

**Damaso, Maria Clara** **BIOROBOT** ni **GANDA** at anak ni **HIROSHIMA NAGSAKI**, nilikha si Maria Clara para paibigin si Gabby. Naging tagasunod at tenyente ng **HARI NG KAMAO**. Hinihinalang namatay sa kamay ng mga batang adik sa rugby (hukbo ng **COMPANIA DE FAGIN**) sa **ALEXANDRIA**. Maaaring kay **ISABELLA PATA** lang siya tunay na umibig. Pag-aari si **RANDY MUGTO**.

**Damaso, Verdolagas** Sa Noli me tangere ni Jose Rizal, si Padre Damaso ang ama ni Maria Clara, na ka-love team ng bidang si Crisostomo Ibarra. Sa mundo ni Gabby, si Damaso ay isang warlord mula sa kinabukasan. Binubuwisan niya ang malaking bahagi ng **SANSINUKOB**. Ninuno niya si Gabby, at madalas niyang sabihing siya

ang huling **LAMANG**, dahil patay na ang lahat ng kanyang kamag-anak, at wala siyang kapasidad na magkaanak. Sa Melon Drama, sinuri ni **GANDA** ang utak ni **HIROSHIMA NAGASAKI** para bigyang-pangalan ang kanyang **BIOROBOT**. Nang walang matagpuang katanggap-tanggap na pangalan, ginamit niya ang **MARIA CLARA DAMASO**.

Umigpaw si Damaso at lumabas sa panahon, at naging isa sa mga **BANTAY NG PAHINA**. Binigyan siya ng misyon ng **DINOSAUR CABAL** na pumunta sa **SPY TRAINING GROUND**. Para maharap ang hamon, nagpanggap si Damaso bilang **MULTO NG MERON** at pinaglaruan sa iba't ibang gubat si **ENTENG DI-MAHANAP**.

Mestizo, balbasarado, at marunong mag-Español, lumaki si Damaso sa SUBIC na halos hindi na mapanirahan ng mga tao. Mayroong misteryosong babae na kanyang kababata na lumipat ng tinitirhan habang sila'y nagbibinata at nagdadalaga na. Buong buhay ni Damaso, nire-reregret niyang hindi niya man lang nasubukang sabihin sa babaeng ito ang kanyang nararamdaman. Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit siya padalos-dalos kung kumilos, ayon sa kanya, para hindi siya maunahan muli ng mga pangyayari sa buhay.

Nang magsimulang magparamdam ang mga Dinosaur, hindi agad naniwala si Damaso  na sila nga ang nag-iiwan ng mga tula sa mga lasog-lasog na gusali ng Subic. Inisip niyang pakana lang ito ng ibang mga gang para ma-distract siya sa kanyang proyekto ng consolidation. Kahit na nakahuli siya ng dinosaur mismo na nag-i-spray paint sa kanyang bakuran, hindi pa rin naniwala si Damaso, at kinailangan pa siyang tulaan ng dinosaur nang extemporaneous para makumbinsi. Naglaro ng golf si Damaso habang ipinaliwanag ng makata ang plano ng kanilang grupo tungkol sa Aklat.

Ayon sa pinuno ng mga dinosaur, pinili nila si Damaso dahil noong binata pa ito, iniligtas nito ang Subic mula sa dalawang gang na pinag-aawayan ang teritoryo. Hindi alam ng mga dinosaur na kaya lamang tiniis ni Damaso ang pagkakabilanggo at torture sa kamay ng dalawang gang ay dahil nawalan na siya ng loob para mabuhay mula nang mabalitaan niyang nag-asawa na ang kanyang kababata (na hindi pala totoo).

Bagaman tinanggap ni Damaso ang kanilang hamon, hindi siya nagsimulang subukang hanapin ang Spy Training Ground hanggang hindi niya nasakop ang kabuoan ng **BAYANG MALAYO**.

**Dante, Kapitan Edmund** Pangalawang mentor ni **JOKER CAMUA**. Gym instructor at supplier ng protein powder.

**Degree Calvin** **LAMANLUPANG TAGA-ENGKANTO VILLAGE**. Seryosong miyembro ng **LIBETARIAN PARTY OF QUEZON CITY**. Pinugutan ng ulo dahil sa natuklasan niyang planong itayo ang **BAGUIO DAM II**.

**Dela Cruz, Edna Pilapil** Lumaki si Edna kasama ang kanyang mga kapatid na nagtatanggal ng natunaw na kandila sa mga puntod sa sementeryo para gawing buong kandila muli. Noong 2020, dalawampu't dalawang gulang, nahulog siya sa bukas na kabaong na cryonic chamber pala. Gumising siya dalawang libong taon pagkatapos, wala nang gutom at gera sa daigdig. Namangha siya na muling itinayo ang winasak na lungsod ng **CLARK**, kung saan siya nagboluntaryo bilang caregiver sa **BAYAN KO NANAY KO**, isang child services provider.

Sa una'y hindi matanggap ni Edna ang kanyang bagong buhay. Inisip niyang magiging conformist ang mga tao sa isang lipunan na walang mahirap at walang mayaman. Hindi rin niya gusto na maraming clone sa paligid. Pero nakita niya ang kahusayan ng kanyang kinapaparoonan nang malaman niyang wala na palang batang nagtatanggal ng wax mula sa mga puntod para gawing kandila muli, at puwede niyang gawin ang gusto niyang gawin nang walang takot na magugutom. Dahil hindi marunong magbasa, isa ito sa pinagpursigihan ni Edna nang magkaroon na ng kalayaan mula sa mga materyal na pangangailangan. Naging hobby niya ang pagsisid sa archive. Natutunan niyang dalawa sa pinakamalaki ang kontribusyon sa paglikha ng sosyalistang utopia kung saan siya nakatira mula sa kanyang panahon sa nakaraan ay sina **JACQUELINE KAWABATA** at si **GANDA**. Si Ganda ang unang nakaperpekto ng life extension na walang negatibong epekto sa pag-iisip. Bilang huling Supremo ng Katipunan naman, si Jacqueline ang nag-arrange ng peace treaty sa pagitan ng **ITAAS** at ng **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**.

Dahil mula sa nakaraang puno ng lungkot, hindi maiwasan ni Edna na maging out of place minsan. Perverted man, nakahanap siya ng saya sa pagbabasa tungkol sa mga krimen ng panahong iniwan niya. Isa sa kanyang naging obsession ang pag-imbestiga kung sino sa **MAGKAKAPATID NA CAIN** ang pumatay sa bunso nilang si **LINO CAIN**, na natagpuan na lang noong 2021 sa gitna ng **QUEZON AVENUE**, may nakasaksak na punyal sa likod.

Bukod sa kasaysayan, naging hilig din ni Edna ang panbiology. Isa siya sa nakatuklas na may pagkakaibang physiological pala ang mga **HINETE** sa pangkaraniwang **CENTAUR** at **TIKBALANG**. Sa kanyang pagsasaliksik, nakilala, at napangasawa niya, ang mga centaur na sina **LIBIS** at **LENTAMENTE RAPIDAMENTE**.

Pagkatapos ng limang taong pag-aaral, nakagawa siya ng sarili niyang **BIOROBOT**, na ayon sa batas ng lupain at bulong ng kanyang konsensiya ay isang malaya at independiyenteng nilalang na hindi niya maaaring alipinin. Sumali si Edna sa Kulto ng **GULO** at sa Iglesia ni **AMANDOTE**, na wala nang pinapalaganap na sistema ng pilosopiya at pananampalataya, kundi mga hobby na lamang, tulad ng rock climbing at surfing. Umabot siya sa ranggo ng Ministro sa Iglesia.

Muntik nang mabuang si Edna nang malaman niyang mayroon pa rin palang maliliit na krimen sa utopia. Pero imbes na magpagapi, tsinanel niya ang kanyang mga emosyon para maging detective. Siya ang nakatuklas na gumagamit ng depektibong pacifier ang child care services provider na **TUM TUM SA TAMI**, na pinamumunuan ng mapag-imbot na si **RAPUNZEL LINDA**.

Isa sa mga nilalang mula sa kanyang panahon na umabot sa utopia at nakilala ni Edna ay si **ETS JI BUENO**, na mula nang ilabas sa kabaong sa **VALHALLA**, nabuo nang muli ang katawan ng lalaki. Ngayon ay direktor ito ng mga lumang uri ng pelikula para sa **SUSAN PRODUCTIONS**. Naging magkaibigan sila, kaya hindi sinasabi ni Edna na masyadong bland ang mga bida ng mga pelikula si Ets Ji Bueno. Nasanay na kasi siya sa avant-garde na sining na normal para sa utopia. "May gumagawa pa rin pala ng mga pelikulang pinapanood mula simula hanggang dulo!" ang reaksiyon ni Edna nang unang mapanood ang adaptasyon ni Ets Ji Bueno ng Basagulero.

Binisita ni Edna ang **PACO PARK** na ginawang museo-bantayog dahil dito una at huling beses tinangka ni Gabby na basahin ang kabuoan ang **AKLAT NG SANSINUKOB**. Natabig ni Edna ang **MOTORSIKLO NI HUDAS** at muntik na siyang higupin nito papunta sa malayong lugar at panahon, pero dahil wala siyang balak pagtaksilan, hindi ito gumana.

**Delos Reyes, Jimmy** Katulad ni **ELIZABETH STRAPON**, mahilig sa avant-garde theatre si Jimmy. Iba kay Elizabeth, nagugustuhan pa rin ni Jimmy ang mga "naive" na produksiyon, kung saan nagpapanggap ang mga aktor sa entablado na sila nga ay hari, detective, bulag, scapegoat. Samantalang si Elizabeth ay nagsusulat ng mga mahabang sanaysay sa Internet, naka-bullet points lang ang rebyu ni Jimmy sa kanyang blog. Meron siyang listahan ng pros at cons sa bawat dulang napanood, at star-based ang kanyang rating. Ilang beses na siyang nahiritan ni Elizabeth na hindi nagbibigay ng bababa sa three stars, kritisismong tinanggap naman ni Jimmy. "Basta may effort, ipapasa ko na," ang kanyang motto.

Madalas magkasama ang dalawa, at shiniship nga ng malawak na komunidad ng mga kritiko ng teatro sa **QUEZON CITY**. Pero dahil may pagka-speciesist si Jimmy, walang nangyari sa kanya. Kay Jimmy kasi, ang tao ay sa tao, ang lamanlupa ay sa lamanlupa. Puwede siyang magkaroon ng kaibigang sirena, pero hindi niya ito puwedeng mahalin. Specifically, concern ni Jimmy na oral sex lang ang pinaka-intimate na maaaring maganap sa pagitan nila. Ang hindi alam ni Jimmy, matagal nang may pagtingin sa kanya si Elizabeth.

Sa nobelang Palusot, pagkatapos itong subukang biktimahin ng mga aktor na sina **KUK** at **AMBUVUSSI** sa **ILOG LAOAG**, kay Jimmy dumiretso si Elizabeth. Pinatulog naman ni Jimmy ang kaibigan sa kanyang apartment, binigyan ng hot choco, at kinumutan pa. Hating gabi nang bumangon si Elizabeth at sinamahan si Jimmy sa sofa. May namagitan sa kanila, pero sa umaga ipinaliwanag ni Jimmy na hindi sila puwedeng maging sila. Kumakain ng saging bilang agahan si Elizabeth nang ipaliwanag ni Jimmy ang kanyang teorya tungkol sa "magkakaibang mundo" na "hindi maaaring tawirin ng pag-ibig." Hindi naman nakipag-argumento ang sirena.

Nagluluto si Jimmy ng tanghalian nang marinig niya ang pagsara ng pinto. Ang tanging iniwan ni Elizabeth ay post it: "Salamat sa kalinga."

Dumaan ang mga buwan at mag-isa na lang manood si Jimmy ng mga dula. Namalayan niyang hindi pala masayang manood ng dula, "naive" man o avant-garde, nang walang kasama. Sinubukan niyang magdala ng mga tao, ng mga kritikong kapareho niya ng panlasa, pero mas hinahanap pa rin niya ang sirenang katunggali niya ng opinyon. Para punan ang butas sa kanyang puso, pinanood ni Jimmy lahat ng dulang matagpuan niya, produksiyon man ito ng mga highschool students o maka-Brecht na outfit sa YouTube. Pati pagtatanghal sa mga rally ay pinatos niya.

Disyembre nang magbalik sa buhay niya si Elizabeth. Natagpuan na lang niya itong nakaupo sa kanyang sofa, nakakumot, isang gabing galing siya sa isang pagtatanghal ng Portrait of the Artist as Filipino (ni-reboot para sa millennial audience, Sell Filipino ang naging pamagat). Idedeklara na sana ni Jimmy ang kanyang pagmamahal kay Elizabeth nang tanggalin nito ang kumot at ilahad ang mga binti. May suot-suot itong perlas sa leeg, na agimat pala. "Iisa lang ang ganito sa buong lupain namin. Pag nabasag ito, babalik ang buntot ko." Para ipagdiwang ang kanilang pagsasamang muli, nagpaka-kinky sila ni Elizabeth. Kumuha si Elizabeth ng saging, binalatan ito, ipinasok sa bagong pang-taong puwit, saka ipinakain kay Jimmy. Inabot sila ng madaling araw sa kanilang eksperimentasyon.

Isang linggo ang ligaya na sumunod. Pero, tulad sa isang dula, dumating ang problema. Kinidnap ni **KUK** si Elizabeth. Dinala ng artistang walang apelyido ang sirenang meron nang binti pabalik sa Ilog Laoag. Hinabol naman sila ni Jimmy, puno ang pag-aalala ang puso. Huli na ang lahat. Natagpuan niyang asul ang mukha ni Elizabeth, buo pa rin ang perlas sa leeg. "Mahal ka talaga niya. Puwede naman siyang magpakasirena ulit, pero di niya ginawa." Ipinagmalaki ni Kuk ang hawak nitong harpoon. "Gusto ko pa naman sanang maglaro."

Bilang ganti, tinalian ni Jimmy ng bato ang baywang ni Kuk at nilunod ito sa Ilog. Pagkatapos, hinanting niya lahat ng kamag-anak ni Kuk at tinalian ang bawat isa sa kanila ng bato sa baywang at nilunod sa iba't ibang katawang ilog sa **BAYANG MALAYO**. Isang buntis na babae lang ang nagmakaawang wag idamay ang anak sa paghihiganti ni Jimmy. Hinintay niyang manganak ito, saka tinalian ng bato sa baywang at hinitsa sa creek.

Kahit na nakapaghiganti nang bongga, hindi pa rin naibalik ni Jimmy sa buhay si Elizabeth. Dito niya natutunan na ang mahalaga ay ang pagmamahal, at na hindi katarungan ang pandarahas. Bukod dito, sarili lang niya ang kanyang iniisip sa kanyang pagpatay sa mga kamag-anak ni Kuk. Binalikan niya ang bangkay ni Elizabeth at binigyan ito ng tamang burol. Sa libing nito, binasag ni Jimmy ang perlas. "Sirena kang ipinanganak, sirena kang dapat ibalik sa lupa. At sirena kitang dapat minahal." Nagbalik naman ang buntot ni Elizabeth. Saka rin natapos ang dulang pinapanood ni Jimmy. Ito pala ay high tech virtual reality program ng isang computer company na maka-Arabal ang aesthetics. "Ikaw ang dula!" ang kanilang tagline. Nagustuhan ni Jimmy ang karanasan, bagaman hindi na siya umulit pa. Mahal kasi ang ticket. Ang mahalaga sa kanya, kahit wala na si Elizabeth, naroon pa rin ang mundo ng dula.

**Demonyo ng Compania** Isa sa mga proyekto ni **HEROD KANTA**. Inisip niyang kailangang may mga relihiyosong miyembro ang **COMPANIA DE MERCADO** na magsisilbing negative compass ng Board of Directors nito pagdating sa policy-making. Halimbawa, dahil suhestiyon ng Demonyo na payagan ang mga empleadong mag-unyon, sinimulan ng Compania ang patakaran nito ng union-busting.

Lahat ng miyembro ng Compania, mula Vice President hanggang messenger at janitor na mayroong kaluluwa, nauuwi bilang miyembro ng Demonyo. Paraan din ito ng Compania para malaman kung sino ang tapat sa layunin nito ng tubo at pagpapalawak.

**Di-Mahanap, Enteng** Mangangasong ginawang layunin sa buhay ang paghuli sa **MULTO NG MERON**.

**Diablo, Buktot** Minor supervillain na ginapi ni **JOKER CAMUA**. Isinanla niya ang kanyang kaluluwa sa isang **PUTI** na nagpapanggap na demonyo. Binigyan siya nito ng dambuhalang buntot. Hinihinalang si **ANRIL SOLOMON** ang puting ito. Ginagamit ni Buktot ang buntot bilang sandata, puwede niya itong panipa, at puwede ring pansalag sa mga suntok.

Hindi ipinanganak na masamang loob si Buktot. Katulad ni Joker, isa rin siyang vigilante. Tatlong pangyayari ang nagtulak sa kanya sa buhay-krimen.

Una, ang pagkawala ng kanyang pamilya. Lumaki si Buktot sa piling lamang ng kanyang nanay, si **CARACARA KOK**. Over-protective si Caracara, eskuywela-bahay lang ang naging ritwal ni Buktot noong bata siya. Nang magbinata at nagsubok maging rebelde, naging draconian ang pagdidisiplina ni Caracara. Pag ma-late sa pag-uwi si Buktot, wala itong hapunan. Pag tumakas ito ng bahay para pumunta sa party, wala itong pambayad sa tuition sa susunod na school year. Nang magkolehiyo, nagupo na rin ang espiritu ni Buktot, at balik sa eskuwela-bahay na ulit ang kanyang buhay. Bukod sa kaklaseng nahalikan nang puslit sa prom noong high school, hindi siya kailanman nakaranas ng kahit anong uri ng intimacy kasama ang ibang tao.

Nang matapos ni Buktot ang kanyang Ph.D. sa Astrophysics sa **TECHNOLOGICAL UNIVERSITY OF LAOAG**, niregaluhan siya ng kanyang nanay, "ang regalo ng pag-ibig." Nag-arrange ito ng marriage para sa kanya. Kailangan lang daw niyang sumakay sa Love's Lovers Boat sa **ILOG RUSYA** sa isang tiyak na petsa para makilala ang babaeng ayon sa kanyang nanay ay "eksaktong-eksakto para sa iyo." Nais ni Buktot na malaman ang mga detalye tungkol sa babae, pati na rin ang petsa kung kailan niya ito makikilala. Pero ang gusto ni Caracara, ibigay ang impormasyon pag nagmartsa na si Buktot--isang buwan pa ang layo ng graduation. Pumutok ang galit ni Buktot at sinigawan niya ang kanyang nanay. Namatay si Caracara dahil sa sama ng loob.

Pangalawang dahilan ng pagpasok ni Buktot sa buhay-krimen ang pakikipagpartner niya kay Joker. Pagkatapos mamatay ng kanyang nanay, sinubukan muna ni Buktot na hanapin ang kanyang betroth. Inubos niya ang perang ipinamana ni Caracara sa araw-araw na pagsakay sa Love's Lovers Boat. Isang beses, nagkaroon ng pagtatangka ang mga miyembro ng **LA BAMBA** na agawin ang kontrol sa barko at

gamitin ito para i-ram ang lighthouse ng **MUNTING RUSYA**. Gamit ang kanyang karunugan tungkol sa mga pundamental na batas ng pisika, nagapi ni Buktot ang mga terorista sa tulong ng isang flashlight at kaha ng sigarilyo. Dito siya nakatikim ng sarap ng pagiging tagapagtanggol ng mga inaapi.

Ibinuhos ni Buktot ang enerhiyang nakalaan sa paghahanap ng kanyang betroth, at ang natitirang perang kanyang minana, para mag-set up ng isang laboratoryo, isang kamangha-manghang headquarters para sa isang kamangha-manghang superhero. May sopistikadong defense system ang kanyang headquarters, kailangan ng password para makapasok sa loob nito. May utak-utak din kahit papaano ang AI ng laboratoryo, na sariling disenyo ni Buktot. "Gadget guy" ang kanyang persona. Sarili din niyang disenyo ang kanyang mga sandata.

Naengkuwentro niya si Joker isang gabi sa isang eskinita, iniligtas niya ito sa mga goons ni **MARIO ORLANDO**. Muntik na niyang mapatay si Joker nang pumalya ang kanyang laser boomerang.

Naging magpartner sila pagkatapos ng gabing iyon, pero hindi pantay na partner. Si Buktot ang sidekick, na okey lang sana sa kanya. Pero utusan kasi ang trato sa kanya ni Joker, at hina-hog nito ang atensiyon ng media. Mas malala pa, kailangang si Buktot ang maghanda ng meryenda nila. Pinakamalala, inuubos agad ni Joker ang pagkain, at inuutusan si Buktot para magluto ulit habang siya ang humuhuli sa mga holdaper at kidnapper.

Pagkatapos ng ilang buwan ng pagiging kawawa, naghanap ng kalinga si Buktot sa isang **TAGASIRA**. Ang putang ito'y nag-aaral din pala ng sikolohiya sa umaga, sa pangarap na isang araw ay hindi na kailangang ipaabuso ang katawan. Imbes na makipagtalik, ibinuhos ni Buktot ang kanyang sama ng loob, at nagkuwento nang nagkuwento tungkol sa kanyang nanay at kay Joker. Nang mapabulalas si Buktot ng "Kelan man hindi ko siya naging partner!" at itanong ng puta kung sino ang kanyang tinutukoy, natanto ni Buktot na trapped lang pala siya sa walang katapusang loop, lagi lang siyang maghahanap ng master, ng master figure.

Noong gabing iyon, nagsaliksik si Buktot tungkol sa mga demonyo. Pansin niya kasing medyo hindi epektibo ang kanyang gadgets. Puro tungkol sa **DEMONYO NG COMPANIA DE MERCADO** ang nakita niya sa Google. Nang subukan niya ang DuckDuckGo, nakakita siya ng step by step guide sa pagtawag sa demonyo. Pagkatapos magsakripisyo ng manok, napuno ang kanyang laboratoryo ng usok at umusbong ang isang

figurang may dambuhalang mga pakpak. Inalok ni Buktot ang kanyang kaluluwa. Nakatulog siya, at paggising ay mayroon nang buntot.

Agad na nanloob ng bangko si Buktot. Walang nakapigil sa kanya. Parang mga langaw ang mga sikyo at pulis, madaling iwasiwas gamit ang kanyang buntot. Pagbalik sa kanyang headquarters dala-dala ang pera, nakita ni Buktot ang kotse ni Joker na nakaparada sa labas. Maingat siyang lumapit sa entrada. "Kok-kok-kok?" tanong niya. Ito ang kanyang password. "Kok-kok-kok," sagot ng laboratoryo. Satisfied at bilib na bilib sa AI na kanyang dinisenyo, pumasok siya sa loob. Naroon si Joker, hawak ang shotgun. Niloko pala nito ang AI kaya napasok ang headquarters ni Buktot. "Kok-kok-kok," sabi ni Joker, saka niya binaril sa mukha si Buktot.

**Diary** Mahikal na librong ginagamit para pasukin ng mambabasa ang utak ng manunulat. Isang kamalayan lamang ang maaaring nasa loob ng diary, at kailangan ng ritwal na umaabot ng isang taon para palitan ito.

**Dijon** Tanging lugar sa **ITAAS** na may direktang koneksiyon sa **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**. Papunta, hindi pabalik.

**Dijon Airport** Binotong pinakamalalang airport sa mundo noong 2020. Noong 2030 ay nakatanggap ng Lifetime Achievement Award for Failure. Tumutulo ang ulan sa loob mismo ng airport. May bayad kahit ang paggamit ng mga cart. Kailangang suhulan ang airport personnel.

**Dimagiba, Guho** Pangalang ginamit ni Gabby nang mag-undercover siya sa sindikato ni **MARIO ORLANDO**. Kahit na undercover, nakapagsulat pa rin ng screenplay si Gabby. Dinirehe ni **JOSEPH STALIN** ang kanyang "Ang Nalalaman ng Aso" bilang Ang Asong Nakakaalam.

**Dinosaur Cabal** Isang grupo ng mga gerilyang makata na naglalabas ng samizdat na magazin na Dinosaur Cabal din ang pangalan. Hina-hunting nila ang mga pinaghihinalaang miyembro ng Kulto ng **GULO**, na kanila rin namang kinampihan laban sa **HARI NG KAMAO**. Nasa kamay ng Cabal ang **LENTE** ng **DOKTORA**. Nangingikil din sila sa mayayaman. Ang hindi magbigay ng pera'y pinapakain nila sa mga **TRILBY**.

Naglabas ang modernist faction ng Cabal ng isang anti-war album kasama ang musikerong si **HALAMAT MUSIKA**.

**Diva, Likha** Isang **BIOROBOT** na nilikha ng isa pang biorobot, si **ROSE MOVIE**. Sa nobelang Ang Kaharian ng mga Engkanto, nakilala

sila ni **HAPON KAWABATA**, na naisip na maaaring maging sikat na YouTube channel ang pag-chronicle sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Bagaman sa simula'y ayaw ni Rose dahil sa kanyang anti-kapitalistang paniniwala laban sa universal surveillance, bumigay din siya dahil sa kakakulit ni Likha. "E para magkaroon tayo ng peraaa!!!" Naging catchphrase ni Likha ang argumentong kumumbinsi sa kanyang lumikha.

May kaunti nang positive buzz, kinontak si Likha ni **BASTARDO BERNABE**. Akala niya'y aalukin siya ng port mogul na maging artista (bali-balita kasing nag-eexpand ito ng business at pumapasok sa showbiz). Iyon pala'y balak lang siyang gamitin nito para pasukin ang utak ng teroristang si **BEN ZAYB**. Naka-develop ang tauhan ni Bastardo, si **PEDRO XABUNGERO**, ng proseso para makapasok ang isang biorobot sa utak ng isang tao gamit lamang ang HDMI connection. Gamit ang acting skills na natutunan niya mula sa coach na nirentahan para sa kanya ni Hapon, nakatakas si Likha mula sa mansiyon ni Bastardo (nagpanggap siyang non-sentient robot, imbes na biorobot).

Nag-aral ng Antropolohiya si Likha sa **TECHNOLOGICAL UNIVERSITY OF LAOAG**. Naging star pupil siya si **REGINE LUCHA**, pero hindi siya maprotektahan nito nang mapasok si Likha sa isang hazing incident. Sa Panaginip ng Baha, sumali siya sa isang fraternity, at nang subukang bugbugin ng mga master, nasira lang ang mga paddle nila. Nagdisenyo ang mga ito ng mas marahas pang pagsubok para kay Likha, ang pagsuong sa **ILOG LAOAG** habang hating-gabi. Hindi bumigay ang katawan ni Likha, at inaya pa niya ang mga master na lumangoy kasama niya. Namatay ang tatlong master dahil sa hypothermia, isang master ang nalunod. Limang neophyte ang muntik nang malunod din, pero iniligtas sila ni Likha. Dahil sa kanyang heroismo, hindi nagawang i-expel ni **IVAN ESCALERA** si Likha. Pero nagawa nitong ipapadala si Likha sa **KATAYAN** bilang bahagi ng immersion class nito. Dito napagnilay-nilayan ni Likha na hindi na siya bata at dapat siyang maging mas responsable.

Nang grumadweyt, napadpad si Likha sa BAGUIO. Dito niya nakilala si ROBERTA JULIO, na nagtatrabaho naman bilang komadrona. Tinulungan ni Likha sa panganganak si Roberta, at bilang kapalit ay itinuro sa kanya ni Roberta ang sikreto ng mga **PUTI**, ang kapangyarihang maging invisible.

Una'y sinubukan ni Likha na gamitin ang kapangyarihang ito para sa kabutihan. Nagnakaw siya ng pera mula sa vault ng **ORLANDO AND FRIENDS CORPORATION** at ipinamudmod ito sa mahihirap. Iniligtas

niya si **KALI ESCRIBA** nang mabalian ng binti ang huli nang madapa habang naglalaro sa **HOLY JESUS CEMETARY**. Pero unti-unti'y nawalan ng panahon si Likha para sa kanyang sarili. Laging mayroong humihingi ng saklolo, laging may nangangailangan ng tulong. Sinubukan naman niyang abusuhin ang kapangyarihan. Nagnakaw siya ng pera, namboso siya sa kung sino-sino, pinalitan niya ng forgery (na siya ang nagpinta) ang Spoliarium sa **NATIONAL MUSEUM**. Sa huli, kahit ito'y kinatamaran niya. Dito niya natuklasan ang noon pang alam ng mga diyos at diyosa, na ang kapanyarihan ay nakakabagot.

Nagpalaboy-laboy na lang si Likha pagkatapos nito. Nang sakupin ng **CENSOR** ang **CLARK**, tumakbo siya imbes na ipagtanggol ang lungsod. Nang magkaroon ng rat infestation ang **RESTAURANT COOPERATIVE**, hindi siya sumali sa "Building a Better Mousetrap Contest" kahit lagi siya ritong kumakain. Kahit puwede naman siyang mangdaya sa black jack, kayrami pa rin niyang perang nawaldas sa **TAHANANG WALANG BARAHA**. Bida siya sa isang kuwentong walang kontrabida.

Napukaw ang interes ni Likha nang bombahin nang sabay, gamit ang **KIDLAT SZILARD**, ang **KARTERO**, kapitolyo ng **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**, at ang sister city nitong **PANADERO**. Pero bago pa man siya makapagsimulang mag-imbestiga, kumalat na sa Internet ang pagdakip ni **JACQUELINE KAWABATA** sa maysala, isang men rights activist na hindi man lang pinangalanan sa social media.

Bumalik na lang si Likha sa paggawa ng YouTube vidoes kasama ang kanyang lumikha. Sa dulo ng Fisting Yahweh, nakatira sila sa penthouse ng HOTEL PORNIA. Panay lang naman rant ang mga video ni Likha, at kaunti lang ang nanonood nito dahil panay ang sigarilyo niya on screen.

**DJ Salingerman** Isang experimental artist. Ilang beses din siyang nakipag-collaborate kay **ISABELLA PATA**. Isang beses, may dalang isang kilong asin si Isabella at si DJ naman ay may dalang isang kilong bulak, nagkarera sila habang umuulan. Isa pang beses, nagkontest sila kung sino ang mas matagal na makakaupo sa dahon ng anahaw. Si DJ ang nanalo.

Interesado si DJ sa maraming bagay, lalo na sa arbitrariness ng wika. Halimbawa, DJ ang apelyido niya, at pag sina-cite ang kanyang mga libro sa mga sanggunian ng mga scholarly na artikulo, gusto niyang parang Tsino ang paggamit ng pangalan niya (i.e. una ang apelyido, walang kuwit). Makulit din siya at iniinsist na apelyido ang ipangtawag sa kanya kahit ng mga bagong kakilala.

Mahilig ding mag-speculate si DJ tungkol sa mga teoryang pampolitika, pati na rin sa ekonomiks at sikolohiya. Sa sanaysay niyang "Ano ba itong Bagay na Tinatawag Nating Moda ng Produksiyon?" ginalugad niya ang puwesto ng **BAYANG MALAYO** sa globalisasyon. Kongklusyon niyang dahil bahagi ng pandaigdigang kapitalistang sistema ang Bayang Malayo, ito ang kapitalista, o kundi man ay kapitalistik, na bansa. Ang mga estratehiyang ginagamit ng mga artistang nasa Bayang Malayo, kung gayon, ay dapat nakatugon sa pagkalugar nito sa kapitalismo. Isang kontra-Lenin si DJ, paborito niyang mga awtor sina Rosa Luxemburg at Aleksandr Solzhenitsyn. Catchphrase ni DJ ang "Sino sa tingin mo ang naglagay sa amin dito?" kahit wala namang nakakaintindi ng reference.

Mayroon ding mga mala-Buddhist na meditasyon si DJ. Sa "Lahat Tayo Haters," argumento niyang parehong kailangan ng mundo ang haters at kailangang mawala sa mundo ang haters. Kongklusyon ni DJ sa sanaysay: "Kung kailangan kong magkaroon ng haters para magkaroon ng fans, mas gugustuhin ko pang wag magkaroon ng fans." Dahil dito, dumami ang kanyang fans.

Nagturo rin ng isang semestre si DJ sa **TECHONOLOGICAL UNIVERSITY OF LOAOG**. Sinesante siya pagkatapos niyang makapatay ng estudyante. Nagkaroon ng social media outrage dahil hindi nakasuhan si DJ, pero mabilis naibsan ang pagka-upset ng mga mamamayan ng Bayang Malayo nang ipaliwanag niya sa isang open letter na nalathala sa mga national dailies ang tunay na nangyari. Nagpa-small group discussion kasi si DJ. Hinati niya sa limang grupo ang klase, bawat isa ay may randomly chosen na scribe. Isang lalaking semikalbo na napiling scribe ang nagsabing mas mainam na iba ang magsulat ng mapag-uusapan ng grupo dahil pangit ang kanyang sulat. Ito ang estudyanteng pinatay ni DJ. May ambiguity sa kung alin ang dahilan sa likod ng pagpatay ni DJ, kung ang pagiging semikalbo ba o ang pagiging kupal ng kanyang estudyante. Maraming fans ang may teorya na ang kanyang pagpatay sa kupal na estudyante ay likhang-sining, at may mga specialized blogs at forums na tungkol lang sa kanyang open letter ang pinag-uusapan.

Isang beses lang nakaengkuwentro ni DJ si Gabby, at nauwi ito sa sapakan. Nagpunta ang dalawa sa POOL at nagkataong iisa na lamang ang mesa para sa bilyaran sa games area. Nagpustahan na lang sila na kung sino ang mananalo sa isang laro ang makakapuwesto sa mesa buong araw. Habang tumitira si Gabby ay nagkuwento si DJ tungkol sa isa sa kanyang mga proyekto, isang frame novel na, tulad ng ginawa ng Diving Comedy para sa Italya, ay ii-incorporate lahat ng folk tales

ng Bayang Malayo sa naratibo. Nagtitisa si DJ nang hinampas siya ni Gabby ng stick sa likod, at paulit-ulit na tinawag na magnanakaw. Nauwi sa korte ang kanilang labanan, kung saan isang judge na walang interes sa panitikan ang nagdeklarang walang makakapagmay-ari sa folk tales dahil sa “folk nga ito mga putang ina ninyong dalawa.” Sa dulo ng Fisting Yahweh, nirerebyu pa rin ng Court of Appeals ang kaso.

**Do ng Pilandok** Ang espasyo sa pagitan ng **KANLURAN** at ng **ITAAS**.

**Doktora** Kasama ng **BATA**, isa sa mga bilanggo ng **VINLUAN** HIGH. Nang makawala siya, dahil sa pagiging arsonist ni Gabby, nadestiyero siya sa local branch ng **CAFE CHOG** sa **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**. Dito niya nakilala ang **HARI NG KAMAO**, na nagbalik sa kanya sa **ITAAS**. Hinihinalang napatay sa isang demolisyon sa **AGHAM ROAD.** May lihim daw na laboratoryo sa **RASEL**.

**Dor, Randy** Tubong **BRAZIL**. Kaibigan ni **BUNGISNGIS ROSTRO**, at kasama niyang nag-organisa ng protesta laban sa commerial logging ng **COMPANIA DE MERCADO** na nagdulot ng flash floods.

**Drone** Mga espesyal na sandatang terorista lang ang tinatablan.

**Duende, Alto** Miyembro ng **MANEKIN** na ginamit ni **GEMMA RED** para patayin si **BUNGISNGIS ROSTRO**. Ang tangi niyang minahal sa mundo ay isang bolang pamfutbol. Nang mabiktima ito ni Gemma Red, nagapi ng lungkot si Alto at nagpakamatay. Malayong kamag-anak ni **OKSHI DWENDE**.

**Dublin** Isang kosmopolitan na bayan, pugad ng mga siyentista, kasama na ang sikat na biologists na **MAGKAKAPATID NA TALYER**. Itinuturing na malayang espasyo ng iba’t ibang uri ng pilosopo at aktibista, madalas ditong magkaroon ng mga kumperensiya, halimbawa, ang mga anti-globalization movements, pati na rin ang mga proponent ng market socialism, automatism, at **PAG-IGPAW**. Pugad din ng mga serial killer, kadalasang kailangang pang mag-import ng mga detective para mahuli ang mga salarin.

**Dwende, Okshi** Isa sa mga gobernador ni Reyna **MIKA P. ROSTRO**. Sinubukang bilhin ang motorsiklo ni **HAPON KAWABATA**. Nagpakamatay dahil sa kasiningan ng pagtatanghal ng **KINETIC MOTION DANCERS**. Malayong kamag-anak ni **ALTO DUENDE**.

# E

**EDSA** Maliit na kalye sa gitna ng **BARANGAY ROXAS**. Dito natunghayan ni **APOY LAGABLAB** ang pagkawasak ng **CLARK**, inspirasyon para magsilbi siya kay **KRISTINA JAYA**. Nang itakwil ng huli ang kapangyarihan, ipinagpatuloy pa rin ni Apoy ang pagsilbi sa Iglesia ni **AMANDOTE**, at naging tagapagtanggol ng Kaayusan laban sa dominasyon ng **GULO**.

**El Dorado** Mitikal na bayan na gawa sa ginto.

**Eley** ayan ng mga higante.

**Elliptical Road** Kalsadang laging trapik, sa **QUEZON CITY**. Mali ang pagkakapangalan, dahil hindi naman elliptical ang hugis nito, kundi circular.

**Encarnacion, Blanca** Sumanib kay **LUCIEN ORO**. Ginahasa niya ang lalaki para magkaroon ng anak, na balak niyang gamitin para sa ritwal ng **DIARY**. Sa dulo ng Fisting Yahweh, kasama siya ni **MARKO, ANAK NG LOOB**, sa pamamahala sa Kastilyo.

**Encarnacion, Steve** Kanang kamay ng lider-sindikatong si **MARIO ORLANDO**. Laging kalmado kahit sa harap ng kamatayan. Pinatay ni Gabby. Walang nakakaalam sa tunay niyang identidad bilang **LAMANLUPA** kundi si **JULIA MADIOGA**, na kanyang kababata.

**Enchanted Country** Resort kung saan laging may konsiyerto, itinayo ito ng mga negosyante, inspirasyon ang ikapitong State of the Nation Address ni Gloria Macapagal-Arroyo.

**Engkanto Village** Isang cosmopolitan na bayan sa LUPAIN NG MGA LAMANLUPA. Dominanteng diskurso sa mga eskuwelahan dito ang feminismo at libertarianism. Dito nakilala ni **CLARO RECTO ESPEJO** sina **CARLA SOLOMON** at **DEGREE CALVIN**. Information hub din ito, at malaking pera ang kikitain sa Village ng isang lamanlupang may ibinebentang sikreto... kung hindi siya muna mapugutan ng ulo.

**Escalera, Ivan** Dean ng College of Humanities and Social Sciences ng Technological University of Laoag. Kilala sa paggamit ng papet pag nakikipag-usap sa mga subordinate at estudyante. Mistulang diktador, anak siya ng dating dean at nagpundar sa **TUOL**. Bagaman kapareho ng pangalan ng ama, hindi Jr. si Ivan at hindi Sr. ang kanyang tatay. Pinakamalaki niyang pagsisisi ang pagkabigong mapa-expel si **LIKHA DIVA**.

**Escolta** Sentro ng sining sa **BAYANG MALAYO**. Limpak ang mga artistang nagsimula sa mga lansangan nito bago sumikat.

**Escriba, Bonita Escrima** Manlalakbay ng panahon. Marami siyang naging persona, mula janitress sa **VINLUAN HIGH**, kabit ng ganito at ganyang politiko, hanggang sa isa sa iilang pacifist na heneral ng hukbo ng **CENSOR**. Huling persona niya si **WILLA CATHER BIKINI**.

**Escriba, Kali** Isang omnisexual, mahilig pasukin ni Kali ang mga muog ng kalaban bilang **TAGASIRA** o kalaguyo ng boss. Pansamantalang nahumaling sa husay sumayaw ni **ISABELLA PATA**.

Naging hilig din niya ang pagpunta sa Red Light District ng **GONOREYA** mula nang unang mapatalon sa kinabukasan. Dahil dito, nalaman niya ang relasyon ni **PAUL CAMUA** kay **JACQUELINE KAWABATA**, na pilit niyang inilihim sa dalawa, takot na magkaroon ng paradox dulot ng paglalakabay sa panahon. Pag nalilibugan, naduduwal at halos masuka si Kali, katangiang namana niya sa kanyang nanay na si **BONITA ESCRIMA ESCRIBA**. Mahilig sa prank at sorpresa si Kali, lalo na pag ginagawa sa kanya.

Bagaman hindi kasing prolific ni Gabby, mahusay ding manunulat si Kali. Ang kanyang magnum opus ay ang historical romance novel na Trak ni Hudas, tungkol sa isang walang pangalang babae at ang warlord na si **JAKER SIGHTED**.

Bumoto laban sa pagsali ni **SERGIO BUHO** bilang miyembro ng Katipunan dahil hindi niya alam kung ano ang pinagbobotohan. Nagulat na lang siya sa pagbukas ng mosyon ni Paul, at dahil nakita niyang "nay" ang boto ni Jacqueline ay bumoto rin siya ng "nay." Nainis siya sa sarili dahil gusto naman niyang maging miyembro ng Katipunan si Sergio, medyo stale na kasi dahil wala silang bagong nakakadebate, pero ayaw naman niyang baguhin ang nabigay na niyang boto at baka isipin ng iba na wishy-washy siya.

Mahilig magbasketbol para sa **BARANGAY PALIGSAHAN**, kasama ng bodyguard niyang si **KALASAG BAJU**. Madalas silang talo.

Siya ang nagdala kay **CLARO RECTO ESPETO** sa buktot pero epektibong horse breeder at siyentistang si **JOSE KABAYO**. May espesyal na relasyon si Kali sa **HOLY JESUS CEMETARY**, kung saan siya madalas maglaro magisa, at maaksidente. Siya ang torturer ng Katipunan.

Nakipag-threesome minsan kina **PAUL CAMUA** at **JULIA MADIOGA**. Hindi niya nagustuhan ang experience. Bagaman lampas isang libo na ang nakakatalik, hindi kailanman nagkaroon ng STI si Kali.

**Espejo, Claro Recto** Kaibigan ni Gabby at **HAPON KAWABATA**, sa una'y ayaw pumunta ni Claro sa **BAGUIO**. Napilitan din siya dahil gusto niyang iwasan si **BABARIL ALAK**, na dati'y sidekick ni Hapon pero inagaw ni Claro dahil sa vanity. Annoying pala ito.

Anak ng isang time traveler mula sa sosyalistang utopia, at isang tagakontemporaneong **BAYANG MALAYO**, pakiramdam ni Claro ay pinag-aagawan siya ng panahon. Bagaman hindi nakilala ni Claro ang kanyang nanay, nag-iwan ito sa kanya ng bahagi ng **APPENDIX**. Mula rito nadevelop ni Claro ang kanyang mga idea tungkol sa lakas-paggawa at **PAWIS**. Binata pa lamang ay sumali na siya sa **ANARKISTA KOLEKTIB**. Samantalang nakikipagsayawan at kung ano-anong prank ang inaatupag nina Gabby at Hapon, nagtrabaho bilang hardinero si Claro sa **CAMP JOHN THE BASSIST**, at magiging lider sana ng unyon kung hindi sinunog ni Gabby at **KANTA SUN** ang lugar. Bagaman walang paborito, paboritong estudyante ni **BERNABE BASTANTE** si Claro, at tinuruan pa ito tungkol sa **KIDLAT COBALT**.

Sa nobelang Sampung mga Daliri, nakilala ni Claro si **DANGAL PANADERO**, sa isang rally na pinoprotesta ang okupasyon ng **GAZA**. Magkasama nilang isinulat ang Laban sa Simbolismo, na tumutuligsa sa "kahulugan" sa panitikan. Gamit ang hiniram nilang **BUTAS NA MALAKI** ni **MARIO ORLANDO**, na tinulungan ni Dangal imbestigahan ang kamatayan ng isa sa kanyang mga alipores, ikinalat nina Claro ang kanilang manifesto sa **HAGDAN NG URI** at **RELASYON NG MGA KASARIAN**, at iba pang nightclub.

Sa nobelang Korporasyon, naging utusan si Claro ni **TESUS MUGTO**. Pumayag siya dahil nakukulangan siya sa kanyang karunungan tungkol sa agham, dahil sa mga panahong ito'y nahuhumaling siya sa paglikha ng siyentipikong pagpapaliwanag sa diyalektikal na materyalismo. Tinawanan lang siya ni **IGOR MUGTO**, kapareho niyang utusan. Sinabi nito sa kanya na "imahenaryo lamang ang relasyon ng kahit anong teorya sa makina ng kasaysayan." Nang minsang magbulakbol ang dalawa, nahuli sila ni Tesus at pinaglinis ng garahe,

dire-diretso mula hapon ng Biyernes hanggang madaling araw ng Lunes. Sinundan ito ng isang linggong prank war ng dalawa. Bagaman may rivalry, bestman si Claro sa kasal ni Igor.

Sa panahong ito pinaglaruan ni **JACQUELINE KAWABATA** at **GANDA** si Claro, nagpustahan ang dalawang babae sa kung sino ang unang makakatalik ni Claro. Si Ganda ang nanalo, tulad ng inaasahan. Si Ganda ang nagkumbinsi kay Claro na iwan na ang mapanganib na metapisika ng diyalektikal na materyalismo, na wala namang tekstuwal na ebidensiyang pinaniniwalaan ni Marx. Ang kailangan, ayon sa babae, ay "militanteng pilosopiya at pragmatistang praktika." Hinawaan ni Claro ng HPV si Ganda.

Sa Fisting Yahweh, ni-record ang paglalakbay ni Claro sa daigdig. Naging minero siya sa **CAGAYAN VALLEY**, at **TAGASIRA** sa **QUEZON CITY**. Nagbasa siya ng isang asul na **PAHINA** sa **TONMOR**, at sumali sa re-enactment ng pagsugod sa **BASTILLE**. Isang lolo sa **MY KHE**, na bata pa nang maganap ang masaker, ang nagturo sa kanya kung paano pumito.

Nagawa pa ngang maglakbay ni Claro sa **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**. Sa **ENGKANTO VILLAGE**, nakilala niya si **LOBO CALVIN** at **ANRIL SOLOMON**, na inakala niya'y mga seryosong miyembro ng **LIBERTARIAN PARTY OF QUEZON CITY**. Na-disappoint lang siya sa mga ito dahil walang ibang ginawa ang dalawang lalaki kundi pagtawanan ang mga sanaysay ni **CARLA SOLOMON** tungkol sa seksismo at patriyarka. Ang tangi lang matinong nakausap ni Claro sa Lupain ay si **DEGREE CALVIN**, na binalaan siya tungkol sa masamang balak ni **KRAMER KRAMER** na wasakin hindi lang ang sansinukob, pero lahat ng sansinukob. Agad na hinanap ni Claro si Kramer, na natagpuan niya sa **RASEL**. Natuklasan niyang bagaman balak ni Kramer na wasakin ang lahat ng sansinukob, wala naman itong kapangyarihan para maisagawa ang mga plano.

Nagkaroon ng kidney stones si Claro, at para mabayaran ang kanyang hospital bills ay sumulat siya ng serye ng travel essays, na pang-uusig din niya sa kawalan ng universal health care sa Bayang Malayo. Inimbestigahan niya ang mga inaabusong porter sa **PUERTA NG LISBON** at **PUERTA NG KATAYAN**, ang mga child laborer sa **LESBOS**, at ang mga kusinero sa **KATAYAN**. Meron siyang mga out of place na piyesa, tulad ng kanyang espekulatibong kasaysayan ng mga bampira sa **PALACIO DE MALACANANG**, na tinawag niyang genealogy.

Sa nobelang Ang Kaharian ng mga Engkanto, habang nasa **LISBON**, nagsaliksik tungkol sa pagpapakamatay ni **KULANG LAMANG**, tinamaan

ng **TAWAG** si Claro. Nadurog ang kanyang mga paa. Tinawagaan niya ang kanyang tatay, si **JORGE ESPEJO**, pero kamamatay lang pala nito sa home.

Nagpadala siya ng email kay Gabby, humihingi ng tulong. Pinadala ni Gabby si **KALI ESCRIBA**, na inakay si Claro papunta kay **JOSE KABAYO**. Ibinenta ni Claro ang copyright ng lahat ng kanyang naisulat hanggang sa sandaling iyon para sa isang eksperimental na **BIOROBOT**, ang tinaguriang si **KABAYONG KATULONG**, na kalahating katawan ng isang kabayo. Pagkatapos ng operasyon, naging mala-centaur si Claro. Patuloy pa rin siya sa pamimilosopo at pamamahayag, patuloy pa rin sa paglaban sa eksplotasyon. Kasama sina **TESUS MUGTO** at **ISABELLA PATA**, lumahok si Tesus sa collaboration-symposium sa Lisbon, pinamagatang “Ang Natatalo.”

**Espejo, Jorge** Tatay ni **CLARO RECTO ESPEJO**. Stooge ng pasistang gobyerno, marami siyang koneksiyon sa showbiz. Nabaliw siya nang mahigop ng pocket dimension sa POOL at makita niya ang lahat ng naghirap, naghihirap, at maghihirap na tao at lamanlupa mula simula hanggang katapusan ng sansinukob. Namatay sa isang home nang hindi man lang nabibisita ng kanyang anak.

**Estados Unidos** Promotor ng isolationism at neutrality. Ang siyang pinaka-environment friendly na bayan sa mundo.

# F

**Fashion Designer Police** Grupo ng mga nomadic na artista. Sila ang nagpapauso ng mga moda ng pananamit sa buong mundo. Slogan nila ang "gawin mong bago." Sa kanilang walang pakundangang paghahangad sa perpeksiyon ng anyo, kadalasang itinatakwil nila agad-agad ang mga nadidisenyo pagkatapos itong tanggapin ng mga pangkaraniwang tao.

**Finwet** Isa sa mga destiyero sa local branch ng **CAFE CHOG** sa **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**. Dating tinatawag ang sarili na "Hari," kaso naengkuwentro niya ang **HARI NG KAMAO**.

**Frankfurt** Ciudad sa Alemanya kung saan galing ang mga hotdog.

# G

**G. at Gng. Camua** Ang mga walang pangalang magulang ni **PAUL CAMUA**. Pinatay ng lider-sindikatong si **MARIO ORLANDO** pagkatapos gamitin para bitagin ang vigilanteng si **JOKER CAMUA**. Silang tatlo ngayon ay magkakasama na sa lava ng isang walang pangalang bulkan.

**Gamma Red** Isang adventurer. Kasama siya ni **PAUL CAMUA** na nagpahabol sa mga toro sa **PAMPLONA**. Niloko silang pareho ni **KALASAG BAJU** ng grupong **SCUM ARTISTES**. Gumanti si Gamma Red sa pamamagitan ng pagkain sa puso ng bawat miyembro ng Scum na kanyang natunton.

**Ganda** Isang siyentistang minamaliit dahil sa kanyang panlabas na anyo, nilikha ni **GANDA** ang **BIOROBOT** na si **MARIA CLARA DAMASO** habang tinotorture si **HIROSHIMA NAGASAKI**. Si Ganda rin ang may control sa app na si **SAMANTHA**, at sa sobrang pagkahumaling ng siyentista sa pagpapahusay ng programa, siya mismo'y naging app, isang humihinga at naglalakad na app. Kadalasan, hindi rin naman niya natutulungan ang mga humihingi ng saklolo sa kanya, bagkus ay mas lalo pang napapahamak ang mga ito. Isa si **ISABELLA PATA** sa mangilan-ngilang nagtagumpay, kahit papaano, dulot ng inspirational messages ni Ganda.

Ipinadala niya si Maria Clara Damaso sa **HARI NG KAMAO** bilang show of good faith, dahil gusto niya itong makaalyansa. May pag-aaring ginintuang **VIBRATOR**, na premyo mula sa friendly wager nila ni **JACQUELINE KAWABATA**. Kinumbinsi ni Ganda si **CLARO RECTO ESPEJO** na mapanganib na metapisika ang diyalektikal na materyalismo, at nakakasira lang sa hangarin nitong pagbabago sa lipunan. Si Ganda ang unang nakaperpekto ng life extension na hindi nagdudulot ng kabaliwan sa pasyente.

**Gaza** Tahanan ng mga Palestino at **ALIEN**. Teritoryong pinag-aagawan ng maraming makapangyarihan at mapangwasak na puwersa.

**Gemma Red** Miyembro ng **CENSOR**, bahagi ng paksiyon na nais itiwalag ang karahasan at maghanap ng solusyon sa kinakaharap na kabuktutan mula sa iba't ibang puwersa, tulad ng **COMPANIA DE MERCADO** at Kulto ng **GULO**, nang hindi nananakop ng mga bayan. Ang areas of expertise ni Gemma Red ay urban guerrilla warfare at steam technology. Inilarawan ni **BERRY MANANSALA** ang greatest hits sa buhay ni Gemma Red sa nobelang Palusot.

Lumaki si Gemma Red sa **CAGAYAN VALLEY**, at dalaga pa lamang ay naadik na sa karera ng kotse sa mga acid track. Nang matunugang magsasara ito, nilibot niya ang lupain ng mga tao para sa mas exciting na tracks, na natagpuan naman niya sa **VALHALLA**. Dito niya nakilala si **ETS JI BUENO**, na noo'y namumuhay bilang mekaniko. Maraming karerang sinalihan si Gemma Red na tanging ang mga modipikasyon lamang ni Ets Ji Bueno sa kanyang kotse ang nagligtas sa kanya mula sa tiyak na kamatayan. Nang isang beses na hindi si Ets Ji Bueno ang umasikaso sa kanyang sasakyan, naaksidente si Gemma Red. Bumangga ang kanyang kotse sa bleachers. Sa harap ng mga bangkay ng mga nabiktimang fans niya, isinumpa ni Gemma Red ang paggamit sa mga sasakyang tumatakbo sa gasolina, at sinimulan ang kanyang pananaliksik sa steam technology, bagay na hindi maintindihan ni Ets Ji Bueno. Bagaman nagkaroon ng panlalamig, sapat ang kanilang naging pinagsamahan at, nang maging miyembro si Gemma Red ng Censor, bagaman hindi niya makumbinsing sumali si Ets Ji Bueno ay napapayag pa rin niya itong maging berdugo. Si Gemma Red ang huling nakita ni Ets Ji Bueno bago siya tumalon sa tulay mulang **MION** tungong **THE CHOW**.

Sinubukang magsulat ni Gemma Red tungkol sa kanyang mga teorya ng urban guerrilla warfare, at pagkatapos ng matagal na pag-aalinlangan ay ipinadala ito sa **WE PRINT IT IN THE MORNING**, ang start up ni Gabby. Nabasa ni **JENNIFER LAMANG** ang manuskrito, pero tinanggihan ito dahil "wala man lang pamagat." Hindi naman talaga nakaranas ng urban guerrilla warfare nang first hand si Gemma Red, pero sa kanyang paglalakbay sa paghahanap ng bago at mas kapana-panabik na tracks, nakaengkuwentro siya ng **PAHINA NG AKLAT NG SANSINUKOB** na tungkol sa paksang ito. Hindi man lang niya binasa, nilipad lang ito sa mukha niya at nasalin na ang lahat ng karunungan, na para bang nakalahok siya sa iba't ibang engkuwentro, lalo na sa **DUBLIN** at **BRAZIL**.

Si **JUAN MAKINA** ang nag-recruit kay Gemma Red sa Censor. Nagkakilala sila sa **JOSE OKE'S VIDEOKE**, kung saan nagulat si Juan nang kantahin ni Gemma Red ang isang rebolusyonaryong awit mula sa Brazil. Sa simula

ay malapit ang dalawa sa isa't isa, lalo na sa kanilang pagkamuhi sa Compania de Mercado. Pero dahil artipisyal lang ang mga damdaming ito ni Gemma Red, galit lang siya sa malalaking kompanya dahil ito ang kalaban ng mga gerilya sa mga teoryang nasa utak niya, at ang gusto lang naman niya'y magkarera nang mapanganib sa kanya at ligtas sa mga manonood, napasali si Gemma Red sa paksiyon na gustong isuko ng Censor ang karahasan. Umabot ang kanilang mga debate sa puntong nakokompleto na nila ang argumento ng isa't isa sa pamamagitan ng flash cards. Sa huli, hindi na lang sila nag-usap. Kaya't samantalang si Juan ang naging pinuno ng mga puwersang sumakop sa **CLARK**, si Gemma Red naman ang ipinadala para pigilan ang **HARI NG KAMAO** sa pagnanakaw ng mga Pahina sa **ALEXANDRIA**.

Mabagal ang pagbabagong-puso ni Gemma Red. Sa simula ng kanyang pagiging miyembro ng Censor, para siyang miyembro ng **LA BAMBA** sa dami ng pinasabog. Inilarawan sa Ang Kaharian ng mga Engkanto kung paanong, sa **BAGUIO**, kasama si **RABBIT BARKO**, habang nagpapanggap na chef sa royal household, unti-unting pinakain ni Gemma Red, sa loob ng isang buwan, ang duchess na si **KUNEHO ROSTRO**, ng iba't ibang parte ng isang bomba, na pinasabog sa inagurasyon ng **BAGUIO DAM**. Bagaman hindi napatay ang reynang si **MIKA P. ROSTRO**, nagdulot ang pagbulwak ng tubig ng matinding pinsala sa mga komersiyal at residensiyal na area, at siyempre pumatay ng nakaparaming tao.

Sa mga sumunod na buwan ng buhay niya, kinailangang magtago ni Gemma Red dahil hinanting siya ni **BUNGISNGIS ROSTRO**, dating duke ng Baguio. Nasunog ng pagsabog ang mga labi at pisngi ni Bungisngis, kaya't nakilala ito ni Gemma Red dahil sa kakaibang paraan ng pagtawa, iyon bang dapat ay halakhak pero kinailangang pigilan dahil masakit. Naging pirma ito ni Bungisngis sa kanyang pagpatay sa mga kasama ni Gemma Red sa Censor. Pinatay din ni Bungisngis kahit ang mga inosenteng nakapaligid kay Gemma Red, halimbawa ang bellboy sa isang hotel, ang taxi driver na naghatid kay Gemma Red sa airport, at iba pa. Kinain nang buhay ni Bungisngis si Rabbit Barko. Nagpadala ang dating duke ng email kay Gemma Red, picture ng tinolang binti ni Rabbit, may caption na: "Lasang manok."

Para mahuli ang duke, nagpanggap si Gemma Red na miyembro ng **MANEKIN**, grupo ng mga taong nagmamahal sa iba't ibang bagay. Sa isang double date kasama ang gulong ng kanyang dating kotseng pangkarera at si **ALTO DUENDE** (kasama ang pinakamamahal nitong bolang pamfutbol), gumawa ng IED si Gemma Red mula sa iba't ibang kitchen products sa restaurant kung saan sila kumakain (muli siyang

nagpanggap na chef). Bagaman niligtas ni Gemma Red ang lahat ng tao sa resto, bukod siyempre kay Bungisngis, nagalit pa rin sa kanya si Alto, dahil nadamay sa pagsabog ang pinakamamahal nitong bolang pamfutbol. Nagpakamatay si Alto isang linggo pagkatapos. Ang pangyayaring ito ang nagkumbinsi kay Gemma Red na isuko ang karahasan. Marami na palang miyembro ng Censor ang ganito ang nasa isip. Naging mentor at pinakamatalik na kaibigan ni Gemma Red si **HES USA**. Si Hes ang nagpadala kay Gemma Red sa Alexandria.

**Gladiator** Mandirigmang nakikipagpatayan sa ibang mandirigma sa mga arena para ma-entertain ang masa. May iba't ibang costume ang mga Gladiator, at nakakatanggap ng mga sponsorship iyong pinakapopular sa mga manonood.

**Gonoreya** Muog ng lider-sindikatong si **MARIO ORLANDO**, matatagpuan ito sa puso ng **QUEZON CITY**. Sikat ito dahil sa Red Light District sa hilagang bahagi, na itinuturing na ligtas ng mga kostumer dahil mataas ang mga pader. Sikat din ito dahil sa **OSPITAL SIPILIS**, kung saan, kung mayaman ka, kahit anong sakit ay maaaring gamutin.

**Goryo** Dambuhalang unggoy na naninirahan sa **JUMBO 370** sa gitna ng **ILOG PASIG**. Ang tanging nakakaalam ng relasyon ng **ANGKAN NI KRISTO** at ni **PILANDOK**.

**Gubat ng mga Poste** Tambakan ng basura, dito rin madalas makakita ng mga **TAWAG**.

**Gulo** Prinsipyong sinasamba ng mga ahente nito. Naniniwala ang mga miyembro ng Kulto ng Gulo na ang sansinukob ay purong pagkakataon, at walang kalayaan ang lahat ng nilalang. Isa sa mga paboritong gawin ng mga miyembro ng Kulto ang pagpapalit ng mga sanggol sa kung saan-saang ospital.

Uso ang Gulo sa mga teenager, iyong mga pariwarang hindi alam kung may kahulugan ba ang mundo, at gusto lang maramdamang importante sila.

May Diyos ng Kaayusan, si **AMANDOTE**, na sinasabing tatalo sa Gulo, pero halos walang sumasamba sa kanya.

Noong 2030, idineklara ng Kulto bilang Santa ng Gulo ang musikerong si **HALAMAT MUSIKA**, pero tinanggihan niya ang parangal.

**Gunaw** Ang sinasabing tagumpay ng **GULO** at katapusan ng sansinukob. May miyembro ng Iglesia ni **AMANDOTE** at Kulto ng **GULO**, at maraming clone, ang naniniwala na ang pagbabasa ni Gabby sa **AKLAT NG SANSINUKOB** ang magiging sanhi ng Gunaw.

**Gurong Gumugulong** Kahit sinong naglalakbay sa kabuoan ng **BAYANG MALAYO** at nagtuturo ng pagbabasa sa mga bata ng iba't ibang lungsod. Prinsipyo nila ang **PAGBABASANG WALANG HANGGAN**.

# H

**Hagdan ng Uri** Isang nightclub na walang fire exit. Hindi ito bug kundi feature. "Dito sumasayaw ang mga matapang" ang catchprase ng establishment.

**Hagdang-Hagdang Palayan** Gym kung saan maaaring bumili ng mga ilegal na uri ng protein powder para mabilisang magpalaki ng glamour muscles.

**Hamburg** Bayan sa Alemanya kung saan naimbento ang hamburger.

**Hardin ng Rosas** Liblib na lugar sa **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**. Dito'y walang lihim na hindi nabubunyag, at kung saan isiniwalat ni **KALI ESCRIBA** ang relasyon ni **PAUL CAMUA** kay **JACQUELINE KAWABATA**.

**Hari ng Kamao** Sa nobelang Ang Kaharian ng mga Engkanto, inilarawan ang kabataan ng Hari, na hindi pa noon hari kundi batang nagngangalang Anne Francisco. Sa panahong iyon, may nagaganap na three-cornered fight sa pagitan ng mga puwersa ni **BEN ZAYB**, ng **CENSOR**, at ng Kulto ng **GULO**. Binura ng Hari ang pangalan ng kanyang tatay mula sa kasaysayan, ang tanging nalalaman tungkol dito'y espiya ito ng Censor, na may nakalap na impormasyon hinggil sa Compania. Dahil dito, kinailangang magtago ng lalaking wala nang pangalan at ng kanyang anak na si Anne sa isang basement sa isang maliit na bahay sa lungsod ng **THE CHOW**. Kung ano ang nangyari sa tatay ni Anne, wala nang nakakaalam. Pinaksa ni **BERRY MANANSALA** ang buhay at kamatayan nito sa kanyang fictional na biography na may pamagat na Talaarawan.

Wala na ring nakakaalam kung ano ang nangyari sa batang si Anne. Ang kanyang pagpasok sa kolehiyo bilang estudyante ng antropolohiya sa lokal na kolehiyo ang pinakalumang impormasyong nakalap tungkol sa kanya, bukod sa nabanggit sa itaas. Nakatala sa nobelang Melon Drama na naging guro ni Anne si **BLANCO**, na sa panahong ito'y pinag-aaralan ang relasyon nina **HAPON KAWABATA** at **PAUL CAMUA**. Ayon kay Blanco, ninakaw ni Anne ang isang **PAHINA** ng **AKLAT NG SANSINUKOB**,

at sa random na pagbabasa nito'y nakatawag ng isang hukbo ng **OSONG POLAR**. Itinuturing na tropical paradise ng military tourism complex, kakaunting residente ng The Chow ang nakakita na ng oso, at walang makaintindi sa mga osong polar. Sinakop ni Anne ang lungsod, na dineklara siyang Hari. Si Blanco ang nagmungkahi ng Kamao bilang coat of arms. Sa mga panahong ito tinangka ni Anne na kumuha ng schematics para sa **BIOROBOT** mula kay **UNCLE SAM**.

Nakita ni Blanco ang potensiyal ni Anne, at ipinabasa pa rito ang **APPENDIX**. Sa nobelang Korporasyon, inilarawan kung paanong ginamit ni Anne ang kanyang kakaibang paraan ng pagbabasa para tumawag ng kalasag laban sa mga puwersa ng Censor na sumugod sa The Chow para patayin siya. Nalagay ang buong lungsod sa isang time loop, na nagbigay ng panahon kay Anne at Blanco para magplano ng estratehiya para labanan ang Censor, na alam nilang noong nakaraang buwan lang ay sinakop ang **CLARK**.

Hindi na lang ang Censor ang tumuring kay Anne bilang kalaban, kundi pati ang **COMPANIA DE MERCADO**, at ang mga kalaban ng kanyang tatay, ang mga puwersa ni Ben Zayb at ang Kulto ng Gulo. Ginamit nila ang **MION**, sister city ng The Chow, para talunan ang time loop at magpadala ng kani-kanilang berdugo. Ilan sa mga nadespatsa ni Blanco para kay Anne ay sina **SOLO** at **ETS JI BUENO**. Ang biorobot na si **MARIA CLARA DAMASO** naman, alinsunod kay **GANDA**, ay nag-alok ng kanyang serbisyo kay Anne, bilang panimulang alok ni Ganda sa isang alyansa.

Sa nobelang Ang Bukas na Aklat, inilahad na hindi pala bayolohikal na anak ng kanyang tatay si Anne. Ipinagpalit pala sila ng isang di kilalang sanggol ng isang nurse sa ospital sa **GONOREYA**, na ginawa ito bilang miyembro ng Kulto ng Gulo. Imbes na magalit, ipinagdiwang ni Anne ang krimen na ito. Hindi raw niya maaabot ang kanyang posisyon kundi dahil sa nurse na iyon. Nakakakita rin siya ng relasyon sa pagitan ng kanyang random na pagbabasa ng mga Pahina at sa mga prinsipyo (o kontra-prinsipyo) ng Gulo. Bagaman natuklasan niyang anak siya ni **MARKO**, **ANAK NG LOOB**, ang huli at pinakamakapangyarihang miyembro ng angkan ng **ANAK NG LOOB**, idineklara niyang "Wala akong kailangang pamilya kundi ang aking mga tauhan." Dito na rin niya niyakap ang identidad ng **HARI NG KAMAO**. Kasama ang kanyang hukbo ng osong polar, si Blanco, at si Maria Clara Damaso, nagmartsa siya patungong **ALEXANDRIA**, kung saan napasakamay niya ang dose-dosenang Pahina ng Aklat. Puno ng kumpiyansa sa sarili, nagdala pa ang **HARI** ng sampung **TAGASIRA**. Pinagsaluhan nila ni Maria Clara Damaso ang mga kolboy. Dito unang gumamit ng **VIBRATOR** ang Hari.

Humabol ang Censor sa Alexandria, pinalibutan nito ng mga catapult na may mga batong may **ARGAN** ang dakilang silid-aklatan. Muli, gamit ang kanyang random na pagbabasa, tumawag ng puwersa ang Hari ng Kamao. Dumagdag sa kanyang hukbo ang mga **TIKBALANG** at **CENTAUR**. Ang pinakamahuhusay na sundalo'y naging bahagi ng elite squad na pinangalanan ng Hari na **HINETE**.

Bagaman malakas ang kanyang mga tauhan at halos lampasuhin nila ang kalaban, para bang tadhana ng Hari na matalo. Dumating ang iba pang mga naghahangad din sa Aklat para pansamantalang tulungan ang Censor. Kasama na rito ang **DINOSAUR CABAL**, ang mga batang adik sa rugby na siyang hukbo ng **COMPANIA DE FAGIN**, at mga **TRILBY** na hindi alam kung sino ang nagpadala. Sa pagkakataong ito'y hindi natulungan ng Hari ng kanyang random na pagbabasa. Si Blanco ang nagligtas sa dating estudyante. Gumamit siya ng pormal na pagbabasa para italon ang Hari sa tanging branch ng **CAFE CHOG**... sa **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**. Tanging isang Pahina ang naiwan sa Hari, ang unang Pahinang kanyang binasa, na ninakaw pa niya mula sa dating guro.

Matagal ang inilagi ng Hari sa Cafe Chog, kung saan niya naengkuwentro ang iba pang taga-**ITAAS** na nadestiyero din sa Lupain. Pinakaimportante sa mga ito'y ang **DOKTORA**, at si **FINWET**. Itong si Finwet ay tinatawag din ang sarili bilang Hari, at ang kanyang paboritong upuan sa Cafe ay tinatawag na **TRONO**. Sa isang laro ng tong its, natalo ng Hari si Finwet, na kinailangang isuko ang titulo ng hari, pati na rin ang Trono. Tanging ang tunay na Hari, ang Hari ng Kamao, na lamang ang maaaaring umupo rito. Sa tulong ng Doktora at ni Finwet, natuto ang Hari na magbasa nang pangkaraniwan. Dahil dito, nagawa niyang italon sila pabalik sa Itaas, sakto sa gitna ng isang demolisyon sa **AGHAM ROAD**. Nasaksihan ng Hari kung paanong hinataw ng batuta at binomba ng tubig mula sa fire trucks ang dalawa niyang kasama. Nabasa ang kanyang huling Pahina, mistulang putik ang **TINTA**, hindi na mabasa. Tumakas ang Hari mula sa riot police, at nagpalaboy-laboy. Hindi pala random ang kanyang paglalakbay. Natagpuan niya ang kanyang sarili, isang araw, sa Gonoreya, sa **OSPITAL SIPILIS**, kung saan siya ipinanganak at ipinagpalit.

Sa nobelang Fisting Yahweh, matutuklasan kung ano ang naging tadhana ng Hari ng Kamo. Sa Ospital Sipilis, nakilala niya ang putang si **ROBERTA JULIO**, na nabuntis ng isang mayamang rumenta sa kanya ng isang linggo. Ang mayamang ito'y si **ANRIL SOLOMON**, isang **PUTI**.

Dahil mahilig sa mga Tagasira, tinulungan ng Hari si Roberta. Hinawakan niya ang kamay nito habang nanganganak. Walang doktor

na tumutulong kay Roberta. Ang tanging nakatoka sa kanya ay isang nurse, si **NURSE ANAK**. Sa kabilang kuwarto, nanganganak naman ang salamangkerong si **BLANCA ENCARNACION**, nagpabuntis pala ito kay **LUCIEN ORO**. (Ito ay panggagahasa dahil wala sa sariling katauhan si Lucien sa mga panahong ito.) Nakita ng Hari kung paanong ipinagpalit ni Nurse Anak ang sanggol ni Roberta sa sanggol ni Blanca. Sa una'y pipigilan sana niya ito, pero natanto niyang ito rin ang nangyari sa kanya noon. Baka nga ito ang maging dahilan para magkaroon ng adventure sa buhay ng anak ni Roberta, na kung hindi matutuloy ang pagpapalit ay mabubuhay sa kahirapan. Gayundin, ito lang ang pag-asa ng anak ni Blanca na magkaroon ng nanay na tunay ang pagmamahal. Alam ng Hari na papalakihin ng salamangkero ang anak nang puros mahika lang ang inaatupag. Pagkatapos ng switch, ang Hari pa ang naghatid pauwi kay Roberta kasama ang sanggol ni Blanca. Lumipas ang isang linggo at bumalik siya sa Ospital Sipilis. Hinarang niya sa fire exit si Nurse Anak. Hindi pala ito miyembro ng Kulto ng Gulo, kundi sumasamba sa diyos na si **PAG-IBIG**, isa sa mga **OPISYAL NA DIYOS NG BAYANG MALAYO**. Ito rin pala ang tunay na nanay ng Hari. Inabot nito ang sariling **DIARY** sa Hari, saka bumalik sa shift. Humahagulgol, sinimulang basahin ng Hari ang Diary sa fire exit. Hindi na alam kung ano pa ang nangyari sa kanya.

**Hari ng mga Lamanlupa** Uugod-ugod na at hindi na mapatupad ang kanyang mga marahas na batas, umaasa siya sa anak na **PRINSIPE NG MGA LAMANLUPA** na ipagpatuloy ang kanyang pagiging estrikto. Takot ang Hari na pag lumuwag ang pagpapatupad sa batas, muling tatangkain ng mga Lamanlupa ang pagsakop sa daigdig ng tao, lalo na sa **BAYANG MALAYO**.

**Hayop, Sharon** Patron ng mga hayop na, sa iba't ibang dahilan, ay napadpad sa **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**. Kadalasan, humahanap si Sharon ng aksidenteng **BUTAS** papuntang daigdig ng mga tao para makabalik iyong mga hayop na gustong bumalik. Bawal magbukas ng butas na hindi pinapahintulutan ng **HARI NG MGA LAMANLUPA**, kaya't malaking panganib ang aktibidad na ito para kay Sharon, kahit na hindi naman siya ang direktang lumikha ng butas na kanyang ginagamit, maaari pa rin siyang hulihin ng mga kawal ng Hari. Para naman sa mga nagsasabi sa kanyang inaabuso sila, o balak kainin ng mga tao, nagtayo si Sharon ng **BAHAY AMPUNAN**, pero kadalasan wala siya rito, dahil ayaw niyang maging diyos sa kanyang mga inililigtas. Paminsan-minsan, nakakaengkuwentro si Sharon ng hayop na magmamakaawa sa kanya, at nais nang mamatay, dahil sa masamang alaala at trauma o chronic na sakit. Masama man sa kanyang loob, pinagbibigyan ni Sharon ang mga hayop na ito.

Sa nobelang Fisting Yahweh, magkakasama sina Gabby, **PAUL CAMUA**, **JACQUELINE KAWABATA**, **KALI ESCRIBA**, at **LESLIE**, mali pa rin ang pagkakaintindi sa kalikasan ng **TINTA NG PAHINA**, tumatakas mula sa isa na namang demolition sa **AGHAM ROAD**, nang higupin sila papunta sa **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA** na ginagamit naman ni Sharon para magbalik ng nawawalang aso sa daigdig ng mga tao. Sa pagbubukas ng butas na ito, tatlong bagay ang naganap: napatay ang **PRINSIPE NG MGA LAMANLUPA**, ang heir apparent ng Hari, napatay ang asong inililigtas sana ni Sharon, at nagkaroon ng gerang sibil sa pagitan ng mga **PANGINOONG LAMANLUPA** na tapat sa matanda nang hari at sa mga nais bitak-bitakin ang Lupain. Pagkatapos ng isang mexican stand-off sa pagitan nina Sharon, Gabby, at Paul, na burat na burat kay Gabby dahil itinuturing siyang "pamalit lamang" kay **HAPON KAWABATA**. Tinapos ni Jacqueline ang away sa pamamagitan ng isang awit ng dalamhati, at bilang bayad-danyos, inilibing nila ang bangkay ng aso. Nakita ang kanilang pagsisisi, inalok sila ni Sharon na magtsaa.

Habang umiinom, nasagap ng app sa cellphone ni Gabby ang isang distress signal mula sa **JUMBO 370**, eroplanong pag-aari ng **ANARKISTA KOLEKTIB** na minsan nang piniloto ni Leslie. Ilang taon na rin itong nawawala, pinaghihinalaang pinabagsak ng missile ng mga taga-**MUNTING RUSYA**. Ayon sa distress signal, nakaangkla ito sa kalagitnaan ng **ILOG PASIG**. Mungkahi ni Paul na imbestigahan ito, pakana niya para makita siya ni Jacqueline bilang adventurous na tao. Nang malaman ni Sharon na posibleng may mga hayop sa Jumbo, sumama siya sa Katipunan sa kanilang misyon.

Pagkasakay sa eroplano, mabilis nilang natuklasan na hindi pala ito ang Jumbo 370 ng Kolektib, kundi ng kompanyang **CABAL MO**. Matapos iligtas ni Jacqueline mula sa isang booby trap (pintong lumilikha ng Butas), inaya ni Paul ang babae sa **PAG-IBIG PARK**. Tumanggi si Jacqueline dahil kaibigan lang ang tingin niya kay Paul. Inirespeto naman ni Paul ang desisyong ito. Hindi pa nila alam ang kanilang kinabukasan bilang mag-asawang magkadugo.

Sa bridge ng eroplano, natagpuan nila ang black box, at dito'y natuklasan ang tunay na nangyari sa **ANGKAN NI KRISTO**. Pinatay pala ang buong lahi na ito ng mga diyos at diyosa ng isang pinangalanan lamang bilang **PILANDOK**, na di-umano'y nakatira na ngayon sa **KANLURAN**. Nang itanong ni Paul kung dapat ba nilang imbestigahan ang Pilandok na ito, hindi man lang siya pinansin ng kanyang mga kasama.

Palabas na sila ng eroplano nang atakihin sila ng isang dambuhalang unggoy, na nagpakilalang **GORYO** bago hambalusin si Paul ng sa

una'y inakala niyang dos por dos. Habang inaatake ni Goryo ang iba, natuklasan ni Paul na kapiraso ng poste pala ang sandata ng unggoy. Gamit ang cellphone ni Gabby, humigop siya ng **TAWAG**. Patay sa kidlat ang kawawang si Goryo, na natuklasan nilang matagal nang naninirahan sa eroplano, at kaya sila inatake'y dahil pakiramdam nito'y nang-aagaw sila ng teritoryo.

Sa muling pagpatay ng Katipunan sa isa na namang hayop, hinusgahan sila ni Sharon bilang panganib sa mga nilalang sa Lupain ng Lamanlupa. Inisip niya kung isusumbong niya ang lima sa **DINOSAUR CABAL** bilang mga ahente ng Kulto ng **GULO**, pero dahil dating aso si Leslie, imbes dinala niya na lang sila sa **HARDIN NG ROSAS** at doo'y nagbukas ng Butas para ibalik ang lima sa daigdig ng mga tao. Ang paglabag ni Sharon na ito sa batas ng pinagduduhan na nga ang lakas na Hari'y ang tunay na dahilan ng **GERANG SIBIL** ng mga Panginoong Lamanlupa.

**Heret, Daga** Na-uplift na daga. Isang astrophysicist at antropolohista, maglalabas na sana siya ng papel na definite statement tungkol sa Fermi Paradox nang magpakita ang mga **ALIEN** sa kalangitan. Kinain ng isang pusa, kasama ang anak.

**Hermita** Bawal ditong gamitin ang terminong "tagasira." "Mga puta tayo, wala tayong sinisira," proklamasyon ng alkalde.

**Hinete** Elite squad ng mga **TIKBALANG** at **CENTAUR**, nagsisilbi sa **HARI NG KAMAO**. Ilan sa kanila ang nabaliw nang maglaho ang kanilang lider. Pag naging hinete ang isang tikbalang o centaur, may pagbabagong physiological sa kanya kaya siya nagiging mas malakas at mas mabilis tumakbo.

**Hitler, Adolf** Tsanselor ng Alemanya, ka-love team ni **ISABELLA PATA** sa Ang Asong Nakakaalam (sila ang tambalang Elaine at Errold Savvet), dahil sa kanyang mga kontribusyon sa inhenyeriya, ipinangalan sa kanya ang isang **INTERNATIONAL SPACE STATION**. Mapamahiing tao, hinintay pa niyang mag-alas otso bago tumapak sa **OPEN CITY - LONDON** dahil saktong alos otso raw binuksan ng mga Pranses ang **BASTILLE**.

Si Adolf ang pumatay sa higanteng si **ODON**. Binubuo ng limang miyembro ang task force na kanyang itinatag para magawa ang assasination: isang lamok, isang langgam, isang alimango, isang igat, at siyempre si Adolf mismo. Kilala bilang "Gabi ng Mahahabang Kutsilyo" ang panahon kung kailan nila ginawa ang pagpaslang. Umuwi ng alas-otso si Odon. Pagod mula sa trabaho, umupo ito sa rocking chair pero hindi makapagpahinga dahil sa pangungulit ng lamok. Nagpasyang humiga ang higante, pero pinagkakagat ito ng langgam. Pumunta ito sa kusina para kunin ang

spray, pero sinabuyan ito ng abo ni Adolf sa mga mata. Pumunta ito sa lababo para maghugas ng mga mata, pero pagkabukas pa lang ng gripo ay sinipit na ito ng alimango. Tumakbo palabas ng bahay si Odon, kung saan naghihintay ang igat. Nadulas ang higante at bumagok ang ulo. Patay ito. Patay din ang igat, na hindi kinaya ang bigat. "Gabi ng Mahahabang Kutsilyo" ang tawag sa gabing ito dahil, bilang back up plan, nagdala ng maraming mahabang kutsilyo si Adolf para patayin ang higante.

Sakitin si Adolf, may pagka-hypochondriac pa nga. Magka-sore eyes lang, pakiramdam niya may katarata na siya. Ang heart burn nagiging heart disease na agad. Dahil dito, nararanasan niya rin ang mga emosyonal na tama ng isang chronic pain sufferer. Pagkakain niya at hindi siya natunawan, pakiramdam niya nasusuka na siya, hindi lang sa laman ng tiyan kundi sa mundo. Gayundin, dahil laging nahihilo, pakiramdam niya meron siyang vertigo sa realidad. Bilang reaksiyon sa kanyang sitwasyon, mas lalo pang sinusubukan ni Adolf na makipagkapwa-tao. Madalas siya ang nag-oorganisa ng Friday night labas sa opisina. Taon-taon siyang nag-iimbita ng mga kaibigan sa kanyang Halloween party. Aktibo rin siya sa animal welfare advocacy, bagaman wala siyang organisasyong opisyal na kinabibilangan.

Mula nang magkuwarenta'y madalas nang nag-iisip si Adolf tungkol sa pamilya. Noong umaarte sila ni Isabella sa Ang Asong Nakakaalam, na-link sila at nabinyagang "Do-Bel." Siyempre, para lang ito sa promosyon ng kanilang pelikula. Ilang beses na ring naretohan si Adolf ng mga kaibigan, pero lagi siyang umaatras at the last minute. Ayon sa kanya, nakalimutan na niya kung paano makipagrelasyon. Halos isang dekada na rin mula nang makipag-break siya sa huli niyang naging kasintahan. Ang siste pa, hindi naman ito ang kanyang "love of my life." Hindi niya ever naging karelasyon ang taong kanyang pinakamamahal. Ang sitwasyon kasi, bagaman inirerespeto ng babae si Adolf, may pagkamuhi ito sa mga Aleman. Kaya laging sinasabi ni Adolf na "tagapamatay ng pag-ibig ang racismo."

Meron ding madilim na parte ang puso ni Adolf. Meron siyang alternate Facebook account kung saan tino-troll niya ang mga Facebook friends niya na kinaiinisan niya ang mga post. Ang mga pinakayaw niyang status ay ang sumusunod: mga pumupuri kay Hilary Clinton kahit hindi naman Amerikano, mga galit na galit sa gobyerno kahit napakareaksiyonaryo naman sa personal, mga #blessed, mga nagdadasal via meme, at mga paawa post.

**Hlidskalf** Alaga ni **CARLA SOLOMON**. Kinain ni **CHARLIE IBA**.

**Holy Jesus Cemetary** Pinag-aagawang lote ng mga naghahanap sa **AKLAT NG SANSINUKOB**. Nasa intersection ng **CUBA** at **ABU ROAD**, halos imposibleng makaalis dito. May mga deboto ng **ANGKAN NI HESUS** na nagpapanatang mag-alay ng kanin sa **PUNTOD** sa Cemetary. Kadalasang hiling ng matatanda na isaboy ang kanilang abo rito. May espesyal na relasyon si **KALI ESKRIBA** sa Cemetary.

**Hotel Pornia** Swak sa gitna ng **QUEZON CITY**, nagtatanghal dito ng ballet. Sa dulo ng Fisting Yahweh, inookupahan ni **LIKHA DIVA** ang penthouse suite nito.

**Hujo, Bruce** Si Bruce ay pating mula sa sosyalistang utopia dalawang libong taon sa hinaharap, na pumunta sa kasalukuyan para balaan ang mga tao tungkol sa panganib ng climate change. Dahil pating na nagsasalita at nag-iisip, maraming nag-akalang isa siyang **UPLIFT**. Kilala ang mga katulad ni Bruce bilang **PAKIALAMERO**, i.e. mga mamamayan mula sa utopia na nais baguhin ang nakaraan para kailanma'y di magkaroon ng utopia. Sa kanyang unang talon, sa **HOLY JESUS CEMETARY** lumagapak si Bruce. Muntik nang matrap si Bruce sa sementeryong ito, na nasa intersection ng dalawang kalyeng animo'y mobius strip, ang **CUBA** at **ABU ROAD**.

Random lang na naligtas si Bruce dahil hinigop siya palabas ng Holy Jesus Cemetary ng piratang bersiyon ng **AKLAT NG SANSINUKOB**, na likha ni **TESUS MUGTO**, kasama ang kasambahay niyang si **ALLAN KAHOY**, na nagsasaliksik tungkol sa kalikasan ng mga kaluluwa.

Wala halos gustong makinig sa mga sermon ni Bruce tungkol sa natutunaw na ice caps at dependence sa langis. Buti na lang at naging kaibigan niya si **KITSCH SASTRE**. Marami din silang pinagsamahan. Naglalaro sila sa liga para sa **BARANGAY PALIGSAHAN**. Madalas nababaon ang team nila sa score, pero lagi silang bumabawi pag fourth quarter na. Isang beses nakalaro nila si **KALI ESCRIBA** at ang bodyguard nitong si **KALASAG BAJU**, na iyon pala'y ninuno ni Bruce (mother's side). Team **BARANGAY ROXAS** sila Kali, at lagi silang talo.

Nasa **CLARK** si Bruce nang bagsakan ito ng bomba mula sa langit ni **KRISTINA JAYA**. Iniligtas siya ni **LESLIE**, na hindi nakapunta sa party ni Kali sa **KASTILYO** dahil ini-infiltrate niya ang **CENSOR** sa mga panahong ito. Akala rin ni Leslie, kapwa-uplift niya si Bruce. Ang hindi niya alam, nasa Clark noon si Bruce para sumali sa Censor, sa paniniwalang ang nananalong mga hukbo nito ang pinakamalaki niyang pag-asa na makapag-impose ng mga repormang pro-ecology.

Si Leslie din ang nagpakilala kay Bruce kay **JACQUELINE KAWABATA**, na nakilala niya bilang huling Supremo ng Katipunan, at kanyang ninuno (second mother's side). Nang mabanggit ni Bruce ang ilang detalye kay Jacqueline tungkol sa pagiging tagakinabukasan, sinubukang siyang isakay nang huli sa **MOTORSIKLO NI HUDAS**, para protektahan sa karahasan ng kasalukuyan. "Bakit mo kailangang iligtas ang mundong ito mula sa climate change kung nakatira ka na nga sa sosyalistang utopia?" tanong ni Jacqueline. Nagtalo sila nang mahaba ni Bruce, pero dahil hindi mapaandar ni Jacqueline ang motorsiklo, nauwi rin ito sa wala.

Dahil sa kanyang kabiguang mapaalam sa madla ang kanyang mga mensahe, nawala na lang ng loob si Bruce. Nagsimula siyang magtrabaho sa **HOTEL PORNIA**, pero hindi niya matiis ang walang habas na paghabol ng mga may-ari sa tubo. Nauwi siya bilang janitor sa **RESTAURANT COOPERATIVE**, kung saan niya pinakanaaalala ang prinsipyo ng pakikipagkapwa mula sa kanyang panahon. Namatay si Bruce sa isang demolisyon sa **AGHAM ROAD**.

# I

**Iba, Charlie** Isang lamanlupang **PULA** na naging kaibigan ni **KRAMER KRAMER**. Si **ANRIL SOLOMON** ang nagpakilala sa kanila sa isang bar. Naging pansamantalang presidente ng **LIBERTARIAN PARTY OF QUEZON CITY**. Kinain niya ang **HLIDSKALF** ni **CARLA SOLOMON**.

Nagpa-sex reassignment surgery noong siya'y mag-debut, si Chalie ay matangkad, matangos ang ilong, maputla, at dilaw ang buhok. Malabo ang kanyang mga mata pero hindi siya nagsusuot ng salamin o contact lenses.

Nang magsimulang magbinata si Charlie, nagkaroon siya ng kapangyarihang mag-anyong lobo. Ginamit niya ang kakayahang ito para hulihin ang pumatay sa uugod-ugod nang lamanlupa at sa manugang nitong may tagabulag, sa isang bahagi ng **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA** na laging umuulan.

Sa Fisting Yahweh, napadpad si Charlie sa **CAGAYAN VALLEY** sa kanyang paghahanap ng barkong tumatakbo sa lupa, na di-umano'y gawa sa **PAWIS**. Imbes, ang natagpuan niya'y mga wasak na bahay, kalbong kagubatan, tuyong ilog, at rumaragasang sunog. Sa gitna ng bangungot na ito, meron pa ring mga tao at lamanlupa na nagagawang mabuhay, at hindi lang mabuhay. Marami pa rin silang fiesta na iba-iba ang ritwal. Pumusta nang hindi alam kung ano ang kabayaran, napasok si Charlie sa isang timpalak: karera ng kotse sa acid track.

Habang tumatambay sa talyer para mag-abot ng anik-anik sa mga mekanikong tumutulong sa kanyang magkaroon ng ligtas na kotse, nakasinghot ng turpentine si Charlie at nakita ang iba't ibang buhay na maaaring maging buhay niya. Ayon sa isang matandang bungal, ibig sabihin nito'y nabasa niya ang mga bawal na **PAHINA** sa **AKLAT NG SANSINUKOB**. Isa sa mga pinakamatingkad na vision ni Charlie ay hindi tungkol sa ibang bersiyon niya, kundi tungkol sa isang manunulat na paikot-ikot sa **BAYANG MALAYO**, naghahanap ng perpektong kuwentong ayon dito'y "magbibigay kahulugan sa kanyang buhay." Sa loob ng vision, binasa ni Charlie ang isa sa mga screenplay ni Gabby, at hindi siya nagalingan dito.

Gamit muli ang kanyang kapangyarihang mag-anyong lobo, natuklasan ni Charlie na pakana lang ng isang **PUTI** ang mga karera para panatilihing wasak ang Cagayan Valley. Sa tulong ulit ng mga mekaniko, nagpakabit si Charlie ng bakal na kamay para sakalin ang puting kaaway, na nagpapanggap bilang kareristang laging talo, pero kataka-takang laging nakakatakas sa acid track, sa sampung taong pagsali nito sa paligsahan. Pagkatapos matalo ang puti at tumulong patayin ang mga ilog ng apoy, nagkaroon ulit ng vision si Charlie, pero hindi na ng kanyang iba't ibang bersiyon, kundi ng kanyang kinabukasan. Magiging batugan daw siya, malaki ang tiyan at laging nakahiga lang sa sofa. Pinatawag siya ng puti, na nangakong kung papalayain ito ni Charlie mula sa pagkakabilanggo, ay ilalantad ang lihim sa pagbabago ng kinabukasan. Tumanggi si Charlie, at tinunaw ng puti ang mga rehas ng kulungan nito. Nagpakilala ito bilang Anril Solomon, at sinabi kay Charlie na kailangan niyang magpunta sa **IMPIYERNO**. Saka ito lumipad palayo. Sinubukang humabol ni Charlie, pero natuklasan niyang dahil sa kanyang mga kamay na bakal, nawalan na siya ng kakayahang mag-anyong lobo.

**IED** Improvised Explosive Device.

**Ilog Laoag** Ang kone-konektadong tubig portion ng moat system ng mga gusaling hugis kastilyo sa **TECHNOLOGICAL UNIVERSITY OF LAOAG**.

**Ilog Pasig** Malaking ilog sa gitna ng **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**.

**Ilog Raver** Ilog na kailangang daanan tungo sa **PAMANA CANAL**. Isa sa mga alternatibong ruta papuntang **ALEXANDRIA**.

**Ilog Rusya** Isang artipisyal na body of water. Nilikha para tawirin ng Love's Lovers Boat, na nag-aalok ng romantic dinners sa mga magkapareha.

**Impyerno** Islang bahagi ng **BAYANG MALAYO** pero sinasabing teritoryo rin ng tatlo pang ibang bayan.

**Inaanak** Kung mayroon mang tunay na pangalan ang taong kilala lamang bilang Inaanak, walang nakakaalam nito. Siya ang go-to assassin ng **COMPANIA DE MERCADO**, at ang tanging taong tumatawag kay Ninang Donya na "Ninang" imbes na "Donya" (hence, ang kanyang moniker).

Hindi lamang sa **BAYANG MALAYO** nagpadanak ng dugo ang Inaanak. Wanted din siya sa **INDIA**, **DUBLIN**, at **ROMA**. Sa huli ay nadakip siya ng mga pulis, pero para makaiwas sa kaso ng murder ay tumakbo siya bilang congressman para magkaroon ng immunity. Nang matalo sa eleksiyon, tumakbo siya pupuntang **DIJON**. Naging sikat siyang lecturer

doon tungkol sa halaga ng metapisika para sa mapagpalayang politika. Advocate ang Inaanak sa pagbabalik sa pre-modern na konsepto ng katotohanan, pati na rin ng kabutihan at kagandahan.

Ang Inaanak din ang dahilan ng pag-collapse ng sosyal na demokrasya sa Dijon. Nagdeklara ang Hari ng Dijon na "ang bente porsiyento ng nililikhang yaman ng lipunan ay mapupunta sa mga aso" (aso ang tawag sa mayayaman sa Dijon), "at ang walumpung porsiyento naman ay mapupunta sa mga pusa" (pusa ang tawag sa mahihirap sa Dijon). Binayaran ang Inaanak ng mga aso para kainin ang konstitusyon kung saan nakasulat ang proklamasyong ito. Kinain niya ang gitnang bahagi, kaya ang naiwan na lang ay ang deklarasyong "ang bente porsiyento ng nililikhang yaman ng lipunan ay mapupunta sa mga aso at ang walumpung porsiyento" (dinugtungan pa niya ito ng tandang pandamdam). Nang magreklamo ang mga pusa na pinagsasamantalahan sila ng mga aso, kinonsulta ng Hari ang konstitusyon at ang nabasa lang ay ang bersiyong binago ng Inaanak. Bago pa man makapag-utos ang Hari na ibalik ang dating wording ng kanyang utos, pinagsasaksak siya ng mga ahente ng mga aso. Kilala ang pangyayaring ito bilang "Gabi ng mga Berdugo."

Bumalik ang Inaanak sa Bayang Malayo at madalas makitang nagbabasa ng Dialectic of Enlightenment sa **POOL**. Muli siyang nagbalik sa pananambang nang matuklasan ni **DEGREE CALVIN** ang plano ni Ninang Donya na itayo ang Baguio Dam II. Dahil ibang assassin ang nirenta ni Ninang Donya, sloppy ang pagkakagawa at natunugan ni **CARLA SOLOMON** na mayroong foul play na naganap nang matagpuang pugot ang ulo ng kanyang kapartido. Malayo-layo sina Carla at **BANYAGA TANGERINE** sa katotohanan nang patayin ng Inaanak ang una sa pamamagitan ng **KIDLAT SZILARD**.

Nahuli sa wakas ang Inaanak nang magtulong-tulong si Banyaga, **JACQUELINE KAWABATA**, at **KALI ESCRIBA** para mabitag siya sa **MRT - ORTIGAS STATION**. Dito siya tinorture hanggang mapatay ni Kali.

Sa totoo ay kaya namang manlaban ng Inaanak at kung hindi man magapi ay magagawa dapat niyang matakasan sina Jacqueline at Kali. Duduraan na niya dapat ng asido si Kali nang magsimula itong mang-torture, kaso nakita ng Inaanak na nasuka si Banyaga sa ginagawa ng mga kasama nito. Napagtanto niya na katulad lang din ng kanyang mga kaaway, nakagawa at gumagawa siya ng mga karumal-dumal na krimen na, mayroon mang kapatawaran, at hindi pa rin magiging katanggap-tanggap para sa mga ordinaryong disenteng tao. At bagaman siya ay madunong at makapangyarihang tao, may superiority

pa rin ang Banyaga dahil wala sa loob nitong manakit ng kapwa. Nag-meditate ang Inaanak habang pinapahirapan ni Kali. Inimajin niya ang kanyang buhay at ang mga sangang-daang nakaharap niya sa loob ng lampas limang dekada. Sa kanyang utak ay nagawa niyang mabuhay nang isa pang beses, hindi siya naging mamamatay-tao kundi naging simpleng clerk. Nagkaroon siya ng asawa at mga anak. Namatay ang kanyang bunso sa isang gang war, at isinumpa niya ang mga patay na diyos dahil hindi nagbigay ng proteksiyon ang mga ito. Inilibing niya ang kanyang anak at nagpatuloy silang mabuhay ng kanyang pamilya, kahit na masakit, kahit na may butas sa kanilang mga puso. Sa kanyang imahinasyon ay umabot ng walong dekada ang Inaanak. Nakita niya sa kanyang isip ang kanyang burol, ang kanyang mga apo. Saktong ibinaba ang kanyang kabaong sa lupa sa pagpugot ni Kali ng kanyang ulo sa tunay na mundo.

**Index** Naaakses na bahagi ng **PAHINA NG SANSINUKOB**. Maaari itong galugarin gamit ang sopistikadong virtual reality technology.

**India** Isang cosmopolitan na bansa, halatang-halata rito ang agwat ng mayayaman at mahihirap. Sa slums ng India natagpuan ni **BUNGISNGIS ROSTRO** ang **PAHINA** ng **AKLAT NG SANSINUKOB** na naglalarawan ng kanyang kamatayan sa kamay ni **GEMMA RED**. Kahit na alam ang kanyang tadhana, itinuloy pa rin ni Bungisngis ang pagtatangkang maghiganti.

Isa sa mga bansa sa daigdig na may direktang ugnayan sa **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**. Maaaring lumabas ang mga Lamanlupa mula kanilang Lupain papuntang India, pero hindi sila maaaring magbalik mula rito. Imbes, kailangan nilang humanap ng BUTAS, o di kaya'y tumungo sa **DIJON**.

**International Space Station - Desnay** Space station na binubuo halos ng dikit-dikit na bar. Legal dito ang droga, at dahil nga nasa kalawakan, isa sa mga tagline nito para sa turista'y "Abutin ang langit--lampas sa kalangitan!" Madalas tambayan ng mga kolboy at boytoy, at isa sa mga pinakapaboritong lugar ni **PAUL CAMUA**.

Nang ihiwalay ni **KRISTINA JAYA** ang **ALEXANDRIA** mula sa daigdig, inakala ng mga lasenggo at durugista ng **DESNAY** na dumating na sa wakas ang **GUNAW**.

**International Space Station - Hitler** Lugar kung saan legal ang magbenta ng weapons of mass destruction. Dito bumibili ng bersiyon ng Agent Orange ang mga clone sa kanilang pagtatangkang tanggalin ang mga masamang elemento sa **CHARLIE**.

**Ipis** Mga insektong kadalasa'y pinaglalaruan sa mga lungsod ng daigdig ng tao. Kinokolekta sila at pinipinturahan.

**Isagani** Isang binatilyong marami sanang gustong gawin sa buhay. Nagkaroon siya ng anak noong labinlimang taong gulang pa lamang. Habang nangangarap siyang gumawa ng mga video sa YouTube tulad ng "Comment Reconstruction," kinakailangan niyang maghanap ng pambili ng gatas at diaper. **DALAG** ang pangalan ng kanyang anak, at ang nanay naman nito ay si **BOLASI**. Sabay ang kasal nina Isagani at Bolasi sa binyag ni Dalag.

Kahit papaano ay naitawid ng dalawang bata ang pagpapalaki ng sanggol sa una nitong taon. Palabasa kasi si Isagani, at kung ano-anong mga child-rearing techniques ang sinusubukan. Gayundin, nilalabhan niya ang diapers ni Dalag pagkatapos magamit ang mga ito, hindi para gamitin muli, kundi para hindi makadagdag sa polusyon. Parating hinihiritan si Isagani ng biyenan, kung lalabhan din naman niya ang diaper, bakit pa hindi sila gumamit ng tela?

May pamilya ang kapatid na nurse ni Isagani sa **ESTADOS UNIDOS**. Pinetition nito ang nanay niya dalawang taon bago ma-conceive si Dalag. Ang dalawang babaeng ito ang bumuhay sa pamilya ni Isagani, dahil wala naman siyang makuhang trabaho na may matinong sahod sa kanyang edad at sa antas ng kanyang skill set. At isa pa, alam ni Isagani, tinitingnan lang siya bilang mumurahing manggagawa ng mga multinasyonal na kompanya, at ayaw talaga siyang palaguin ng mga ito bilang buong tao.

Katulad ni Isagani ay palabasa si Bolasi. Nasa kolehiyo na ito, labimpitong taong gulang, nang mabuntis. Hindi nito alintana ang mapanghusgang pagtingin ng mga tao habang naghahalukay ng piles ng libro sa kung saang-saang sale. Alam nilang mag-asawa na maskara lamang ang paghusga sa kanila bilang "imoral" at "iresponsable" sa pagkabigo bilang "good capitalist subjects."

Bukod sa pagiging rebelde sa larangan ng pag-iisip, mahilig din si Isagani na uminom. Madalas ang mga larawan niya sa Instagram at Facebook ay ang pagtitig niya sa bote ng alak habang topless. Si Bolasi ang laging unang nagla-like sa mga ito, bagaman hindi umiinom si Bolasi. Pareho silang naniniwala na ang kalayaan ang pinakaimportanteng aspekto ng buhay ng isang tao.

Kaya nga hindi madaling isipin kung bakit naakit si Isagani sa pagsali sa **CENSOR**. Bukod sa pangako nito ng pagwasak sa namamayaning orden, miyembro pa nito ang kanyang crush na si **PAULITA**. Pero hindi

taksil si Isagani, alam ni Bolasi na nais niyang makipagtalik sa ibang tao, at aprobado ito ni Bolasi, na nakikipagtalik din sa iba. Bagaman kasal sila, alam nila ang pagkakaiba ng monogamy sa katapatan.

Pinatay si Isagani ni **HES USA** dahil umatras siya sa isang misyon. Hindi na nalaman ni Bolasi kung ano ang tunay na nangyari sa asawa. Bagaman malungkot siya na nawala ito sa kanyang buhay, may pananamapalataya siya na may mabuting dahilan si Isagani sa hindi nito pag-uwi. Patuloy pa rin naman ang pagpapadala ng nanay at ate ng lalaki ng panustos kay Dalag.

Bilang isang intelektuwal, mahilig maglakad sa **QUEZON CITY** si Bolosi, lalo na sa area ng **AGHAM ROAD**, kung saan nakakasalamuha niya ang urban poor at natututo kung paano talaga mabuhay ang isang tao, imbes na isang burgis. Iba ang mundo ng mga gitnang uri at ng mahihirap, at mas authentic ang mahihirap. Isang araw ay hindi na lang umuwi si Bolasi.

Lumaki si Dalag na binabasa ang mga diary ng kanyang mga magulang. Sumuso siya hindi lamang ng gatas na bigay ng kanyang mga lola, kundi pati sa mga idea tungkol sa rebolusyon at virtue ethics. Mahilig siyang magliwaliw sa may damuhan. Paminsan-minsan, gumagapang siya pataas ng damo, tumatanaw sa malayo, umaasang makita niya ang mga mukhang matagal na niyang hindi nasisilayan.

**Isda, Pedro** Isa sa mga enforcer ni **MARIO ORLANDO**. Ang larangan ni Pedro'y extortion, specifically ng mga mangingisda sa back up isla ni Mario. Pinalambot ng chanting ni **KANTA SUN** ang puso ni Pedro, at tumigil siya sa pangingikil, tumalikod sa buhay-goon. Kinatay siya ni Mario.

**Isinumpa ng Diyos** Ang unang lungsod na sinakop ng **CENSOR**, ito rin ang nagsilbing headquarters nila bago ito bombahin ni **KRISTINA JAYA** mula sa langit.

**Itaas** Ang tawag ng mga lamanlupa sa **BAYANG MALAYO**.

**Itit, Tukling** Karibal ni **KALBO ROCOCCO** sa karera. Laging talo dahil ipinagpipilitan niya ang paggamit ng local ingredients at pagsunod sa disenyo ng mga lokal na inhinyero at siyentista sa paglikha ng kanyang mga kotse at sasakyang pandagat.

# J

**Jacob, Ivan S.** Tubong **MUNTING RUSYA**. Kasama si **LESLIE** at **SERGEI BUHO**, tagapagtatag ng **LIBERTARIAN PARTY OF QUEZON CITY**. Hanggang sa Fisting Yahweh, hindi niya malaman kung bakit siya pinapapatay ni **MARIO ORLANDO**. Nagtago siya sa **RASEL**, pero natiklo pa rin siya ng isang assassin.

**Jamas** Isa sa maraming grupong itinatag ni **BEN ZAYB**. Hindi ito kasing tagumpay ng **LA BAMBA**, at hindi rin kasing sikat. Motto nila ang "jamas mas," na ang ibig sabihin ay "hindi kailanman muli" o "tama na, sobra na, palitan na."

**Janitor** Sa mga kuwentong bayan, ang Janitor ay isang bayaning mababang uri na nagnanakaw mula sa mayayaman at ibinibigay ang nakulimbat sa mga nangangailangan. Meron ding busboy sa **CAFETERIA** na kilala bilang Janitor, at laging nakikipag-usap sa mga miyembro ng **DEMONYO NG COMPANIA**, lalo na kay **LAPU-LAPU MAKABAYAN**.

**Jaya, Kristina** Isang detective at salamangkero, eksperto siya tungkol sa **AKLAT NG SANSINUKOB**, at nangungunang espesyalista sa paggamit ng **ARGAN** sa buong **BAYANG MALAYO**. May kaunting kahusayan sa pagkanta, paborito niya ang mga dalinday. Kasama si **TREJO BIKINI**, itinatag niya ang Iglesia ni **AMANDOTE** bilang pangontra sa pagkalat ng mga idea ng Kulto ng **GULO**. Kaunti lang ang sumali dito, madalas iyong mga natulungan niya bilang detective.

Matagal na pinagmatyagan ng mga miyembro ng **ANAK NG LOOB**, pati na rin ng mga **PANGINOONG LAMANLUPA** si Kristina, dahil kahit na hindi siya naghahangad ng kapangyarihan sa larangan ng ekonomiya at politika, nakakabigla ang pagkaalam niya ng kapangyarihang mahikal. Wala rin silang magawa nang, isang taon pagkatapos maglaho ng **HARI NG KAMAO**, gamit ang **PAHINA** na natagpuan niya sa isang dig sa **PUNTOD**, hinatak niya ang kabuoan ng **ALEXANDRIA** mula sa daigdig, at ginawa itong ikalawang buwan. Akala ng mga lasenggo't durogista sa **INTERNATIONAL SPACE STATION - DESNAY** na panahon na ng **GUNAW**.

Pinangalanan ni Kristina ang bagong buwan na **KASTILYO**. Para patunayan sa Katipunan na wala siyang masamang intensiyon, inimbitahan niya ang mga ito na gamitin ang Kastilyo para sa surprise party kay **KALI ESCRIBA**. Si Kristina ang nagmungkahi kay Gabby na magpakawala ng mga **TRILBY** para makumbinsi si Kali na totoong misyon, imbes na birthday party, ang nagaganap.

Isa sa mga imbitado sa piging si **HULI KAWABATA**. Siya ang nagpaalam kay Kristina na patay na si Trejo Bikina at nasakop na ng **CENSOR** ang **CLARK**. Sa kanyang pighati, binomba ni Kristina mula sa langit ang Clark, pati ang **ISINUMPA NG DIYOS**, isa pa sa mga bayang hawak ng Censor. Masining na inilarawan ni **BERRY MANANSALA** ang lahat ng ito sa Fisting Yahweh.

Mula sa **EDSA** ay nakita ni **APOY LAGABLAB** ang pagwasak sa mga catapult, at sundalo, ng Censor. Agad siyang pumunta ng Kastilyo at kinumbinsi si Kristina na itatag ang Kulto ng Kaayusan. Kumampi rin sa kanila si **ANRIL SOLOMON**, na ipinangako ang suporta ng **LIBERTARIAN PARTY OF QUEZON CITY**, at si **KRAMER KRAMER**, na lingid sa kaalaman ng iba'y ginamit ang kamatayan sa Clark para lumikha ng dambuhalang hukbo ng **UPLIFT**. Nakita nilang lahat si Kristina bilang pag-asa sa mundong magulo. Nabigla silang lahat nang itakwil ni Kristina ang kapangyarihan. Ipinasan niya ang kontrol sa Kastilyo kina **BLANCA ENCARNACION** at **MARKO**, **ANAK NG LOOB**. Ayon sa kanya, hindi raw siya magiging amo ng mga buktot, na siyang tadhana ng lahat ng nagkakamal ng kapangyarihan. Sa Basagulero, matutuklasan kung ano ang nangyari sa isa sa pinakamakapangyarihang salamangkero sa buong mundo: naging guro siya. Itinatag niya ang **PAGBABASANG WALANG HANGGANAN**, grupo ng mga gurong naglalakbay sa mga lungsod ng Bayang Malayo para magturo sa mga bata kung paano magbasa. Wala silang sentral na pamahalaan, walang lider. Ang tawag sa ganitong klase ng tao ay **GURONG GUMUGULONG**.

Isa sa mga naging kaibigan ni Kristina habang naglalakbay ay si **BERNABE BASTANTE**, na napakahusay na guro kahit matanda na. Magiging love team na sana sila, kaso nga lang, nabitag sila ng mga **CANNIBAL** ng **MUNTING RUSYA**, mga residente ng bayang iyon na hindi lang sanggol ang kinakain. Sinabihan si Bernabe kung kakainin niya si Kristina, magiging miyembro siya ng komunidad at hindi iluluto. Kinain ni Bernabe ang kanang binti ni Kristina bago siilin ng konsensiya. Hinarang niya ang mga cannibal habang tumatakas si Kristina. Nang makalayo mula sa Munting Rusya, hinilom ni Kristina ang kanyang binti. Wala naman talaga siya sa panganib, dahil nasa loob pa rin niya

ang salamangka, hindi nga lang niya ginagamit. Nalungkot nga lang siya kasi, walang sapat na tapang at dignidad si Bernabe para harapin ang mga cannibal.

Napadpad pagkatapos si Kristina sa isang muog ng **ANARKISTA KOLEKTIB**. Namangha siya sa katangahan ng mga miyembro ng muog (hindi man lang sila marunong magsaing sa apoy), pero nabilib siya sa kanilang independiyenteng espiritu at pagkamuhi sa kontemporaneong lipunan at kultura. Dito na siya naglagi. Hindi niya ginagamit ang kanyang salamangka para bigyan ng mas maalwang buhay ang mga miyembro ng muog, pero ginagamit niya ito para itago sila sa mga kaaway at protektahan mula sa mga natural na panganib, tulad ng bagyo at lindol. Kinilala ng mga miyembro ang pagbabago ng kanilang buhay mula nang dumating si Kristina. Dahil wala itong ibinigay na pangalan, tinawag nila siyang Tagalabas, at, dahil siya ang kanilang tagapangalaga, tinawag nila ang muog bilang **ALAGA NG TAGALABAS**.

**Jose Oke's Videoke** Videokehan na madalas puntahan ng mga loveless at call center agents sa **QUEZON CITY**. May Open Mike Night ito kada Sabado, na nagtatanghal ng Quarterly Champion pag Marso, Hunyo, at Setyembre. Sa Disyembre, naglalaban-laban ang tatlong kampeon para sa Videoke Master ng Taon Award.

Marso 2017 nang magkakilala rito si **JUAN MAKINA** at **GEMMA RED**. Kinanta ni Gemma Red ang rebolusyonaryong awiting "Kantot Heneral," na akala ni Juan ay mga taga-**BRAZIL** lang ang may alam.

Ginanap sa Jose Oke's Videoke ang unang pagtatanghal ng Kuneho ni Hesus ng mandudulang si **JORDAN NICOLAS**.

**Joseph Stalin** Direktor ng maraming komersiyal at avant-garde na pelikula. Ipinanganak na Jeffrey Sabon, inadapt niya ang pangalan ng pinakamahusay na pinuno ng Unyong Sobyet pagkatapos mabasa ang Wikipedia entry para kay Winston Churchill at mapansing kakarampot lang ang pagbanggit sa atrocities ng Inglatera sa **INDIA**, at iba pa nitong kolonya. Madalas kailangang ipaliwanag ni Joseph Stalin na "Joseph Stalin" ang kanyang pangalan, at hindi "Joseph" lang, i.e. hindi niya apelyido ang "Stalin."

Naka-love affair ni Joseph Stalin si **ISABELLA PATA** habang shino-shoot nila ang Ang Asong Nakakaalam. Hindi kailanman nalaman ni Joseph Stalin na iisang tao lang si Gabby at si **GUHO DIMAGIBA**. Muntik nang makansela ang proyekto dahil gustong i-retain ni Joseph Stalin ang orihinal na pamagat ni Guho ("Ang Nalalaman ng Aso") na pilit pinapabago ng studio executives para mas maging approachable

ang pelikula. Si Isabella, na nakikipag-love affair din sa isang studio executive, ang naging tagapamagitan sa dalawang kampo.

Ayaw na ayaw ni Joseph Stalin sa mga lasenggo. Diring-diri siya sa mga ito dahil sa kanyang tatay, na malakas ding uminom. Mula pa man bata at kahit naging matagumpay na direktor na, horrified na horrified siya pag nakikitang nagtatransforma ang inirerespeto niyang tao tungo sa bulol, palangisi, marahas, at iyakin na baliw na siyang kanyang tatay pag nakakainom na ito. Bilang bahagi ng kanyang pagkamuhi sa alak, nagbibigay ng malaking porsiyento ng kanyang kita si Joseph Stalin sa mga organisasyong nagsusulong ng legalisasyon ng marijuana, at pati na rin sa mga ipinagbabawal na gamot. Siya mismo ay hindi nagdodroga, at kahit ang pakikipagtalik ay nakikita niya bilang isang obligasyon imbes na batis ng sarap. Ang tanging kinaadikan niya ay ang cinema.

Matanda na nang magsimula si Joseph Stalin sa paggawa ng pelikula. Sa kanyang ika-34 kaarawan lang siya nagdesisyong maging direktor. Tatlong taon siyang nanood ng pelikula araw-araw bilang bahagi ng kanyang paghahanda (lumalabas lang siya ng bahay noon para manood ng pelikula sa sinehan; ang trivia na ito ang madalas na binabanggit ng mga kritikong nagsasabing mas masarap panoorin ang kanyang mga gawa sa laptop imbes na sa pinilakang tabing).

Kuwarenta na si Joseph Stalin nang magkaroon ng unang hit, ang advocacy movie na pinamagatang Ang Buntis na Unggoy. Siya rin mismo ang sumulat ng screenplay na ito (pag komersiyal na proyekto lang siya tumatanggap ng screenplay ng iba), nakabase sa iba't ibang kuwentong kanyang kinalakhan habang lumalaki sa probinsiya (palipat-lipat ang kanyang pamilya noon mulang **RASEL** papuntang **MUNTING RUSYA** at pabalik). Sa Buntis, gumamit ng pinaghalong live action (i.e. de-tao) at stop-motion (mga manika) si Joseph Stalin para ilahad ang gera ng mga paruparo at unggoy. Simple lang ang plot: isang araw tumawid sa ilog ang isang paruparo at isang unggoy (pareho silang walang pangalan) gamit ang bangkang gawa sa saging. Panay ang kain ng unggoy sa saging kahit pigil nang pigil sa kanya ang paruparo. Sa wakas nagkaroon ng butas ang bangka, at lumipad palayo ang paruparo. Humingi ng saklolo sa kanya ang unggoy, na binalikan naman ng paruparo. Dahil sa takot, napisat sa kamay ng unggoy ang paruparo. Patay ang paruparo, at nalunod ang unggoy. Dito nagsimula ang gera ng kanilang mga uri. Naganap ang walang alinlangang labanan sa sagingan. May dala-dalang clubs ang mga unggoy, tanging taktika lang ang meron sa mga paruparo. Dadapo sila sa ilong ng mga

unggoy, at pag parating na ang hambalos ay lilipad palayo. Ang mga unggoy ang pumatay sa kanilang sarili. Isa lamang ang natira, isang unggoy na buntis. Pinatay ito ng mga paruparo.

Sa Ang Pagbabalik, pre-shoot na si Joseph Stalin sa sinasabi niyang magiging obra maestra niya. Ang Librong Iyong Binabasa ang working title ng pelikula. Re-telling ito ng mga folk tale ng **SAGADA**.

**Julio, Roberta** Tinatawag ding "Madioga" nang pabiro ng mga kapwa **TAGASIRA** dahil maliit ang dibdib. Niloko siya ni **ANRIL SOLOMON**, pinangakuang aalagaan pero binuntis lang at iniwan. Naging kaibigan ng **HARI NG KAMAO**. Naging komadrona sa **BAGUIO**, tinuruan niya ang kaibigang si **LIKHA DIVA** ng sikreto ng mga **PUTI**, ang kapangyarihang maging invisible, pagkatapos siya nitong tulungan sa isang ectopic pregnancy.

**Jumbo 370** Pinaka-high tech na uri ng eroplano. Kaunting organisasyon lang ang mayroon nito, kasama na ang **ANARKISTA KOLEKTIB** at **COMPANIA DE MERCADO**.

# K

**Kabayo, Jose** Dating siyentista at horse-breeder, naging theologian. Galit sa **DINOSAUR CABAL**. Nirerespeto ni **CLARO RECTO ESPEJO**.

**Kabayo, Kray** Lider-sindikato, nakabase sa **PANADERO**. Hinayaan niyang nakawin ni **HOMBRE LECHE** ang kanyang paboritong kabayong si **BOLJAK**, para mapag-aralan ang pangmatagalang epekto ng pagiging "on the run" sa psyche ng isang tao. Mahilig sa Amerikana at kutsilyo, self-styled na sikolohista at pilosopo si Kray. Sa pangalan niya nagmula ang salitang "okray" (lait), bagaman walang nakakaalam kung saan nanggaling ang dagdag na "o." Para kay Kray, patunay lang ito na lahat ng nangyayari sa realidad ay random. Miyembro siya ng Kulto ng **GULO**, at naniniwalang mula pisika hanggang linguistics ay nagpapatunay na walang kaayusan sa sansinukob, kaya nga may susulpot-sulpot na "o" sa dapat ay simpleng noun to verb movement.

Laking mahirap si Kray. Noong bata pa, siya ay patpatin, malaki ang mga mata, at Ingles nang Ingles para ma-impress ang mga nasa paligid. Nagtapos siya ng marketing sa isang pipitsuging kolehiyo (nang maging mayaman na siya, binili niya ang eskuwelahang ito). Naganap ang kanyang "primitive accumulation" ng kapital nang lokohin niya ang matandang si **KIKUY**. May-ari si Kikuy ng plantation ng saging, at bilang kapalit dito'y ipinangako ni Kray ang isang bola ng ginto. Pumirma agad si Kikuy sa kontrata, kahit hindi siya marunong magbasa at magsulat. Inangkin ni Kray ang plantation, at bilang bayad kay Kikuy, dinala niya ang matanda noong gabing iyon sa ilog, at sinabing ang reflection ng full moon sa tubig ang bola ng ginto. May dala-dala pang basket si Kikuy, wala itong nagawa kundi sumalok ng ilusyon. (Nang maging mayaman na si Kray, hinanap niya si Kikuy. Natagpuan niya ito sa dalampasigan, malakas pa rin kahit medyo ulyanin na. Ginawang professor emeritus ni Kray si Kikuy sa kakabili pa lang niyang kolehiyo. Madalas tinutuligsa ng matanda ang neoliberal na pamamalakad sa eskuwelahan.)

May iba't ibang negosyo si Kray. Ang iba'y legal, tulad ng kanyang plantation ng saging, ang iba'y ilegal, tulad ng kanyang pag-smuggle ng

armas. Ang iba naman ay legal pero hindi makatao, tulad ng kanyang pagmiminang mapanira sa kalikasan at mapang-api sa mga kababayan.

Madalas pinapaksa ni Kray sa kanyang mga libro (nakalathala sa pseudonym na Jared Santino) ang kontradiksiyon sa pagitan ng isang masamang awtor at mahusay na likha. Ayon sa kanya, walang kinalaman ang taong nagluwal sa akda sa kalikasan ng akdang ito. "Ang pinakamabuting Ina," kongklusyon niya sa Nakakaburat Lang Din Kasi Paulit-ulit, "ay maaaring magpalaki ng pinakabuktot na diktador." Maiksi madalas ang mga libro ni Kray. Modelo niya sa marketing ang School of Life series ni Alain de Botton. Mahilig din siya sa mga self-help books tulad ng mga sinusulat ni Robert Greene, at lagi niyang binabalikan ang The Obstacle is the Way.

Pinakakinamumuhian ni Kray iyong mga walang masabi sa kanilang mga gawa. Iyong puro lang estilo at walang opinyon. Ayon sa kanya, handa siyang makipagdebate at makipagkamay kahit sa pinakamasama niyang kaaway, pero agad niyang ipapapatay ang sinumang magsabi sa kanya na punto ng sining ay sining. Sa huling bilang, tatlo na ang naging biktima ng "contentist totalitarianism" ni Kray. Kahit hindi alam ni Kikuy na si Kray ang nagsulat ng Nakakaburat Lang Din Kasi Paulit-ulit, tinuligsa niya ito sa isang rebyu at tinawag ang awtor na "moralist terrorist."

Walang relasyon si Kray kay **JOSE KABAYO**.

**Kabayong Katulong** Eksperimental na **BIOROBOT**. Hindi malaman kung pag-aari ni **CLARO RECTO ESPEJO**, o nagmamay-ari kay Claro.

**Kabayong Sekretarya** Mga halimaw na tubong-**PAPLONA**.

**Kabul** Sentro ng sining at sosyalistang politika bago bombahin ng imperyalistang Unyong Sobyet.

**Kahoy, Allan** Major domo ni **TESUS MUGTO**, kasama sa laboratoryo at pananaliksik. Maputi, matangos ang ilong, medyo kubain. Malaki ang naitulong ni Allan kay Mugto sa pamimirata ng **AKLAT NG SANSINUKOB** at pagsasateorya sa kalikasan ng kaluluwa. Random ang kanyang pakikitungo sa mga utusan ni Mugto. Minsan ay siningitan niya ng asin ang kape ni **CLARO RECTO ESPEJO**. Minsan naman ay pinautang niya ito para makaabot ng bayad sa renta (mababa kasi ang pasuweldo ni Mugto).

May buhay sa labas ng agham si Allan. Magaling siyang lumangoy. At aktibo siyang nakikisangkot sa mga problemang panlipunan. Nang

pumutok ang balita tungkol sa genocide ng paramilitary death squad laban sa mga etnikong grupo, naglunsad siya ng YouTube channel kung saan ginamit niya ang musika para sa information dissemination. Nagkaroon ng flame war sa comments section nang may magkritikang mali-mali naman ang kinakalat na facts and figures ni Allan. May nagtanggol naman sa kanya, sinasabing ang sentimyento ang mas mahalaga sa musika. Dagdag pa, nasa antas ng ideolohiya ang sining, at hindi siyentipikong akda tulad ng Capital at Imperialism. Isang “coda” video ang inilabas ni Allan kung saan pinalapot niya ang usapin ng representasyon at realidad sa isang diyalektikong paraan. Inusig din ito dahil, una, hindi naman talaga ito coda dahil panay pa rin ang dagdag niya ng mga video ng kanta. At pangalawa, hindi naman niya direktang hinarap ang usapin tungkol sa mali-maling impormasyon.

Sa lahat ng ito ang laging kasama ni Allan ay ang frenemy niyang si **JOYO TURUGA**. Lagi nitong shine-share ang YouTube posts ni Allan, pero lagi naman din nitong dini-dislike ang mga ito. Isang beses habang naglalakad sa dalampasigan, nakatuklas silang dalawa ng bangkay ng sirena. Gusto nang kumalas ni Allan kay Mugto at mag-establish ng sariling laboratoryo. Siyentista rin si Joyo, pero hindi siya eksperto sa lamanlupa physiology. Suhestiyon ni Allan na paghatian nila ang bangkay, at pinili ni Joyo ang pang-itaas na bahagi dahil dito matatagpuan ang utak. Hinati nila ito gamit ang lagari, saka kapwang nagmadaling umuwi. Pagkatapos ng isang buwan, bumisita si Joyo sa bahay ni Allan, may dalang sanga ng saging. Wala siyang bagong natuklasan mula sa bangkay. Samantala, nalaman ni Allan na masarap pala ang laman ng sirena basta ba’y i-marinate nang magdamag. Dagdag pa rito, matigas ang mga kaliskis nito sa pambabang bahagi ng katawan, na puwedeng gamitin bilang coaster, platito, at kalasag, depende sa laki ng piraso.

Sa kanyang inggit, hinampas ni Joyo ng sanga si Allan sa likod. Nawalan si Allan ng malay, at paggising niya’y nakatali siya sa isang silya. Nasa dalampasigan ulit sila. Matalas na ang hawak na sanga ni Joyo, ginamit niyang pangkayas ang kapiraso ng kaliskis ng sirena. Pinapili siya ni Joyo, tusukin sa mata ng sibat, o lunurin sa dagat? “Wag sa dagat!” sigaw ni Allan. “Wag sa dagat, maawa ka. Bulagin mo na lang ako.” Narindi si Joyo sa boses ni Allan at hinitsa siya sa dagat.

Sinubukang kumawala ni Allan sa pagkakatali, pero hindi niya nagawa. Nalunod siya.

Isang buwan pa pagkatapos bago matagpuan ang kanyang bangkay. Si Claro Recto ang namuno sa search team. Nagsalita si Mugto sa kanyang

libing. "Namamatay ang katawan," sabi ng siyentista, "pero, at si Allan mismo ang unang magsasabi nito, walang hanggan ang kaluluwa." Sa mawsoleo ng mga Mugto nakalibing si Allan, sa **HOLY JESUS CEMETARY**.

**Kalabaw, Hum** Investigative reporter. Laging sinusundan ng secret police dahil sa kanyang mga walang takot na paglalantad ng korupsiyon sa gobyerno.

**Kalgang Kabayo** Nakipag-agawang kolboy kay **KALI ESCRIBA** sa Red Light District ng **GONOREYA**. Wala nang nakakaalala ng tunay niyang apelyido.

**Kanluran** Di-umano'y pinamumugaran ng nilalang na kilala lang bilang **PILANDOK**. Tahanan ng mga **PUGITA** at ng kanilang mga mahiwagang kabute.

**Kanta, Herod** Isa sa mga naging CEO ng **COMPANIA DE MERCADO**. Isang propeta ang nagbabala kay Herod na papatayin siya ng isa sa napakarami niyang bastardo. Dahil dito, nirentahan ni Herod ang isang squad ng mersenaryo mula sa **PRIVATE COMPANY FOR HIRE**. Kakaunti lang ang nakakaalam na sa lason imbes na sa atake sa puso namatay si Herod. Pinatay siya ng nanay ni **KANTA SUN**, na walang pangalan at walang ibang katangian kundi ang pagmamahal sa anak.

**Kart** Bayan kung saan ang mga mamamayan ay buwan-buwang nag-aalay ng sanggol sa mga residente ng **RASEL**. Nasa Hilaga ng **KATAYAN**. May local branch ang **CAFE CHOG** dito.

**Kartero** Kapitolyo ng **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**. Sister city ng **PANADERO**.

**Kastilyo** Nang iangat ni **KRISTINA JAYA** ang **ALEXANDRIA** mula sa daigdig at ginawa itong ikalawang buwan, pinangalanan niya itong Kastilyo. Sa dulo ng Fisting Yahweh naitatag ang power-sharing scheme sa pagitan ni **BLANCA ENCARNACION** at **MARKO**, **ANAK NG LOOB**, ang dalawang pinuno ng Kastilyo.

**Katayan** Major provider ng karne sa mga karatig-bayan nito, kasama na ang **MUNTING RUSYA**, **RASEL**, at **ELEY**. Nasa Timog ng **KART**. Kalbo ang mga kagubatan ng Katayan at madalas itong binabaha dahil sa commercial logging ng **COMPANIA DE MERCADO**. Mababa ang pasuweldo sa mga kusinero dito. Dito naganap ang Lampara Massacre, kung saan binomba ang isang piging at namatay ang maraming tao, kasama na ang isang dosenang matansero. Dahil sa mayaman nitong kultura, madalas mag-immerse ang mga anthropology majors dito.

**Kawabata, Hapon** Asawa-kapatid ni **JACQUELINE KAWABATA**. Guwapo, matangkad, ma-abs, maitim na lalaki si Hapon Kawabata. Mahilig manood ng mga dula. Nagsusubok maging manager paminsan, siya ang kumumbinsi kay **LIKHA DIVA** na magsimula ng YouTube channel tungkol sa pang-araw-araw na buhay ng mga **BIOROBOT**.

Noong sanggol pa lang siya at ang kanyang kapatid, kinailangang pumili ng kanilang ama kung sino sa kanila ang papatayin ng demonyong aksidente nitong natawag. Lumaki si Hapon na dala-dala ang alaala ng kanyang kuya, na di-umano'y pangarap maging espiya para sa gobyerno ng **BAYANG MALAYO**. Suspetsa ng halos lahat ng miyembro ng Katipunan na hinugot lamang ni Gabby si Hapon mula sa **AKLAT NG SANSINUKOB** dahil wala siyang kaibigan. "Bata pa siguro s'ya noon," hula ni **KALI ESCRIBA**, "kaya hindi eksaktong kopya ang nagawa n'ya." Hapon kasi talaga ang orihinal na Hapon mula sa Aklat.

Sa Basagulero, isa si Hapon sa mga naging pawn sa awayang angkan ng mga Bastante. Ginamit siya ni **BERNARDO BASTANTE** laban sa anak nitong si **BASTARDO BASTANTE** sa kanilang agawan sa kontrol sa port area sa **SUBIC**. Sidekick niya sa mga misyon si **BABARIL ALAK**, isang binatang vigilante.

Sa Ang Kaharian ng mga Engkanto, dumalo si Hapon at Gabby sa malaking piging na bahagi ng pagdiriwang ng ikatatlumpung kaarawan ng Reyna ng **BAGUIO** na si **MIKA P. ROSTRO**, samantalang ang kababata nilang si **CLARO RECTO ESPEJO** ay naiwan sa hotel, nagsusuka dahil sa kinain na inihaw na binili nila sa tren na sinakyan papunta sa bayan. Gusto sanang isayaw ni Mika si Hapon, pero naunahan ito ni **ALTHEA CANTA**. Nagkaroon ng sapakan sa pagitan ni Hapon at lahat ng miyembro ng **KINETIC MOTION DANCERS** dahil hiniritan ng mga ito si Althea na madamot.

Nabugbog si Hapon dahil hindi naman ito magaling sa labanan. Ang talento nito'y sa pang-aakit at pakikipagtalik, na ginagamit niya laban sa mga kaaway ng **COMPANIA DE MERCADO** (madalas sa anyo ng blackmail gamit ang mga eskandalosong video). Dagdag pa rito, may training din si Hapon bilang paramedic. Dahil sa kombinasyon ng kanyang mga talento ng panloloko at panghihilom, madalas hindi kailangan ng sandata ni Hapon, at nakikila nga niya pag ang kaaway ay isa lang palang kawawang nilalang na hindi maintindihan o hindi masabi ang tunay na saloobin.

Inaway ni Gabby si Hapon pagbalik nila sa Subic dahil si Hapon ang nabigyan ng promotion bilang reward sa kanilang matagumpay na

misyon. Nakipagbati rin si Gabby at humingi ng tawad, pero huli na. Dahil sa kanyang naramdamang poot para sa kaibigan, hinigop pabalik ng Aklat si Hapon. Nang subukang gumawa muli ng kaibigan ni Gabby, isang mas guwapo, mas matangkad, at mas ma-abs na lalaki ang lumabas, si **PAUL CAMUA**. Tulad ni Hapon, mahilig din sa downer statistics si Paul ("Alam mo bang isa kada pitong lalaki sa **ESTADOS UNIDOS** ang magagahasa sa kanyang kabataan?").

Ayon sa Aklat, may kaibigan ang orihinal na Hapon na katulad din ni Paul ang pagkatao, pero Saul ang pangalan. Patuloy pa ng kuwento, tinangkang iligtas ng dalawa ang buhay ni **BERRY MANANSALA** nang atakihin ang huli ng mga puwersa ng **HARI NG KAMAO**. Sa Melon Drama, inilarawan kung paanong naging inspirasyon si Hapon at Saul ni Berry sa kanyang pagtatag ng Kulto ng **GULO**.

Itinatanggi ni Gabby sa kanyang sarili na siya ang dahilan ng paglaho ni Hapon. Imbes, lagi niyang ikinukuwento na kasama niya ito sa masaker sa **PALACIO DE MALACANANG**. Pag nalalasing, idinadagdag pa ni Gabby ang detalyeng lumaban si Hapon laban sa **LA BAMBA**, at ginamit nito ang **KRIS NI KRIS**. Pag naman high, sinasabi pa ni Gabby na si Hapon ang nakapatay kay **TRISTE TIAMSON** at sa buktot na si **BLANCO**.

May motor si Hapon, isang Harley-Davidson na ilegal na inimport sa Bayang Malayo, na tinatawag niyang "Baby." Sinubukan itong bilhin ni Gobernador **OKSHI DWENDE** sa gabi ng piging, pero hindi pumayag si Hapon. Inihian ng isang miyembro ng Kinetic Motion Dancers ang parehong gulong nito.

**Kawabata, Huli** Pinsan ni **HAPON KAWABATA** na mahilig mang-gate crash ng party. Isa sa kaunting miyembro ng Iglesia ni **AMANDOTE**. Noong detective pa si **KRISTINA JAYA**, napawalang-sala si Huli sa kaso ng murder dahil sa imbestigasyon ni Kristina.

**Kawabata, Jacqueline** Asawa-kapatid ni **HAPON KAWABATA** at asawa-anak ni **PAUL CAMUA**. Sa matagal na panahon, hindi matanggap ni Jacqueline ang inaalay na pag-ibig ni Paul dahil tinitingnan niya ito bilang kaibigan. Instrumental si **KALI ESCRIBA** kaya nagkatuluyan si Jacqueline at Paul. Para sa kanilang unang monthsary, nag-date sila sa **HOTEL PORNIA**.

Mahusay kumanta si Jacqueline, lalo na ng mga dalinday. May interes din sa pag-arte, pero madalas diva, kaya laging nabibigyan ng pangit na role.

Bumoto laban sa pagsali ni **SERGIO BUHO** bilang miyembro ng Katipunan, para lang asarin si Paul. May friendly wager kay **GANDA**: kung sakaling mapunta sila sa isang lungsod nang sabay, may isang puntos na matatanggap ang unang makakita ng makakatalik (na hindi **TAGASIRA**). Laging panalo si Ganda dahil mababa ang standards nito. Minsan lang nanalo si Jacquline. Labindalawa sa isa ang score nang sa wakas ay sumuko siya. Ginintuang **VIBRATOR** ang premyo ni Ganda. Nagpustahan din sila kung sino ang unang makakatalik ni **CLARO RECTO ESPEJO**. Talo ulit si Jacqueline.

Mahilig sa iba't ibang reptile, lalo na sa pagong.

Sinubukan niyang pigilan ang pagbuo ni **NINANG DONYA** ng **BAGUIO DAM II**. Matagumpay niyang nadakip ang mens rights activist na nagpasabog ng **KIDLAT SZILARD** sa **KARTERO** at **PANADERO**.

Bilang huling Supremo ng Katipunan, siya ang nakipag-deal sa **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA** para sa permanteng peace accord nito sa **ITAAS**. Ninuno siya (second mother's side) ni **BRUCE HUJO**.

**Kidlat Cobalt** Sandatang ipinagbabawal ayon sa international rules of terrorism, na niratipikahan pa sa The Hague.

**Kidlat Szilard** Sandatang kasinlakas ng **KIDLAT COBALT**, pero hindi kasing mahal.

**Kiev** Pinaka-cosmopolitan na ciudad sa Russia. Dito napapadpad ang mga nanghihingi ng santuwaryo, pati na rin ang mga nais ng second chance sa buhay. Palagi ring ginagamit ng mga witness protection program ng iba't ibang bayan sa mundo. Ang cosmetics surgery capital ng Europa.

**Kikuy** Dating may-ari ng plantation ng saging.

**Kinetic Motion Dancers** Minsan nang nakaaway ni **ALTHEA CANTA** dahil ayaw pa nitong itigil ang pakikipagsayaw kay **HAPON KAWABATA**, samantalang oras na para magtanghal ang Kinetic. Hindi bumenta ang kolaborasyon nila kasama si **ISABELLA PATA**. Kataka-takang may pattern ang mga gig ng **KMD**. Madalas na nabobomba ang mga lungsod at bayan kung saan kakatapos lang nilang magtanghal. Naging malakas ang kanilang presensiya sa social media, madalas silang mag-post ng videos ng rehearsals sa YouTube.

**Kok, Caracara** Nanay ni **BUKTOT DIABLO**.

**Kramer, Kramer** Noong bata'y nakabasa ng obscure na tula ni Gabby, pumasok sa kanyang utak na siya ang tinutukoy na "Bayani" sa ikatlong taludtod.

Congressman si Kramer, at nang maabot ang term limit, sinubukang maging mayor ng **QUEZON CITY**. Nang matalo, umuwi siya sa **RASEL** at naging congressman doon. Malaking bahagi ng budget ng bayan ang iniukol niya sa sining.

Miyembro ng Kulto ng **GULO**, pero dahil sa sobrang debosyon sa Gulo, minsa'y kumikilos laban sa Kulto. May malalim na boses at mas malalim pang mga mata, madali niyang namamanipula ang mga tao sa kanyang paligid, kahit pa ang hinihingi niya'y pagtaksilan nila ang sarili. Mayroong hukbo ng mga **UPLIFT** na nilikha niya nang bombahin ni **KRISTINA JAYA** ang **CLARK** mula sa langit. Nagsasaliksik siya habang nasa **RASEL** kung paano wasakin hindi lang ang sansinukob kundi lahat ng sansinukob. Nagpanggap siyang mulang **DUBLIN** habang nagsisilbing pulis sa **MY KHE**. May suspetsa si **CARLA SOLOMON** na si Kramer ang pumatay kay **DEGREE CALVIN**, pero hindi niya ito napatunayan.

**Kuk** Artista sa mga tradisyonal na dula. Kahit walang nakakaintindi, lagi niyang sinasabing Fabian Socialist siya, tulad ni George Bernard Shaw. Tapat na kaibigan kay **AMBUVUSSI**.

**Kuneho Motoren Werke** Kompanyang nakabase sa **FRANKFURT**. Para magka-tax break, sumusuporta ito sa mga mandudula mula sa iba't ibang bansa para maitanghal ang kanilang mga orihinal na piyesa sa saling Aleman.

**Kwago** Akala ng tandang, araw na, pero alam ng Kwago na gabi pa. Ginawang ganito si **CHARLIE IBA** ng isang miyembro ng **DINOSAUR CABAL** gamit ang **LENTE**.

# L

**La Bamba** Teroristang grupo. Hindi "ang" ang kahulugan ng "La" sa kanilang pangalan. Sa matagal na panahon, pinamumunuan ni **BEN ZAYB** aka **ASOG BAKLA**. Binomba nila ang headquaters ng **COMPANIA DE MERCADO** noong 2020. Madalas nilang bombahin ang alien settlement sa **GAZA**. Madalas din silang mag-iwan ng **IED** sa **SECOND THOMAS SHOAL**, at sa **SCARBOROUGH FAIR SHOAL**. Binangga nila ng eroplano ang **ZONE LAYER**, at dahil wala itong fire exit kayraming namatay na fans ng disco. Gumagamit sila ng **KIDLAT COBALT**, na pinagbabawal sa international rules of terrorism na niratipikihan sa The Hague.

**Lagablab, Apoy** Walang hanggang kaaway ni **ULAN LAMANG**, napatay ng huli nang magitla sa biglang pagdating mula sa nakaraan nina **KALI ESCRIBA** at **PAX MARTIN** sa **VINLUAN HIGH**. Isa sa iilang miyembro ng Iglesia ni **AMANDOTE**, naniniwala siyang kaya pa ring talunin ng Kaayusan ang **GULO**.

**Lamang** Ang angkang kinabibilangan ni Gabby. Malayong kamag-anak nila ang mga Hombre.

**Lamang, Jennifer** Pinsan ni Gabby. Naging tagapamahala ng **WE PRINT IT IN THE MORNING**. Tradisyonal ang kanyang lapit sa publishing, at sa ilalim niya naging profitable ang We Print It. Siya ang nagligtas sa slush pile ng manuskrito ni **BERRY MANANSALA** para sa Basagulero, na "Salamin ng Lipunan" pa ang pamagat noon.

**Lamang, Kulang** Isang pilosopo, naging obsession niya ang **AKLAT NG SANSINUKOB**. Gamit ang pera ng kanyang asawang si **ULAN**, na naging CEO ng **COMPANIA DE MERCADO**, nakakuha siya ng isang **PAHINA** ng Aklat, at nagsimulang pag-aralan ang **TINTA** nito. Nasabuyan siya ng Tintang pula, at nabuang. Naging pinuno si Kulang ng **MUNTING RUSYA**, hanggang sa dukutin ni **KANTA SUN** ang kanyang mga mata para ibalik siya sa katinuan. Nang malaman ang mga krimen na kanyang pinamunuan, nagbigti si Kulang bilang pagsisisi.

Madalas noong kadebate ni Kulang ang binatang si **BABARIL ALAK**, tungkol sa mga nagbabagang isyu ng panahon, kasama na ang cloning, kalikasan ng krimen, climate change, at mga posibleng solusyon sa kahirapan. Naaalala ni Kulang si Gabby pag kausap si Alak, dahil ibang-iba ang kanyang anak sa binatang si Alak.

Nagsasaliksik si **CLARO RECTO ESPEJO** tungkol sa kanya para sa isang multivolume biography.

Sa ibang dimensiyon, nagbaril imbes na magbigti si Kulang. Sa iba pa ring dimensiyon, naging tambay siya sa kanto imbes na stooge ng Compania at baliw na lider ng mga baliw.

**Lamang, Sisipusi** Kapatid ni **JENNIFER LAMANG**. Vice President for Liquidation ng **COMPANIA DE MERCADO**. Paborito niyang metodo ng pagpatay ang paghulog sa isang nilalang mula sa bubong ng mataas na gusali. Dahil sa kanyang pagiging episyente sa masaker sa **PALACIO DE MALACANANG**, ginawa ring Vice President for Alcohol and Tobacco si Sisipusi. Una niyang proyekto pagkatanggap ng posisyong ito ang pagdurog sa mga advocate ng legalisasyon ng droga.

**Lamang, Ulan** Nanay ni Gabby, distant at unfeeling. Walang hanggang kaaway ni **APOY LAGABLAB**. Nang mapatay niya ang huli, sasakupin na dapat niya ang buong mundo, pero pumalit sa puwesto ni Apoy si **PAX MARTIN**. Naging CEO ng **COMPANIA DE MERCADO**. Makapangyarihang salamangkero, muntik na niyang mapatay si **KANTA SUN**.

**Layer, Ima** Propesyonal na mananayaw. Kasama ang fiancé na si **GEORGE TALYER**, lagi niyang tinatalo ang karibal na si **BOWLA**.

**Lawin, Lasapin** **BIOROBOT** na nilikha ni **BANYUHAY PAGONG**.

**Leche, Hombre** Isang scammer, nagsimula siya sa paghingi ng load sa mga walang muwang na nag-aakalang tumutulong sa mga kamag-anak na OFW, lumala nang lumala ang mga panloloko ni Hombre hanggang makaengkuwentro niya ang lider-sindikatong si **MARIO ORLANDO**. May magandang dahilan kung bakit pinilit ni Hombreng isakripisyo ang kanyang buhay para mailigtas si **PAUL CAMUA** at **KALI ESCRIBA** mula kay Mario.

Sa nobelang Ang Awit ng Pag-ibig, inilarawan ang kabataan ni Hombre. Anak siya ng babaeng mandirigma at lalaking ulyanin, sa isang commune na hindi pinangalanan dahil naniniwala ang mga nagpundar nito sa “tiraniya ng signifier.”

Malayong kamag-anak ng mga Hombre ang mga **LAMANG**. Noong walong taong gulang si Hombre, sumulpot ang isang dambuhalang monolith sa gitna ng kanilang bukirin at nagsimulang magluwal ng mga robot. Bilang mandirigma, isa ang nanay niya sa lumaban sa mga mananakop, pero busy rin ito sa pag-aalaga ng kanyang tatay, na wala nang ibang ginawa kundi sumigaw sa telebisyon at magreklamo tungkol sa sakit sa kasu-kasuan. Namatay silang dalawa nang i-bulldozer ang bahay nina Hombre habang pinapaliguan ng kanyang nanay ang kanyang tatay. Pinanood ni Hombre, na na-pin ng pader, na malunod sa inodoro ang kanyang tatay. Tumagal pa ang paglaban sa mga robot hanggang magbinata si Hombre, pero sa huli'y nasakop din ang kanilang bayan at nabura mula sa alaala ng mga tao.

Hinanap ni Hombre ang **HOLY JESUS CEMETARY**, dala-dala ang abo ng kanyang mga magulang, pero naholdap lang siya sa **QUEZON AVENUE**, na inakala niyang **CUBA**. Nanlaban si Hombre kaya sinaksak siya ng holdaper, ninakaw nito pati ang urn na dala niya. Sinubukan niyang habulin ito hanggang sa umabot sila sa **ABU ROAD**. Dito nawalan ng malay si Hombre dahil sa patuloy na pagtagas ng kanyang dugo. Habang namamatay, nasulyapan niya ang **PUNTOD**, na nagbigay sa kanya ng vision ng **AKLAT NG SANSINUKOB**. Natagpuan ni Paul ang naghihingalong si Hombre at dinala ito sa ospital. Hindi nag-stay si Paul kaya't hindi alam ni Hombre kung sino ang nagligtas sa kanya.

Hindi agad naging scammer si Hombre. Nagtrabaho siya bilang barista sa iba't ibang **CAFE CHOG**, lagi nga lang siyang nae-endo. Tulad ng ibang mamamayan ng **BAYANG MALAYO**, nabalitaan niya ang unti-unting pag-angkin ng **COMPANIA DE MERCADO** sa bawat aspekto ng buhay ng tao. Naging tagahanga siya ng **HARI NG KAMAO**, kahit na maglaho ito. Kasama siyang na-shock nang pumutok ang balita tungkol sa marital rape sa angkan ng **ANAK NG LOOB**. Naging inspirasyon pa nga ito ng kanyang nobelang Ang Prinsepeng Ginahasa, na ni-reject ng **WE PRINT IT IN THE MORNING** dahil sa pagkakahawig ng plot nito sa Panaginip ng Baha.

Napasok si Hombre sa buhay-krimen nang maengkuwentro niya ang **SCUM ARTISTES**. Binentahan siya ng mga ito ng mapa papuntang **EL DORADO**. Imbes na lungsod ng ginto, isang tambakan ng basura mula **CANADA** ang natagpuan ni Hombre. Dahil life savings niya ang ipinambayad ni Hombre para sa mapa, halos naging catatonic siya sa lungkot. Natagpuan siya ni **GAMMA RED** at **KALASAG BAJU** na nakalupasay sa gitna ng basura, yakap-yakap ang isang stuffed toy. Ang dalawa rin, si Gamma Red bilang adventurer at si Kalasag bilang utusan ni Kali, ay naloko ng Scum Artistes. Ginantihan ng dalawa

ang grupo, pero iba ang pumasok sa isip ni Hombre. Imbes na maloko, masaksak, maholdap, ma-bulldozer ng robot, siya ang magiging aggressor, siya ang magiging conman.

Nagsimula sa pagnanakaw ng load at balikbayan box ng mga OFW, naging mas confident si Hombre sa paglipas ng mga taon. Nagpanggap siyang manager ni **HALIWUD APIST** at nagoyo si **ROBERT AVELLANA**, at ang mga bandang **MANG-AALIPIN** at **THAT'S ALL PAKS**. Akala ng mga ito'y legit si Hombre at magkakaroon sila ng benefit concert para sa mga biktima ng pambobomba ng iba't ibang hukbo. Humingi lamang ng "maliit" na halaga si Hombre bilang deposito. Hindi na nila nakitang muli ang perang ito.

Nagamit din naman minsan ni Hombre ang kanyang charisma para sa kabutihan. Niloko niya ang poacher na si **WALT TULIS**, may-ari ng **TULIS EMPORIUM**, na handang bumili ng isang dosenang crate ng sungay ng rhinoceros. Nahuli si Tulis ng animal rights activist na si **PABLO XALAMBO**, na tumingin na lang palayo habang kinukulimbat ni Hombre ang pera. Gayundin, ibinenta niya ang siyentistang si **RANDY MUGTO**, na nag-time travel pa, sa biorobot na si **MARIA CLARA DAMASO** (akala ni Mugto, siya ang mamimili). Minsan naman, hindi pera o paggawa ng mabuti ang motibasyon ni Hombre, kundi simpleng adventure. Sa **PANADERO**, ninakaw niya ang prize-winning na kabayo ni **KRAY KABAYO**, lider-sindikato na mahilig sa Amerikana at kutsilyo, si **BOLJAK**. Pagkatapos nito'y nagtago-tago muna si Hombre sa **KARTERO**.

Narating ni Hombre ang kanyang tadhana dahil sa pagtatangka niyang nakawin ang **MOTORSIKLO NI HUDAS** mula kay **BRUJO XIZARD**. Hindi niya alam na espiya pala ni Brujo ang mga butiki sa kanyang kisame. Imbes na isumpa si Hombre, pinabasa ni Brujo sa kanya ang isang bahagi ng **APPENDIX**. Dito nalaman ni Hombre ang tungkol sa pagliligtas sa kanya noon ni Paul, na hindi man lang siya kilala pero dinala siya sa ospital. Dead man walking ang peg, nagpatuloy si Hombre sa panggagantso, pati na rin sa pagpaparty at pakikipagtalik nang walang pagmamahal. Isang araw, nabasa niya sa Craigslist na ipinagbibili ang **SILID AKLATAN**. Agad niya itong in-acquire, at mabilis din niyang cinontact si Mario. Nagsindi ng kandila sa simbahan si Paul para sa lalaking nagligtas sa buhay niya at ni Kali, na hindi man lang nila nalaman ang pangalan.

**Lenin** Diktador ng Unyong Sobyet. Sa dulo ng Fisting Yahweh, naka-self exile siya sa **NETHERLANDS**.

**Lentamente Rapidamente** **CENTAUR** na ipinanganak pagkatapos ma-establish ang sosyalistang utopia sa daigdig. Naging

asawa ni **EDNA PILAPIL DELA CRUZ**. Nang magpakasal sila, gusto ring pakasalan ni Lentamente si LIBIS, ang isa pang asawa ni Edna, pero ayaw nito. Nagkaroon na lang sila ng publikong deklarasyon ng pagkakaibigan. Ayaw ni Lentamente na maging isyu ang relasyon nila ni Edna kay Libis. Bagaman mas malaya nang mag-isip ang mga mamamayan ng sosyalistang utopia, pakiramdam ni Lentamente na mayroon pa ring latak ng atavistic na moralidad sa pag-iisip ni Libis, lalo na't obsessed ito sa simulation ng pamumuhay sa mga nakaraang siglo.

Mahilig si Lentamente sa mga pisikal na aktibidad, tulad ng free solo climbing at deep sea diving. Madalas niyang dinede-activate ang kanyang emergency response signal para madagdagan ng thrill (ng kamatayan) ang kanyang pag-akyat sa bundok, pagsisid sa dagat, at paggalugad ng gubat. Isang beses, nawala siya sa disyerto at apatnapung araw bago natagpuan muli. Nabawasan siya ng 40% ng timbang, at kundi dahil sa husay ng mga sosyalistang doktor ay kakailanganin na dapat ilipat sa ibang katawan ang kanyang utak.

Madalas hinihila ni Lentamente si Edna sa kung ano-anong adventure. Dahil mahilig ito sa mga mas "mental" na aktibidad tulad ng panonood ng sine at pagsuong sa installation art, si Libis minsan ang nayayaya ni Lentamente. Lagi rin itong tumatanggi. Pag nagdadabog lang si Lentamente niya napapasunod ang asawa at ang asawa ng asawa.

Isa sa mga pisikal na hamon na nauso't nagkataon ay nagawang ang dalawa ang napilit ni Lentamenteng samahan siya ay ang pagpapatapon sa isang deserted na isla kung saan kailangang magtagal sila ng tatlong gabi nang walang instrumento mula sa modernong mundo (walang robot, walang computer, wala kahit lighter). Ang tanging amenity na ibinigay sa kanila ng organizer ng challenge ay malaking kaldero. Wala namang naisip si Lentamente na gamit dito, at iniwan lang niya ito sa kuweba na siyang drop-off at pick-up point nila.

Naging masaya ang una nilang gabi. Nagsulat nang nagsulat si Libis ng notes, plano niyang gumawa ng simulation base sa mga karanasan nila sa isla. Samantala, si Edna, enjoy na enjoy sa pagtingin sa mga bituin at paggawa ng sand castle. Si Lentamente ang gumawa ng tulugan nila (gawa sa pawid), siya ang naghanda ng kanilang kakainin (buko), siya ang gumawa ng apoy at naghanda ng silo para tipunin ang ulan na kanilang iinumin. Wala masyadong challenge ang unang dalawang gabi sa isla.

Sa ikatlong gabi, may espesyal na regalo ang mga alon sa kanila, nagdala ito ng pagkarami-raming alimango at alimasag sa dalampasigan.

Naglaway agad si Edna at, himala, kusang gumawa ng apoy para maluto nila ang "biyaya ng dagat." Nagsimula itong mag-lecture tungkol sa "Dante and the Lobster" at "Consider the Lobster," kahit na, hirit ito ni Libis, hindi naman lobster kundi crab ang kakainin nila. Namula ang mga mata ni Edna sa panonood sa ipinapanganak na baga, nag-iipon na ng init ang mga bato.

"Hindi natin maluluto ang mga ito na parang inihaw," sabi ni Lentamente, at nagpaalam siyang pupunta sa kuweba para kunin ang kaldero. Sa totoo, gusto lang niyang bigyan ng panahon ang dalawa dahil naniniwala siyang bagaman mahusay ang dynamics nila bilang trio, kailangan pa rin ng mag-asawa-time ng mga mag-asawa. Dagdag pa rito, nakakabagot talaga ang mga lecture ni Edna. Nasa kuweba na si Lentamente, hawak-hawak ang kaldero at iniisip na kahit hindi challenging ay naging maligaya siya sa hamon ng deserted na isla nang matanto niya ang koneksiyon ng lahat. Mahigpit ang hawak niya sa kaldero at kumaripas siya papunta sa beach. Doon niya natagpuan sina Libis at Edna, nakikipagtunggali sa **NAGBILAO**. Hinampas niya sa ulo ang Nagbilao gamit ang kaldero, pero nabasag lang ito. Siya naman ang pinagtuunan ng pansin ng halimaw, kinagat nito ang kanyang baywang. Bumagsak siya sa buhangin at kakainin na sana ng Nagbilao nang makakapa siya ng nagbabagang bato. Idiniin niya ito sa ilong ng Nagbilao, na tumakbo palayo.

Lahat ng alimango at alimasag sa dalampasigan, pag-aari ng Nagbilao. Kinailangan nila ang kaldero sa pagluluto ng mga ito para hindi gaanong umalingasaw ang halimuyak. Tama ang kanyang naging hula na sa sobrang takam, iluluto ni Edna ang pagkain nila nang direkta sa apoy. Dinala si Lentamente ng kanyang asawa at ng asawa nito pabalik sa kuweba. Agad silang pinick-up ng organizer ng challenge. Huli na, namatay na ang kanyang katawan. Kinailangang ilipat ang kanyang utak sa bago. Bago siya mawalan ng hininga, hiniling ni Lentamente kay Edna na ipalipat siya sa katawan ng tao.

**Lente** Isa sa napakaraming mapamuksang sandata ng **DOKTORA**.

**Lesbos** Tinaguriang "Child Labor Capital of the World."

**Leslie** Isang asong dumaan sa proseso ng **UPLIFT**, naging kaibigan ni **KALI ESCRIBA**. Nag-aral maging piloto, madalas namang nawawalan ng malay pag nasa himpapawid na. Halimbawa, pinaghihinalaang siya ang dahilan kung bakit bumagsak ang **JUMBO 370** na pag-aari ng **ANARKISTA KOLEKTIB**. Mababa ang tingin niya sa mga **BIOROBOT**. Dahil sa pagiging sobrang kacutean, nagtangka rin siyang maging artista, pero puro theatre roles ang kanyang nakukuha.

Kasama ni **SERGIO BUHO** at **IVAN S. JACOB**, tagapagtatag ng **LIBERTARIAN PARTY OF QUEZON CITY**. Tanging siya at si **PAUL CAMUA** ang bumoto para gawing myembro ng Katipunan si Sergio. Natalo ang motion na ito.

Ininfiltreyt niya ang **CENSOR** pagkatapos nitong sakupin ang **CLARK**. Muntik siyang hindi makatakas sa pagpapasabog ni **KRITINA JAYA** sa lungsod.

Sa nobelang Ang Bukas na Aklat, inilarawan ang naging tadhana ni Leslie, ang paghahabol ng mga higanteng pusa sa **ELEY**.

**Libertarian Party of Quezon City** Itinatag nina **LESLIE**, **SERGIO BUHO**, at **IVAN S. JACOB**. Primarya nilang layunin ang legalisasyon ng iba't ibang droga sa **BAYANG MALAYO**, mula maijuana hanggang heroin. Humina dahil sa iba't ibang trahedya ang dumapo sa mga lider nito, tinupok pa ng isang **TAWAG** ang kanilang headquarters. Nang maging presidente nito si **CHARLIE IBA**, nagkaroon muli ng lakas ng partido, lalo na dahil sa dokumentong "Reinvigorate and Refresh the Libertarian Party" na transkripsiyon ng usapan ni Charlie at ni Sergei. Dahil sa panloob na hidwaan, nagbitiw din si Charlie bilang presidente. Sa dulo ng Fisting Yahweh, co-president ng partido sina Sergei at **ANRIL SOLOMON**.

**Libis** **CENTAUR** na ipinanganak pagkatapos maitatag ang sosyalistang utopia sa daigdig. Naging asawa ni **EDNA PILAPIL DELA CRUZ**. Bagaman gusto ni **LENTAMENTE RAPIDAMENTE**, ang isa pang asawa ni Edna, na pakasalan si Libis, tumanggi siya.

Sa sosyalistang utopia, maaari nang galugarin ng mga tao at lamanlupa ang kanilang mga interes nang walang takot na mauubusan ng pagkain o mapagkakaitan ng health care. Samantalang si Lentamente ay nagpokus sa mga pisikal na aktibidad, tulad ng surfing at free solo climbing, ang binusisi naman ni Libis ay mga adventure sa computer. Isang engineer at manunulat, bahagi siya ng grupong naka-develop ng laro gamit ang insights ng quantum computing. Naturalmente, nagpakaadik din si Libis sa mga larong ito. Nagpagawa pa nga siya ng espesyal na upuan para komportable siyang maka-lounge habang nakapasok ang utak sa computer.

Ang paborito niyang laro, na kasama rin siya sa grupong lumikha nang direkta, ay isang RPG na pinamagatang Dating Buhay. Open world ito at walang layunin, at ilang buhay ang maaaring pagdaanan ng isang manlalaro habang minuto lang ang lumilipas sa tunay na mundo. Sa isang sesyon, na ubod ng bigat ng naging epekto sa kanyang buhay-AFK, naglaro si Libis bilang taong vegetarian. Bilang modipikasyon sa normal na parameters, dito inakala niyang tao talaga siya, hindi

niya maaalalang centaur siyang nakatira sa isang sosyalistang utopia hanggang hindi siya namamatay sa laro. Naranasan ni Libis ang maging sanggol, bata, binatilyo, binata, at matanda. Sa kanyang ikadalawampu't limang taon ng pagiging tao sa laro, nagdesisyon siyang maging vegetarian. Isang buwan pagkatapos, nagkaroon siya ng kaibigang **CANNIBAL**, si Leon. Nagsilbing sidekick si Libis ng cannibal. Siya ang nanghahabol sa mga tao, pagkatapos ay bibitagin ito ng kaibigan niya... para kainin. Habang kinakain ng cannibal ang laman ng tao, tahimik namang kakain si Libis ng gulay at prutas sa tabi nito.

Ang maganda sa larong Dating Buhay, para maging interesante ang karanasan, binabato ng program ang manlalaro ng iba't ibang random na hamon. Sa mundo ng perpektong partnership nina Leon at Libis, dumating ang isang peste. Kumalat ito sa mga tao, at nagsimatayan sila. Walang pinatawad ang sakit, bata, matanda, lalaki, babae, lahat naging luntian ang balat, sumuka ng dugo, at lumobo ang bangkay. Pakonti nang pakonti ang naha-hunting nina Libis at Leon.

Isang hapon, habang umiinom ng tubig sa may ilog si Leon at kumakain ng mansanas si Libis, sinabi ng cannibal, "Magpakabusog ka, dahil bukas ikaw na ang aking kakainin." Tapos, nag-aya itong matulog. Sa gabi, habang humihilik si Leon, nang-raid si Libis ng cosmetics section ng isang department store. Pagdating ng bukang-liwayway, bumulaga kay Leon ang bangkay ni Libis, lumobo ang tiyan, luntian ang balat, may suka sa paligid ng bibig. "Namatay ka na rin," sabi ng cannibal, "nalulungkot ako." Nakababa ang ulo, naglakad ito papunta sa gubat, iniwan si Libis sa may tabing-ilog.

Nang makalayo na ang cannibal, bumangon si Libis. Bago pa niya matanggal ang make up, sinagpang siya ng buwayang kanina pa nag-aabang ng kakainin, at natapos ang laro. Inabot ng tatlumpung minuto sa tunay na mundo ang sesyon na ito. Bagaman nagsubok si Libis ng ibang baryasyon sa Dating Buhay, at ng ibang RPG na open world na dinisenyo ng ibang grupo, balik siya nang balik sa buhay nila ni Leon. Pinag-aralan niya ang kanyang kabataan, bago niya ito makilala. Gumawa siya ng simulation para matuklasan kung hanggang kailan niya puwede itong sundan pagkatapos niyang kunwaring mamatay nang hindi natutuklasan. Pina-testing pa nga niya kina Edna at Lentamente ang scenario. Suhestiyon ni Edna na balikan niya ang save point sa laro kung saan hindi pa pumapasok ang peste, at burahin na lang ang hamon na ito para magkaroon ng malinis na sesyon kasama ang cannibal. Pero ayaw nang galawin ni Libis ang mismong laro, ayaw na niyang pasukin muli ang buhay niya kasama si Leon bilang

taong vegetarian na naging sidekick ng isang cannibal. Puwede na lang niyang tingnan ito bilang tagalabas.

**Linda, Rapunzel** Nagtatag at punong namamahala sa **TUM TUM SA TAMI** hanggang sa ma-expose ang paggamit nito ng depektibong pacifier (dahilan para ipagbawal ang pagtatrabaho ni Rapunzel sa kahit anong may kinalaman sa child care services). Sa simula ay nagtanim ng pagkamuhi si Rapunzel para kay **EDNA PILAPIL DELA CRUZ**, ang nagsiwalat ng katotohanan, halos lamunin siya ng sama ng loob. Pagkatapos lamang ng isang taong pakikipag-usap sa sikoanalistang si **ATIMON** naproseso ni Rapunzel na sinadya niyang i-risk ang kanyang kompanya, pati na rin ang mga batang dapat ay inaalagaan niya, dahil sa kanyang traumatic na karanasan noong bata, kung kailan isang authority figure, ang kanyang nakatatandang pinsan na pulis, ang nagkulong sa kanya sa banyo gamit ang isang antigong posas. Naliwanagan si Rapunzel at nawala ang hinanakit. Ito ang superyoridad ng sistema ng katarungan na hindi pagpaparusa kundi tunay na reporma ang nais.

Dahil dito ilang beses bumisita sa bahay nina Edna si Rapunzel para makipag-ayos. Hinarap naman siya ni Edna, pati na rin ni **LENTAMENTE RAPIDAMENTE**. Nakita ni Rapunzel sa sala na naka-jack in si **LIBIS** sa computer at nabubuhay sa isang simulation/open world RPG. Huli na siya sa balita tungkol sa advancement sa simulation technologies dahil nga naging busy sa therapy. Habang pauwi, sakay sa modernong MRT, nag-download siya ng program para makasunod sa uso. Dating Buhay ang kanyang napiling laro. Hindi malay sa pagkarami-raming options, napindot niya ang button na nagpapakalimot sa manlalaro tungkol sa tunay niyang pagkatao (kung kaya, halimbawang aakalain talaga niyang taga-20 siglo siya). Hindi rin alam ni Rapunzel na tanging kamatayan niya ang magtatapos ng laro. Pag-uwi niya, sinet-up niya ang set-up ng computer sa sala, siniguradong binabantayan ng mga robot ang kanyang vital signs, at sumisid sa kakaibang mundo.

Nabuhay siya bilang gitnang uring wala masyadong pakialam sa mundo. Nakakabalita siya ng pagpatay ng mga para-military groups sa iba't ibang etnikong grupo pero mas interesado siya sa pakikinig sa indie music, na ayon sa kanya'y paraan niya ng pagkalas at pakikipagtunggali sa kapital. Isang serye ng lindol, pagputok ng kidlat, ipuipo, at tsunami ang sumira sa kanyang komportableng pag-iral. Wala nang gobyerno, wala nang batas-batas. Nasama siya sa mga nagkakalkal ng basura para mabuhay. "Eto pala ang "Scarcity" na tinutukoy sa kanta ng..." lagi niyang iniisip, pero di na niya maalala ang pangalan ng kanyang paboritong banda.

Dahil wasak ang sentro, napadpad siya sa kanayunan. Natagpuan niya ang isang dalampasigan na puno ng pakwan. Gayundin, nakakilala siya ng mabait na babaeng nagngangalang Edna (humuhugot ang program ng Dating Buhay sa alaala ng manlalaro para magkaroon ng emotional resonance ang mga scenario nito). Si Edna ang nagturo kay Rapunzel na wag mag-iiwan ng marka ng ngipin sa kinakaing pakwan, dahil pag natagpuan ito ng buwaya ay tiyak na mate-trace back sa kanya. Tumalima naman si Rapunzel sa edict na ito.

Lumipas ang panahon at naging komportable muli ang kanyang buhay. Bagaman wala na ang malaki nilang bahay na may bath tub at hot shower, meron naman silang pinagsasaluhang kubo ni Edna. Wala na ang mga indie band na kanyang pinagtuonan ng napakaraming oras, pero siya na mismo ang kumakatha ng kanyang sariling musika, gamit ang mga bato at lata at ang mga tunog na nagagawa ng kanyang katawan. Naging complacent siya, at isang araw nang kumain siya ng pakwan sa dalampasigan, iniwan niya ang tira sa buhangin nang may marka ng kanyang mga ngipin. Noong gabing iyon, bumisita ang buwaya sa kanilang kubo.

Akala ni Rapunzel ay hindi na siya makakakitang muli ng buwaya. Nang mag-collapse ang sibilisasyon, naunang nawala ang mga tagapagpatupad ng batas. Mas gulat kaysa takot ang unang naramdaman ni Rapunzel nang tumambad sa kanyang harapan ang isang lalaking malaki ang tiyan, makapal ang bigote, at may malaking baril sa bawat kamay. Napuno rin naman ng takot ang kanyang puso nang barilin ng buwaya si Edna, na sumubok na manlaban. Humihiyaw na nag-fetal position si Rapunzel sa sulok. Inakala ng buwaya na nagkukunwari lang siyang mahina para maisahan ito, kaya naglabas ito ng posas at ikinulong si Rapunzel sa banyo. Ni-ransack nito ang kubo nina Rapunzel saka umalis.

Hindi namatay si Edna at duguan nitong pinakawalan si Rapunzel mula sa pagkakaposas. Pagkatapos ng isang buwang pagpapahinga, naghilom ang kanilang mga pisikal at mental na sugat. Hinanting nila ang buwaya at nabitag ito. Ipapasok na sana ni Edna ang nagbabagang bato sa bunganga ng dating pulis nang maalala ni Rapunzel ang isa pang idea ng kanyang paboritong banda, na reporma imbes na pagpaparusa ang layunin ng katarungan. Nagdesisyon siyang ikulong ang buwaya, pakainin ito araw-araw at kausapin hanggang sa magbagong loob. Bagaman hindi naging matagumpay si Rapunzel, nag-hunger strike ang buwaya at namatay pagkatapos ng tatlong araw, kumalat ang balita sa buong kanayunan tungkol sa isang babaeng may kakaibang idea

tungkol sa hustiya. Mabilis na lumaki ang kanilang komunidad sa may dalampasigan. Namatay si Rapunzel sa edad na 80, iniwan niya si Edna na nabubuhay sa isang sosyalistang utopia na hindi kasing high tech ng kanyang tunay na tahanan, pero nakapundar din sa mga prinsipyo ng pagkakapantay-pantay at pakikipagkapwa.

**Lisbon** Nang hatiin ng Papa ang mundo sa pagitan ng mga Español at Purtuges, ang Lisbon ang sentro ng kapangyarihan ng huli. Ngayon, bagaman pugad ng mga **TAWAG**, ito'y sentro ng pananaliksik at madalas pagdausan ng mga academic conference.

**Lobo Calvin** Miyembro ng **LIBERTARIAN PARTY OF QUEZON CITY**. Isang **PUTI**. Hindi lang seksista, aminadong anti-feminista pa.

**Lobo, Misis** Kanang kamay ng lider-sindikatong si MARIO ORLANDO. Laging kalmado kahit sa harap ng kamatayan.

**Lolo Matador** May tunay siyang pangalan, pero wala nang nakakaalam nito, kahit siya, dahil sa buong **KATAYAN**, Lolo ang tawag sa kanya. Kuya ni **RAMON "BOY" MATADOR**. Jolly. Naging guro ni **BABARIL ALAK**. Sa ibang dimensiyon, tao imbes na baboy ang kanyang kinakatay.

**Lucha, Regine** Propesor ng Antropolohiya sa **TECHNOLOGICAL UNIVERSITY OF LAOAG** sa **BAYANG MALAYO**, naging mangingibig saka kaaway ni Gabby si Regine sa Basagulero. Guro niya ito sa isang klase sa MA. Isinulat ni Gabby ang "Two Regines of Madness," tungkol sa representasyon ng kabaliwan sa mga pelikula nina Regine Velasquez at Regine Tolentino, bilang panlalandi sa kanyang propesor. Sa simula, binigyan ito ng gradong 2.0 ni Regine, dahil "hopelessly dated" ang references nito, lalo na kay Erving Goffman. Ngunit nang mapansin ang nakatagong acrostic (binaybay ni Gabby ang "I like you" gamit ang unang letra ng bawat talata ng kanyang papel, pitong beses na sunod-sunod, saka tatlong beses pa), hinabol pa ni Regine ang technician na nagtatrabaho sa IT Center ng **TUOL** para lang mabago ang grado ni Gabby sa 1.75. Dahil sa pagiging busy sa affair nila ni Gabby, hindi naipagtanggol nang buong loob ni Regine ang star pupil niyang si **LIKHA DIVA** nang masangkot ito sa isang hazing incident kung saan apat na estudyante ang namatay.

Isang matangkad at matipunong babae, "maganda ang bone structure" ayon kay Gabby, naging kalaguyo ni Regine ang dean ng College of Humanities and Social Sciences, si **IVAN ESCALERA**.

Hindi tulad ng kaibigan niyang si **DOROTHY PISTON**, cute na cute si Regine sa mga mala-kastilyong gusali ng **TUOL**. Isa siya sa mga nagprotesta nang masisante ang karamihan sa mga guro sa kanyang

College para mapondohan ang eksperimentong Lusob-Utak ng College of Natural Sciences. Sinamahan pa nga niya si Gabby sa pang-uusisa ng huli sa mga equipment ng eksperimento. Nang mapasok si Gabby sa isip ni Regine dahil sa malfunction sa Lusob-Utak, na-comatose ang propesor. Nagparamdam siya bilang isang usa kay Gabby sa loob ng kanyang isip, at nagsilbing gabay ng lalaki sa pagtakas sa mga bangungot, ang mga itinakwil at sinupil na takot at hiya ni Regine na bumulwak mula sa kanyang unconscious.

Pagkatapos makalabas ni Gabby sa isip ni Regine, inilahad ni Dorothy na isa siyang demonyo at ang tunay na dahilan kung bakit nagkaroon ng malfunction sa eksperimento. Kinaibigan lang pala ni Dorothy si Regine dahil nakita nito ang kinabukasan kung kailan magiging kalaguyo ni Regine si Gabby. Kakainin na sana ni Dorothy ang walang labang si Gabby nang magdasal si Regine mula sa kanyang pinakatago-tagong Aramaic prayer book, na ninakaw pa niya mula sa isang kaibigang archaeologist.

Pagkatapos ang adventure, pinuntahan ni Regine at Gabby ang archaeologist na ito, na nagngangalang **LUCIEN ORO**. Ngunit naging biktima na pala si Lucien ng salamangkerong si **BLANCA ENCARNACION**. Nang mahakawan ni Lucien ang prayer book, na hiyang-hiyang ibinabalik sa kanya ni Regine, nagbula ang bibig ng kawawang archaeologist. Paulit-ulit nitong inilista ang mga ibinebentang item sa isang malapit na grocery. Sa pagitan ng ragasa ng mga pangalan ng brand, nagmakaawa ito kay Gabby na patayin siya gamit ang isang sinaunang karit. Hindi makakilos si Gabby, pilit na sinisubukang intindihin kung may lohika sa pinaglilista ni Lucien, kaya si Regine ang napilitang tumapos sa buhay ng kaibigan. Pagkatapos magpa-oral sex kay Gabby ng "isang huling beses na lang," nakipag-break si Regine sa kanyang estudyante. Isang taon pagkatapos, inilibas niya ang kanyang monograph tungkol sa alamat ng **PANIKING NAKAKAKITA**.

**Lucy** Mayamang bayan sa **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**. Ang gobernador nito ang isa sa mga unang nagdeklara ng pagtiwalag sa pamumuno ng **HARI**. Kilala sa mga palaka nitong nagbibigay ng visions pag dinilaan.

**Luntiang Gabol** Mahirap na bayan sa **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**. Dahil pinag-aawayan ng iba't ibang **PANGINOON**, hindi agad nakapagdeklara kung pro o kontra sa **HARI**. Vibrant ang drug scene dito.

**Lupain ng mga Lamanlupa** Kinakalaban ng iba't ibang **PANGINOON** ang nanghihinang **HARI NG MGA LAMANLUPA** dahil sa

di-sinasadyang simbolikong paghihimagsik ni **SHARON HAYOP** at kamatayan ng heir-apparent na **PRINSIPE**. Kahit na watak-watak sila, nagkakaisa pa rin ang mga makapangyarihan sa ilang bagay. Halimbawa, ang pagmamatyag kay **KRISTINA JAYA**, na nakakabahala ang pagkahusay sa salamangka.

May local branch dito ang **CAFE CHOG**.

**Luz** Bayan ng mga **LAMANG**, hindi ito kailanman nabisita ni Gabby. Dito matatagpuan ang pinakamahabang dalampasigan sa buong mundo.

# M

**Madioga, Julia** Si Julia ay taong lumaki sa **KANLURAN**. Bagaman tao, mabuti ang pakikitungo sa kanya ng mga **TAGAKANLURAN**. Pero, iba ang tingin sa kanya ng ibang **LAMANLUPA**. Dahil dito, nang siya ay magdalaga, pumunta si Julia sa **ITAAS**, specifically sa **CALOOCAN**, para makasalamuha ang tulad niya. Agad siyang nakakuha ng trabaho bilang **TAGASIRA**. Matiyagang puta si Julia, at minsan sa kanyang pagroronda lumalampas siya ng city limits. Naging witness siya sa kamatayan ni (pero hindi sa pagsasaksak kay) **LINO CAIN** sa **QUEZON AVENUE**. Paboritong tambayan ni Julia ang mga **CAFE CHOG** na nagkalat sa buong **BAYANG MALAYO**, palibhasa'y ipinapaalala nito sa kanya ang lupaing kanyang iniwan.

Sa Basagulero, inilarawan kung paano siya nakipag-threesome kina **PAUL CAMUA** at **KALI ESCRIBA**, habang nakabantay si **KALASAG BAJU** sa may pinto. Dahil sa kahusayan sa pakikipagtalik, nagkaroon ng buzz tungkol kay Julia, at muntik na siyang mapasama sa sampung **TAGASIRANG** nagserbisyo kay **MARIA CLARA DAMASO** at sa **HARI NG KAMAO** sa **ALEXANDRIA**, nagkataon nga lang na may gig siya kasabay sa iskedyul ng martsa ng mga puwersa ng Hari sa opisina ng CEO ng **COMPANIA DE FAGIN**.

Pinalaki si Julia bilang deboto ng **ANGKAN NI HESUS**. Ilang beses siyang nagtangkang mag-iwan ng alay na bigas sa **PUNTOD** sa **HOLY JESUS CEMETARY**, pero hanggang **ABU ROAD** lang naman ang kanyang naabot bago siya patalsikin ng kung anong puwersa.

May kababata si Julia mula sa Kanluran na minahal siya nang lubusan. Sinundan siya nito hanggang sa Itaas, pero napariwara ito't naging gangster. Nagpanggap itong tao at naging kanang kamay ni **MARIO ORLANDO**--ang matapang kahit sa harap ng kamatayan na si **STEVE ENCARNACION**.

Naging kasintahan naman si Julia ng isang kostumer, si **BEN**, lider ng mga death squad sa **CAGAYAN DE ORO** at bago ito'y empleado sa **ORLANDO**

**AND FRIENDS CORPORATION**, sa madaling salita, parehong tauhan ni Mario sina Ben at Steve. Samantalang ang kilalang Julia ni Steve ay ang Julia ng kanyang kabataan, ng kanyang mga alaala, Nostalgia-Julia, mabuting kasintahan si Ben. Bukod sa pagiging robot, mala-**VIBRATOR** ang mga kamay nito, galante rin si Ben at adventurous. Magkasama nilang binista ang **SAN JUANICO BRIDGE**, **RIO GRANDE DE MINDANAO**, at **SOUTH CHINA SEA**. Gamit ang sopistikadong virtual reality technology, nilibot din nila ang **INDEX**.

Kahit na lampas isang taon nang magkasama si Julia at Ben, at lagi namang side by side magtrabaho si Steve at Ben, at dinadala ni Ben si Julia sa mga cookout at Christmas Party ng opisina, nalaman lang ni Steve na magkasama sina Ben at Julia nang isang gabing nagtatrabaho si Julia sa **HERMITA** (muli, lumampas siya sa city limits ng Caloocan), at sinubukan siyang rentahan ni Steve. Nag-usap sila nang matagal sa isang branch ng Cafe Chog, at pagkatapos ay sinugod ni Steve si Ben. Pinutakte lang si Steve ng mga alagang **NANAYT** ni Ben.

Nagpakasal sina Julia at Ben pagkatapos ng limang taong pagsasama. Ayaw magkaanak ni Julia dahil mula nang mamatay si Steve, natakot na siyang mawawala sa kanya ang mahahalagang tao sa kanyang buhay. Iginagalang naman ni Ben ang tindig na ito. Sa Fisting Yahweh, inilarawang magkasama sila sa Cagayan de Oro. Bagaman sapat ang kinikita ni Ben ay nagtatrabaho pa rin si Julia, dahil sa pagtatalik siya magaling, at ayaw niyang sayangin ang kanyang husay.

**Magkakapatid na Cain** Ilang beses nang naligtas nina Barry, John, Lino, Abel, Eva, at Georgia ang **QUEZON CITY** at iba pang lungsod at bayan, pero laging si **JOKER CAMUA** ang nakakatanggap ng papuri at gantimpala, dahilan para magtaksil si **LINO CAIN**, na ipinagkaluno si Joker kay **MARIO ORLANDO**. Pinatay si Lino ng isa sa kanyang mga kapatid. Naubusan siya ng dugo sa gitna ng **QUEZON AVENUE**. Malamang si Barry ang maysala.

**Magkakapatid na Talyer** Sikat na biologists. Lima silang eksperto sa cloning, samantalang ang bunso nila'y eksperto sa astrobiology. Kinikilala nilang pinsan si **LUKE TALYER**, pero itinatakwil nila ang kapatid nitong si **GEORGE TALYER**.

**Mais Maze** Kulungan sa **DUBLIN**. Teritoryo ng **CORN GOD**.

**Makina, Juan** Lider ng puwersa ng **CENSOR** nang sakupin nila ang **CLARK**. Ni-recruit niya si **GEMMA RED** sa Censor, pero nagkagalit din sila dahil sa polisiya at pananaw sa karahasan. Paborito niyang kanta ang "Kantot Heneral," na itinuro sa kanya ng mga tubero noong nag-aral

siya sa **BRAZIL**. Hinihinalang namatay nang bombahin ni **KRISTINA JAYA** ang Clark mula sa langit.

**Makabayan, Lapu-Lapu** Isang low level flunky ng **COMPANIA DE MERCADO**, at mataas na ranggong lider ng **DEMONYO NG COMPANIA**. Madalas siyang makitang kumakain sa **CAFETERIA**, nakikipagkuwentuhan sa mga janitor at sa busboy na kilala bilang **JANITOR**.

**Malate** Pugad ng mga **TAGASIRA** at mga terorista, lalo na ng mga miyembro ng **LA BAMBA**. Madalas dito si **VERDOLAGAS SALVI** at **SORA MATADOR**.

**Manansala, Berry** Nobelistang laging minamalas, ipinangalan ng tunay na Berry Manansala sa kanyang sarili ang isa sa mga matagumpay na heteronym ni Gabby Lamang. Ilan sa kanyang mga go-to genre ay ang fictional biographies, i.e. imbentong vida ng mga taong nabuhay talaga pero kakaunti lang ang impormasyong alam tungkol dito.

Inimbestigahan niya ang pagkamuhi ng mga tao laban sa mga alien sa nobelang Palusot, na maituturing na creative non-fiction. Ang paghahalo ng kasaysayan at fantasya ay mababasa rin sa Korporasyon, kung saan verbatim na inireport ni Berry ang huling talumpati ni LENIN bago ito mag-self exile papuntang **NETHERLANDS**.

Unang nalathalang libro ni Berry ang Basagulero, na noong una niyang sinumite sa **WE PRINT IT IN THE MORNING** ay may pamagat pang "Salamin ng Lipunan."

Masining na inilarawan ni Berry ang pagkawasak sa **CLARK** sa Fisting Yahweh.

Hindi naniniwala si Berry sa "originality" (pakana lang daw ito ng mga kapitalista), at sinulatan pa si **JENNIFER LAMANG** na nag-reject sa Ang Prinsepeng Ginahasa ni **HOMBRE LECHE** dahil lamang sa "pagkakahawig" nito sa Panaginip ng Baha ni Berry.

**Manekin** Asosasyon ng mga taong may object fetish, o iyong nais makipagtalik at makipagrelasyon sa mga bagay. Hindi lang seksuwal na pagnanasa ang sentral sa mga miyembro nito, tunay nilang minamahal ang mga bagay. Binibigyan nila ito ng pangalan, at pinapakasalan pag tamang panahon na. Madalas ay monogamous ang mga miyembro ng Manekin.

**Mang-Aalipin** Isang banda. Puros basagulero at durogista ang mga miyembro, kaya madalas silang nagbe-benefit concert para

linisin ang kanilang imahen. Epektibo ang ganitong estratehiya, at “good boys” ang nakatatak sa utak ng masa bilang brand ng Mang-aalipin. Nagkaroon, halimbawa, ng benefit concert para sa kanila nang malaman ng publiko ang ginawang panggagantso sa banda ng scammer na si **HOMBRE LECHE**.

Magkakapatid ang mga miyembro ng banda, triplets. Dahil sa kanilang espesyal na kondisyon, sinasabi nilang mayroon silang espesyal na insight hindi lang sa pagiging tao, kundi sa kalikasan ng banal. Sa kanilang mga kanta, lima na ang kanilang album, bukod sa tig-isang love song at pop song, tinatalakay nila ang tinatawag nilang “teolohiya ng kasamaan.” Paulit-ulit na binabalikan ng banda ang lumang tanong ng theodicy, kung makapangyarihan at mabuti ang Diyos, baka may kasamaan sa mundo?

Madalas, negatibo ang peg ng mga kanta. Pabalik-balik ang Mang-aalipin sa pag-usig sa tinatawag nilang “kahunghangan ng free will.” Isa sa kanilang sikat na linya ay: “Kung may kasamaan dahil may free will/E di hindi malaya tayo sa langit/O mabuti.” Ilan sa mga sikat nilang kanta na ito ang paksa ay “Iran Irenaeus” at “Ang Pinagmulan ni Origen.”

Ang album ng banda na pinakamahina ang benta ay ang Para kay Bram Cohen. Dito inilatag ng Mang-aalipin, pagkatapos mabatikos na puro lang sila pagsira at wala namang binubuo, ang kanilang sagot sa problema ng kasamaan. Bagaman mahirap maging isang daang porsiyentong sigurado sa kanilang kahulugan, dahil nga sa pamamagitan ng kanta imbes na sa pilosopikal na tratado nagpapahayag, ito ang reconstruction ng kanilang argumento. Dalawa ang premise nito, (1) mabuti ang Diyos at makapangyarihan; (2) may kasamaan sa mundo. Para masolusyonan ang kontradiksiyon na ito, kinalikot ng banda ang mga implikasyon ng pagiging perpekto ng Diyos. Dahil perpekto ang Diyos, hindi siya nagugulat, kaya di siya makaka-appreciate ng surprise party. Dahil perpekto ang Diyos, hindi siya makakaranas ng relief, dahil hindi naman siya nakakadama ng kapaguran. Ang gulat at relief ay mga mabuting bagay at, kung susundan ang lohika ng pagkaperpekto, hindi dapat sarado ang mga karanasang ito sa Diyos. Ito ang punto ng banda, na may set up ang Diyos kung saan nakakaranas siya ng mga kabutihang nararamdaman lamang pagkatapos mawala ng kasamaan: ang prosesong ito ang tinatawag na sangkatauhan (ang kanyang “Ang Prosesong Ito ang Tinatawag na Sangkatauhan” ang tanging kanta sa album na umabot sa Top 10, pero kahit ito’y top 2 lang ang inabot).

Hindi nagustuhan ng masa ang Para kay Bram Cohen. “Bumalik na lang sila sa paninira,” sabi ng isang kritiko, “doon sila magaling.” May

mangilan-ngilan namang nagkagusto ng album, pero sa kabuoan, pinakinggan ito ng iilan lamang, at iyong mga nakinig ay nakinig dahil diehard fan, o di kaya'y completists, at hindi dahil maganda ang musika. Pagkatapos ng isang interbyu kung saan ipinaliwanag ng triplets sa diskursibong paraan ang kanilang teolohiya (may mabusising pagbabasa pa sa isang maikling kuwento ni Philip K. Dick), nag-hiatus muna sila. Dalawang taon pagkatapos, lumabas ang kanilang album na Ang Aso at ang Leon, na nag-triple platinum pagkatapos ng tatlong oras.

Ito ang pinakaeksperimental na album ng banda. Pinaglaruan nila ang imahen ng aso at ng leon sa iba't ibang kultura. Dominante pa rin ang mga teolohikal na kanta (halimbawa ang "The Lion of Judah" at "Ipakain sa Aso ang Perlas na Bilog"), pero nagkaroon na rin ng puwesto para sa "purong musika." May mga single na rap, merong instrumental, merong single na puro lang katahimikan. Ang pinakasikat na kanta ay "Alegorya." Tungkol ito sa isang asong dapat ay kakainin ng isang leon. Para makatakas, sinabi ng aso sa leon na hawak ng kanyang mga kauri ang napakaraming leon. Upang patunayan sa gutom at nagdududang leon, ipinakita ng aso dito ang bawat puddle na kanilang madaanan, at paulit-ulit ang nakita ng leon: isang katulad niya ang kasama ng isang katulad ng aso.

**Manika, Arthur** Detective sa **PANADERO**. Dating kaibigan ni **TAMMUZ**. Dating **CANNIBAL**, nagbago ang kanyang panlasa nang makatimim siya ng **TIKBALANG**.

**Manila** Dating kapitolyo ng **BAYANG MALAYO**. Ngayon ay radioactive wasteland.

**Martin, Pax** Isang talunan na ubod bilis tumakbo, walang pinatutunguhan si Pax kahit napakamakapangyarihan ng kanyang abilidad. Nag-apply siya bilang **TAGASIRA** pero agad ding nasisante rin kaagad dahil walang gustong rumenta sa kanyang katawan.

Sa nobelang Fisting Yahweh, nakilala ni Pax si **KALGANG KABAYO** nang bumisita ang huli sa kanyang bayan, ang Red Light District ng **GONOREYA**. Nagsisilbing bugaw doon si Pax at kostumer naman si Kalgang Kabayo. Pinag-awayan ni Kalgang Kabayo at ni **KALI ESCRIBA** ang isang putang walang pangalan (lagi lang inaalala ni Kali ang "maumbok na Adam's apple" nito), at kumampi si Pax kay Kali, dahil ito ang may rekisitong papeles. Isang punit na **PAHINA** mula sa **AKLAT NG SANSINUKOB** ang hindi namalayang ipinangtip ni Kali kay Pax. Nang iuwi ito ni Pax, nagising na lang siyang nababalot ng **ARGAN**.

Dahil sa pagtaas ng kumpiyansa sa sarili, pinakiusapan ni Pax na isama siya ni Kali sa **BAYANG MALAYO**, para makapagsimula ng bagong buhay. Sumakay sila sa isang pribadong eroplano, ang asong si **LESLIE** ang piloto. Nang atakihin ang huli, napilitang i-crash land ni Kali ang eroplano. Hindi siya naging matagumpay, at namatay sana silang tatlo kung hindi lang lumawak pa ang Argan para balutin sila.

Napadpad ang tatlo sa **GUBAT NG MGA POSTE**, nasa may hilaga ng **QUEZON CITY**, kung saan tuloy-tuloy lang ang pagtalsik ng kidlat sa mga kawad, ang penomenang tinatawag na TAWAG. Dahil madamot si Kali at tulog pa rin si Leslie, suot-suot ang nanghihinang baluti ng Argan, sinubukang gamitin ni Pax ang isa sa napakaraming nakatiwangwang na telepono. Nakakonekta naman siya sa isang ospital, at nakahingi ng sundong ambulansiya.

Habang hinihintay ang tulong, naengkuwentro ng tatlo si **TOMAS PANGAKO**, isang higanteng bulong nang bulong. Gusto sana itong hamunin sa laban ni Kali, para patunayan ang lakas, at walang tigil naman ang pagtahol ni Leslie dito. Tanging si Pax lang ang nakipagkaibigan sa higante. Hindi sila magkaintindihan pero tuloy sila pagkukuwentuhan.

Dalawang ambulansiya ang dumating. Sakto kasing eleksiyon at gustong magpasiklab ng incumbent mayor at ng kalaban nitong dating congressman na umabot na sa term limit kaya nagbabalak maging mayor, walang iba kundi si **KRAMER KRAMER**. Nang tumanggi silang magpagamit sa mga politiko, itinambak ang tatlo, kasama si Tomas, sa **MUNTING RUSYA**, kung saan kumakain ang mga residente ng sanggol. Dahil wala namang sanggol sa kanilang apat, nakatakas sila nang walang nangyayaring masama.

Tumuloy silang apat sa bayan ng **RASEL**, kung saan bobo ang lahat ng tao. Buwan-buwan silang nag-aalay ng sanggol sa mayor ng Munting Rusya. Dito na humiwalay si Tomas, na sinamahan ni Leslie dahil sa pangakong makakapaghabol sila ng higanteng pusa sa bayan ng mga higante, ang **ELEY**. Sinubukang pigilan ni Pax ang pag-aalay ng sanggol ng mga taga-Rasel, pero hinabol lang silang dalawa ni Kali ng mga mamamayan nito. Nauwi sila sa **KART**, kung saan mas lalo pang bobo ang mga tao. Buwan-buwan, nag-aalay sila ng sanggol sa Rasel, sa paniniwalang ang mga tagaroon ang kumakain ng sanggol. Hindi nila alam ang tungkol sa Munting Rusya. Sinubukang pigilan ni Kali ang paglalahad ng katotohanan ni Pax, pero nagsapakan sila at si Pax ang nanalo. Nang ilantad niya ang realidad sa mga taga-Kart, naglaho ang huling piraso ng Argan na bumabalot sa kanya, at dinumog siya ng

taumbayan. Gamit ang kanyang bilis, nagawa pa rin niyang tumakas, karga-karga ang walang malay na si Kali.

Sa sobrang bilis ng takbo ni Pax, napunta sila sa kinabukasan, sa **VINLUAN HIGH**, kung saan nagaganap ang walang hanggang labanan nina **APOY LAGABLAB** at ng buhay pa palang **ULAN LAMANG**. Nagitla si Apoy sa pagdating nina Pax, kaya't napatay ito ni Ulan. Bilang pambayad sa kanyang krimen, pumalit sa Pax sa puwesto ni Apoy at siya naman ang naging walang hanggang kaaway ni Ulan. Nang magkamalay si Kali, natagpuan niya ang kanyang sarili sa isang misteryosong eskuwelahan, isang libong taon mula sa kanyang pinagmulan.

**Matador, Lolo** Mentor ni **BABARIL ALAK** sa pagkatay ng baboy. Singkit, madulas ang balat at buhok, matangkad, at may nakabibighaning ngiti. Tulad ng kanyang tatay at lolo, vegetarian si Lolo. Idea niyang magsimulang mag-diversify sa mga produkto ang bayan ng **KATAYAN**. Siya ang unang nagdala ng baka sa Katayan, at nakumbinsi rin niya ang mayor na magbigay ng incentive at subsidy sa mga magsisimula ng poultry business.

**Matador, Ramon "Boy"** Batang kapatid ni **LOLO MATADOR**. Big time sa **KATAYAN**. Kinumbinsi ni **VERDOLAGAS SALVI** na magbenta na lang ng tofu. Madalas silang magdebate tungkol sa homophobia.

Nagsilbing "village elder" si Boy sa Katayan sa matagal na panahon. Hirap na hirap siya sa kanyang posisyon, lalo na pag hinihiling na magdesisyon siya tungkol sa isang kaso. Sa isang banda, hedonist si Boy. Wala siyang ibang gustong gawin kundi kumain ng sitsaron at tumungga ng iba't ibang uri ng softdrinks. Bumili siya ng malaking monitor para sa kanyang computer, na nagsisilbi ring kanyang telebisyon. Pero, dahil na rin sa kanyang Kuya, napupuno siya ng pasyon at pagmamahal para sa kanyang bayan. Paniniwala niyang dapat maging mahusay ang bawat mamamayan ng Katayan. Kaya marahas siya sa lahat ng kriminal, jaywalking man o kidnapping ang kasalanan. Dahil dito, lumubha nang lumubha ang pagiging draconian ng kanyang mga hatol.

Isang beses dumating sa kanya ang isang kaso. Noong nakaraang gabi raw, kuwento ng na-**UPLIFT** na pugo, tinapakan ng usa ang kanyang mga itlog. Paliwanag ng usa, na na-uplift na rin, dahil ito sa pagkahol ng aso. Paliwanag ng aso, uplift din, nagkakahol lang siya dahil sa pag-iingay ng kuwago. Paliwanag ng kuwago, uplift din, nag-iingay lang siya dahil sa pagtusok ng putakti. Paliwanag ng putakti, tinusok lang niya ang kuwago dahil ginulo nito ang kanilang pugad. "Kung gayon," sabi ni

Boy, “dalawa ang pagkakasala ng kuwago. Direktang paggulo sa pugad ng putakti, at indirektang pagpatay sa mga itlog ng pugo.” Pinapugutan niya ng ulo ang kuwago. Dahil dito, nagprotesta ang mga miyembro ng uplift community sa Katayan. Specieist daw si Boy. Kahit ang putakti at pugo ay sumali sa mga rally, ang gusto lang naman nila ay makulong ang kuwago, hindi patayin.

Hindi pinarusahan si Boy dahil ayon naman sa batas ang pagpapapugot niya sa ulo ng kuwago. Pero bumigat nang bumigat ang kanyang loob. Patuloy siya sa kanyang mga tungkulin, pero natuklasan niyang hindi lang ang maysala kundi pati siya ay napaparusahan sa bawat deklarasyon ng sentensiya. Nakakakonsensiya pala ang pagpapatupad ng batas. Pero wala naman siyang makitang solusyon. Hindi ba dapat parusahan ang mga nagkakamali? Hindi ba’t ang awa ang dahilan kung bakit naaabuso ang mga api ng mga nang-aapi? Pakiramdam nga niya minsan ay masyado siyang mabait. Na pinapalusot niya iyong mga magaling maglaro ng mata, mahusay sa paawa epek.

Gabi-gabi siyang nagdarasal na bigyan siya ng pasensiya. Gusto niyang maging malumanay imbes na maging magaspang. Gusto niyang mawaglit ang galit at pagkamuhi sa kanyang puso. Dahil sa totoo, hindi lang siya nahihirapan. Natatakot din siya. Sa kanyang paghuhusga, marami na rin siyang mga siraulong nakaengkuwentro. Natatakot siya na isang araw ay may sumaksak na lang sa kanya sa eskinita, o di kaya’y may lumusot na administrative case at mapatanggal siya sa konseho ng “village elders.” Iyon pa naman ang batis ng kanyang karangyaan!

Sa huli, si Verdolagas din ang kumumbinsi sa kanya na “mag-phone in” na lang. Palusutin na lang daw niya nang palusutin ang lahat ng madaan sa kanyang kaso. Ito lamang ang solusyon para mawalan na siya ng sakit ng ulo. Unti-unti, lahat ng jaywalker at kidnapper sa Katayan ay napawalang-sala. Hindi rin naman lumala ang sitwasyon ng kanilang bayan, pero hindi ito nag-improve. Dito napatunayan ni Boy na hindi ang pagpaparusa sa mga kriminal ang solusyon sa problema ng Katayan. Na ang batis ng kanilang pagiging backwards ay ang ekonomikong dominasyon ng mga nasa sentro sa **QUEZON CITY**, at mga multinasyonal na kompanya tulad ng **COMPANIA DE MERCADO**.

**Matador, Sora** Madalas sa **MALATE** kasama ang kastratong si **SALVI VERDOLAGAS**. May MA si Sora sa Pilosopiya at Ph.D. sa Comparative Literature. Nagtuturo siya ng pre-school sa **KATAYAN**.

Mabuting tao si Sora, pero enabler. Isa sa pinakamatalik niyang kaibigan si **AMOMOWAI TATALAONGA**. Madalas silang magbangka sa ilog, kung saan

tumitira si Amomowai ng espesyal na heroin na tinatawag na "heron" pero mas gusto niyang tawaging "heroine." Alam ni Sora na limang tira lang dapat ang maximum na ibigay niya kay Amomowai, pero madalas itong humirit ng pahabol, kaya madalas ay anim na tira ang ibinibigay ni Sora sa kaibigan. Isang beses, nakaanim na si Amomowai pero nangungulit pa rin. Bumigay naman si Sora at hinayaang makapito ang kaibigan. Nag-overdose si Amomowai at namatay. Hinulog ni Sora ang bangkay sa gitna ng ilog, at kada isang tao namamangka siyang mag-isa para alalahanin ang kanyang nawalang kaibigan.

Maraming talento si Sora pero marami din siyang kakulangan. Lagi siyang gutom para sa bagong karunungan. Nag-aaral siya ng Aleman at Español. Gayundin, madalas siyang nagre-research tungkol sa computer programming (Python) at nanonood ng tutorials sa YouTube tungkol sa Photoshop at Blender.

Walang pasensiya si Sora at mabilis na magalit. Nagtatanim din siya ng sama ng loob. Dahil hindi naman niya maparusahan ang kanyang mga estudyante, nag-oobses siya tungkol sa mga magulang nila. Mayroon siyang mahabang listahan ng mga hinanakit, na bago matulog gabi-gabi ay kanyang binabasa. Madalas siyang mag-daydream tungkol sa iba't ibang uri ng pagpaparusa at kamatayan ng kanyang mga "kaaway." Kahit ang kanyang mga kaibigan at kamag-anak ay mabilis niyang kainisan, at buti na nga lang at financially dependent siya sa mga ito kaya hindi niya tinotodo ang kanyang mga tantrum. Kung hindi, matagal na siyang walang kausap sa mundo. May mga nagsasabing sinadya niya ma-overdose si Amomowai.

Higit sa lahat, mabigat sa mga balikat ni Sora ang demand na maging matagumpay siya. Hindi lang dapat siya magkaroon ng Ph.D., dapat matanggap siya sa isang post-doctoral program. Dapat makatanggap siya ng grant. Hindi lang siya dapat makapagpalathala ng libro sa isang sikat na publisher, dapat maging bestseller ito. Dapat maraming like ang kanyang mga Facebook status. Dapat lagi siyang maganda sa Instagram.

Madalas kumakain nang sobra si Sora. Noong una, para lang ito ma-block ang lungkot ng kamatayan ni Amomowai, at ng papel niya rito. Pero nang lumaon, paraan ito para unti-unting patayin na rin ang kanyang sarili. Pakiramdam niya kasi, hindi na siya bagay mabuhay sa mundo. Masyado siyang wirdo, at nawala ang tanging taong nakakaintindi sa kanya.

Pero minsan din, naaalala ni Sora na kaya naman niyang maging mag-isa. Na hindi naman nakadepende ang kanyang kaligayahan kay

Amomowai, o sa kahit sino pa. Wala naman kasing obligasyon ang tao na maging kahit ano. Sa kanyang pananaw, para lang hayop ang tao, ang tangi nitong layunin sa buhay ay manatiling buhay. Laging kailangang ipaalala ni Sora sa kanyang sarili na hindi niya kailangang iligtas ang mundo, o ang kahit na sino. Si Amomowai man o ang mga batang lansangan sa kanyang paligid.

**Mcarthur, Doglas** Ang pinakadakilang mamamatay-tayo sa kasaysayan ng mundo.

**Mindoro** Isang daang kilometro sa baba ng **QUEZON CITY**. Tahimik na bayan, maraming nakatira ditong **UPLIFT**.

**Mion** Sister city ng **THE CHOW**. Nang itago ng **HARI NG KAMAO** ang The Chow mula sa mga kaaway niya sa pamamagitan ng isang time loop, ginamit ng kanyang mga kaaway ang Mion bilang lunsaran ng mga berdugo at assassin.

**Moscow** Pinakakonserbatibong ciudad sa Russia. Bawal dito ang mga jakolero, fetishist, at miyembro ng BDSM culture.

**Motorsiklo ni Hudas** Mistikal na sasakyan na ipinamana kay Gabby, nagagamit lang niya ito pag may balak siya sa kanyang kakampi o kaibigan o inosenteng pagtataksilan. Maaari itong tawagin ng sinumang nakakaalam ng lihim ng pagpapatakbo nito, na kadalasa'y mga iskolar ng **TINTA NG PAHINA**, tulad ni **TREJO BIKINI** at **BRUJO XIXARD**. Madalas itong gamitin ni Gabby para mang-impress ng kanyang nililigawan.

Sa kinabukasan, sa sosyalistang utopia, piyesa na lamang ito sa museo-bantayog sa **PACO PARK**.

**MRT - Buendia Station** Lubog sa tubig, isa ito sa huling estasyon ng tren sa **BAYANG MALAYO** na gumagana nang maayos. Dito binitag ni **MARIO ORLANDO** si **JOKER CAMUA**, gamit ang tulong ni **LINO CAIN**. Paborito itong tambayan ng mga mahilig sa adventure, anarkista, green activist, salamangkero, at iba pa.

**MRT - Ortigas Station** Hindi gumagana ang elevator, ang mga hagdan nito ay walang hanggan. Ang mga nabibitag dito'y may malaking tsansang maging **ZOMBIE**.

**Mugto, Igor** Utusan ni **TESUS MUGTO** at katrabaho ni **CLARO RECTO ESPEJO**. Ilang beses din silang nagbulakbol at prank war. Matangkad si Igor, slim pero hindi payat. Singkit siya at pula ang mga pisngi. Eczema daw ito sabi ni Claro, pero inggit lang siya dahil habulin ng babae si Igor.

**Mugto, Randy** Isang siyentista. Matangkad, ma-abs, at may nunal sa tungki ng ilong. Asawa ni **ARA CABRON**. Pag-aari ni **MARIA CLARA DAMASO**.

**Mugto, Tesus** Tinaguriang mad scientist, relihiyoso siya at proponent ng transhumanism. Pinalitan niya ang buong katawan pati utak ni **KANTA SUN**, at natuklasang meron pala talagang kaluluwa ang mga tao. Tinulungan niya si **TAMMUZ** na mahuli ang serial killer na **HINETE** sa **PANADERO** dahil gusto niyang pag-eksperimentuhan ang **TIKBALANG**. Pero bago niya makuha ang bangkay, kinain ito ni **ARTHUR MANIKA**. Nagsimula siyang mag-eksperimento sa piratang kopya ng **AKLAT NG SANSINUKOB** sa tulong ni **ALLAN KAHOY**. Mababa ang kanyang pasuweldo sa mga utusan tulad ni **CLARO RECTO ESPEJO**, pero tino-tutor niya ang mga ito tungkol sa agham. Ayon sa kanya, "mas malaking bayad ang karunugan kumpara sa pera." Kasama sina **CLARO RECTO ESPEJO** at **ISABELLA PATA**, lumahok si Tesus sa collaboration-symposium sa **LISBON**, pinamagatang "Ang Natatalo."

**Multo ng Meron** Ayon sa pamahiin, kapag pumunit ang sinomang nilalang ng isang pahina ng **AKLAT NG SANSINUKOB**, dudugo ito't lalabas ang Multo.

**Mummy** Isang private military company, na nagrerenta ng mga sundalong mercenary.

**Munting Rusya** Bayan kung saan kumakain sila ng sanggol. Ilang beses na ring nagpapabagsak ng eroplano ang mga sundalong Rusyan gamit ang mga kakarag-karag nang SAM. Sa pamumuno ni **KULANG LAMANG**, tumindi ang katakawan ng mga residente ng Munting Rusya para sa mga sanggol. Nagsimula silang mang-raid ng mga karatig-bayan. Kumakain din naman ng ibang uri ng karne ang mga Rusyan. Ang **KATAYAN** ang source ng baboy nila, kaya hindi nila ito nire-raid. Meron ding mga **CANNIBAL** sa Munting Rusya na hindi lang sanggol kundi lahat ng uri ng tao ang kinakain. Madalas silang mambitag ng dalawa, at ipinapakain ang isa sa isa para maligtas ang buhay, at maging miyembro nila. Kaunting kibot lang at maaari nang makulong sa Munting Rusya. May mga umihi lang sa poste'y pinababartolina na ng tatlong linggo.

Bagaman land-locked, may lighthouse ang Munting Rusya, na gumagabay sa mga barko sa **ILOG RUSYA**.

**Musika, Halamat** Kritiko ng musika at kalahati ng folk music duong Halamat, Halamat Musika, kasama ng kanyang asawang si

**MUERTE MUSIKA**. Maka-Schopenhauer, naniniwala si Halamat na ang pagiging non-representational ng musika ang pinakamahalagang katangian nito. Alam agad ng fans kung alin sa album ang mga kantang isinulat ni Halamat, kasi ito ang walang lyrics. Naniniwala rin si Halamat na ang esensiya ng sining ay hindi sa pagsalamin nito sa realidad, kaya nga iginigiit niyang hindi representational ang cover art ng mga album nila ni Muerte. Hiniwalayan ni Halamat si Muerte nang malaman niyang kinukumbinsi pala ng lyrics ng mga kanta na gawa ng kanyang asawa ang mga nakikinig na magpakamatay.

Sinubukang maging solo artist ni Halamat, pero hindi siya naging matagumpay. Nakipag-collaborate siya sa ilang makata mula sa **DINOSAUR CABAL**, iyong modernist faction na ang hilig ay maging obscurantist. Nakapaglabas sila ng isang anti-war concept album, puno ng spoken word recordings at instrumentals. Pinalaganap ito sa samizdat channels ng Cabal, at mainit na tinanggap ng underground community. Nakipagpartner din si Halamat kay **ANASTASIA XABAYO**, isang Rusong zoologist na ang pananaliksik ay nakasentro sa paggawa ng musika ng mga hayop. Isang serye ng YouTube videos ang naging proyekto nila, kung saan nakipag-jam si Halamat sa mga ibong humuhuni, dolphin na tumatawa, at asong kumakahol.

Nang maubos na ang pagkamalikhaing nahihigop niya mula sa **BAYANG MALAYO**, sumama si Halamat kay Anastasia sa Russia. Bilang laro, sumulat siya ng mga tula, dula, maikling kuwento, at nobela, alinsunod sa mga prinsipyo ng kinamumuhian niyang socialist realism. Nalathala ang mga ito sa **ST. PETERSBURG**, at sinunog naman sa **MOSCOW**.

Hinanting ng mga ahente ni **LENIN** si Halamat, at kinailangan niyang magtago sa **KIEV**. Dito niya nakilala si **VLADIMIR XALAMANDER**, isang ex-con na gumagawa ng mga pekeng papels (ID, passport, birth certificate, atbp). Naging lover ni Halamat si Vladimir, habang patuloy na tumatanggap ng stipend mula kay Anastasia. Bagaman ang dalawa ang naging pinakaimportanteng tao sa buhay niya (bestfriend at kalaguyo), hindi kailanman nagkakilala ang dalawa. Pinaslang ng mga ahente ni **LENIN** si Vladimir nang magpunta ito sa Moscow para sa isang arms deal, samantalang kinain naman ng hippopotamus si Anastasia.

Tumakas papuntang **SEVASTOPOL** si Halamat, kung saan niya itinayo ang **SEVASTOPOL BOOKSTORE**. Mula rito naglunsad siya ng serye ng mga aklat, album, YouTube channels, seminar, at conferences laban kay Lenin. Marami sa mga tao sa kanyang paligid ang nag-akalang suicidal lang si Halamat. Sa totoo, hindi niya naisip na baka ipapatay siya ni

Lenin dahil “sobrang sikat ko na kaya.” Hindi nga siya pinapatay ni Lenin, na nagsabing “Hindi mo ipinapapatay si Voltaire.”

Dahil sa kanyang patuloy na pagiging impluwensiyal, naging simbolo si Halamat ng resistance laban sa diktadura ni Lenin. Naging rallying point siya ng mga puwersang nais tanggalin si Lenin mula sa kapangyarihan. Isang CIA-backed riot ang naganap sa **ROSTOV**. Nang makita ni Lenin na hindi takot ang mga tao roon kahit sa mga tangke, nagdesisyon siyang lumisan na sa Russia. Ini-record ni **BERRY MANANSALA** ang makabagbag-damdaming huling talumpati ng lider sa nobelang Korporasyon, kung saan nagmula ang mga sikat na catchphrase tulad ng: “May lambing lang sa pinakamagaspang na hiling, na wala nang magugutom,” “Walang mabuting tao sa masamang mundo,” at “Walang pag-ibig na hindi umaalingawngaw.”

Umuwi si Halamat sa **BAYANG MALAYO** pagkatapos mapatalsik ni Lenin. Naging empleado siya ng **WE PRINT IT IN THE MORNING**. Araw-araw siyang nagbigay ng seminar tungkol sa pagsusulat ng propaganda. Mataas ang standards bilang guro, madalas mangutos si Halamat ng mga estudyanteng hindi alam ang pagkakaiba ng “graffiti” at “street art.”

Noong 2030, idineklara si Halamat bilang Santa ng **GULO** ng Kulto, parangal na hindi niya hiningi, o tinanggap.

**Musika, Muerte** Bahagi ng duo na Halamat, Halamat Musika, kasama ang kanyang asawang si **HALAMAT MUSIKA**. Bagaman malaki ang respeto ni Muerte sa lalaki, hindi ito ang kanyang pinakamamahal.

Noong dalaga pa lamang si Muerte, nahulog ang kanyang loob sa isang na-**UPLIFT** na sugpo na nagngangalang **JEREMY SUGPO**. Matagal ding niligawan ng babae ang sugpo bago ito mapaibig. Ikinasal sila sa may dalampasigan. Hiniling ni Jeremy na tumira sila sa ibabaw ng isang bato malapit sa breakwater sa **MAYNILA**. Pumayag naman si Muerte. Kaso, noong ikalimang araw, nadulas siya sa lumot at muntik nang malunod. Dahil dito, hiniling niya kay Jeremy na tumira sila sa **QUEZON CITY**, sa puso ng lungsod. Pumayag naman si Jeremy. Kaso, habang tumatagal sa Quezon City, nararamdaman ni Jeremy na naluluto siya ng mapangahas na araw. Hiniling naman niyang bumalik sila paminsan-minsan ni Muerte sa kanyang bato sa may breakwater.

Kahit na kalahati ng mga araw nila’y sa biyahe lang napupunta, masaya naman ang naging unang mga linggo ng mag-asawa. Pero, nang matapos na ang honeymoon period, napansin ni Jeremy na naging malungkot si Muerte. Sa una’y ayaw pang magpaliwanag ng babae, pero

nang pilitin, nagkuwento ito tungkol sa pangarap na maging musikero. "Nasa pangalan ko pa nga!" (Si Muerte ay pinsan ni Halamat.)

Hindi makagawa ng musika si Muerte dahil tagtag ito sa biyahe. Laging pagod pag-uwi nila, sa Maynila man o sa Quezon City. Nahawa ng lungkot si Jeremy. Isang araw, sa bahay nila sa Quezon City, nagising si Muerte na wala ang asawa sa tabi. Inisip niyang bumili lang ito ng pandesal, kaya nag-init na lang ng tubig pangkape si Muerte. Nang dumaan ang ilang minuto at wala pa rin si Jeremy, nag-alala na siya. Iniwan niya ang sumisipol na takure sa kusina. Hinanap niya ang asawa at natagpuan sa kanilang bubong. Nagpatiwakal pala ito, nagpaluto sa araw. Isang oras din niyang tahimik na hinahaplos ang bangkay nito sa bubong. Nagising na lang si Muerte mula sa kanyang trance ng wang-wang ng mga bombero. Nasusunog na pala ang kanyang bahay.

Nakatakas si Muerte, pero naiwan para masunog ang luto na ngang bangkay ng kanyang pinakamamahal. Umuwi siya sa kanilang bahay sa bato sa may breakwater, at doon nanirahan ng halos isang dekada. Ilang beses siyang nadulas at muntikang malunod, at ilang beses din niyang naisip na, bagaman magkakaroon ng symmetry ito sa kamatayan ni Jeremy, ayaw pa niyang mamatay.

Ibinuhos niya ang kanyang enerhiya sa musika.

Puro dirge at elegy ang unang mga likha ni Muerte. Dahil may duda pa rin sa kanyang husay sa musika, pina-critique niya ang kanyang mga komposisyon sa kanyang pinsan. Nagustuhan naman ni Halamat ang mga piyesa, at kinulit nito si Muerte na magbuo sila ng duo. Idinaos ang unang gig nila sa ikalabinlimang anibersaryo ng kamatayan ni Jeremy. Mula noon ay lumakas na ang presensiya ng Halamat, Halamat Musika sa music scene ng **BAYANG MALAYO**. Para i-solidify ang kanilang brand bilang artist-couple, niyaya ni Halamat na magpakasal si Muerte. Pumayag naman ito, sa kondisyong hindi sila kahit kailanman magtatalik. Kasikatan lang naman ang tanging habol, pumayag si Halamat, at nangako pa itong hindi rin makikipagtalik sa ibang tao.

**My Khe** Isang tahimik na bayan. Madalang ang krimen dito, kaya't gulat na gulat ang pulis na si **BANYAGA TANGERINE** nang matagpuan ang pugot na ulo ni **DEGREE CALVIN** sa parking lot ng police station. Sensitibo ang mga mamamayan nito sa implikasyon ng mito ng **PANIKING NAKAKAKITA**.

**Myan, Jose** Isang call center agent na nanalo sa lotto. Ginamit niya ang napanalunan para itatag ang Jose Myan Publishing dahi laging nare-reject ang kanyang mga manuskrito. Banned siya sa office ng **WE**

**PRINT IT IN THE MORNING.** Tinitingala ni **NICOLAS JORDAN** bilang tatay figure at mentor.

Isang tahimik at mahiyaing tao, iniwan din ni Jose ang kanyang business pagkatapos maging bestseller ang Tatlong Dula ni Jordan. Bumili siya ng malaking lupa sa **MINDORO**, 2,000 ektarya. Pinaligiran niya ito ng mataas na pader. Tinawag niya itong fortress. Nagpatayo siya ng bahay na may apat na palapag. Sa unang palapag, may swimming pool. Narito rin ang banyong may bath tub at body shower. Sa ikalawang palapag, naroon ang kanyang library. Sa ikatlong palapag, naroon ang mga video games niya, mulang refurbished na Family Computer mula Atari hanggang sa pinakabagong VR, nilalaro niya araw-araw. Meron din ditong billiards table, ping pong table, at isang lane na nagsisilbing bowling alley. Sa ikaapat na palapag, naroon ang mga kama. Merong duyan, meron double deck, merong banig, merong folding bed, at merong four poster bed. Meron ding roof deck si Jose, kung saan siya nag-iihaw ng baboy. Sa kanyang bakuran, imbes na hardin ay race track ang matatagpuan. May dalawang ATV si Jose, bukod sa kanyang traysikad. Aktibo si Jose sa social media, lalo na sa Instagram. Bumili siya ng DSLR na camera para kumuha ng magandang pictures, pagkatapos ay pinapasok niya ito sa cellphone para i-upload sa kanyang Instagram. Marami siyang nakukuhang likes, pero wala masyadong nagagawang awtentikong ugnayan.

Natuklasan ni Jose na hindi rin pala napupunuan ng mga materyal na pag-aari ang kalungkutan ng isang tao, kaya lumabas-labas din siya sa mga bar. Isang gabi, nakilala niya si **DAGA HERET**, isang na-**UPLIFT** na daga. Matalino si Daga, scholar ito ng astrophysics at antropolohiya. Muntik na nitong ma-solve ang Fermi Paradox nang magpakita ang mga **ALIEN** sa kalangitan. Pareho sila ni Jose na naghahanap lang ng makakasama sa mundo, gusto lang makaiwas sa gulo, at subukang maging maligaya. Anim na buwan silang nag-date, saka nagyaya ng kasal si Jose. Nabigla si Daga, pero "pag alam mo, alam mo," at ikinasal sila isang linggo lang pagkatapos.

Sumunod ang isang taon ng saya. Panay ang picture ni Jose sa asawa, post siya nang post sa Instagram. Lumangoy sila sa swimming pool, nag-relax sa bath tub, nagsubok magsulat si Daga tungkol sa fetishism ni Jose sa video games. Nang makumbinsi ni Daga na tumigil na sa pagkain ng hayop ang asawa, saka ito pumayag na mag-anak sila. Lumipas ang apat na buwan saka naging positive ang resulta ng pregnancy test ni Daga. Super saya ni Jose, at agad niyang inilipat ang laman ng ikalawang palapag sa ikatlo, para gawing baby room ang

second floor. Hindi na fortress ang kanyang bahay, isa na itong tahanan. Tumigil na rin siya sa pagpi-picture masyado, “Ang buhay dinaranas, hindi nirereretratuhan,” sabi pa niya.

Dahil sampung libong taon na ang agham ng midwifery at isang libong taon pa lang ang obstetrics, gusto ni Daga na komadrona ang magpaanak sa kanya. May naset up silang eksperto, pero umatras ito via text sa saktong sandaling pumutok ang panubigan ni Daga. Pinalabas niya ng bahay si Jose para maghanap ng komadrona. “Kailangan ‘yung madulas ang tinig!” bilin niya.

Unang naengkuwentro ni Jose ang isang uplifted na baka. Tinanong niya kung komadrona ito. Affirmative ang sagot ng baka, pero magaspang ang boses nito. Tumuloy si Jose sa paghahanap. Sunod siyang nakasalubong ng uplifted na aso. Tinanong niya ulit kung komadrona ito. Kahit na “Oo” ang sagot, hindi ito dinala ni Jose pabalik ng bahay dahil nakakatusok ang boses ng aso. Sa wakas nakasalubong siya ng pusa. Ito na mismo ang nagpakilala bilang komadrona, dahil kumalat na sa Mindoro na may taong naghahanap ng midwife. Ang maganda sa pusa, melodious ang tinig nito. Parang nangingiliti. Dinala agad ni Jose ang pusa sa kanyang asawa. Sakto naman dahil dilated na ang cervix ni Daga, na naghihintay sa swimming pool. Pumuslit lang si Jose papunta sa ikalawang palapag para kunin ang kanyang DSLR camera. Habang hinahalughog ni Jose ang kuwartong tambak ng video games at libro, narinig niyang umiyak ang bagong silang na anak. Saktong natagpuan niya ang camera. Sumugod siya pababa at natagpuang kinakain ng komadrona ang kanyang asawa.

# N

**Nagasaki, Hiroshima** Isang aktibistang tatlo ang paa.

**Nagbilao** Halimaw sa larong Dating Buhay, di-umano'y nagmamay-ari ng lahat ng alimasag at alimango sa dalampasigan.

**Nanayt** Grey goo. Si **BEN** ang unang lumikha sa kanila, pero hindi sila pagmamay-ari ninuman.

**National Museum** Peke ang Spoliarium na naka-display dito. Ang orihinal ay nasa penthouse room ni **LIKHA DIVA** sa **HOTEL PORNIA**.

**Netherlands** Politically incorrect na tawag sa ari ng mga babae. Lahat ng **PUERTA NG LISBON** ay Netherlands, pero hindi lahat ng Netherlands ay Puerta ng Lisbon.

**Nicolas, Jordan** Isang aktres. Sa nobelang Ang Awit ng Pag-ibig, pinanood ng mga miyembro ng Katipunan ang kanyang dulang Daluyan, tungkol sa isang laro ng basketbol. Bahagi ng isang eksperimental na grupong pangteatro, si Jordan ang sumulat ng script, na "real time" ang paglalaro ng buong apat na quarters. Nagsisilbi rin bilang set designer at stage manager, miyembro si Jordan ng **ANARKISTA KOLEKTIB**, bahagi ng decentralized committee for literature and the arts, kung kaya't lagi s'yang naghahabol ng mga avant-garde na teknik. Kasama sa audience, nang palihim, si **BEN ZAYB**, pati na rin sina **HAPON KAWABATA**, **ELIZABETH STRAPON**, at **JIMMY DELOS REYES**.

Direktor ng Daluyan si **SHELDON SILYA**, na dati'y race car driver sa **VALHALLA** (naging kaibigan niya ang may ulo pa noong si **ETS JI BUENO**). Espesyal na sasakyan ni Silya ang **SCHOOL BUS**, na hindi bus kundi kotseng hugis duploid. Kasama naman sa cast si **LESLIE**, bilang lead na si Mike Donald. Dapat kapares niya si **JACQUELINE KAWABATA**, na gaganap dapat bilang Rawen Remibio, pero dahil nagdiva-divahan ang babae, dinemote siya ni Silya sa role ng high school mascot (aso para sa Benigno Aldana Askalz).

Bagaman walang opisyal na papel, sa entablado man o sa likuran nito, maraming itinulong si Gabby sa produksiyon, palibhasa'y dalawa sa mga kaibigan niya ay artista. Lax si Silya sa ibang aspekto ng dula na walang kinalaman sa pag-arte, samantalang obsessed naman si Jordan sa pagiging makatotohanan ng props. Ginamit nila ni Gabby ang **MOTORSIKLO NI HUDAS** para pumunta ng **OSPITAL SIPILIS** (para sa mga syringe na kailangan sa eksena ng drug use), **PAMANA** (para sa gamit na condom), at **STASI** (para sa mga baril). May tsismis na kumalat sa buong theatre group na nagseseks sina Gabby at Jordan, pero bukod sa isang extra na nakasaksi sa isang insidente ng pagyayakapan, wala namang maibigay na pruweba ang mga tsismoso. Na-inspire si Jordan sa naging bulung-bulungan tungkol sa kanila ni Gabby, at nagkaroon ng last minute changes sa script kung saan di-umano'y nilalandi ni Mike Donald si Rawen Remibio.

Mapamahiing tao si Jordan. Naniniwala siyang may kapangyarihan ang oras, at pinilit niya si Silya na dapat magsimula ang dula nang eksaktong alas-otso sa umaga. Importanteng oras daw ito, dahil alas-otso nasakop ng **CENSOR** ang **CLARK**, gayundin, alas-otso binuksan ng mga Pranses ang **BASTILLE**, at alas-otso unang tumapak si **HITLER** sa **OPEN CITY - LONDON**. Kinailangan pa ngang i-blackmail ni Jordan si **JOSE OKE** para ibigay sa kanya ang address ni **OLIVER PIHIT**, isang kostumer sa **JOSE OKE'S VIDEOKE** na nagsimula ng session mulang alas-otso ng gabi hanggang alas-otso ng umaga. Gumanap si Oliver bilang Errold Savet, best friend ni Mike Donald.

Naging matagumpay ang Daluyan, pero hindi ang sumunod na dula ni Jordan, ang ikalawa sa kanyang "Incest Trilogy," na may pamagat na Kuneho ni Hesus. Sa nobelang Sampung mga Daliri, inilarawan ang pagtatanghal ng musical sa Jose Oke's Videoke. Si Silya ulit ang direktor, at bida naman si Oliver bilang Thor Hosto. Si Jordan ang gumanap bilang Loki Hosto. Tungkol ang dula sa panggagahasa ng dalawang singer sa isang kinse anyos na stand-up comedian. Isang gabi lang ang itinagal ng pagtatanghal, agad itong pinasara ng pasistang gobyerno ng **BAYANG MALAYO** dahil sa pagiging hawig ng kuwento ng dula sa noo'y nababalitang kino-cover up na krimen nina **AMERICAN APIST** at **HALIWUD APIST**, magkapatid na singing duo. Mabilis na binan ang Kuneho ni Hesus sa buong bayan. Naitanghal itong muli, sa saling Aleman, sa **FRANKFURT**, nang may backing ng **KUNEHO MOTOREN WERKE**, sa pamagat na Du Kannst von die Warheit Verstecken.

Sa Ang Bukas na Aklat, inilarawan kung paanong naloko ni **HOMRE LECHE** si Jordan. Nakulimbat ng scammer ang bahay, kotse, at halos lahat

ng ari-arian ni Jordan, muntik na pati ang copyright ng kanyang mga sulatin. Buti na lang hindi ito natuloy. Ginamit ni Jordan ang insidente para isulat ang kanyang obra maestra, ang Spoiled! Isang happening, maaaring itanghal ang Spoiled! ninuman, nasa Internet ang script nito. "Pero," paliwanag ni Jordan, "para maging tunay na Spoiled!, kailangan itanghal ito sa tapat ng kahit anong uri ng reproduction ng Spoliarium ni Juan Luna." Si Jordan mismo ang direktor ng unang pagtatanghal, na naganap mismo sa **NATIONAL MUSEUM**, kung saan naroon ang orihinal na Spoliarium. Si **ROBERT AVELLANA** ang gumanap na Inggit, si **TIMOTHY COANGCO** ang gumanap na Bwakaw, at si **BISBIS PALISPIS** ang gumanap na Jeremy Camote. Inaresto ang buong troupe ng mga asong pulis ng pasistang gobyerno.

Kinolekta ni Jordan ang kanyang "Incest Trilogy" bilang isang libro at pagkatapos itong i-reject ng **WE PRINT IT IN THE MORNING**, isinumite niya ito sa bagong-tatag na publishing house ni **JOSE MYAN**, ang Jose Myan Publishing. Nalathatala ito sa pamagat na Tatlong Dula, at bumenta agad ng dalawang libong kopya sa loob ng isang buwan.

Bagaman may mga autobiographical na elemento ang kanyang mga gawa, madalas ding itinatago ni Jordan ang kanyang mga adventure sa publiko. Halimbawa, tumanggi siyang sagutin sa interbyu ang paghabol sa kanila nina **GAMMA RED** at **PAUL CAMUA** ng mga **KABAYONG SEKRETARYA** sa **PAPLONA**, at kung paano siya nabitag at nakatakas sa **PUNTOD** noong siya ay kinse anyos pa lamang.

Si Jordan ang isa sa iilang nakakaalam ng tunay na pangalan ng nilalang na tinatawag lang na **PILANDOK**. Nasukol niya ang **DO NG PILANDOK** sa pamamagitan ng isang **PAHINA**, na mapa. Hindi naman siya pinatay ng Pilandok, na sinabing "Diyos lang ang pinapatay ko."

**Ninang Donya** Vice President for Dams ng **COMPANIA DE MERCADO**. Puno ng proyekto para itayo ang **BAGUIO DAM II**. Bagaman sa pag-aakala ng marami'y isa siyang walang awa at malupit na berdugo ng kapital, lalo na't nag-utos ng di-mabilang na assassinations, sa totoo'y pusong mamon si Ninang Donya. Malaki ang ibinibigay niya sa charity, at tumutulong siya madalas sa mga housing project. Naroon siya para bungkalin ang unang sandakot ng lupa para simulan ang konstruksiyon, at naroon siya para gupitin ang ribbon sa pagbubukas ng subdivision. Ilang memo rin niya sa Compania ang pumapaksa sa mga potensiyal at posibilidad ng green capitalism. Isa ring transhumanist si Ninang Donya, at naniniwala siyang darating ang araw na puwedeng i-upload ng mga tao ang kanilang utak sa Internet. Sa prediksiyon niya, sa taong 2045 magaganap ang Singularity.

Anak-mayaman si Ninang Donya. Aktres ang kanyang nanay, samantalang ang kanyang tatay ay eredero ng isang matandang pamilya. Aktres din ang kanyang tiyahin, pati na rin ang kanyang pinsan. Nag-aral sa International School si Ninang Donya, at isa sa pinakanakakahiya niyang karanasan ay nang pumasok sa kolehiyo at marinig ang opinyon ng kanyang mga kaklase tungkol sa kahalagahan ng virginity sa babae. Habang nag-aaral ng Landscape Architecture, nag-intern na siya sa Compania, at nagsimula ng sarili niyang fashion blog. Tulad ng marami niyang kaibigan, pagkatapos mag-aral ay nag-devote siya ng isang taon sa paggalugad ng mundo para magkaroon ng life experience. Random siyang pumili ng pupuntahan, pinaikot niya ang globe app sa kanyang cellphone at tumigil ito sa **DUBLIN**.

Iniwasan ni Ninang Donya ang lugar pang-negosyo ng Dublin, at lumagi sa kagubatan nito. Isang araw sa kanyang paglalakbay nakakita siya ng leon sa ilalim ng isang malaki-laking bato sa harap ng isang kuweba. Nakiusap ang leon at sinabing bibigyan niya ng regalo ang sinumang tumulong sa kanya. Sa kanyang autobiography, sinisi ni Ninang Donya ang kanyang sarili. Ang ginamit kasing salita ng leon ay “gift” at hindi naman “reward.” Nagmu-multilingual pun pala ito at hindi lang wirdo ang word choice.

Pagkatapos igulong paalis ang bato sa likod ng hayop, sinunggaban si Ninang Donya ng leon. Ang “gift” pala na ibibigay nito ay ang “gift of death.” Nagmakaawa si Ninang Donya at nakipagkompromiso ang leon. Maghahanap sila ng tatlong huwes, at kung may kahit isang magsasabi ritong hindi dapat kainin ng leon si Ninang Donya, maaari na siyang lumaya.

Una nilang napagtanungan ang isang kuneho. Si Ninang Donya ang nagpresenta ng kanyang kaso. Husga ng kuneho na makatwirang kainin si Ninang Donya ng leon.

Pangalawa nilang kinonsulta ang isang usa. Ang leon naman ang nagkuwento ng kanilang sitwasyon. Pareho lang ang ginamit nitong salita sa pagsasalaysay, walang pinagkaiba sa presentasyon ni Ninang Donya. Husga ng usa na makatwirang kainin ng leon si Ninang Donya.

Huling pag-asa ni Ninang Donya ang unggoy. Habang kausap nila ang usa ay pinapalapot na niya ang kanyang kuwento sa kanyang utak, para maging mas persuasive. Naging mahaba ang kanyang presentasyon, maraming rhetorical flourishes at mangilan-ngilang alusyon kay **ADOLF HITLER**. Sa dulo, sinabi ni unggoy na kailangan nilang bumalik sa harap ng kuweba para wala itong ma-miss na detalye sa kaso. Nang dumating

na sila roon, hiniling ng unggoy na i-act out ng leon ang una nilang pagkikita ni Ninang Donya. Humiga ang leon sa lupa at iginulong pabalik ni Ninang Donya ang bato sa likod nito.

Nagpasalamat nang paulit-ulit si Ninang Donya sa unggoy. Nag-alok siya ng pabuya rito, pero sabi ng hayop, ang tangi lang nitong gugustuhing kapalit ay ang paggawa rin ni Ninang Donya nang mabuti sa kapwa. Ito ang dahilan kung bakit laging nagvo-volunteer si Ninang Donya sa mga charitable organizations.

**Nurse Anak** Dating asawa ni **MARKO**, **ANAK NG LOOB** at tunay na nanay ng **HARI NG KAMAO**. Sinasamba niya ang diyos na **PAG-IBIG**. Ipinamana niya ang **DIARY** sa Hari.

# O

**Odon** Isang higante. Pinatay ni **ADOLF HITLER**.

**Oke, Jose** May-ari ng **JOSE OKE'S VIDEOKE**. Pinatawan niya ng lifetime ban sina Gabby at **KANTA SUN** dahil sa pagsasapakan ng dalawa na "nakakasira sa branding." Matatakutin kahit na malaking tao, at madaling i-intimidate. Mas madali lalong i-seduce.

**Open City - London** Para hindi na bombahin ng mga **NAZI** ang London, idineklara itong Open City (i.e. hindi na lalaban sa mananakop). Nang bawiin ni **DOGLAS MCARTHUR** ang ciudad para sa **ESTADOS UNIDOS**, binomba niya ito nang binomba.

**Ordo** Port. Katakot-takot na suhol ang kailangang iluwal bago makuha ang iyong cargo. Dito dumadaloy papasok at palabas ang lahat ng bagay sa **BAYANG MALAYO**, mulang droga hanggang armas.

**Orlando and Friends Corporation** Ang front ng mga ilegal na business ni **MARIO ORLANDO**.

**Orlando, Mario** Nagsimula bilang tubero, nabuhusan si Mario Orlando ng toxic waste at nagkaroon ng kapangyarihang magpalit ng kasarian. Ginamit niya ang kakayahang ito para patayin ang mga pinuno ng karibal niyang sindikato, na nagsilbing daan para maging boss siya ng kompanyang may investment sa prostitusyon, gun running, kidnapping, bawal na droga, pati na rin sa mga cafe, cake shops, at hobby stores. Marahas sa kanyang mga kaaway, at sa mga alipores niyang pasaway. Nang ma-convert si **PEDRO ISDA** ng chanting ni **KANTA SUN** at tumigil sa extortion nito sa mga mangingisda, si Mario mismo ang kumatay kay Pedro at ginawang bait ang laman nito. Pansamantalang napasakanya ang kontrol ng **BUTAS NA MALAKI**. Maraming naging kaaway. Kahit mga inosenteng bystander tulad ni **SERGEI BUHO** ay may bounty sa ulo dahil lang nagkataong nakaengkuwentro si Mario.

Sa nobelang Sampung mga Daliri, inimbitahan ni Mario, sa anyong babae, si **PAUL CAMUA** sa **SCARBOROUGH FAIR SHOAL**. Nagkita sila sa

isang family restaurant na nagngangalang **AKLATAN**. Napansin na lang ni Paul na unti-unting nawawala ang ibang kostumer, hanggang sa dalawa na lang silang natira ni Mario, na nasa anyong lalaki. Bagaman bisexual, hindi naakit si Paul kay Mario. "Masyadong matangos ang ilong," text niya kay Gabby habang bumanyo ang tuberong gangster. Pagbalik, babae na si Mario. Alam ni Paul na ito pa rin ang lalaking kausap niya ilang minuto lang ang nakalilipas, at hindi naman itinago ni Mario ang katotohanang ito, ni hindi man lang nga siya nag-imbento ng bagong pangalan, o nagpalit ng damit.

Katulad ng Katipunan, hinahanap din ni Mario ang **AKLAT NG SANSINUKOB**. Nabigla si Paul, na buong akala'y sex eyeball ang date nila. Nang subukang tumakas ni Paul, pinigilan siya ng waiter, na isang robot palang nagngangalang BEN. Inilabas ni Mario ang isang cellphone na may video kung saan tinututukan ng kanyang goons ang bunsong kapatid ni Paul, si **JOKER CAMUA**. Sinuotan ng maskara ng mga goons si Joker, at sinabi ni Mario na may isang oras lang si Paul para sabihin ang lahat ng kanyang nalalaman tungkol sa Aklat, kundi'y mamamatay ang kapatid. Nang aminin ni Paul na wala siyang pakialam sa kapatid, dahil pabigat lang itong drug addict, inilahad ni Mario na luma na ang video, at ilang araw nang patay si Joker. "Hindi mo kasi naiintindihan. Kahit patayin mo ako ngayon mismo, matatagpuan ng mga tao ko ang Aklat, at ako pa rin ang mananalo."

Sa puntong ito lumabas mula sa kusina si **KALI ESCRIBA**, na nagpapanggap pa lang kusinero at boytoy ng lalaking Mario. Nagpunta na silang dalawa sa **POOL**, at pati na rin sa **CLARK**, hindi alam kung sino ang nililoko at sino ang nanloloko. Hindi malaman ni Mario kung henyo o baliw si Gabby, na dalawang ahente, na hindi alam ang misyon ng isa't isa, ang ipinadala nito para matyagan ang isang kaaway. Madaling nagapi ni Ben sina Paul at Kali, na ipinalagay ni Mario sa trunk ng kanyang kotse, kasama ang isang linggo nang nakidnap na si **HOMBRE LECHE**.

Balak patayin ni Mario nang sabay-sabay ang tatlo. Si Paul at Kali bilang mga tao ni Gabby, at si Hombre bilang scammer na tinangkang ibenta ang walang lamang **SILID AKLATAN** bilang mahikal na lugar kung saan matatagpuan ang Aklat. Si Hombre naman ang nagligtas sa kanila. Kinumbinsi nito si Mario na "ako lang ang dapat na patayin mo, dahil ako ang pinakamalaking traydor." Nilunod ni Mario sa dram si Hombre, at ang dram na ito'y inilubog sa sementong pundasyon ng pinakabagong branch ng kanyang **CAFE CHOG**, ang lote ng pina-demolish niyang Silid Aklatan. Ikinulong ni Mario sina Kali at Paul

sa basement ng kanyang restaurant, habang nagpasaliksik ng mga bagong paraan ng torture. Isang telegrama ang dumating mula sa **HARI NG KAMAO**, inuutos na patayin niya ang dalawa. Para lang makapang-asar, pinakawalan ni Mario sina Kali at Paul. Agad namang pumunta ang dalawa sa rendezvous point na napagkasunduan, ang **HOLY JESUS CEMETARY.** Natuklasan nilang wala na roon ang **PUNTOD**.

Sa nobelang Korporasyon, kasama namang muli si Gabby at ang iba pang miyembro ng Katipunan, hinarap nina Paul ang bagong rentang private military company ni Mario, ang mga **MUMMY**. Nagharap sila habang may nagaganap na demolition sa **AGHAM ROAD**. Pagkatapos magapi ang mga sundalong mercenary, sumakay sila Gabby sa **MOTORSIKLO NI HUDAS** para atakihen ang muog ni Mario, na tinatawag na **GONOREYA**.

Wala na roon si Mario nang dumating ang Katipunan, at kinailangan nilang pagtiyagaan ang pagpatay sa dalawa niyang kanang kamay, si **STEVE ENCARNACION** at **MISIS LOBO**. Gamit ang nakulimbat na pera mula sa muog, nagawang itatag ni Gabby ang start up na **WE PRINT IT IN THE MORNING**. May sobra pang pera at nagawa nilang magbakasyon sa **ENCHANTED COUNTRY.**

Nakumbinsi ng app na si **SAMANTHA** si **JACQUELINE KAWABATA** na ituloy ng Katipunan ang laban kay Mario, isang taon pagkatapos nilang mawaldas ang pera nito. Natuklasan nilang mayor na pala ito ng **CAGAYAN DE ORO**, na kinokontrol niya sa pamamagitan ng mga death squad.

**Oro, Lucien** Isang archaeologist at kaibigan ng antropolohistang si **REGINE LUCHA**. Ginahasa ng salamangkerong si **BLANCA ENCARNACION**. Ang kanilang anak ay inalagaan at pinalaki ni **ROBERTA JULIO**.

**Osong Polar** Species na endangered dahil sa kapabayaan at pang-aabuso ng aso. Naging pangunahing puwersa ng **HARI NG KAMAO**.

**Ospital Sipilis** Ospital sa **GONOREYA** kung saan, kung mayaman ka, magagamot kahit ano ang sakit mo. Ang mahihirap naman ay pinapaasikaso sa mga nurse at hindi nakakakita ng mga doktor. Ang nakakalungkot, mas mabuting patakarang pa rin ito kumpara sa ibang ospital, na hindi man lang nagpapapasok ng mahihirap. Dito ipinanganak ang **HARI NG KAMAO**. Dito rin siya huling nakita, umiiyak habang binabasa ang **DIARY**.

Madalas itong binibista ng mga **ALIEN**, na nagsasaliksik tungkol sa iba't ibang sakit ng mga tao.

Isang public relation stunt, na kunwari'y HIV prevention program ng Ospital, namimigay sila ng libreng syringe sa kahit sinong manghingi.

# P

**Paco Park** Sa kinabukasan, sa sosyalistang utopia, museo-bantayog ito, dahil dito una at huling beses tinangka ni Gabby na basahin ang kabuoan ng **AKLAT NG SANSINUKOB**.

**Pag-Ibig** Isa sa mga **OPISYAL NA DIYOS** ng **BAYANG MALAYO**.

**Pag-Ibig Park** Maliit na resto sa gitna ng **QUEZON CITY**. Romantiko. Ang walang hanggang sunset ang isa sa main attractions nito, di-umano'y biyaya ni **PAG-IBIG**.

**Pag-Igpaw** Ayon sa mga pilosopo, ito ang pagbabasa nang sapat na bilang ng **PAHINA** para iwan ang mundo at maging imortal.

**Pagbubura** Sa tuwing may magbabasa mula sa kahit anong **PAHINA** ng **AKLAT NG SANSINUKOB**, may random na epekto ito sa mga kalapit na lugar. Maaaring may magbukas na **BUTAS**, maaaring magkaroon ng lumulutang na kamalayan, maaaring magkaroon ng mutation ang isang ordinaryong tao.

**Pagong, Banyuhay** Isang **BIOROBOT**, aksidente lang ang pagkakagawa kay Banyuhay. Nang dumating ang mga **ALIEN** sa **CESAR BINATA EMERGENCY ROOM** kung saan kasama ni **PAUL CAMUA** (napilayan sa sipa) si **KALI ESCRIBA** (nagpapatingin kung may STD), natipuhan ng isang alien ang alagang pagong ni Paul. Matigas ang panlabas at mabagal kumilos, hindi alam ni Banyuhay kung ano ang kanyang silbi sa mundo. Galit siya kay Paul dahil hindi siya nito naipagtanggol mula sa alien, na hinugot siya mula sa tahimik na pag-iral bilang hayop at ginawang nilalang na hindi hayop, hindi tao, at hindi masaya. Pero hindi rin naman mahiwalay si Banyuhay kay Paul, na naaalala niyang lagi siyang pinapakain ng dahon.

Sumabit si Banyuhay nang rentahan ng Katipunan ang **BAPOR TABO** para taluntunin ang **ILOG RAVER**. Hindi niya nakasundo si **LESLIE**, na mataas ang tingin sa sarili dahil dumaan sa **UPLIFT**. Para kay Leslie, mababang uri ng mga hayop ang sa proseso ng pagiging Biorobot nagkaroon ng mataas na pag-iisip. Samantala, naging magkaibigan

naman sila ni **JACQUELINE KAWABATA**, na nagsusubok maging vegetarian. Muntik na silang magrambulan lahat, magkaibigan man o hindi, nang, matuklasan nilang si Gabby pala ang magsisilbing kapitan sa kanilang biyahe. Sinubukan nila itong kumbinsihing umatras pero huli na. Hinigop na sila ng current at itinulak ng hangin.

Si Banyuhay ang nakatuklas ng tunay na pakana ni Gabby. Pinag-aralan niya ang mga bituin sa langit at, sa tulong nina **DAGAT** at **BUNDOK**, ang kanyang kanan at kaliwang kamay, na dahil sa sub-routine ay halos may sentience na, natanto niyang balak idaan ni Gabby ang Bapor Tabo sa **PAMANA CANAL**, at mula roo'y dumaong sa puerta ng **PAMANA**. Nang hindi ipinapaalam sa Katipunan, balak ni Gabby na atakihin ang **ALEXANDRIA** mismo, na ilang kilometro lamang ang layo mula sa puerta ng Pamana.

Sa puerta, naengkuwentro nina Paul at Banyuhay ang wala nang ulo, pero buhay pa rin, na si **ETS JI BUENO**. Mula rito'y natuklasan nilang pinalilibutan na pala ng hukbo ng **CENSOR** ang Alexandria. Hindi makumbinsi ng impormasyong ito si Gabby, na gusto pa ring tumuloy sa dakilang silid-aklatan. Ayon kay Gabby, mas malaki ang tsansa nilang mapuslit ang mga **PAHINA** ng **AKLAT NG SANSINUKOB** mula sa **HARI NG KAMAO** pag busy ito sa mga kaaway. Sinubukang mag-imbento ng dahilan ni Banyuhay para makataas. Nagkunwari siyang may tagas, sinabi niyang may sakit ang alien na nagpatalino sa kanya, si **ALIEN 12**, sinikmuraan pa niya si Paul at sinabing hindi na niya ito puwedeng makasama pa sa iisang lugar. Hindi siya pinatakas ni Gabby, hindi puwedeng umatras ang sinoman sa Katipunan, dahil maaaring matimbrehan ang mga puwersang nasa loob at labas ng Alexandria na paparating ang kanilang grupo. Bilang patunay na seryoso siya, tinanggalan ni Gabby ng gulugod si Ets Ji Bueno.

Bago sila umalis ng puerta papuntang Alexandria, punong-puno ng awa ang puso, inilagay ni Banyuhay ang nabubuhay pang si Ets Ji Bueno sa isang kabaong na magpapanatili ng buhay nito. Ipinadala ni Banyuhay ang kahon sa **VALHALLA**, sa nanay ni Ets Ji Bueno na si **THOR BUENO**. Pagkatapos nito, sa gabi, habang natutulog sa hindi komportableng tent sa gitna ng maalikabok na kalsada, binisita si Banyuhay ni **ALIEN 13** at **ALIEN 97.** Ibinalita ng dalawa na patay na si **ALIEN 12**, biktima ng pambobomba ng **LA BAMBA**. Ang insidenteng ito'y inilarawan ni **BERRY MANANSALA** sa nobela niyang Palusot.

Sa wakas, narating na rin nila ang labas ng Alexandria. Tapos na pala ang laban. Hindi nila malaman kung ano ang nangyari sa mga tauhan ng **HARI NG KAMAO**, pero alam nilang nakatakas ito. Nahuli nila

ang dalawang miyembro ng Censor, sina **YEWUN** at **GEMMA RED**. Pinuri silang pareho ni Gabby, saka sinunog nang buhay. Dito natanto ni Banyuhay na hindi rin gustong patayin ni Gabby si Ets Ji Bueno, dahil tinanggalan niya ito ng gulugod imbes na sinunog. May awa pa rin pala sa puso ng Supremo ng Katipunan. Sinuri ni Banyuhay ang utak ng dalawang miyembro ng Censor, at mula sa mga alaala ni Yewun ay natuklasang nasa **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA** ang **HARI NG KAMAO**.

Nagpasalamat si Gabby kay Banyuhay. Nag-iba ang persepsiyon niya sa Supremo. Natuklasan niyang mahiyain pala ito noong bata pa, at kinailangan lang magtapang-tapangan dahil sa tungkulin sa Aklat. Tinawag ni Gabby ang **MOTORSIKLO NI HUDAS**, at nang makita ang alinlangan sa mga mata ni Banyuhay, pinayagan itong huwag sumama sa kanilang pagtugis sa Hari.

Sa sunog na ruins ng Alexandria kung saan ay namuhay at namatay si Banyuhay. Inilarawan sa Ang Bukas na Aklat ang kanyang mga huling araw. Ipinaalam sa kanya ni Paul, sa pamamagitan ng email, na tanging ang **TRONO** lamang ang natagpuan nila sa Lupain ng mga Lamanlupa, at wala sa kanilang mga ininterbyu sa lokal na branch ng **CAFE CHOG** ang nakakaalala na minsan nilang nakasalamuha ang Hari. Sa kanyang ikawalumpung kaarawan, kumalas sa kanya si Dagat at Bundok para mamuhay nang bukod, sa **BAYANG MALAYO**.

Bago mamatay, lumikha ng sariling Biorobot na anak si Banyuhay. Isang lawin ang ginamit niyang hayop. Pinangalanan niya itong **LASAPIN LAWIN**.

**Pahina ng Aklat ng Sansinukob** Isa ang **HARI NG KAMAO** sa may pinakamaraming Pahina, sa **BAYANG MALAYO** man o sa **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**, pero nawala sa kanya ang lahat nang ito sa laban sa **ALEXANDRIA**.

Gamit ang kapangyarihan ng **PAHINA** na matagal niyang binasa, iniangat ni **KRISTINA JAYA** ang kabuoan ng Alexandria mula sa daigdig para magsilbing kanyang **KASTILYO** at ikalawang buwan.

May mga Pahinang mapa. Kadalasa'y dadalhin ka ng mga mapang ito sa lugar na hindi mo naman hinahanap, o gugustuhing madatnan.

**Pakialamero** Mga mamamayan mula sa sosyalistang utopia sa hinaharap na nais baguhin ang nakaraan para di kailanman walang utopia.

**Palacio De Bueno** Pugad ng mga excommunicated na Katoliko. Puro kuliglig, hamon ang makapag-meditate dito. Ang mga nagtatagumpay ay nabibiyayaan ng iba't ibang bisyon ng banal. Ilan sa mga nakaranas ng numina rito'y sina **JOSE KABAYO** at ang mga miyembro ng **THAT'S ALL PAKS**.

**Palacio De Malacanang** Isang malaking kastilyo sa may hilaga ng **MALATE**. Dito naganap ang isang madugong labanan, kung saan namasaker ang marami sa mga kaibigan ni Gabby. Hindi nahalata ni Gabby na kasama sa mga puwersa ng **COMPANIA DE MERCADO** ang kanyang pinsang si **SISIPUSI LAMANG**. Pagkatapos ng masaker, naging breeding ground ito ng mga bampira.

**Palawan** Ang dakilang desyerto ng **BAYANG MALAYO**.

**Palispis, Bisbis** Artista sa teatrong pangmayaman, nahila lang para gumanap sa Spoiled! ni **JORDAN NICOLAS** bilang Jeremy Camote. Sa sobrang takot nang hinuli ng mga alagad ng pasistang gobyerno ay naihi sa pantalon. Galit na galit si Bisbis kay Jordan dahil hindi ito nakipagtalik sa kanya. Sexpert kasi si Bisbis, at madalas magbasa ng mga blog tungkol sa pagiging "pick-up artist." Pakiramdam din niya'y bahagi siya ng movement laban sa feminismo, at madalas tawagin ang sarili bilang Men's Rights Activist. Pakiramdam niya'y nakatira siya sa **ESTADOS UNIDOS** dahil may akses siya sa Internet. Bukod sa Spoiled!, puro nasa Ingles ang ginaganapan niyang dula. Lagi niyang ipinagmamalaki mula nang mag-high school ay hindi na siya nakanood ng palabas sa local television, at minsan lang nakarinig ng brodkast ng lokal na radyo. Paborito niyang pick-up line ang "Miss na kita, sana next time masapol naman kita." Kulot ang buhok, sexy ang mga biloy, magaling naman talaga sa kama si Bisbis. May restraining order sa kanya si Jordan.

Kahit parang masamang loob, may fun side din si Bisbis. Mahilig siyang mag-prank ng mga hindi kilala. Isang beses, nakakita siya ng dalawang lalaking namumutaktak sa pawis. Kinumusta niya ang mga ito at inalok ng dalang bottled water. Habang pinaghahatian ang tubig, bumulwak sa bibig ng dalawa ang kanilang kuwento: galing sila ng probinsiya, na kailangan niyang lisanin dahil sa lumalalang militarisasyon. Pupunta sana sa **MANILA** para makipagsapalaran at magkaroon ng disenteng trabaho, pero nang matagpuan nila ito'y natuklasan nilang radioactive wasteland na ang dating kapitolyo. Dahil doon ay nagpalaboy-laboy na sila. Sa totoo, hindi naman sila magkaibigan. Sa probinsiya pa nga, muntik na silang magkatagaan dahil sa pag-aaway sa puno ng manga. Pero pinag-isa sila ng paghihirap at pagsubok.

Patuloy pa ring nakakakuha ng roles si Bisbis sa mga dula para sa mga manonood na Inglesero. “He’s Our Son of a Bitch” ang pamagat ng pinakabagong write up tungkol sa kanya sa isang posh na magazing pangmayaman.

**Pamana** Isang dating maunlad na lungsod. Ngayo’y puro na lang TAGASIRA ang nakatira dito, at ang kanilang mga kostumer. Ang puerta ng Pamana’y pinagkukumpulan ng mga information broker. Ilang kilometro lang ang layo nito sa **ALEXANDRIA**. Sinasabing hindi ka raw makakalad sa kahit anong kalye sa Pamana nang hindi nakakatapak ng gamit na condom.

**Pamana Canal** Dating pangunahing ruta ng kalakal. Naging tahanan ng mga higanteng pugita, killer na pating, sentient na submarine, ang diyos na si **PAG-IBIG**, dose-dosenang **ALIEN**, at mga nagtangkang pumunta ng **ALEXANDRIA** pero nabigo.

**Panadero** Sister city ng **KARTERO**. Bagaman mababa ang crime rate, pugad ito ng mga detective.

**Panadero, Dangal** Detective sa lungsod ng **PANADERO**. Dito siya ipinanganak at dahil bastardo, Panadero ang ibinigay sa kanyang apelyido ng kanyang nanay, na agad namang namatay. Malaki ang simpatya para sa mga Palestino sa **GAZA**. Lumibot sila sa iba’t ibang nightclub ni **CLARO RECTO ESPECTO** para ikalat ang kanilang manifestong Laban sa Simbolismo.

Galit sa mga **ALIEN**. Takot sa mga **LAMANLUPA**. Dating kaibigan ni **TAMMUZ**, siya ang unang tumawag dito bilang Bill Anak-Araw.

**Pangako, Tomas** Isang higanteng bulong nang bulong. Marami siyang anak, sa higante, sa lamanlupa, at sa mga tao.

**Pangako, Jack Gil** Anak ni **TOMAS PANGAKO** sa isang karaniwang-laking babae, isang **TAGASIRA** si Jack sa **MALATE**. Miyembro siya ng **LA BAMBA**, at ang nag-recruit kay **BABARIL ALAK** na sumali, alinsunod sa utos ni **ASOG BAKLA**.

**Panginoong Lamanlupa** Marami sa kanila ay taksil sa **HARI NG MGA LAMANLUPA**, marami din naman ang tapat. Pero nang mamatay ang heir apparent ng **PRINSIPE NG MGA LAMANLUPA** at walang takot na nagbukas ng **BUTAS** si **SHARON HAYOP** sa **HARDIN NG ROSAS**, nagsimula ang gerang sibil ng mga Lamanlupa, walang Panginoon ang nais maisahan at maunahan sa pagkamkam ng teritoryo.

**Paniking Nakakakita** Isang alamat na kinukuwento hindi pa man lungsod ang **BAYANG MALAYO**. Tungkol ito sa isang babaeng pinatay ang mga magulang at naging kriminal. Iba-iba ang bersiyon ng alamat, kung kaya't magkakasalungat ang mga kuwento tungkol sa babae. Sa ibang bersiyon, iniligtas niya ang Bayang Malayo mula sa **HARI NG MGA LAMANLUPA**. Sa ibang bersiyon naman, pinatay niya ang unang mayor ng Bayang Malayo. Sa historical romance novel ni **KALI ESCRIBA**, maraming hint at clue na ang babaeng bidang walang pangalan ay ang babae mula sa alamat. Sa monograph ni **REGINE LUCHA** tungkol sa Paniki, lumabas mula sa kanyang interbyu na lampas isang daang matandang residente ng Bayang Malayo na negra ang babae mula sa alamat. Pinaglaruan ni **ISABELLA PATA** ang motif ng Paniking Nakakakita sa **MY KHE**, dahil para mag-riot ang audience ng pagtatanghal.

**Paplona** Mayamang ciudad sa España kung saan nagpupunta ang mga binatilyo at macho shit para mamatay.

**Pata, Isabella** Isang sundalong nadestino sa **BAPOR TABO**, nang rentahan ito ng gobyerno ng **BAYANG MALAYO** para magmatyag sa **SOUTH CHINA SEA**. Nasisante siya nang mag-donate ng isaang daang **DRONE** si **UNCLE SAM** sa pasistang gobyerno. Umuwi siya sa **RASEL**, kung saan siya lumaki. Muntik na siyang kainin ng mga **CANNIBAL** doon. Sa suhestiyon ni Congressman **KRAMER KRAMER**, sinubukan ni Isabella na maging ballerina. Parati pa rin siyang inuusig ng mga alaala ng gera.

Magaling sumayaw si Isabella, pero sa simula'y pinagbawalan siya ng **BURUKRATA**. Bilang dating sundalo, ang dapat lang trabahong bukas kay Isabella, ayon sa Burukrata, ay ang pagiging sundalo. Dinownload ni Isabella ang bersiyong app ni **GANDA**, at tinuruan siya nitong magpursigi. Backer ang **ANGKAN KRAMER**, nagkaroon siya ng sunod-sunod na gig. Una, sa gitna ng **ESCOLTA**, pagkatapos ay palaki nang palaki. Ang breakout performance niya ay ginanap sa **HOTEL PORNIA**. Nasa audience sina **JACQUELINE KAWABATA** at **PAUL CAMUA**, sa kanilang unang monthsary.

Hindi mapigil ang pagsikat ni Isabella. Sumayaw siya sa **CLARK**, bago at pagkatapos itong sakupin ng **CENSOR**, at sa crater na naiwan ng pambobomba ni **KRISTINA JAYA** (ang huling ito ay benefit concert para sa mga taong nawalan ng tirahan dahil sa gera). Naging pawn din siya sa iba't ibang scheme. Pinakontak sa kanya ng **HARI NG KAMAO** si **BIKINI TREJO** para makakuha ng schematics para sa **BIOROBOT** mula sa Estados Unidos. Siya rin ang nagbigay ng **CAMERAT** mula kay **MARIO ORLANDO** para gamitin ni **LINO CAIN** laban kay **JOKER CAMUA**. Tinulungan niyang

i-smuggle ni **KALBO ROCOCCO**, na noo'y nagpapanggap na reporter, ang isang bahagi ng **APPENDIX**, papuntang **BRAZIL**.

Sa Fisting Yahweh, nakatala ang pagsisid ni Isabella sa eksperimentasyon sa kanyang mga performance. Nakipagpartner siya kay **DJ SALINGERMAN**. Nagtanghal siya sa isang eroplanong umiikot sa **ZONE LAYER**, ang sikat na disco na binomba ng **LA BAMBA**. Dahil sa kanyang paglalaro sa motif ng **PANIKING NAKAKAKITA**, nagkaroon ng riot sa concert niya sa **MY KHE**. Lahat ito ay natunghayan ni **KALI ESCRIBA**, na sa panahong ito'y obsessed na obsessed kay Isabella. Hindi naman matiis ni **KALASAG BAJU**, bodyguard ni Kali, ang pretentiousness, at pagiging walang kuwenta, ng ballet--at ng sayaw mismo bilang isang anyo ng sining. Naging tagahanga rin ni Isabella si **ANRIL SOLOMON** at **LALAMUNAN SOLOMON**, pero dahil inakala ng dalawa na magpinsan sila, nagkasundo silang parehong layuan ang babae.

Nagkaroon ng maikling fling sina Isabella at **MARIA CLARA DAMASO**, pero dinismiss ito ng viewing public bilang stunt. Naglabas ang **ANARKISTA KOLEKTIB** ng statement na kinokondem ang mga pagtatanghal ni Isabella bilang burgis at maka-imperyalista. Inusig din nila si Isabella bilang artistang walang pakialam sa **AKLAT NG SANSINUKOB**. Bilang sagot, nag-upload si Isabella ng video sa YouTube na nagsasakatawan ng teoryang tanging **ARGAN** lang ang mahalagang kulay. Sinabi rin niya, sa pamamagitan ng sayaw, na nabasa nang lahat ni **AMANDOTE** ang mga **PAHINA**, pero ayaw nitong ipaalam sa mga tao ang nilalaman dahil sa kawalan nila ng pananampalataya.

Sa nobelang Ang Kaharian ng mga Engkanto, inilarawan kung paanong naging biktima si Isabella ng paparazzing si **GILBERT SULAIMAN**. Kaso nga lang, dahil walang makitang dumi si Gilbert kay Isabella, at dahil may etika ito bilang reporter, ang naging resultang artikulo ng stalking ng lalaki'y isang insightful na bio. Dito, nireport ni Gilbert kung papaanong posibleng ninuno ni Isabella ang mga **ANAK NG LOOB** at mga **LAMANG**. Nagresulta sa positive buzz ang bio, kaya naimbitahan si Isabella sa isang collaboration-symposium sa **LISBON**, na tinawag na "Ang Natatalo." Nagbasa ng pilosopikal na papel si **CLARA RECTO ESPEJO**, nag-conduct ng eksperimentong pang-agham si **TESUS MUGTO**, at sumayaw si Isabella. Tungkol lahat sa relasyon ng epistemolohiya at **GULO** ang pinaksa nila.

Nagkaroon ng isang pelikula si Isabella, na dinirehe ni **JOSEPH STALIN** at isinulat ni Gabby (bagaman sa ilalim ng pseudonym na **GUHO DIMAGIBA**, dahil uncover siya sa mga panahong ito). Pinamagatang Ang Asong Nakakaalam, adaptasyon ito ng Nakikinig Ako ni **DAVID PATO**. Gumanap

si Isabella bilang Elaine Savvet, superhero na ang kapangyarihan ay pagsayaw. Kalaban niya ang mga **NAZI** at **TERORISTA**. Ka-love team niya si **ADOLF HITLER**, na gumanap bilang Errold Savvet. Nag-shooting sa **HAMBURG** at **KABUL**. Dahil hindi idineklara ni Isabella ang kita niya mula sa pelikula, hinabol siya ng mga kaibigan ng Burukrata, na kilala bilang **ADMINISTRADOR**.

Sa nobelang Korporasyon, pinakitang tulad ng lahat ng sikat sa ilalim ng kapitalismo, nalaos din si Isabella. Hindi bumenta ang huli niyang pagtatanghal, kung saan ka-collaborate niya ang **KINETIC MOTION DANCERS**. Hinarass siya ng **DINOSAUR CABAL** sa isang extortion racket. Nang hindi magbigay ng pera si Isabella, nagpakawala ang mga dinosaur ng mga **TRILBY** sa kanyang apartment. Dahil hindi siya sumuko sa harap ng horde, natuklasan ni Isabella na madali lang palang i-tame ang mga halimaw. Iniwan niya ang public spotlight at, sa edad na 50, bumalik sa kolehiyo para mag-aral ng biology. Paborito niyang paksa ang mga **UWAK**.

**Pato, Claudia** Asong na-**UPLIFT**. Nakakagamot ng hallucinations ang kanyang kagat.

**Pato, David** Si David ay isang alien na napadpad sa **BAYANG MALAYO** bilang retirement mula sa pagiging tagapagtanggol ng Pegasus Galaxy. Wawasakin na sana niya ang daigdig dahil sa kasakiman ng mga tao nang makita niya ang isang pamilya ng pulubi na nag-aalaga ng aso. Naantig ang kanyang damdamin sa pag-obserba sa mga walang makain na nagawa pang makibahagi ng kakarampot na mayroon sila sa isa ring abang nilalang. Nag-ampon siya ng sarili niyang aso na pinangalanan niyang **CLAUDIA PATO**, at nagsimula ng kanyang dobleng-buhay bilang sikolohista sa umaga at vigilante sa gabi.

Hindi lang sa ordinaryong dog pound nakuha ni David si Claudia. Sa kanyang pag-iikot sa Bayang Malayo, napuntahan niya ang isang maliit na mall sa Laguna kung saan iba't ibang uri ng gamit ang ibinebenta: mayroong espadang buhay, recipe para sa gayuma, higanteng gagamba, atbp. Natapat siya sa isang puwesto kung saan isang askal lang ang laman, nakapasok ito sa isang maliit na hawla at halos di makagalaw. Nalugi na pala ang tindero at ito na ang huling araw na magbebenta, hindi nito alam kung ano ang gagawin sa naglalagas at galising aso, dahil "wala namang espesyal d'yan." Binili ni David ang kalayaan ni Claudia, sabay sabi, "Kaibigan ko s'ya. Espesyal ako dahil kaibigan ko s'ya."

Head ng psychology department ng kanyang pinagtatrabahoang ospital si David. Nang bumili siya ng aso, sinubukan siyang i-force retirement

ng doktor na inakala niyang mentor niya. Tinulungan ni Claudia si David, nag-perform ito ng mga trick at stunt sa harap ng mga kapwa sikolohista at board ng ospital, patunay na hindi lang hindi ulyanin si David, kundi kaya pa nga nitong magturo ng mga bagong bagay sa isang matandang aso. Sunod naman nilang kinaharap ang hamon ng homeowners association, na nais ipatanggal si Claudia kahit na wala namang "no pets allowed" policy ang apartment ni David. Pinili niyang lumipat ng bahay kaysa ipaampon sa iba si Claudia.

Kahit na inaapi siya ng mga nasa paligid niya, patuloy pa rin si David sa paglaban sa krimen at pang-uusig ng mga congressman. Madalas niyang itinatanong sa sarili kung ano ang silbi ng pagiging vigilante, gumagawa nga siya ng mabuti pero walang nakakaalam. Isang tingin lang niya sa kanyang aso at napapabulong siya. "Alam ni Claudia. Si Claudia, alam."

Isang gabi, pagkatapos mambugbog ng rapist sa eskinita, na engkuwentro ni David ang kanyang sarili mula sa kinabukasan. Wala na ang isang mata nito, at ubod nito ng lungkot. Ikinuwento nito ang pagbagsak ng buhay ni David mula nang mamatay si Claudia. Itinuro din nito ang paraan para maiwasan ang sakuna, pinahanap nito kay David ang isang siyentista na ang research ay may kinalaman sa pag-**UPLIFT** ng ibang species. "Gawin mong tao si Claudia, iyon lang ang paraan," huling bilin nito bago higupin muli pabalik sa kinabukasan. Iniwan ni David ang pagiging sikolohista at vigilante para maibigay ang lahat ng kanyang oras sa paghahanap sa siyentistang kayang gawing tao si Claudia. Hanggang sa huling kabanata ng Ang Bukas na Aklat, tuloy pa rin ang kanyang paghahanap.

Sa ibang **PAHINA** ng **AKLAT NG SANSINUKOB**, ginamit ni David ang pseudonym na **BERRY MANANSALA** nang mag-sideline din siya bilang nobelista at sumulat tungkol sa kanyang mga adventure bilang vigilante. Kasama sa kanyang mga libro ang Nakikinig Ako, Anong Sariwang Impyerno Ito?, Alam ng Lahat ang Pangalan ng Aso Mo, at Magiging Sila Ba o Hindi? na kilala dahil na-ban bilang masyadong erotiko, at politikal. Ang Nakikinig Ako ay inadapt ni Gabby para sa pinilakang tabing. Lumabas ito sa pamagat na Ang Asong Nakakaalam, sa direksiyon ni **JOSEPH STALIN**.

**Paulita** Dalaga pa lamang ay naging miyembro na ng **CENSOR**. Kasama dapat siya sa misyong tinaguriang Lampara Massacre, kung saan isang bomba ang sumabog sa isang piging na dinaluhan ng mga pari, donya, at iba pang bahagi ng alta de sosyedad. Umatras siya at ang binatang si **ISAGANI** at the last moment. Bilang parusa, pinatay

ni **HES USA** si Isagani, at tinorture si Paulita. Dahil sa trauma, naging panatiko ng Censor si Paulita, at naging pangunahing advocate siya ng karahasan. Lagi niyang suot ang necklace na gawa sa mga ngipin ni Isagani bilang paalala na ang pag-atras ay mapanganib. Makati ito pero hindi niya tinatanggal.

Nang bumaliktad si Hes Usa at nais na maging mas mapayapa ang mga metodo ng Censor, itinulak nito si Paulita mula sa isang tore sa **BAGUIO**. Hindi namatay si Paulita.

Nagawa niyang takasan ang ikalawang pandarahas ni Hes Usa dahil sa kaibigan niyang si **TOTIT TUKOL**, isang na-**UPLIFT** na ibon. Nasa isa sa maraming safe house ng Censor si Paulita nang magpakita sa kanya si Totit. Nagkita sila sa isang eskinita. "Barilin mo ako," sabi ni Totit. Binaril ni Paulita si Totit. "Dalhin mo ako sa loob ng safe house," sabi ni Totit. Dinala ni Paulita si Totit sa loob ng safe house. "Iluto mo ako at kainin," sabi ni Totit. Iniluto ni Paulita at kinain si Totit. Mula sa loob ng kanyang tiyan, sinabi ni Totit kay Paulita, "Bumalik ka sa eskinita at idumi mo ako." Bumalik si Paulita sa eskinita kung saan sila nagkita at idinumi niya si Totit. "Itanim mo ako," sabi ni Totit. Itinanim ni Paulita si Totit. "Matulog ka," sabi ni Totit. Natulog si Paulita sa tabi ng kanyang itinanim.

Habang nahihimbing siya, tumubo at lumaki ang itinanim ni Paulita. Yumabong ito nang yumabong, isang higanteng halaman na naging higanteng puno. Kay dami nitong bunga! Seda, satin, beads, ginto. Binalot ng mga sanga ang katawan ni Paulita at ipinatong ito sa tuktok ng puno, kung saan patuloy lang siyang natulog at nanaginip.

Sa kanyang panaginip nakita ni Paulita ang buhay niya kung hindi siya sumali sa Censor. (Sa totoo, sumali lang naman siya dahil crush niya si Isagani.) Naging sikat siyang manunulat ng maikling kuwento, pero hindi niya masara ang pagtalon sa pagiging nobelista dahil revise siya nang revise. Hindi tuloy siya makatapos ng unang draft man lang. Humagulgol ang Paulita sa panaginip at hiniling na maging terorista na lang sana siya. Pero nakakilala siya ng copy editor na nagngangalang Totit Tulok at tinulungan siya nitong makatapos ng unang nobela.

Dito natapos ang panaginip, at nakipag-usap si Paulita sa tuktok ng higanteng puno sa tunay na anyo ni Totit--isa pala ito sa maraming trickster gods sa mundo. Inalok nito si Paulita, ang magpatuloy sa buhay niya sa Censor, at ang maging sikat na nobelista sa kanyang panaginip. Gusto sana ni Paulita na magbagong-buhay, pero makati sa kanyang leeg ang mga ngipin ni Isagani. Naalala niya ang araw

kung kailan pinatay ito ni Hes Usa sa kanyang harapan. Pinili niyang magpatuloy kasama ang Censor.

Naghalo si Totit, pati na rin ang puno. Nahulog si Paulita ng halos sampung palapag, pero hindi siya namatay. Doon niya natuklasan ang kanyang kakaibang abilidad, hindi siya namamatay kahit mahulog mula sa mataas na lugar.

Sa dulo ng Fisting Yahweh, patuloy si Paulita sa paghahasik ng gulo sa Bayang Malayo. Buong-buo rin ang kanyang pagnanasa na i-purge mula sa Censor ang "paksiyon ng kapayapaan" sa pamumuno ni Hes Usa.

**Pawis** Ang pawis ang pangunahing sangkap sa paggawa ng mga mahikal na bagay. Maraming kumakalat na tsismis at conspiracy theories tungkol sa batis ng walang hanggang Pawis, pero pawang mga delusyon at mito lang ang mga ito.

**Pihit, Oliver** Aktor. Gumanap bilang Errold Savet sa dulang Daluyan, isinulat ni **JORDAN NICOLAS** at dinirehe ni **SHELDON SILYA**. Minsang kumanta sa **JOSE OKE'S VIDEOKE** mulang alas-otso ng gabi hanggang alas-otso ng umaga.

Hindi alam ng marami ang dahilan sa likod ng marathon singing session ni Pihit. Dati kasi ay may kaibigan siyang lagi niyang kasama sa paglabas, si **TUBA ROBREDO**. Isang venture capitalist ni Tuba na ang hobby ay pagte-training na maging urban guerrilla fighter kasama ni Pihit. Mahilig si Tuba sa pranks at lagi nitong inaagaw ang food supply ni Pihit. Mataba si Pihit at mabilis tumakbo si Tuba, at pag naaabutan ng una ang huli, ubos na ang pagkain. Pero hindi naman minamasama ni Pihit ang pangungupal ni Tuba, dahil magkaiba man sila ng personalidad at pilosopiya sa buhay, kaunti lang talaga ang mahilig sa urban guerrilla warfare bilang hobby.

Isang beses sa **RASEL** sila napadpad na ang tanging dala'y tig-dalawang kutsilyo. Namamatay na sa gutom dahil walang ma-forage, binalik ni Tuba ang enerhiya sa kalooban ni Pihit sa pamamagitan ng pagkanta ng lahat ng kantang panggera na alam niya, mulang "The Monkeys Have no Tails in Zamboanga" hanggang "Zombie." Nagsimula ito ng mahabang debate tungkol sa ironiya, pagiging kontra-gera pero pro-imperyalismo, at kung maaari bang maging intelektuwal ang isang taong hindi naman kultura ang larangan. Nauwi sila sa **JOSE OKE'S VIDEOKE** pagkatapos ng isang linggong paglalakad. Dahil mataba, nagutom lang si Pihit pero hindi nanghina.

Agad humarap sa pagsubok ang bago nilang tuklas na camaraderie nang mapadpad sila sa **MUNTING RUSYA**. Sa ilalim ng pamumuno ni **KULANG LAMANG**, naging palasak ang pagpatay sa mga sibilyan. Gayundin, pumutok ang mga tinatago at sinusupil na pagnanasa. Isang grupo ng **CANNIBAL** ang nanghabol sa dalawa, dahilan para sila magkahiwalay. Nahuli si Pihit at inuwi ng isang lalaking walang pangalan pero may malaking baril. Itinali nito si Pihit sa puno ng saging sa bakuran ng bahay. Kada isang oras ay pinapakain si Pihit. Pag tumanggi siya, iwinawagayway ng lalaki ang baril. Hindi ito nananakit, hindi nito kailangang manakit, naintindihan ni Pihit ang ibig sabihin ng mga aksiyon nito.

Lumipas ang isang buwan. Tuloy lang ang lalaki sa pagpapakain kay Pihit. Samantala, nagdedeliryo na sa gutom si Tuba, hindi na lang siya nagfo-forage, kumakain na siya ng basura. Nang madaanan niya ang bakuran kung saan bilanggo si Pihit, ang una niyang naisip ay pakawalan ito. Pero nakita ni Tuba ang pagdating ng lalaking may baril at ang pagpapakain nito kay Pihit. Nanlaway si Tuba, at nang magbalik sa bahay ang lalaki, pumunta si Tuba sa bakuran para makipagpalit ng puwesto kay Tuba. Kung nasa katinuan si Pihit, nabalalaan sana niya si Tuba sa una niyang naisip na plano ng lalaking may baril (i.e., ang pag-Hansel and Gretel sa kanya). Pero dahil halos mabaliw na rin si Pihit sa kawalan ng kausap at pagkabagot, walang salitang isinukbit niya sa leeg ni Tuba ang collar nang iutos ito sa kanya.

Bumalik din si Pihit sa **QUEZON CITY**. Unti-unti, nabuo niyang muli ang nabasag niyang pagkatao. Sinubukan niyang balikan si Tuba, pero hindi na ito tao nang makita niyang muli sa Munting Rusya. Dahil sa guilt, ibinuhos ni Pihit ang kanyang oras at atensiyon sa sining, una sa pamamagitan ng pagkanta sa Videoke, at pangalawa sa teatro. Method actor si Pihit, at hindi kailanman siya tumatanggap ng role na hobby ng bida ang urban guerrilla warfare.

**Pilandok** Ang nilalang na di-umano'y pumatay na mga natitirang miyembro ng **ANGKAN NI KRISTO**. Madalas siyang sumanib sa kung sino-sinong vessel, halimbawa si Errold, sakay-sakay ng **TRAK NI HUDAS**. Bagaman madalas nakakapatay ng tao nang hindi sinasadya, wala talagang gustong patayin ang Pilandok kundi mga diyos at diyosa.

**Pool** Isa sa mga lugar kung saan nag-tryst si **MARIO ORLANDO** at **KALI ESCRIBA**. Nilason ng **COMPANIA DE MERCADO** ang tubig nito, isa sa mga side effect nito'y ang pagliit nina Kali at **PAUL CAMUA** sa laki ng

langgam. Labas sa terorismo ng Compania, dahil sa mismanagement ay kadalasang marumi ang nase-serve na pagkain, kaya't kadalasa'y may napo-food poison sa mga kostumer. Nagkaroon na ng kaso ng hallucination, pagkabaog, at pink eye sa Pool. Paminsan-minsan, binubuksan ng mga siyentista ng **COMPANIA DE HALAMAN** ang pocket dimension dito para humigop ng mga taong gusto nilang pag-eksperimentuhan.

**Prinsipe ng mga Lamanlupa** Playboy at walang pakialam sa kaharian, itinatago niya sa pag-iinom ang sakit na nararamdaman pag nakikitang lalong humihina ang kanyang amang **HARI NG MGA LAMANLUPA**. Napatay ng isang **BUTAS** na aksidenteng nabuksan dahil sa pagtakas ng Katipunan mula sa isa na namang demolition sa **AGHAM ROAD**.

**Private Army for Hire** Mga mersenaryong kumakampi sa kung sino man ang makaka-afford ng renta nila. Kadalasa'y tatlo hanggang anim na buwan ang kanilang kontrata. Matinding negosasyon ang nagaganap para ma-renew ang PAFH. Mababa ang singil nila sa simula, pero umaangat ito sa 1000% pag pirmahan na muli ng kontrata. Epektibo at episyente, espesyalisasyon nila ang pambobomba at panlalason. Iilang beses lang sila nabibigo. Hanggang ngayon ay hinahanap pa rin nila si **KANTA SUN**, na pumatay sa isang squad ng mersenaryo puwera sa isa, na pinagsabihan niyang balaan ang Private Army for Hire: "Kayo naman ngayon ay hahabulin." Malubhang nasugatan ng isang dosenang squad si Kanta Sun sa **MUNTING RUSYA**, pero kataka-takang nakatakas pa rin ito.

Iba't ibang posisyon ang mayroon sa Private Army. Puwede kang maging "boluntaryo." Ibig sabihin, ikaw ang pipili kung aling misyon ang iyong kabibilangan. Mas mababa ang suweldo ng mga boluntaryo.

**Puerta ng Katayan** Isa sa pinakaimportanteng daungan para sa world trade. May **BUTAS** na nagkokonekta dito at sa puerta ng **PAMANA**.

**Puerta ng Lisbon** Politically incorrect na termino para sa ari ng isang lesbiyana.

**Pugita** Mga lamanlupang kilala sa pag-eeksperimento sa droga. Sa **KANLURAN**, kilala sila dahil sa kanilang mahiwagang kabute.

**Pula** Angkan ng mga lamanlupa na bigay-hilig.

**Puntod** Ang espisipikong puwesto sa **HOLY JESUS CEMETARY** na di-umano'y entrance sa misteryosong gusali kung saan matatagpuan ang pisikal na manipestasyon ng **AKLAT NG SANSINUKOB**. Dito natagpuan

ni **KRISTINA JAYA** ang **PAHINA** na kanyang binasa para iangat ang buong **ALEXANDRIA** mula sa daigdig at gawin itong ikalawang buwan. Mahirap, pero hindi imposible, na makaalis sa Puntod pag napunta ka rito. Maraming nakakalat na palay, bigas, at kanin sa paligid ng Puntod, pero walang eksakto rito. Marami ring dig sa paligid nito, at kung ano-ano ang natatagpuan ng mga archaeologist at archivist. Maraming nagkaka-vision pag malapit sa Puntod, lalo na iyong mga agaw-buhay.

**Puti** Angkan ng mga lamanlupa na gustong sakupin ang **ITAAS**. Bagaman may kapangyarihan silang maging invisible, madalang nila itong gamitin, kahit sa pag-eespiya at pakikidigma.

# Q

**Quezon Avenue** Mahabang kalye sa **QUEZON CITY** kung saan maraming rumorondang **TAGASIRA**. Dito naubusan ng dugo si **LINO CAIN**. Pugad ng mga holdaper.

**Quezon City** Sikat na lungsod na sinlaki ng ibang bansa. May putahan, may silid-aklatan, may tambakan ng basura.

# R

**Rasel** Bayan kung saan nag-aalay ang mga mamamayan ng sanggol sa mayor ng **MUNTING RUSYA** buwan-buwan. Nagtago rito si **IVAN S. JACOB**, pero napaslang pa rin siya ng berdugo ni **MARIO ORLANDO**. Dito nagsasaliksik si **KRAMER KRAMER** kung paano wasakin hindi lang ang sansinukob kundi lahat ng sansinukob. May lihim na laboratoryo dito ang **DOKTORA**. Dito lumaki si **ISABELLA PATA**. Ang politika ng Rasel ay dinodomina ng **ANGKAN KRAMER**.

**Relasyon ng mga Kasarian** Nightclub sa **QUEZON CITY**. Marami ditong **TAGASIRA**.

**Restaurant Cooperative** Kainang pinapatakbo ng mga manggagawa sa pagtatangkang isaprakita ang iba't ibang teorya ng emancipatory politics. Iba't ibang tao ang kumakain dito, may mga ekonomista at market socialists. Dito nagtrabaho si **BRUCE HUJO** bago siya mapatay sa isang demolisyon sa **AGHAM ROAD**. Nang magkaroon sila ng rat infestation, naglunsad sila ng "Building a Better Mousetrap Contest."

**Rio Grande De Mindanao** "Lupang Hindi Nanakaw mula sa Katutubo" ang catchprase, isa itong maunlad na kooperatiba-lungsod.

**Robredo, Tuba** Dating venture capitalist na naging aso.

**Rococco, Kalbo** Isang smuggler, nagpanggap siyang reporter at, sa tulong ni **ISABELLA PATA**, nakapagdala ng ilang bahagi ng **APPENDIX** sa **BRAZIL**.

Mahilig maglakbay si Kalbo Rococco. Lahat na ng lugar ay nabisita niya. Nag-alaga siya ng baka sa Krishna Valley. Sumali siya sa isang literary festival sa Shaanxi. Nag-dismantle siya ng bomba sa Bali. Nag-smuggle siya ng automatic weapons sa Chicago. Kahit sa mga bakasyon, hindi kumukuha ng picture si Kalbo Rococco. Naniniwala siyang ang pagnanais ariin ang realidad ang nasa likod ng pagkuha ng mga picture. Madalas siyang magbasa ng Ken Wilber at personal niyang motto ang "let beings be" na, lagi niyang sinasabi, hindi si Wilber ang nagsabi.

Mahaba ang buhok ni Kalbo Rococoo, at mahaba rin ang kanyang bigote. Madalas niya itong pinapahiran ng pomada. Dahil dito, hindi siya nakakasorpresa ng tao, dahil malayo pa lang amoy na siya. Madalas siyang mang-red baiting sa kanyang social media accounts, dahilan para mapahamak ang marami niyang kakilala na akala'y kaibigan siyang mapagkakatiwalaan.

Bitter sa buhay si Kalbo Rococco, lagi niyang sinisisi ang kanyang nanay sa kanyang mga hinanakit at sama ng loob. Guro ito dati sa public elementary school at bagaman naging principal, lagi pa ring sinasabihang boba sa likod at harap ng mga kapwa guro, pati na rin ng mga supervisor. Pag uwi nito sa bahay, mas inaasikaso pa nito ang mga alagang pusa kaysa kay Kalbo Rococco at kanyang mga kapatid.

Mahilig siyang mag-fencing pero ang fencing walang hilig sa kanya. Malaki ang tiyan ni Kalbo Rococco at isa sa kanyang pinakamahirap na hinaharap sa buhay ay ang pagsisintas ng sapatos sa gitna ng daan. Nagawa na niyang minsang magtanggal ng sinturon at pantalon para lang makapagbend. Sa iba namang okasyon, nadapa na lang siya dahil nagpatuloy siya sa paglalakad kahit pansin niya ang maluwag na sintas dahil wala siyang makitang elevation para makatulong sa pag-abot niya sa sapatos.

Isang **CANNIBAL** si Kalbo Rococco, pero ibang klaseng cannibal. Dahil naaawa siya sa mga taong kinakain niya, naging resolusyon niyang tanging mga taong bagong patay lang ang kanyang kakainin. Dagdag pa rito, hindi puwedeng siya ang dahilan ng kamatayan ng kanyang kakainin. Tinatawag siyang "necromacer" ng mga kakilala niyang kapwa cannibal kahit na, at lagi rin niya itong sinasabi, iba ang kahulugan ng "necromancer," at wala itong kinalaman sa pagkain ng patay.

May kaunting kayabangan, mahilig makipagkarera si Kalbo Rococco. Paborito niya ang relay swimming, pero pag ang kalaban ay ang karibal niyang si **TUKLING ITIT** kahit anong sasakyan ang gamit, makikipag-unahan siya. Isang araw pinakitaan siya ni Tukling ng mga pakpak at hinamon siya ng unahan sa langit. Agad nag-smuggle ng mga pakpak galing **DUBLIN** si Kalbo Rococco at kinaumagaha'y nagsimula ang kanilang karera palangit. Dahil sa hi-tech ang kanyang na-smuggle na mga pakpak, naunahan agad ni Kalbo Rococco ang karibal. Bilang senyales ng kanyang contempt, bumaba siya sa lupa. Napunta siya sa isang morgue at doon ay kumain hanggang kailanganing magtanggal ng sinturon. Napadpad siya sa isang sementeryo at nagpasyang matulog sa ilalim ng puno ng manga. Naghihilik na siya nang mahulugan ng

bulok na prutas sa ulo. Lumipad agad si Kalbo Rococco at kung nahuli lang siya nang ilang segundo'y naunahan na ni Tukling sa langit.

**Roma** Ang walang hanggang ciudad, dito naimbento ang konsepto ng catwalk.

**Rose Movie** Isang BIOROBOT, nilikha niya ang biorobot na si **LIKHA DIVA**. Sinuportahan niya ito noong sumubok na maging artista, at sinuportahan niya ito noong nagbalik sa pagiging video blogger. Magkasama silang tumira sa **HOTEL PORNIA** hanggang sa maganap ang mga kahindik-hindik na bagay na nagresulta sa kamatayan ni Rose.

Bibong batang biorobot si Rose. Hindi kilala ni Rose kung sino ang lumikha sa kanya, kaya ang inaasam niyang pag-ibig ay pilit niyang hinahanap sa kahit na sino.

Dahil matalino, lagi siyang nagre-recite sa klase. Nagustuhan niya ang mga papuri ng kanyang mga guro, at ang atensiyong kanyang natataggap pag nasasabi niya ang tamang sagot. Hindi tulad ng ibang biorobot, mahina ang katawan ni Rose. Pag nakatingin ang mga guro, ligtas siya. Pero pag recess na, o uwian, doon siya nagiging tampulan ng insulto at pandarahas. Tinawag siyang lata, walang puso, papansin. Dinumihan ng ibang mga bata ang kanyang uniporme at balat. Dahil sa kanilang inggit at pagkamuhi, naitanim sa puso ni Rose ang takot at galit. Lagi nilang pinagtatawanan na hindi nagpapalit ng damit si Rose. Kahit ang pagtawa niya'y pinagtatawanan ng mga bully. Habang tumatagal, naging mas introspective at insular siya.

Natuklasan ni Rose, pagka-graduate sa elementarya, na bagaman biorobot siya, mas marami pa ring mas matalino sa kanya. Hindi lang mga kapwa biorobot, kundi mga tao at lamanlupa. Imbes na magpursige, napuno siya ng hinanakit at sama ng loob. Na-channel ang kanyang enerhiya at utak sa pag-imagine ng mga mala-Rube Goldberg na set up para gantihan ang mga di-umano'y may atraso sa kanya. Naging malawak ang kanynag imahinasyon, meron siyang pinapugutan ng mga daliri dahil naunahan siya nito sa pagpindot ng buzzer sa quiz bee. Ang kaklase niyang natanggap ang tula sa school paper, pinakain niya ng libro. Ang isa pang sinagot ng kanyang crush, pinadurog niya ang bayag.

Pero kahit nagdidilim na ang kalooban, lantad pa rin ang talento ni Rose. Natanggap pa rin siya sa kolehiyo, at nabigyan ng scholarship. Nagpursige siya sa engineering at biology, at nang magtapos ay naging obsession ang paggawa ng "anak." Isang dekada rin ang lumipas bago

niya maluwal mula sa laboratoryo si Likha. Si Likha, walang pakialam sa hitsura ni Rose, walang pakialam na kumakalog ang kanyang tiyan pag siya'y tumatawa.

Sinubukan ni Rose na mabuhay sa pamamagitan ni Likha. Sinigurado niyang marami itong kaibigan, at fans. Ipinagtanggol niya ito laban sa mga Internet bully at haters. Nang lisanin ni Likha ang pag-aartista, number one cheerleader pa rin niya si Rose. Ang kaso, naging depressing ang mga post ni Likha sa video blog. Panay din ang sigarilyo nito. Napagtanto ni Rose na pinapatay ni Likha ang sarili, hindi lang nito magawa nang mabilisan. Dahil sa realisasyong ito, nagdesisyon si Rose na mabuhay para sa kanyang sarili. Hindi maaaring iasa niya ang kanyang kaligayahan sa kanyang "anak." Nag-Tinder siya.

Agad naman siyang nakahanap ng mabait na ka-chat. **AMARGOSO** ang pangalan nito, katulad ni Rose ay biorobot na inabandona. Ang malaki nitong ulo ang nagustuhan ni Rose. (Sa mga biorobot, indikasyon ang kalakihan ng ulo sa kalakihan ng utak.)

Ang unang date nila'y naganap sa isang kuweba. Na-search ni Rose na mayroon itong panloob na stream, kung saan malamig at bughaw ang tubig. Umaga nang marating nila ang kuweba. Agad silang naghalikan. Sinubukang magtanggal ng t-shirt ni Amargoso. Dahil sa laki ng ulo nito, hindi ito magkasya. Sinubukang tulungan ni Rose si Amargoso. Napalakas ang kanyang hila at pati ulo ni Amargoso ay natanggal. Tumawa nang tumawa si Rose. Hindi niya mapigilan ang kanyang halakhak. Hindi na kumikilos ang katawan ni Amargoso at tuloy pa rin siya. Sa wakas ay sumabog ang kanyang tiyan.

**Rostov** Eksena ng huling pagkabigo at tagumpay ni **LENIN**. Pinatunayan dito na mas makapangyarihan pa rin ang mga tao kompara sa tangke dahil puwedeng sakyan ng tao ang tangke, pero ang kaya lang gawin ng tangke ay pumatay ng tao.

**Rostro, Bungisngis** Kahit ano, hinahalakhakan, kahit pun. Pinatay ni **GEMMA RED** gamit ang isang IED sa isang restaurant sa **QUEZON CITY**, ang huling nakita ni Bungisngis ay bolang pamfutbol na may drowing na ngiti at mga mata.

Sa nobelang Panaginip ng Baha, inilarawan ang kanyang kabataan bilang duke ng BAGUIO. Bago pa man siya naging pinakapinagkakatiwalaang adviser ng pamangkin niyang reyna, si **MIKA P. ROSTRO**, nag-training siya sa ilalim ng mga **PANGINOONG LAMANLUPA** at magnanakaw na tao sa **BRAZIL**. Sa Brazil nakaranaas ng flash floods si Bungisngis. Bagaman nakaligtas siya ay marami sa kanyang mga naging kaibigan, lamanlupa

at tao, ay namatay. Kaya na lang galit na galit siya nang pasabugin ng **CENSOR** ng **BAGUIO DAM.**

Bilang mayamang turista, nahila si Bungisngis na maging bahagi ng fact finding commission na ang misyo'y alamin kung ano ang tunay na sanhi ng baha. Sa komparatibong pag-aaral ng nangyari sa Brazil at sa **KATAYAN**, natuklasang ang isa sa pangunahing masisisi sa flash floods ay ang walang habas na commercial logging ng **COMPANIA DE MERCADO**. Sa sari-sari store kung saan madalas siyang tumambay, isa sa iilang lugar na hindi nawasak ng baha, nagreklamo nang nagreklamo si Bungisngis sa mga kainuman na wala namang patutunguhan ang findings ng commission, dahil masyadong makapangyarihan ang Compania.

Kasama si **DANTE ALEGRIA**, isang **TIKBALANG**, at si **RANDY DOR**, isang tao, ginawang protesta ni Bungisngis ang idinaos na mass funeral. Gawa sa plastik ang lahat ng kabaong bilang pang-uusig sa pagwasak ng Compania sa kalikasan. Bagaman nabalita sa telebisyon ang pangyayari, umabot pa nga sa **BAYANG MALAYO** ang kontrobersiya, nagdilang anghel si Bungisngis dahil wala nga namang pinatunguhan ang imbestigasyon ng fact finding commission, at kahit ng protesta nilang magkakaibigan.

Sa mass funeral, nakilala ni Bungisngis sina **BRUHANG WILL** at ang kanyang naging asawang si **KUNEHO ROSTRO** (na Kuneho Visage pa ang pangalan noon, exchange student mulang **INDIA**). Sa loob ng dalawang oras, napaibig si Bungisngis ni Will, napaibig siya ni Kuneho, inagaw siya ni Kuneho, binawi siya ni Will, pinagsawaan siya ni Will, at pinulot ni Kuneho ang mga piraso ng kanyang puso. Ang paring nag-officiate ng funeral rites din ang nagkasal sa kanila, dalawang araw pagkatapos ng protesta.

Bagaman masarap kasama dahil malakas tumawa, hindi kaaya-aya ang hitsura ni Bungisngis. Mahaba ang kanyang leeg, masyadong bilog ang kanyang mga mata, at hindi bagay sa kanya ang maikli niyang gupit. Isa pa'y bato-bato ang kanyang katawan, at madalas siyang mapagkamalang goon imbes na may dugong bughaw. Sa pagbalik niya sa Baguio kasama ang kanyang bagong asawa, sinubukan siyang i-recruit ng mga miyembro ng **PRIVATE ARMY FOR HIRE** at **JAMAS**.

Trip-trip lang, sumali si Bungisngis sa Private Army for Hire bilang "boluntaryo." Ibig sabihin, sasama lang siya, at babayaran, doon sa mga misyon na gusto niyang salihan. Hindi naman siya sumama sa kahit anong laban, pero nakakatanggap pa rin siya ng newsletter ng

grupo. Sa kanyang kuwarto sa kanilang kastilyo sa Baguio, pinanood ni Bungisngis kung paanong pinagpapatay ni **SISIPUSI LAMANG** ang mga kaibigan ni Gabby sa pamamagitan ng paghulog sa mga ito mula sa bubong ng **PALACIO DE MALACANANG**.

Pagkatapos mapaslang ang kanyang asawa, hindi agad naghangad ng paghihiganti si Bungisngis. Sunog ang mga labi at pisngi, kinolekta niya ang bawat piraso ng buhok na mayroon sa kanilang kuwarto, pati na rin ang bawat piraso ng laman na nabawi niya sa blast site. Pumunta siya sa **DUBLIN** at pinaanalisa ito sa mga siyentista doon, ang mga **MAGKAKAPATID NA TALYER**, sa pag-asang magpagawa ng clone ni Kuneho. Nakagawa naman ng clone ang mga Talyer, pero hindi mahal ng Kunehong ito si Bungisngis. Iniwan ni Bungisngis sa Dublin ang babaeng tinawag ang sarili na **KUNEHO VISAGE II**, bumalik sa **BAYANG MALAYO** para hantingin si Gemma Red.

Bago makauwi sa lupang sinilangan, dumaan muna si Bungisngis sa India. Habang naglalakad sa slums doon, nakapulot siya ng **PAHINA** ng **AKLAT NG SANSINUKOB**, kung saan nabasa niyang mapapatay siya ni Gemma Red sa isang restaurant. Alam ang kanyang tadhana pero puno ng hinanakit, itinuloy pa rin ni Bungisngis ang kanyang pagtatangka sa buhay ng terorista.

**Rostro, Kuneho** Duchess ng **BAGUIO**. Anorexic. Galing India. Kuneho Visaga ang pangalan bago naging asawa si **BUNGISNGIS ROSTRO**. Naaawa siya sa mga walang trabaho, at sa mga trabahador na mababa ang suweldo, pero wala naman siyang ginawa para tulungan ang mga ito kahit na makapangyarihan siya sa lipunan. Ginamit bilang lalagyan ng bomba nina **GEMMA RED** at **RABBIT BARKO** ang kanyang katawan sa kanilang misyong pasabugin ang **BAGUIO DAM**.

**Rostro, Mika P.** Ang huling reyna ng **BAGUIO**, si **HAPON KAWABATA** at hindi si Gabby ang gusto talagang anyayahan ni Mika papunta sa kanyang bayan.

Sa ilalim ng kanyang rehimen, sinimulang buoin ang **BAGUIO DAM**, na nag-displace ng halos 10,000 residente. Itinuloy niya ito kahit nag-advise ang kanyang tiyo, si **BUNGISNGIS ROSTRO**, na kanyang pinakapinagkakatiwalaan, na mawawalan siya ng popular na suporta ng masa dahil sa proyekto. Pagkatapos ng pagbomba sa dam kung saan libo ang namatay, nagtago si Mary sa **BARANGAY ROXAS**, tumakas sa responsabilidad sa kanyang mga kababayan. Natagpuan siya ng detective na si **TAMMUZ**. Hinusgahan siya ng mga taga-Baguio in absentia, at nang mabalik sa kanila'y pinugutan ng ulo sa pamamagitan ng guillotine.

# S

**Sagada** Lungsod sa Norte ng **QUEZON CITY**. Dito matatagpuan ang **HAGDANG-HAGDANG PALAYAN**, na madalas puntahan ng mga gustong maging vigilante at superhero.

**Salvage, Croc** Asawa ni **MAL SALVAGE**. Isang **CANNIBAL**.

**Salvage, Mal** Minor supervillain na ginapi ni **JOKER CAMUA**. Isang necromancer. Asawa niya si **CROC SALVAGE**. Bago sila mag-asawa, nagawang magtago ni Mal, wala siya sa radar ng mga bayolenteng vigilanteng naglipana sa **BAYANG MALAYO**. Nakilala ni Mal si Croc isang gabi nang pinag-awayan nila kung sino dapat ang may-ari ng bangkay ng isang binatilyong kalilibing lang. Isang **CANNIBAL**, gusto sanang kainin ni Croc ang lalaki kahit na hindi sariwa dahil matagal nang walang laman ang kanyang tiyan mula nang lumuwas mula sa **MUNTING RUSYA** pa-**QUEZON CITY**. Gusto sana ni Mal na idagdag ang lalaki sa kanyang binubuong hukbo ng **ZOMBIE**. Nagkasundo silang kakainin ni Croc ang mga braso ng binatilyo, at kapalit ay tutulungan niya si Mal na kabitan ng drill sa ulo ang zombie. Ang nagustuhan ni Mal sa babae, nagagawa nitong magkompromiso.

Bagaman may state sanctioned-disapproval, hindi naman talaga bawal ang cannibalism sa Bayan, kaya hindi naman nalalagay sa panganib si Croc dahil sa kanyang diet, at nagawa niyang habulin ang pangarap niyang maging scriptwriter. Pero, dahil balak ni Mal na magtayo ng hukbo ng zombie para isang araw ay itumba ang gobyerno, laging may gulo sa kanilang buhay mag-asawa. Hindi naman alintana ni Croc ang mga bagay na ito (surveillance, harassment, intimidation), dahil sobrang sweet ni Mal. Kahit anong hingin ni Croc ay binibigay nito (kubyertos na gawa sa pilak, pinakabagong tablet ng Oppo). Naniniwala si Croc na "ang pag-ibig ay pagpapayabong sa sarili sa pamamagitan ng pagpapayabong sa iba," kaya tinutulungan niya si Mal sa mga necromantic activities nito.

Nang magsimulang magbangayan si Mal at si Joker, nakita agad ni Croc na mapanganib na kaaway ang vigilante. Inisip ni Croc na mas

mai-inspire si Mal na gapiin si Joker kung may romantikong subtext ang kanilang laban. Kaya sinabi ni Croc na gusto niyang kainin ang puso ni Joker, at hiniling niya ito mula kay Mal bilang fifth wedding anniversary gift. Nag-uumapaw ang pagmamahal para sa asawa, isinumpa ni Mal na kukunin ang puso ni Joker.

Nang bahain ng bagyong Egay ang Quezon City, nagpanggap si Mal na driver ng makeshift raft. Natagpuan niya si Joker na hindi makababa mula sa isang puno dahil ayaw mabasa ang bagong biling sapatos. Inalok ni Mal na ihahatid sa baha si Joker nang tuyo, at sumakay naman sa kanyang raft ang vigilante. "Ngayon, Jaker," sabi ni Mal nang medyo makalayo na sila, "kukunin ko ang iyong puso at ipapakain sa aking asawa." Nabigla siya sa sagot ni Joker, "Nako, puso ko pala ang kailangan mo. Naiwan ko dun sa puno." Tyinaga ni Mal magsagwan pabalik ng puno. Umakyat agad sa pinakamataas na sanga si Joker. Hindi na mapababa ni Mal ang vigilante, at kinailangan na niyang umuwi. Consuelo de bobo na lang niyang sa paglipat ni Joker mula raft papuntang puno, nabasa ang bagong biling sapatos nito.

Nagkaroon pa ng isang pagkakataon si Mal na makuha ang puso ni Joker. Nahuli niya itong natutulog sa isang beerhouse. Agad na sinagpang ni Mal ang binti ni Joker. "Ngayon, Jaker," sabi niya, "huli ko na ang iyong binti." Nagulat siya sa sagot ng vigilante. "Hindi ko 'yan binti kundi shotgun." Binaril ni Joker sa mukha si Mal.

Sa dulo ng Fisting Yahweh, nag-aaral ng necromancy si Croc para ibalik sa buhay si Mal. Pag magawa niya ito, plano niyang sunod na buhayin si Joker, para maglaban muli ang kanyang asawa at ang vigilante.

Si Croc ang nag-udyok kay Mal na tawaging "Jaker" si Joker. Nauso naman ito at naging isa sa mga alyas ni Joker.

**Salvi, Verdolagas** Isang biologist at theologian, inexcommunicate si Verdolagas ng Simbahan dahil sa kanyang librong Hymeneus at Alexander, kung saan niya ipinagtanggol ang paniniwala niyang lahat ng tao ay diyos. Nakilala niya si **LALAMUNAN SOLOMON** sa isang "literary arts festival" na puro **PUTI** ang guest speaker. Binigyan ni Lalamuna si Verdolagas ng isang dangkal na print out ng nakalap na impormasyon ng **COMPANIA DE MERCADO** sa **DINOSAUR CABAL**. Pagkabasa sa dossier ng dalawang beses, idineklara ni Verdolagas na bilang bahagi ng diyos, tungkulin niyang burahin mula sa mundo ang Cabal, na bahagi rin ng diyos, na "nagwala."

Kilala si Verdolagas sa buong **BAYANG MALAYO**, at nirerespeto ng mga mamamayan, lider-sindikato man o anarkista, squatter man o

panginoong may lupa. Kaya pa nga niyang sumakay sa **ANINO NG MRT** nang hindi nahoholdap.

Anak-mayaman, pag-aari dapat ni Verdolagas ang kabuoan ng **ATIA OCTAVIAN CANAL** (ipinamana sa kanya ito ng kanyang lolo). Ibinigay niya ito sa gobyerno bilang donasyon, umaasang gagamitin ang kita mula sa taripa sa mga nagdadaang barko't gagamitin para mapabuti ang buhay ng mga mamamayan. Ninakaw lang naman ng mga pasista ang kita, at ang tanging kapalit na natanggap ni Verdolagas ay isang monumento sa **PALAWAN**, na hindi niya kamukha.

Matagal na panahon ang inilaan ni Verdolagas sa **MUNTING RUSYA**. Sinubukan niyang kumbinsihin ang mga mamamayan nito na itigil na ang pagkain sa mga sanggol. Pinabartolina siya ni **KULANG LAMANG**. Nang magpakamatay si Kulang, pinakawalan si Verdolagas ng interim mayor. Halos mabaliw at hindi man lang alam kung anong taon na, nakakita ng leaflet si Verdolagas kung saan ipinagdiriwang ang ikalimampung taong anibersaryo ng **ANARKISTA KOLEKTIB**, at ito ang nagbalik sa kanya sa katinuan.

Sa **PALACIO DE BUENO**, nakilala ni Verdolagas si **JOSE KABAYO**, na sa panahong ito'y excommunicated theologian na rin. Galit din si Jose sa Cabal, pero dahil hindi ito ang binigyan ng impormasyon ni Lalamunan, tanging sa mga blog post lang nito nauusig ang mga dinosaur-makata.

Bagaman nasabotahe niya ang ilang proyekto ng Cabal, kaunti lamang ang nagawa ni Verdolagas laban sa kanila. Parati siyang nalolokong mga ito. Nang i-raid niya ang pinaghihinalaang warehouse nila sa **ORDO**, ang natagpuan niya'y meeting ng mga **UNGGOY NG ORDO**. Kinailangan pang isuko ni Verdolagas ang copyright ng Hymeneus at Alexander sa mga Unggoy para lang di makasuhan. Pinanghinaan ng loob, napadpad siya sa **KATAYAN**. Naging boss niya si **LOLO MATADOR**, at nang mamatay ito, si **RAMON "BOY" MATADOR**, bilang public relations officer. Si Verdolagas ang kumumbinsi kay Boy Matador na wag nang pumatay ng hayop at sa halip ay magsimulang magbenta ng tofu. Madalas silang magdebate tungkol sa pagiging homophobic ni Boy Matador.

Naging girlfriend ni Verdolagas si **SORA MATADOR**. Hindi sila nagtatalik, na-castrate si Verdolagas nang siya ay iexcommunicate, kaya para mailabas ang init sa loob, madalas silang pumunta ng **MALATE**, kung saan nagsasayaw sila buong gabi.

**Samantha** App sa cellphone ni **JACQUELINE KAWABATA**, na mas madalas ay pinakikinggan niya kaysa kapwa-tao. Kontrolado si Samantha ng siyentistang si **GANDA**.

**San Juanico Bridge** Pinaka-dilapidated na tulay sa mundo. Tinatawid ito ng mga thrill seeker. Sampu kada taon ang namamatay dito, at sampung milyon kada taon ang kinikita nito para sa ekonomiya ng **BAYANG MALAYO**.

**Sastre, Kitsch** Tambay ng **BARANGAY PALIGSAHAN**. Madalas magbasketbol. Kaibigan ni **BRUCE HUJO**. Nang mamatay si Bruce sa isang demolisyon sa **AGHAM ROAD**, na-depress si Kitsch. Hindi na niyang magawang maglaro ng basketbol ulit. Napadalas ang kanyang pagtambay sa bilyaran.

Dito niya nakilala si **ALBERTO SINING**. Magkaibang-magkaiba sila ng personalidad. Samantalang racist si Alberto, galit siya lalo na sa mga taga-Algeria, at nagpapantasyang bumaril ng taga-Algeria sa dalampasigan, naniniwala naman si Kitsch na kailangang suportahan ang mga liberation movements sa iba't ibang bahagi ng mundo, halimbawa ng mga Kurd sa Turkey, Iraq, at Syria. Bukod dito, samantalang ang mga sinusulat ni Alberto'y mga walang wawang espekulasyon tungkol sa rebelyon at kawalang kahulugan ng buhay, ang tinatalakay ni Kitsch sa kanyang mga sanaysay, nobela, at dula ay ang imahinasyon, ang pag-igpaw sa "ako," at ang relasyon ng indibidwal sa grupo. Pareho silang hindi mapublish-publish, at parehong may sama ng loob sa **WE PRINT IT IN THE MORNING**, na ilang beses ding winala ang kanilang mga manuskrito. (Tatlong beses kay Alberto, isang beses kay Kitsch, at isang beses bilang joint authors, para sa nobelang isinulat nila nang alternate ang chapters.)

Enjoy si Kitsch sa company ni Alberto kahit na alam niyang bargas ito't barubal, ibang-iba kay Bruce na di-makabasag-pinggan. Ni minsan ay hindi niya tinanong kung ano ang nakita ni Alberto sa kanya.

Bagaman madalas magbasketbol, maliit ang katawan ni Kitsch. Si Alberto, bagaman mas madalas magbilyar, at magpalaki ng bayag, ay tila row ng pandesal ang tyan. Pag tumatambay sila sa apartment ni Alberto, ang hilig nito'y bumato ng kutsilyo sa pinto.

Para makaget-over sa kamatayan ni Bruce, nagtanim ng puno ng santol si Kitsch. Dahil sa mataas na antas ng teknolohiya, mabilis itong lumaki, at malaki ang mga bunga, patunay na hindi lahat ng GMO ay masama. "Kailangan mo lang siguraduhing hindi terminator," sabi lagi ni Kitsch. Takot sa heights, humingi siya ng pabor kay Alberto: ito ang kukuha ng mga bunga, na paghahatian nila. Bagaman naging mahabol ang sumunod na diskusyon tungkol sa bakit hindi na lang gumamit ng panungkit si Kitsch, pumayag din sa wakas si Alberto. Pero, pagdating niya sa taas ng puno, sinimulan niyang kainin ang mga santol nang

hindi man lang hinuhulugan ng buto si Kitsch. Bukod dito, pinaghalo pa niya ang balat sa tinalupan.

**Scarborough Fair Shoal** Islang nasa dulo ng Luzon, vacation spot ito ng mga lider-sindikato, panginoong may lupa, burukrata-kapitalista, governor general, at demokratikong aktibistang lumalaban sa mga military junta. Pinakasikat nitong kainan ang family restaurant na **AKLATAN**.

**School Bus** Kotseng duploid na minamaneho ni **SHELDON SILYA** noong racer pa siya sa **VALHALLA**. Ubod nang bilis dahil sa "few modifications" ni **ETS JI BUENO**.

**Scum Artistes** Limang magkakapatid, dalawang babae at tatlong lalaki. Umiikot sila sa buong **BAYANG MALAYO**, itinatago ang kanilang mga con at scam sa pamamagitan ng kanilang show, na pinaghalong travelling circus at melodrama. Matinik sila sa masa, at huli ang kiliti ng mga manonood. Iisa lang naman ang pangunahing banghay ng kanilang mga palabas: isang higante (nagngangalang Al) ang nanligaw sa isang tao (nagngangalang Lea). Kahit sa simula ay hindi gusto ni Lea, pagkatapos mangako ni Al na makikipamuhay siya kasama ang mga tao imbes na si Lea ang mag-a-adjust sa buhay-higante, ikinasal sila. Tahimik naman ang kanilang mga unang buwan sa pagiging mag-asawa, pero nang dumating ang Disyembre dala ang lamig na sinabayan pa ng malakas na bagyo, kinailangang mamaluktot ni Al. Dumaan ang gabi, at sa kanyang paggising sa umaga, nag-inat-inat si Al. Nasira tuloy ang bahay ni Lea, at kinailangan nilang maghiwalay.

Binubuo ang Scam ng panganay na si Sha, isang madasalin at tsismosang babae. Pinakakapansin-pansin ang kanyang nunal, nasa may labi niya ito kaya, lagi niyang sabi, magaling siyang humalik, at mahilig siyang bumulong. Sunod naman si Gab, isang effete na barumbado. Pagkatapos lagi na masabak sa sapakan, sa beerhouse man o sa MRT station, sinisisi ni Gab ang kanyang "mental illness." Lagi silang nag-aaway ng kanyang ate, dahil alam ni Sha na wala namang sakit ang kapatid. Ilang beses na niyang tinatakot itong hindi na isasama sa kanilang mga proyekto.

Middle child si Reynald, ang pinakamabait sa kanila. Tamad kasi ito, at mas gugustuhing wag na lang mag-scam at mang-con at magpalaki na lang ng bayag sa bahay. Lagi itong hinihila ni Gab sa away, dahil meron itong makapal na mga kilay at nakakasindak sa mga hindi kilala ang kanyang kalikasan.

Pang-apat si Daniel, na katulad ni Reynald ay tamad din. Pero, hindi tulad ng kanyang kuya, marami siyang pangarap sa buhay. Gusto niyang sumikat, at magpakayaman. Dahil dito, siya ang laging kasama ni Sha na magdisenyo ng kanilang mga gimik. Pero kung si Sha at Gab ay laging hayok sa adventure, sa thrill ng susunod na panloloko, gugustuhin ni Daniel na magpahinga na at mag-invest na lang sakaling umabot sila sa araw na may sapat na silang pera. Siyempre, hindi dumating ang araw na ito.

Bunso nila si Vea, isang chubby at pandak na babae. May kahinaan sa isip, lagi itong nagtataas ng kamay na parang nagpipigil ng sasakyan habang tumatawid sa kalsada, para i-indicate sa kausap na kailangan nitong bagalan ang pagsasalita. Dahil mukhang inosente, si Vea ang mukha ng Scam Artistes.

Pinakamalaking con na sana ng magkakapatid ang panloloko nila kina **KALASAG BAJU** at **GAMMA RED**, na binentahan nila ng mapa na di umano'y nagtuturo sa **EL DORADO**. Nang matuklasan ng dalawa ang panloloko, hinanting nila ang naghiwa-hiwalay munang manggagantso. Nahuli nila sa lumang apartment, nakapangalan pa ito sa lolo ng magkakapatid, si Tandang Artistes, sina Reynald at Daniel. Binalatan sila nang buhay ni Kalasag. Sinubukan pang manloko ng magkapatid para makatakas (nagkunwari silang galit sa isa't isa, "Sabi ko sa 'yo masusundan nila tayo rito!") pero puno na ng pagkamuhi at galit ang puso ni Kalasag.

Sunod na natunton ng dalawa si Sha. Hindi tulad ng mga mas batang kapatid, hindi lang ito nagtangkang makalayo kundi nagset up pa ng maze kung saan niya balak patayin ang mga niloko. Nabitag niya si Kalasag sa isang pit, pero hindi niya inasahang dadaklutin lang ni Gamma Red ang kanyang puso at kakainin.

Huling nahuli ng dalawang naghihiganti sina Vea at Gab. Nanlaban si Gab at nagapi si Kalasag, pero bumigay ang kanyang utak nang makitang daklutin at kainin ni Gamma Red ang puso ni Vea. Tunay na siyang nabaliw at hindi na dapat pang paghihigantihan ni Kalasag, pero kinumbinsi ni Gamma Red ang kaibigan na baka gumaling pa ito sa tulong ng psychoanalysis na usong-uso sa panahong iyon sa Bayang Malayo. Binalatan nang buhay ni Kalasag si Gab.

**Second Thomas Shoal** Islang malapit sa **SCARBOROUGH FAIR SHOAL**. Meron ditong presensiya ang ilang bapor-pandigma ng **BAYANG MALAYO**. Marami ditong nakatirang **PUTI**, at mas maraming **TAGASIRA**.

**Sevastopol** Pinakamahirap na ciudad sa Russia. Nobenta porsiyento ng mga residente nito'y no read no write.

**Sevastopol Bookstore** Mala-Paris salon kung saan inilunsad ni **MUSIKA HALAMAT** ang kanyang kampanya (cultural guerilla war) laban kay **LENIN**.

**Shlek, Bose** Minor supervillain na ginapi ni **JOKER CAMUA**. May mahinang uri ng mind control. Kaya niyang kontrolin ang utak ng mga lalaking ipinanganak mula ikalima ng Abril hanggang ikawalo ng Mayo ng taong 1978. Tumatagal lamang ng isang oras ang kontrol niya sa mga lalaking ito, at kailangang ipahinga ang kanilang utak ng tatlumpong minuto bago makontrol muli. Kahit na napakalaki ng limitasyon sa kanyang kapangyarihan, nagamit pa rin ito ni Bose para makapangkidnap, makapang-carnap, at makapangholdap ng bangko, patunay na lahat ng nagtatiyaga ay natutupad ang mga pangarap.

Natuklasan ni Bose ang kanyang kapangyarihan nang isang gabi'y may nangholdap sa kanya sa isang eskinita. Simpleng call center agent lang siya noon, at buong ingat sana sa winithdraw dahil ipambibili niya ng bagong tablet. Sa kanyang desperasyon, napasigaw siya ng kung ano-anong bagay sa holdaper na may balisong, isa na rito ang "Saksakin mo ang sarili mo." Nagitla siya nang ibaon ng holdaper ang balisong sa sarili nitong tiyan. Laging itinuturo sa kanila sa opisina na maging bukas sa mga oportunidad, at nakita ni Bose ang sitwasyon hindi bilang bizarre kundi bilang interesante. Dinala niya sa ospital ang holdaper, at pinagamot ito. Habang tulog pa dahil sa painkillers, inuwi niya ang lalaking may balisong at sa loob ng isang linggo ay tinorture ito gamit ang mga teknik mula sa CIA Interrogation Handbook. Una munang sinigurado ni Bose kung totoo ngang kaya niyang kontrolin ang utak ng lalaki. Noon kasing bata siya ay may nangyari nang katulad nito sa kanya, pero sa kanyang paglaki'y inisip niyang imahinasyon lang niya ang lahat. Nang matiyak niyang kaya nga niyang pasunurin ito sa lahat ng kanyang utos, saka tinesting ni Bose ang limitasyon ng kanyang kakayahan. Saka niya pinabalatan sa lalaki ang sariling balat para malaman kung anong katangian nito ang kailangan para maging bukas ang isip. Nang-abduct ng lima pang lalaki si Bose para matuklasan ang buong katotohanan tungkol sa kanyang kapangyarihan. Sa unang anim na taong kanyang naging biktima, isa lamang, ang orihinal na holdaper na kanyang kinontrol, ang nabuhay.

Dahil tumatagal lamang ng isang oras ang kontrol ni Bose, mabibilis na raid lamang ang una niyang plinano. Nang dumami-rami na ang kanyang mga tauhan, saka lang siya nagsubok sa mas elaborate na krimen, gamit ang waves pattern (may isang squad ang unang titira, at sa kanilang pagbabalik sa katinuan lamang ia-activate ni Bose ang susunod na squad). Hindi rin naman nakakatakas ang mga lalaking

kanyang kontrolado. Ang primaryang utos sa mga ito'y magsaksak ng dala nilang pampatulog sa huling minuto ng oras na sila ay sumusunod sa loob ni Bose.

Kayabangan ang naging sanhi ng pagbagsak ni Bose, at brute force lang ang ginamit ni Joker laban sa kanya. Hinamon ni Joker si Bose, paramihan ng alipores. Nag-showdown sila sa **QUEZON AVENUE**, at walang taong dala si Joker. Samantala, si Bose, kumpol-kumpol ang mga tauhan. Sinabi ni Joker na hindi aabot sa isang daan ang mga kontrolado ni Bose, at kung tunay siyang may kapangyarihan, papipilahin niya ang mga ito sa isang diretsong linya at ipapabilang kay Joker. Pinapila naman ni Bose ang mga lalaki. Napuno ng hukbo ang Quezon Avenue, mulang **ELLIPTICAL ROAD** hanggang **MABUHAY ROTONDA**. Arrangement pa lang, umabot na ng isang oras. Sinimulan ni Joker ang pagbibilang sa Mabuhay. Tinadyakan niya ang ulo ng unang lalaki, bumagsak ito sa aspalto, saka siya tumalon sa susunod. Sa bawat pagbagsak, bumilang siya. Lampas isang daan ang hukbo ni Bose, umabot ito ng pitong daan at tatlumpu. Sa bungad ng Elliptical Road, sa may entrance ng **LUNG CENTER**, inabangan niya si Joker. Nang bumagsak ang huling tauhan ni Bose, inilabas ni Joker ang kanyang shot gun at babarilin na sana ang supervillain nang utusan siya ni Bose na barilin ang sarili. Susunod na sana ang vigilante nang umeksena ang holdaper na unang naging alipin ni Bose. Sinaksak nito ng balisong sa leeg si Bose, patid ang jugular. Sa pagkamatay ni Bose, napawalang bisa ang kontrol nito kay Joker.

**Sighted, Jaker** Tauhan sa nobelang Trak ni Hudas ni **KALI ESCRIBA**, na inaakalang mouthpiece para ipalaganap ng awtor ng mga paniniwala niya tungkol sa tamang relasyon ng mga kasarian. Ilang kabanata ng nobelang Korporasyon ang naglalarawan ng contrast ng pagtrato ni Kali sa mga babae sa mga prinsipyo ni Jaker, na di-umano'y mga prinsipyo niya.

**Silid-Aklatan** Literal na silid-aklatan, public library ito ng **BARANGAY ROXAS** sa **QUEZON CITY** na ginawang cafe. Sinubukan itong ibenta ng scammer na si **HOMBRE LECHE**, na binili ito mula sa isang seller sa Craigslist, sa lider-sindikatong si **MARIO ORLANDO**. Nawasak ito nang ilang ulit, pinakahuli noong salpukin ng **TRAK NI HUDAS**.

**Silya, Sheldon** Direktor. Madalas makipag-collaborate noon kay **JORDAN NICOLAS**. Mekaniko niya si **ETS JI BUENO** noong minamaneho pa niya ang dubploid na **SCHOOL BUS**. Laging may dalang backpack si Silya, na punong-puno lagi, kaya tinatawag siyang Direk Pagong ng mga ka-close. Karibal niyang direktor si **BUYO NAMA DAKIT**, na inilalarawan ang sarili bilang "singtuso ng matsing, singtiyaga ng pagong."

Samantalang si Silya ay mataba (40 ang size ng kanyang mga pantalon at triple extra large ang kanyang mga polo shirt), si Buyo ay guwapo, matangkad, meztizo, matangos ang ilong, at laging nakaka-love affair ng mga aktres. At samantalang hanggang teatro lang ang mga produksiyon ni Silya, nakakapag-direct na si Buyo ng mga pelikula, pati rin mga ad ("Sa patalastas ngayon nakikita ang pinaka-advanced ng teknik sa storytelling!" lagi nitong sinasabi pag inuman.)

Hindi naman matatawag na frenemies sina Silya at Buyo, dahil lantad ang kanilang pagkamuhi sa isa't isa. Pero kahit laging nag-iinsultuhan at nagsusuntukan, nagbabakasyon sila kada taon sa **MANILA**, ang radioactive wasteland na dating kapitolyo ng **BAYANG MALAYO**. Sa slums ng Manila parehong lumaki ang dalawa. Dala-dala ang kanilang mga pana, iniikot nila ang mga eskinita at avenida, muling nilalanghap ang hangin ng kanilang kabataan. Umabot ng limang taong ang kanilang ritwal bago sila nagkapikunan.

Isang hapon habang naglalakad, nakakita sila ng tracks ng baboy-ramo sa isang kalye. Nagset ng trap si Silya sa lupa, samantalang nagset ng trap si Buyo sa puno. Nagpustahan pa sila kung sino ang makakahuli ng baboy-ramo. Natulog sila sa isang abandonadong gusali. Noong gabi, pumuslit si Buyo at natagpuang may baboy-ramo sa trap ni Silya, at ibon lang ang nahuli ng kanya. Ini-switch niya ang mga ito. Pagdating ng umaga, kasama na si Silya, nagkunwari siyang nagulat na makita ang baboy-ramo sa trap niya sa puno. Alam ni Silya na may switching na nangyari, at nang nakabalik na sila sa **QUEZON CITY** ay naghamon ito ng duwelo. Nagtago si Buyo sa loob ng kanyang bahay, kasama ang kanyang asawa at anak, samantalang nanatili si Silya sa gitna ng kalye. Unang nagpalipad ng palaso si Buyo. Tanging backpack lang ni Silya ang kanyang natamaan. Gumanti ng tira si Silya. Patay ang bunsong anak ni Buyo. Patuloy ang kanilang palitan, hanggang sa maubos ang labindalawang anak ni Buyo (mariin silang tumanggi sa mga prinsipyo ng RH Law noong RH Bill pa lang ito). Nang mapatay ni Silya pati ang asawa ni Buyo, sumuko na ito. Ibinigay nito ang baboy-ramo kay Silya.

Isang taon ang lumipas. Nagpakalunod sa mga aktres si Buyo. Nag-aya ulit si Silya na pumunta sila ng Manila. Nakatagpo sila ng puno ng saging. Inuwi nila ito sa Quezon City, at dahil mas malaki ang lupa ni Buyo kaysa kay Silya (ito nga naman ang may pera dahil sa pagdi-direct ng mga ad), sa bakuran nito nila itinanim ang puno ng saging. Nang magkabunga na ito, hindi binigyan ni Buyo ng kahit isang pirasong prutas si Silya. Imbes, paulit-ulit nitong sinabi, "Alam mo bang hindi tree ang saging, kundi bush?" Bilang ganti, nagpadala ng usa na may

nakapasok na mais sa puwit. Nang tanggalin ni Buyo ang mais, sumabog ang usa. Pumasok si Silya sa bahay ni Buyo at kinain ang mga piraso ng katawan nito. Inilagay niya ang utak ni Buyo sa planggana at minarinate. Habang nag-iimis sa sala si Silya, dumating ang ilan sa mga kalaguyo ni Buyo, ang manunulat na si Jordan Nicolas at ang aktres na kilala lang sa pangalang **TABKUKO**. Hinanap ng dalawa kay Silya si Buyo, pero nagkunwari itong pumunta lang ng grocery si Buyo para bumili ng beer. Niluto niya ang utak ni Buyo at pagkatapos ay inalok ito sa dalawa. Tuwang-tuwa si Silya habang kinakain ni Tabkuko ang utak ni Buyo, pero hindi niya matiis at pinigilan niya si Jordan nang subukang nitong sumubo. Inamin niya ang kanyang ginawang cannibalism. Tumakbo palayo si Tabkuko, pero nanatili si Jordan. Dinala niya si Silya sa **OSPITAL SIPILIS** para makipag-usap ito sa psychiatrist.

Lumipas ulit ang isang taon. Magaling na si Silya. Pati ang obsession niya sa pagsusuot ng backpack ay wala na. Siyempre pa, hindi na siya kumakain ng tao. Inaya niya si Jordan sa Manila bilang pag-alaala kay Buyo. “Pumangit na ang mga commercial sa telebisyon mula nang mawala siya,” sabi pa ni Silya. Pumayag naman si Jordan. Pumunta sila sa abandonadong gusali kung saan natulog sina Silya at Buyo. Sa 13th floor, naengkuwentro nila ang isang baboy-ramo. Hinabol sila nito. Nang umabot sila sa 2nd floor, naengkuwentro nila ang isa pang baboy-ramo. Napaatras si Silya at nahulog sa isang bukas na bintana. Nabali ang kanyang gulugod. Pinatay ni Jordan ang dalawang baboy-ramo gamit ang pana at palaso. Kinaladkad niya ang bangkay ni Silya pabalik sa Quezon City. Sabi ng forensic pathologist, kung may proteksiyon sana ang likod ni Silya, hindi sana ito namatay.

**Singsing ng Phoenix** Dambuhalang kalbong ibon na nagpapakita sa mga miyembro ng Katipunan para balaan sila sa paparating na trahedya. Kadalasa’y di nila pinapansin, o di kaya’y huli na ang kanilang pakikinig sa babala.

**Sining, Alberto** Karibal at lover ni **KITSCH SASTRE**. Samantalang si Kitsch ay abstraktong magsulat, si Alberto ay malabo. Racist siya, at pinakakinamumuhian ang mga Algerian.

**Solo** Isa sa maraming pinadala ng iba’t ibang kaaway ng **HARI NG KAMAO** mula **MION** papunta sa sister city nito na **THE CHOW**. Pinatay ni **BLANCO**, dinukot niya ang puso.

**Solomon, Anril** Mortal na kaaway at pinakamatalik na kaibigan ni **KRAMER KRAMER**. Isa siyang **PUTI** na minsan nang nagtangkang sakupin ang **CAGAYAN VALLEY**. Niloko niya at binuntis si **ROBERTA**

**JULIO**, pinangakuang mamahalin pagkatapos ay iniwan niya ito. Nang maging miyembro siya ng **LIBERTARIAN PARTY OF QUEZON**, nagdulot ito ng hidwaan sa pagitan ni **CHARLIE IBA** at **SERGEI BUHO**, dahilan para mag-resign si Charlie bilang presidente ng partido. Sa dulo ng Fisting Yahweh, co-president si Anril ng Libertarian Party, kasama si Sergei. Bilang co-president ng partido, pumunta siya sa **KASTILYO** para ialok ang services nila kay **KRISTINA JAYA** at sa Iglesia ni **AMANDOTE**, para magkaroon ng Kaayusan sa sansinukob.

Hindi kasundo ni **CLARO RECTO ESPEJO** dahil sa pagiging dismissive niya kay **CARLA SOLOMON** at sa feminismo. Akala niya, pinsan niya si **LALAMUNAN SOLOMON**. May pagka-prankster, ilang beses na siyang nagpapanggap na hari.

**Solomon, Carla** Miyembro ng **LIBERTARIAN PARTY OF QUEZON CITY**, isang **PUTI**. Ang kanyang mga sanaysay ay pumapaksa sa feminismo at patriyarka. Hiningi niya ang tulong ni **BANYAGA TANGERINE** sa paglutas sa pagpugot ng ulo ni **DEGREE CALVIN**. Pinatay, sa utos ni **NINANG DONYA**, gamit ang **KIDLAT SZILARD**. May alagang **HLIDSKJALF**, na kinain ni **CHARLIE IBA**.

**Solomon, Lalamunan** Low level flunky sa **COMPANIA DE MERCADO**. Madalas niyang tinutulungan, hanggang makakaya, ang mga tinatarget ng Compania, halimbawa si **KANTA SUN**. Nagsimula ang kanyang pagbabagong loob nang tuligsain ni **BABARIL ALAK** ang kanyang pagtatanggol sa militarisasyon ng kanayunan sa **MUNTING RUSYA**, pati na rin sa mga karatig-bayan nito. Takot na malantad ang kanyang pagtataksil, madalas pa ring gumawa ng karahasan si Lalamunan para sa Compania para patunayan ang kanyang katapatan. Mabilis umibig at mas mabilis ma-fall out of love, kung ano-ano ang dahilan niya para kumbinsihin ang sarili na di na siya naaakit sa nito lang ay kinaoobsesan niya. Binigyan niya ng isang dangkal na print out tungkol sa **DINOSAUR CABAL** si **VERDOLAGAS SALVI**. Sa ibang dimensiyon, naging CEO siya ng Compania at naaresto dahil sa insider trading.

**South China Sea** Tourist destination spot at pinag-aagawang teritoryo.

**Spy Training Ground** Isang ekslusibong mall kung saan maaaring makaranas ang mga mamamayan ng **BAYANG MALAYO** ng imported na snow.

**St. Petersburg** Pinakaliberal na ciudad sa Russia. Sinakop ni Napoleon at, isang daang taon pagkatapos, ng mga **NAZI**.

**Stasi** "Kung gusto mo ng baril, dito ka na sa Stasi."

**Strapon, Elizabeth** Avid theatre-goer, may interes lalo na sa mga avant-garde na produksiyon. Kahit na sirena'y nakatagpo ito ng mainit na pagtanggap sa **ITAAS**. Kahit hindi aktres, tanyag siya dahil sa kanyang angking kagandahan, lalo na't makulay ang kanyang mga kalisis. Bagaman maraming kaibigan, nakaaway naman niya ang artistang kilala lang bilang **KUK**. Kahit kasi mas gusto ni Elizabeth ng modernist na dula, nanonood pa rin siya ng mga tradisyonal na pagtatanghal. Pagkatapos, winawasak niya ang mga ito sa kanyang blog. Singtalas ng kanyang mga kaliskis ang kanyang mga salita. Partikular niyang pinagdidiinan ang kahinaan ng mga produksiyon na nagkataong bida si KUK, na ayon sa kanya ay "walang dating, at walang bisyon, tangi lamang reproduksiyon ng kung ano na ang meron."

Sa isang serye ng mga artikulo sa isang diyaryo (na wala man lang online edition), inatake ni Kuk ang posisyon ni Elizabeth. "Ang mga pinapanood niya, nagpapaka-Brecht, ubod naman ng reaksiyonaryo ang politika. Para saan pa ang mga di-umano'y progresibong teknik?" Dahil nga sa print ito lumabas, hindi ito pinansin ni Elizabeth. Napikon si Kuk kasi alam niyang sa antas ng ideolohiya, sa antas ng teorya, siya ang tama. Kaya kinidnap niya si Elizabeth, para parusahan.

Dinala ni Kuk si Elizabeth sa isang kastilyo ng **TECHNOLOGICAL UNIVERSITY OF LAOAG**, kung saan merong guillotine (sa history department). "Pumili ka," sabi ni Kuk, "pupugutan kita ng ulo, o," tumingin ito sa labas ng kastilyo, "itatapon kita sa tubig."

Tinanaw-tanaw ni Elizabeth ang **ILOG LAOAG**, at inestimang kaya niyang magpahitsa rito nang hindi nababalian. Nagmakaawa itong pugutan ng ulo, dahil hindi ito marunong lumangoy.

Ngumiti si Kuk at hinitsa sa labas ng bintana si Elizabeth. Malakas ang splash na nilikha nito sa pagtama sa tubig. Nawala ang ngiti ni Kuk nang umahon si Elizabeth at kumaway-kaway. Agad na pumunta si Kuk sa kaibigan niyang si **AMBUVUSSI**, na dahil artista rin ay walang apelyidong ginagamit. Guro ito ng teatro sa **TUOL**, at isang **PUTI**. Malaking-malaki ang tiyan nito, at kaya nitong uminom ng ubod nang dami ng tubig.

May utang na loob si Ambuvussi kay Kuk, dahil noong nagtuturo pa si Kuk sa **TUOL**, ni-require niya ang kanyang Theatre 101 class na itanghal ang dulang isinulat ni Ambuvussi (re-imagining ng The Tempest bilang kuwento tungkol sa pagkawasak ng Tacloban dahil sa bagyong Yolanda). Siningil ni Ambuvussi ng sampung libong piso ang mga

estudyante ni Kuk (playwright's fee), at siningil din sila ni Kuk dahil siya ang nag-direct ng dula (director's fee). Ang pagkabisto ng scam na ito ang dahilan kung bakit nasisante si Kuk, pero iniligtas niya si Ambuvussi at sinabing siya rin ang kumuha ng playwright's fee nito. Dahil sa utang na loob, pumayag si Ambuvussi na inumin ang Ilog Laoag para ma-hunting ni Kuk si Elizabeth. Hindi pa nakakalangoy nang malayo ang sirena nang mawalan ng tubig ang ilog. Plakda siya sa river bed, walang silbi ang buntot. Nakita niyang dala-dala ni Kuk ang guillotine, at parang matsing ito kung ngumisi.

Desperado, tumingin-tingin si Elizabeth sa kanyang paligid. Pumulot siya ng alimango at hinitsa sa papalapit na si Kuk. Wala itong talab. Pinipiga ang puso, pumutol si Elizabeth ng piraso ng kanyang kaliskis mula sa buntot. Nasugat pa siya nito dahil sa talas. Hinitsa niya ito sa tiyan ni Ambuvussi. Bumulwak ang tubig, ang ilog, mula sa tiyan ni Ambuvussi. Nalunod ito, pati na rin si Kuk.

**Sugpo, Jeremy** Una at huling pag-ibig ni **MUERTE MUSIKA**.

**Sulaiman, Gilbert** Isang reporter. Hindi niya tinatanggap ang tawag na "paparazzi." Ayon sa kanya, walang ganoon sa **BAYANG MALAYO**, dahil Kanluraning penomeno lamang ang paparazzi. Payat si Gilbert, at ilang beses nang naikumpara sa ostrich. Ubod nang laki ang kanyang laryngeal prominence.

Bukod kay **ISABELLA PATA**, marami pang importanteng tao sa Bayang Malayo ang nagawan ng profile ni Gilbert. Ilan sa pinakamaraming click sa kanyang mga artikulo sa Internet ang: "Sino si Kramer Kramer? Sino si Kramer Kramer?" (na may pangkalahatang paglalarawan sa Kulto ng **GULO** bukod sa pinakasikat na miyembro nito), "Ang Pitong Buhay ni Solomon" (pagmumuni-muni tungkol sa multiple universe theory, sa huli'y dinebunk din ito ni Gilbert), at ang siguro'y pinakasikat na "Walang Hanggang Laro" (tungkol sa prank war ni **IGOR MUGTO** at **CLARO RECTO ESPEJO**).

Bukod sa mga bio ay nagsusulat din ng creative non-fiction na autobiographical si Gilbert. Madalas niyang paksa ang pagkawala at pangungulila. Lagi siyang bumabalik sa tema ng paghihiwalay ng mga henerasyon. Puno ng alusyon sa mga komedya ni Shakespeare, teorya niyang likas lamang na mawala ang loob ng mga anak sa kanilang mga magulang, at maskara lamang ang mga usapin ng politika, halagahan, kasarian, uri, relihiyon, at kahit ang edad mismo. "Ang natural na comportment ng isang anak sa kanyang ama o ina," ayon kay Gilbert, "ay ang pagkabigo sa pagtatangkang makipagrelasyon." Patuloy pa

niya, ito ang dahilan kung bakit mae-eliminate ang gutom, sakit, at digmaan, mananatiling malungkot ang buhay ng mga tao.

Takot si Gilbert sa commitment. Ilang beses na siyang nagkaroon ng kasintahang seryoso, pero pag napupunta na sa kasal at pagkakaroon ng anak ang mga kuwentuhan ay senyales na iyon sa kanya na panahon na para tapusin ang kanilang ugnayan. Paborito niyang trip ang i-stalk ang kanyang mga ex sa social media, at pagjakulan ang wedding pictures ng mga ito.

Noong bata ay nagkaroon ng sakit sa lamanloob si Gilbert, dahilan kung bakit hindi siya puwedeng kumain, o uminom, nang maramihan. Lagi siyang pinagtatawanan ng mga kapwa reporter dahil isang bote ng beer lang ang kinakaya niya, at halos kalahating plato lang ng pulutan. Isang beses, sa sobrang pagkaasar, hinamon niya ang pinakamataba sa mga ito, si **HUM KALABAW**, sa isang paligsahan. Inuman… ng tubig sa dagat. Lasing na, pumayag naman si Hum.

Kasama ang iba pang nakainom na ring reporter, nag-drive sila papuntang **SECOND THOMAS SHOAL** para harapin ang **SOUTH CHINA SEA**. Pinauna ni Gilbert si Hum. Malaking taong may malaking tiyan, humigop ng ilang kiloliter si Hum. Pero alam ni Gilbert na high tide, kaya't hindi lang sa mukhang walang nababawas si Hum, para pa ngang nagdaragdag ng tubig ang pag-inom nito. Uminom nang uminom si Hum, ayaw magpatalo sa hamon, kasi wala namang nakapustang pera o naghihintay na parusa. Sa wakas ay pinigilan siya ni Gilbert, saktong low tide na. Nagkunwaring uminom si Gilbert at nagising ang mga kasama nilang lasing dahil para niyang mauubos ang dagat. Nag-sorry silang lahat kay Gilbert, lalo na si Hum, na dahil sa dami ng ininom ay muntik nang sumabog ang tiyan. Sinikmuraan ni Gilbert ang matabang reporter, dahilan para sumuka ito ng tubig at maiwasan ang pagputok ng katawan.

**Sun, Kanta** Isang monghe at makata, naging karibal ni Gabby si Kanta Sun sa napakaraming patimpalak. Umabot sa puntong kahit wala namang kinalaman sa pagsusulat ay naglalaban sila. Sa Sampung mga Daliri, nagsapakan sila nang parehong hindi makaabot sa finals sa patimpalak na kantahan sa **JOSE OKE'S VIDEOKE**. Pinatawan sila ng lifetime ban ng may-ari nito, si **JOSE OKE**. Habang nagpatuloy lang sa pagiging manunulat si Gabby, isinumpa ni Kanta Sun na lilibutin niya ang mundo, at ikakalat ang kanyang pilosopiya ng soberaniya at independensiya para sa maliliit na bayan.

Isa sa mga napuntahan niya'y ang isa sa back up na isla ni **MARIO ORLANDO**. Bagaman hindi niya naengkuwentro ang gangster at lider-

sindikato, nakipagpalitan naman siya ng kuro-kuro sa enforcer nito, si **PEDRO ISDA**, na ang trabaho'y mangolekta ng pera mula sa maliliit na mangingisda. Hindi tinablan ng karate at kung fu ni Kanta Sun ang goon, pero nang marinig nitong mag-chant ng epiko si Kanta Sun, tinalikuran ni Pedro ang buhay-extortionist.

Hinihinalang anak si Kanta Sun ni **HEROD KANTA**, isa sa mga naging CEO ng **COMPANIA DE MERCADO**. Isang propeta ang nagsabing papatayin si Herod ng isa sa kanyang ubod ng daming bastardo. Dahil dito, nirenta ni Herod ang services ng **PRIVATE ARMY FOR HIRE** para ubusin ang kanyang mga bastardo. Itinago ng kanyang ina si Kanta Sun sa isang templo, kung saan siya natuto ng karate at kung fu, at naging obsessed sa panulaan. Bagaman hindi niya alam ang kanyang kasaysayan, alinsunod sa kanyang mga prinsipyo'y parating tinutuligsa ni Kanta Sun ang mga mapang-aping policy ng Compania (union busting, atbp). Araw-araw sa kanyang blog, may bagong tula si Kanta Sun laban sa Compania. Bagaman patay na si Herod, pinopondohan pa rin ng Compania ang Private Army for Hire, na patuloy na sinusundan si Kanta Sun, at pinagtatangkaan ang buhay.

Sa nobelang Basagulero, nabitag si Kanta Sun ng siyentistang si **TESUS MUGTO**, isang mad scientist. Pinalitan niya ang buong katawan ni Kanta Sun, at pagkatapos pati ang kanyang utak. "Ako pa ba 'to? Ako pa ba 'to?" paulit-ulit na tanong ni Kanta Sun nang pakawalan siya ni Tesus, na ang sagot ay, "Ikaw pa rin 'yan, kasi hindi ko naman pinalitan ang kaluluwa mo." Papalabas na si Kanta Sun sa laboratoryo ni Tesus nang sakto namang dumating ang squad ng Private Army for Hire na nirerentahan ng Compania para patayin siya. Gamit ang kanyang bagong katawan na buhay na sandata, pinugutan niya ng ulo ang lahat, puwera sa isa sa squad. Inutusan niya itong bumalik sa Compania, para sabihing "si Kanta Sun naman ang mang-uusig ngayon."

May suot na kapa, sinugod ni Kanta Sun ang **CAMP JOHN THE BASIST** ng Compania sa **BAGUIO**. Dito niya muling naengkuwentro si Gabby, na pilit pumapasok sa Camp para makausap ang kanyang nanay na si **ULAN LAMANG**, na naging kalaguyo ni Herod. Pagkatapos magsapakan, lupaypay pareho ang dalawa sa damo sa may entrance ng Camp. Dito sila nagpalitan ng kuwento tungkol sa kanilang nanay. Inggit na inggit si Gabby kasi walang ibang ginawa ang nanay ni Kanta Sun kundi protektahan siya, samantalang puro manipulasyon ang kanyang natanggap mula kay Ulan. Bagaman tumakas si Gabby bago sindihan ni Kanta Sun ang mitsa, itinuturing ng Compania na silang dalawa ang may dulot ng sunog na tumupok sa Camp.

Sumunod na pinuntahan ni Kanta Sun ang **MUNTING RUSYA**, kung saan namumuno ang nabaliw nang si **KULANG LAMANG**. Inuutusan ni Kulang ang mga kawal ng Munting Rusya para mang-raid ng mga sanggol na kakainin mula sa mga karatig-bayan. Nang magharap sila sa wakas, natuklasan ni Kanta Sun na pula na ang kulay ng mga mata ni Kulang, natalsikan ito ng **TINTA** mula sa **PAHINA NG AKLAT**. Pagkatapos niyang dukutin ang mga mata ng tatay ni Gabby, nagbalik ang katinuan nito. Pero, nang malaman ni Kulang kung ano ang kanyang pinaggagawa bilang pinuno ng Munting Rusya, nagbigti siya. Saka naman dumating si **ULAN LAMANG**, para agawin ang lahat nang nasaliksik ni Kulang tungkol sa Aklat ng Sansinukob. May resbak na isang dosenang squad mulang Private Army for Hire, at makapangyarihang salamangkero din mismo, muntik nang magapi ni Ulan si Kanta Sun. Isang misteryosong miyembro ng Compania, si **LALAMUNAN SOLOMON**, kaila sa mga kasama'y lamanlupa pala, ang tumulong kay Kanta Sun na tumakas, gamit ang itim na likidong nagsilbing tagabulag. Duguan at halos walang malay, itinago ng **DEMONYO NG COMPANIA** si Kanta Sun hanggang siya ay maghilom.

Isang buwan din sa kama si Kanta Sun. Nang magkalakas na siya't makabangon, natuklasan niyang wala na ang lakas na dulot ng operasyon ni Tesus Mugto sa kanya. Isang miyembro ng Demonyo, si **LAPU-LAPU MAKABAYAN**, ang nagpaliwanag sa kanyang patuloy pa rin siyang hinahanap ni Ulan Lamang at ng mga mersenaryo ng Private Army for Hire. Inimbitahan siya nitong magtago bilang busboy sa **CAFETERIA** ng Compania, "Hiding in plain sight." Tuloy pa rin sa paglalathala ng kanyang mga tula laban sa Compania, at sa hindi makataong neoliberal policies ng gobyerno ng **BAYANG MALAYO**, iwinaksi ni Kanta Sun ang kanyang pangalan, at kilala na lamang ngayon bilang **JANITOR**, ang makata ng Cafeteria.

**Susan Productions** Isa sa mga outfit na nagpapatikim ng mga lumang style ng pelikula sa mga miyembro ng sosyalistang utopia sa hinaharap. Naging direktor dito si **ETS JI BUENO**.

# T

**Tabkuko** Isang aktres. Siya ang nagpauso sa paggamit ng isang pangalan lamang, pagkatapos matuklasang hindi naman pala apelyido ni Megawati ang Sukarnoputri. Kinain niya ang utak ni **BUYO NAMA DAKIT**.

**Tagakanluran** Ang pinakamababait na **LAMANLUPA** sa mundo.

**Tagasira** Kolokyal na tawag sa mga puta, kolboy, at iba pang nagbebenta ng seks.

**Tahanang walang Baraha** Casino kung saan puro slot machine at roulette lang ang nilalaro.

**Talyer, George** Kapatid ni **LUKE TALYER**. Kasama ang fiancée nitong si **IMA LAYER**, lagi niyang tinatalo si **JOKER CAMUA** sa mga kompetisyong pangsayaw. Mababa ang tingin sa kanya ng mga pinsan niyang taga-**DUBLIN**.

**Talyer, Luke** Tagahanap at disarm ng mga IED ng **LA BAMBA** sa **SECOND THOMAS SHOAL**. Naging mentor ni **JOKER CAMUA**. Naputulan ng binti sa isang pagsabog sa **DAKWEBA**.

**Tammuz aka Bill Anak-Araw** Bagaman sinasabing ubos na ang **ANGKAN NI KRISTO**, inubos di-umano ng nilalang na kilala lamang bilang **PILANDOK**, sa totoo'y marami pa ring miyembro ng Angkan ang buhay. Iyon nga lang, buang na ang karamihan sa kanila, at ang iba nama'y masyadong malungkot o galit o takot para maging epektibong diyos. Hindi malungkot o takot o galit si Tammuz, bagkus mas pinili niyang magkatawang tao bilang si Bill Anak-Araw, isang host ng children's program sa umaga at detective sa gabi. Sa nobelang Panaginip ng Baha, inilarawan ang kanyang paglalakbay mula **DUBLIN** papuntang **PANADERO**, at pabalik.

Sa kanyang anyong tao, matangkad si Tammuz at dilaw ang buhok. Malaki ang kanyang mga masel. Limitado ang kanyang karunungan sa maaaring malaman ng isang tao, iyon ang isa sa mga limitasyong inilagay

niya sa kanyang sarili nang siya ay magtransform. May mga nagsasabing isa itong dahilan kung bakit hindi siya pinapaslang ng **PILANDOK**, dahil diyos man siya sa katotohanan, hindi siya diyos sa praxis. Kahit na pangtao lang ang utak, naging masigasig pa rin sa agham si Tammuz. Siya ang nagdiskubre sa **VERNE**, ang lungsod sa loob ng daigdig na hindi hawak ng mga lamanlupa. Malawak na disyerto ang Verne, at halos walang nabubuhay dito kundi cactus at alakdan. Nang tinamaan ng trahedya ang mga **TIKBALANG**, isa si Tammuz sa nag-organisa ng fund raising na tumulong sa kanilang mag-relocate sa Verne.

May friendly wager si **GANDA** at si **JACQUELINE KAWABATA** kung saan paunahan silang maka-pick up ng lalaki (bawal ang kolboy) sa bawat lungsod na kanilang bibisitahin, sakaling magkasabay sila ng dating. Sunod-sunod ang sampung panalo si Ganda dahil mababa ang kanyang standards. Nang mabisita sila sa Dublin, sinunggaban ni Jacqueline si Tammuz. Ito ang tanging beses na natalo niya si Ganda. Pagkatapos nito, walong beses pang mananalo si Ganda, saka mapipikon si Jacqueline at idedeklarang tapos na ang wager. Isang ginintuang **VIBRATOR** ang premyo. Nagalit si Tammuz kay Jacqueline nang malaman niya ang tungkol sa pustahan, pero mabilis naman niyang pinatawad ang babae at muli silang nagtalik.

Sa **TONMOR**, isang malaking silid-aklatan sa **PANADERO**, inakusahan ni **BLANCO** si Tammuz ng pagiging diyos. Tinakot niyang babarilin si Tammuz kung hindi ito aaming bahagi ng Angkan. Nang hindi umamin si Tammuz, binaril siya ni Blanco, na umasang pag nalagay sa mortal danger, ilalahad ni Tammuz ang tunay na esensiya. Pero hindi bumigay si Tammuz, mas gugustuhin pa niyang mamatay bilang tao kaysa amining diyos siya. Dinala siya ni Blanco sa ospital, pero ayaw pa rin nitong maniwalang tao si Tammuz.

Kaibigan noon ni Tammuz si **DANGAL PANADERO**, isa ring detective sa Panadero. Pero nasira ang kanilang relasyon nang tumindi ang pagkiling ni Dangal sa kaso ng mga Palestino sa **GAZA**. Naasar talaga nang tuluyan si Dangal nang binanggit ni Tammuz na inaapi rin naman ang mga **ALIEN** sa Gaza. Naging kakampi ni Tammuz sa debate ang isa pang detective, si **ARTHUR MANIKA**. Pero nagalit naman siya kay Arthur nang matuklasan niyang **CANNIBAL** pala ito. Pansamantalang nagbati ang tatlo nang magkaroon ng di-mahuling serial killer sa Panadero. Pinagsama ang lahat ng kanilang talino, kasanayan sa lohika, at expertise sa forensics para matuklasang isang nabaliw na **HINETE** ang killer. Si Tammuz ang binigyan ng clue ng isang misteryosong "fan," na si **TESUS MUGTO** pala, isang clipping tungkol sa di-umano'y sighting

sa **HARI NG KAMO** sa isang demolisyon sa **AGHAM ROAD**. Si Dangal ang nakapagkonekta ng clue sa metodo ng pagpatay (stomping), at si Arthur naman ang kumain sa centaur nang mapatay na nila ito.

Pagkatapos ng pagsabog ng **BAGUIO DAM**, nirentahan ng mga mamamayan ng **BAGUIO** si Tammuz. Hindi para hantingin ang teroristang nagpasabog ng Dam, pero para hanapin ang reyna nilang si **MARY P. ROSTRO**, na lumayas sa Baguio matapos ng trahedya. Natagpuan ni Tammuz ang reyna sa **BARANGAY ROXAS**, sa isang bed space for rent. Puno ng poster ng mga banda ang kuwarto ni Mary. Ang tangi lang sinabi ng babae ay "Aalukin sana kita ng sex para itago ang iyong natuklasan, pero alam kong hindi nababali ang iyong code of honor," na sinagot naman ni Tammuz ng, "Tatanggapin ko sana ang iyong alok, pero alam kong hindi ka makikipagtalik sa hindi mo asawa." Ibinalik ni Tammuz ang reyna sa Baguio noong araw ding iyon. Pinugutan ng ulo si Mary, gamit ang isang guillotine, kinabukasan.

**Tangerine, Banyaga** Isang retiradong espiya na naging pulis. Matangkad, may mahabang bigote, at kahit naka-uniporme'y laging may suot na top hat. Akala niya'y tahimik na ang kanyang buhay dahil kaunti lamang ang krimen sa **MY KHE** mula nang mapatalsik na ang mga sundalo ng imperyalistang **ESTADOS UNIDOS** mula rito. Pero isang araw, natagpuan na lang ni Banyaga at ng kanyang partner na si **KRAMER KRAMER**, nagpapanggap noon na Irish mula sa **DUBLIN**, ang isang **CHAIN SAW** katabi ng pugot na ulo ni **DEGREE CALVIN** sa parking lot ng police station. Tumawag agad si Banyaga sa contacts niya sa **ENGKANTO VILLAGE**, at natuklasan niyang isang buwan na ngang nawawala si Degree.

Suhestiyon ni Kramer na wag na lang nilang pakialaman ang kaso, at dahil ayaw nang mapasok ni Banyaga sa gulo, sinunod niya ang partner. Bumalik siya sa apartment niya sa **TORE DE SAIGON**, sa pinakamataas na floor, kung saan tinatanaw niya ang rebulto ni Ho Chi Minh mula sa kanyang bintana. Alas dose ng gabi nang may kumatok sa kanyang pinto. Si **CARLA SOLOMON** PALA ito, may dala pang **HLIDSKJALF** bilang bodyguard. Mahaba ang kuwento nito, inabot sila hanggang bukang-liwayway sa paglalahad ni Carla, pero sa madaling sabi pinatay si Degree dahil nakatuklas ito nang walang hanggang batis ng **PAWIS**.

Sa tulong ng mga kaibigan niyang **PULA**, kinontak ni Carla si **CHARLIE IBA**, na mababa naman ang tingin sa babae dahil kamag-anak nito si **ANRIL SOLOMON**. Nang makipag-usap sa kanya si Banyaga, nakumbinsi si Charlie na magbigay ng impormasyon. Magkasama silang tatlong pumunta ng **RASEL**, kung saan di-umano'y may nakatagong laboratoryo

ang **DOKTORA**. Di sinasadyang natabig ni Banyaga ang isang gadget sa labotaryo, na nagpakawala sa anyong lobo ni Charlie. Inatake nito sina Carla, sanhi para mapatay ang bodyguard na Hlidskalf.

Kakainin na sana ni Charlie ang dalawa nang dumating ang isang miyembro ng **DINOSAUR CABAL**. Alam nito kung paano gamitin ang gadget ng Doktor, ang **LENTE**, pero imbes na gawing anyong lamanlupa muli, ginawa nitong **KWAGO** si Charlie. Bago pa makapagkrelamo sina Banyaga, sinimulang sunugin ng Dinosaur ang laboratoryo. Tumawak ang tatlo papuntang **KART**, kung saan nag-wear off ang epekto ng Lente. Minura ni Charlie si Carla, kinamayan si Banyaga, saka umalis.

Sa local branch ng **CAFE CHOG**, inilantad ni Banyaga kay Carla na nakapuslit siya ng external drive mula sa laboratoryo. Hinugot niya ito mula sa kanyang top hat. Bagaman halos porno lamang ang laman ng external, marami pa ring nakuhang impormasyon ang dalawa. Natuklasan nilang balak i-hostile takeover ng **COMPANIA DE FAGIN** ang **ORLANDO AND FRIENDS CORPORATION**. Bukod dito, nalaman nila kung saan nagtatago ang **HARI NG KAMAO**, na akala ng buong mundo'y patay na.

Tumungo ang dalawa sa **RESTAURANT COOPERATIVE**, kung saan inaakala niya'y may mga ekonomista at market socialists na makakatulong sa kanilang gamitin ang impormasyon. Sa nobelang Ang Awit ng Pag-ibig, inilarawan kung paanong habang on the road ay binagsakan ang bus na sinasakyan nina Banyaga ng isang **KIDLAT SZILARD**. Agad na namatay si Carla. Iniligtas ni **KALI ESCRIBA** si Banyaga, at dinala ito sa **HOLY JESUS CEMETARY**.

Nag-iiyak si Banyaga malapit sa **PUNTOD**. Huli na nang mamalayan niyang na-develop na pala siya kay Carla. Tatalon na sana siya sa isang dig pero pinigilan siya ni **JACQUELINE KAWABATA**. Ipinaliwanag nito ang masalimuot na conspiracy na kinabibilangan ng ilang shell corporation ng **COMPANIA DE MERCADO**. Sa ilalim ng Vice President for Dams nito, ang misteryosang si **NINANG DONYA**, balak itayo ng Compania ang **BAGUIO DAM II**. Natuklasan ito ni Degree, kaya siya pinatay. Si Ninang Donya rin ang nagpabomba ng bus na sinasakyan nila ni Carla.

Binubuhay na lamang ng poot, sumama si Banyaga kina Jacqueline para ambushin ang taong tinatawag lamang na **INAANAK**, na nagpapanggap na si **BLANCO** at ang man on the ground ni Ninang Donya. Hinabol nila ito sa **LUZ**, nakasakay sila ng van habang nakamotor ang Inaanak. Na-trap nila ito sa MRT – Ortigas Station. Sinimulang i-torture ni Kali ang Inaanak, at nasuka si Banyaga. Natanto niyang mas gugustuhin ni Carla na mabuhay siya nang tahimik, imbes na subukang maghiganti

laban kay Ninang Donya at sa Compania. Bumalik siya sa My Khe kung saan inedit niya ang isang koleksiyon ng mga sanaysay ni Carla tungkol sa feminismo. May pamagat na Die vrou ondergrondse ang libro, si Banyaga rin ang nagsalin.

**Taong Halaman** Mga taong halaman. Luntian ang kanilang balat at liwanag ng araw lamang ang kailangan nilang pagkain.

**Tatalaonga, Amomowai** Adik sa espesyal na heroin na tinatawag na "heron."

**Tawag** Kidlat na dumadaloy sa mga poste, mas madalas na nakikita sa **GUBAT NG MGA POSTE**. Isang Tawag ang tumupok sa headquarters ng **LIBERTARIAN PARTY OF QUEZON CITY**. Biktima rin ng Tawag si **CLARO RECTO ESPEJO**, na naputulan ng mga binti dahil dito.

**Technological University of Laoag** Dahil sa kapritso ng ama ni Ivan Escalera, nang mapundar ang **TUOL**, Technological College of Laoag pa lamang noon, dinisenyo ang dalawang gusali nito bilang mga kastilyo. Bagaman mahusay na school, may CHED Certificate for Excellence in the Social Sciences ang Anthroplogy Department nila, delikadong lugar para sa mga estudyante dahil sa prevalence ng fraternity at hazing.

Ubod nang husay ang programa nito sa Astrophysics. Isang team ng Ph.D. students mula sa **TUOL** ang unang nakadiskubre sa base ng mga **ALIEN** sa likod ng buwan.

**That's All Paks** Multimedia artist group na nilansi ni **HOMBRE** LECHE. Lahat ng mga miyembro'y anak-mayaman, kaya pinamimigay lang nila sa Internet ang kanilang mga gawa. Libreng pakinggan sa Sound Cloud ang kanilang mga kanta, libreng panoorin sa YouTube ang kanilang mga short film. Nasa blog lang nila ang kanilang mga collaborative novels. Siyempre pa, madalas silang tinutuligsa dahil "hindi naman talaga libre ang Internet."

Breakout hit ng That's All Paks ang kantang "Ang Bayawak at ang Uwak." Tungkol ito sa dalawang maitim na taga-**QUEZON CITY** na nabuang dahil sa pressure na maging maputi. Noong mga buwang sikat ito, walang lugar sa lungsod na hindi kakikitaan ng pinakasikat nitong linya, "Tattoo, tattoo, tattoo ang balat ko." Nalagay ito sa t-shirt, sa pader, sa sticker sa kotse. Ginamit itong hashtag kahit wala namang kinalaman sa colonial mentality ang status ng mga nagpost.

Sentral sa estetika ng grupo ang terminong "makina," na malay nilang inangkin mula sa duong Deleuze at Guattari (may mga kritikong

nagsasabing mali ang pagkakaintindi nila sa konseptong ito). Kalaban, para sa That's All Paks, ang nosyon ng alagad ng sining bilang tagapaglikha. Imbes na kahulugan, ang binibida nila sa kanilang mga likha ay "laro." Base sa dalawang axiom na ito, lagi silang naghahanap ng mga makina na gagawa ng kanta, video, tula, dula, at iba pa, para sa kanila. Lahat ng kanta sa album nilang Epiko, halimbawa, ay nakabase sa mga epiko ng iba't ibang bansa, mulang Illiad hanggang Gilgamesh (kakadiskubre lang sa taong iyon na ang tunay na pinagmulan ng Gilgamesh ay Netherlands pala). Samantala, ang short film nilang Dilang Anghel ay shot for shot re-enactment lang ng The Man from Hollywood ni Tarantino, pero low budget. Catchphrase ng grupo ang "Kamatayan sa kahulugan," pero hindi ito kumalat.

Kahit ang personal nilang buhay ay hindi nila pinalampas. Pero ang kanilang "beauty pageant of pain" (post-partum depression, incest, fetish sa putok) ay wala ng bahaging "beauty pageant," i.e. hindi nila ito itinago gamit ang mga teknik ng creative non-fiction. Wala ritong pagpapa-cute, walang insight, walang wisdom. Imbes, raw na raw na presentasyon ng kanilang mga pribadong buhay. Lahat ng ito ay nakapost sa kanilang blog. Isa sa pinakabinasang serye ng kuwento'y nang mag-away-away ang grupo dahil sa katamaran ng dalawang miyembro, sina Jane Turumba at Bungal Tanda. Naakusahan kasi ang grupo ng plagiarism dahil rumenta sina Turumba ng makata para sa kanilang album na Tamad-tamarang Portion. Ang nirenta nila ang nag-plagiarize, pero ayon sa fans, sa mga kritiko, at sa batas, ang That's All Paks ang may kasalanan. Muntik nang magkawatak-watak ang grupo, pero sinubukan nilang isalba ang kanilang imahen sa pamamagitan ng pag-participate sa event na si Hombre Leche ang nag-organisa. Ang panloloko ni Leche ang nagbigkis muli sa mga miyembro ng That's All Paks. Ayon sa kanila, may pagkakaiba ang panloloko ni Leche (na pagnanakaw) sa panloloko nila bilang mga alagad ng sining (na rebelasyon ng katotohanan).

Sa dulo ng Fisting Yahweh, ilan sa mga proyekto ng grupo ang sumusunod: "Song of Songs bilang Pick Up Lines," "pagsulat ng textbook sa pamamagitan ng pagiging flake," "sigarilyo at Sining." Marami pang ibang nakasulat sa blog nila, pero iilan lang dito ang may flicker ng saysay.

**The Chow** Lungsod kung saan lumaki ang **HARI NG KAMAO**, at naging headquarters ng kanyang hukbo.

**Tikbalang** Mga **LAMANLUPA** na kabayo ang pangtaas at tao ang pambaba. Kinailangan nilang lumipat sa **VERNE** nang maglaho ang **HARI NG KAMAO**.

**Tinta ng Pahina** Inaakala ng marami, kahit nina Gabby at ng Katipunan, na dito nakatago ang kapangyarihan ng **AKLAT NG SANSINUKOB**. Sa totoo, depende sa kulay ang kapangyarihang maaaring makamit. Isa sa pinakamadaling gamiting kulay ng tinta ang **ARGAN**. Nakakabaliw ang kulay na pula. (Tala: iba ang kulay na pula sa **PULA**, na angkan ng mga lamanlupa.) Nagsisilbing droga ang Tinta para sa mga karaniwang tao. May tama itong maihahambing sa isang turok ng heroin.

**Tonmor** Silid-aklatan sa **PANADERO**. Dito matatagpuan ang mga **PAHINA** ng **AKLAT NG SANSINUKOB** na asul ang tinta. Bukas ang silid-aklatan para mahiram ang mga Pahinang ito. Libo-libo na ang nagtangka, pero walang mahugot na kapangyarihan mula sa daan-daang mga Pahina, anomang uri ng pagbabasa ang gawin. May mga naniniwalang tanging si Gabby ang makakapagpalabas ng kapangyarihan ng mga Pahinang ito, pero sa totoo'y tago na niyang sinubukan ang pagbabasa sa kanila. Walang nangyari.

**Totit Tungkol** Nagkukunwaring na-**UPLIFT** na ibon, pero sa totoo'y isa sa maraming trickster gods ng mundo. Kada taon ay nag-aalok siya sa isang tao na magbagong-buhay, at kada taon nire-reject ang kanyang alok.

**Tulis Emporium** "It" place para sa mga naghahanap ng ginseng, sungay ng rhinoceros, ivory ng elepante, at natural na pampatigas ng titi. Subsidiary ng **COMPANIA DE MERCADO**.

**Tulis, Walt** Isang poacher, may-ari ng **TULIS EMPORIUM**. Bumibili siya ng sungay ng rhinoceros para gawing pampatigas ng titi. Inaakala ng marami na namatay si Tulis noong ik-21 siglo, pero nagkakamali sila. Nagkakamali ang mga hindi naloloko.

Guwapo si Tulis. Matangos ang kanyang ilong, mestizo siya, at matangkad. Mapagbigay siya sa kanyang mga kamag-anak. Wala siyang itinuturing na permanenteng kaaway, lahat ay depende sa sitwasyon, ang tanging permanente lamang ay ang kanyang paghahangad na maging numero uno. Mayaman, makapangyarihan, puro sarap ang inaatupag sa buhay.

Sa kanyang ika-40 na kaarawan, nirenta niya ang pinakasikat na banda noon para magsilbing entertainment sa kanyang mga panauhin sa party. Ang bandang iyon ay ang **THAT'S ALL PAKS**. Nasa pacifist phase ang That's All Paks sa mga panahong ito, at nabighani si Tulis ng kanilang musika, bagaman marami sa kanyang mga bisita ang walang pake sa eksperimentasyon ng grupo sa biyolin. Sa mga sumunod na

araw, pinakinggan, pinanood, at binasa ni Tulis ang lahat ng gawa ng That's All Paks na kanyang nakita.

Paulit-ulit ang isang partikular na kuwento, na ginawang short film (Hindi Alimango) at kanta ("Mas Malalim pa sa Balon") ng grupo, ito at ang motifs at mga tema nito ang talagang tumatak kay Tulis. Simple lang ang naratibo, isang usa ang hinahabol ng isang alimuang. Humingi ang usa ng tulong sa iba't ibang tao at hayop, pero ang kambing lang ang kumalinga dito. Pinagtago ng kambing ang usa, at nang hinanap ito ng alimuang, nilansi ng kambing ang hayop. Itinali ng kambing ang buntot ng alimuang sa buntot ng unggoy, at pagkatapos ay nagpaputok ito ng baril. Tumakbo sa magkaibang direksiyon ang dalawang nakabuhol, dahilan para mapigtas ang kanilang mga buntot at mamatay sila sa blood loss. Pagkatapos, tinulungan ng usa na ihulog sa balon ang pinugot na ulo ng alimuang.

Para kay Tulis, malinaw na alegorya ang kuwento sa kawalang-saysay ng digmaan. Nagsimula siyang magsulat ng iba't ibang tratado tungkol sa kapayapaan. Pinagdudahan ng mga kritiko ang kanyang mga posisyon, na tila ba'y radikal na pasifismo. Hindi natinag si Tulis. Aniya, "Walang anyo ng karahasan na puwedeng palusutin. Mali ang pagbomba sa Hiroshima, at mali ang mga atake sa Paris." Madalas niya ring i-quote si Wolverine, "'Terorista' ang tawag na malaking hukbo sa maliit na hukbo." Para sa maraming mamamayan ng **BAYANG MALAYO**, tila ba pinapalusot ni Tulis ang mga gawain ng **CENSOR**, at tinutuligsa ang countermeasures ng gobyerno para pigilin ang kanilang pambobomba at pananakop ng mga lungsod. Sinagot ni Tulis ang mga kritisismo sa kanya sa Ang Salamin ng Produksiyon. Sa book launch nito huling namataan si Tulis.

Ang totoo, nabitag si Tulis sa isang reality bifurcation. Dinakip siya ng mga **PUTI** para dalhin sa **KARTERO**. Doon siya nakakulong magpahanggang ngayon dahil subersibo ang kanyang mga sulatin. Pero, hinila rin siya papuntang kinabukasan ng mga mamamayan ng sosyalistang utopia. Eksperimento kasi ito, naniniwala ang mga siyentista na ang pag-unlock ng time travel ang susi sa pagdiskubre ng esensiya ng realidad. Random lang na si Tulis ang nakuha nila, pero minabuti na rin ng lahat ang sitwasyon. Nagpatuloy sa pagsusulat si Tulis, mas may saysay ang kanyang mga sulatin laban sa gera sa panahon na wala nang gera.

**Turuga, Joyo** Pilosopo at siyentistang frenemy ni **ALLAN KAHOY**. Sa kanyang inggit sa achievements nito pagdating sa pagluluto at pag-instrumentalize ng bangkay ng isang sirena, inihitsa ni Joyo si Allan

sa dagat. Hindi siya nahuli o nakasuhan man lang. Huling nakitang nagtatago sa **MANILA**.

**Trak ni Hudas** Anim na buwan din ang inilagi ni **KALI ESCRIBA** sa loob ng Trak ni Hudas, na hindi naman talaga trak kundi tren. Wala siyang pangangailangan sa loob ng tren, lagi ritong may pagkain at inumin. Kasama ng "happy drunk" na si Errold, na huli na niyang matutuklasang ang **PILANDOK** pala, nagpakasasa lang si Kali sa alak, sitsirya, at panonood ng mga lumang pelikula. Isa sa mga pinakaeksperimental na kabanata ng Ang Awit ng Pag-ibig, sa nobelang ito inilarawan ang pagsusulat ni Kali ng historical romance novel na pinamagatan niyang Trak ni Hudas. Panay diskurso imbes na naratibo, ipinagtanggol ni Kali sa libro ang kanyang idea ng sosyalistang lipunan, na nakasentro sa "magaspang na hiling" ni Adorno, i.e. na "wala nang magugutom." Akala ni Kali ay walang hanggang ang biyahe ng Trak, pero natapos ito nang bumangga ang tren, dahil sa labis na kalasingan ni Errold, sa **SILID-AKLATAN**.

Hindi malaman ni Kali kung paano gumagana ang tren bilang bahagi ng **BAYANG MALAYO DELIVERY**, dahil sa pagkakaintindi niya, hindi naman ito umiikot, o nagkakarga ng balikbayan boxes. Imbes, pumupunta lang ito sa kung saan-saang lugar at tumitigil para mapunuan ng dagdag pang alkohol at pagkain. Hindi rin ito nagpapasakay ng ibang pasahero. Nang tumigil ang Trak sa **INTERNATIONAL SPACE STATION - DESNAY**, saktong nakatambay doon si **PAUL CAMUA**. Sa aya ng kaibigan, sinubukang sumakay ni Paul sa tren, pero nang pumasok siya sa Trak, ang sunod niyang tapak ay pababa ng plataporma. Naiwan siyang nakanganga, tinatanaw ni Kali mula sa bintana.

Saka lamang ipinaliwanag ni Errold na ang tren ang pumipili kung sino ang isasakay nito. Hindi tulad ng **MOTORSIKLO NI HUDAS**, walang paraan para tawagin ang Trak kung hindi nito gusto. Sa **INTERNATIONAL SPACE STATION - HITLER**, nagsakay sila ng dalawang batang lalaki, isang gusgusin at isang konyo, na inakala ni Kali ay kambal. Clones pala ang mga ito. Ibinaba sila ng tren sa **CHARLIE**, at bago umandar palayo ang Trak ay nagbabala ang dalawang bata kay Kali: "Hindi dapat matagpuan ni Gabby ang **AKLAT NG SANSINUKOB**."

Sa **POOL**, isinakay ng Tren si **DAVID PATO** at ang kaka-**UPLIFT** lang na **CLAUDIA PATO**. Nakakadena si David dahil nalason siya sa Pool, at bayolente ang kanyang mga hallucination. Nahawa si Kali sa pagkakalason kay David dahil hinalikan niya ito sa bibig. Nagkunwari siyang susubukan itong pakalmahin sa pamamagitan ng masahe, na pinaniwalaan naman ni Claudia. Habang tino-tour ni Errold ang babae,

tinanggal ni Kali ang pagkakakadena ng lalaki. Pagkatapos, parehong may palakol, magkasama silang pinaghahabol sina Errold at Claudia sa bawat bagon ng Trak. Nang ma-trap sa engine room, papakawalan na sana ni Errold ang kanyang kapangyarihan bilang Pilandok nang kagatin ni Claudia si David sa binti. Nagtino si David, at nagawa nilang tatlong dumugin si Kali hanggang sa kumalma siya. Hanggang sa dulo ng nobelang Ang Bukas na Aklat, nagkakaroon pa rin ng mga munting hallucination si Kali, madalas, tungkol sa mga clone.

Bumaba ang mag-asawa sa **CLARK**. Bagaman sinubukang makipagbati ni Kali kay Errold, umiwas muna ito sa kanya. Akala ni Kali, takot si Errold sa kanya. Ang hindi niya alam, halos hindi mapigilan ni Errold ang paglalaway sa idea na muntik na niyang wakasin ang pag-iral ni Kali. Tumigil muna sa pag-iinom, nagkulong si Kali sa kuwarto at nagsaliksik tungkol sa alamat ng **PANIKING NAKAKAKITA**. Bumulwak ang mga pangungusap at mas lalong humaba ang kanyang nobelang Trak ni Hudas. Sa mga panahong ito niya ipinakilala ang ka-love team ng bidang babae (na walang pangalan), ang warlord na si **JAKER SIGHTED**. Inilarawan ni Kali si Jaker bilang feministang mandirigma, at bagaman nanununog ng villages at pumapaslang ng mga lalaki, babae, at bata ang horde ng warlord na ito, mahigpit niyang ipinagbabawal ang panggagahasa.

Sa mga oras bago sumalpok ang tren sa Silid-Aklatan, binisita ng kung ano-anong signos si Kali. Isa na rito ang dambulang kalbong ibon na tinatawag na **SINGSING NG PHOENIX**. Sa una'y inakala ni Kali na bahagi lang ito ng aftershocks ng kanyang hallucinations, pero hindi naman siya kinausap ng ibon, kaya niya naisip na baka totoo ito't hindi lamang produkto ng kanyang imahinasyon. Agad na hinanap ni Kali si Errold para balaan, pero ang nakita niya ay ang engineer ng tren, si **DEXTER ANGEL**. Natuklasan ni Kali na sobrang bobo pala ng engineer na ito, at mas tumatakbo ng maayos ang tren pag hindi ito nakikialam. Ni hindi man lang nito alam kung nasaan ang engine room. Nang sa wakas ay marating nila ito, natagpuan nila ang mag-amang sina **DAISY DAGA** at **CERES DAGA**, kasama ang lasing na lasing na si Errold. Pinasakay at itinago pala ni Errold ang dalawa nang tumigil ang Trak sa Clark. Natuklasan ni Daisy ang tunay na identidad ni Errold bilang Pilandok, at gusto itong sabihin sa ama at pati sa dalawang bagong dating, pero puros mura lang ang lumalabas sa kanyang bibig. Dahil sa sobrang kalasingan, distraction dahil sa minamanipula niya ang bibig ni Daisy, at hindi mapigilang pagnanasa na saktan si Kali, nawala ang concentration ni Errold sa pagpapatakbo ng tren--siya pala ang tunay na nagmamaneho nito--at bumangga ito sa Silid-Aklatan. Patay ang mag-amang Daga, si Dexter, at ang ilang nakatambay na teenager na akala'y

iiwasan sila ng tren. Namatay din si Kali, pero binalik siya sa buhay ng Pilandok. Ang huling eksena'y paglalarawan ng nakangangang si Kali habang pinapanood na mabilis na naaagnas ang bangkay ni Errold. Iniwan na pala ng Pilandok ang pansamantala niyang vessel.

**Trilby** Mga halimaw na hindi malaman kung sino ang tunay na nagkokontrol. Isa sa mga ito ang pumatay kay **BLANCO**. Natuklasan ni **ISABELLA PATA** na madali pala silang i-tame, at ngayo'y ginagamit na ang mga ito sa mga prank at pelikula.

**Trono** Pinakakomportableng upuan sa local branch ng **CAFE CHOG** sa **LUPAIN NG MGA LAMANLUPA**. Nakamit ito ng **HARI NG KAMAO** nang matalo niya si **FINWET** sa laro ng tong-its.

**Tum Tum sa Tami** Child care services provider sa sosyalistang utopia na pinamamahalaan ni **RAPUNZEL LINDA**. Isinara ito dahil sa paggamit ng mga depektibong pacifier.

# U

**Uncle Sam** Isang arms dealer, eksperto siya sa **DRONE** at **BIOROBOT**. Itinuturing niyang matalik na kaibigan si **TREJO BIKINI**, ninong pa nga siya ni **WILLA CATHER BIKINI**, pero nagkasiraan ang dalawang lalaki nang itakwil ni Trejo ang digmaan. Isang transhumanist, naniniwala si Uncle Sam na sa pagtaas ng antas ng teknolohiya'y magiging obsolete na ang mga tao--sa larangan ng digmaan. Sa ganitong paraan, wala nang mamamatay at mawawasak kundi mga nilalang na gawa sa metal.

Makapal ang suot na salamin, matangkad at mataba si Uncle Sam. Tulad ng ibang matabang tao, hila siya nang hila pataas ng kanyang pantalon. Paano'y laging mas maluwag sa kanyang waist line ang kinukuha niyang size, pero hindi niya ito hinihigit hanggang tiyan dahil masakit, lalo na pag may belt. Matagal bagong matanggap ni Uncle Sam ang katotohanang ito, pero hindi maitanggi ang lohika, lalo't may ebidensiya ng obserbasyon. Sinubukan niyang ibahagi ang impormasyon sa pamamagitan ng Internet, pero natawag lang siyang "fat shamer." Sa huli, nagsuot na lang siya ng suspenders.

Bagaman ahente ng gera, mayroong kaakit-akit tungkol kay Uncle Sam. Malakas kasi siyang kumain, at kahit simpleng pritong manok ay todo-todo ang kanyang paglantak. Bilang blonde, "have more fun" ang motto niya sa buhay. Mahilig din siyang uminom ng beer. Mahilig din siya sa sex at droga. Mababa ang tingin niya sa mahihirap, pero siya mismo ang nagpundar ng hindi kukulang sa limang charitable organizations. Siya ang isa sa mga unang sumakay sa ice bucket challenge.

Alam ng karamihan na produkto ng incest si Uncle Sam. Sa mga tumutuligsa sa kanya, lagi siyang handa sa verbal karate. "Natural sa mga hayop, at kung gayon sa mga tao, na makipag-incest, dahil mas mabilis mabuntis ng magkamag-anak ang isa't isa. Bukod dito, puwera na lang kung dinastiya ang pinag-uusapan, hindi naman talaga nagdudulot ng genetic anomaly ang pagkakaroon ng anak ng dalawang magpinsan o magkapatid. Isa pa, kung kapamilya mo ang dine-date

mo, lagi kang puwedeng mag-overnight sa kanila at walang dahilan para ma-upset ang parents mo." Itong huling hirit ay ginagamit pa rin ni Uncle Sam kahit lampas singkuwenta na siya.

May mga bully na hindi natataranta ng salita. Sa kanila, freak si Uncle Sam. Para patunayan na may genetic anomaly siya, hinamon si Uncle Sam ni **HES USA**, bago ito maging miyembro ng **CENSOR**, sa isang karera. Nanalo si Uncle Sam. Tinanggap na ni Hes ang pagkatalo, at opisyal na dineklarang hindi masama ang incest.

**Unggoy ng Ordo** Grupo ng mga na-**UPLIFT** na hayop na yumaman sa pamamagitan ng iba't ibang ilegal na aktibidad sa **ORDO**. "Unggoy" ang nasa pangalan dahil unggoy ang mga unang miyembro nito, pero non-discriminatory ang grupo. Meron pa nga silang miyembrong tao, pero observer lang ang status nito.

**Uplift** Proseso kung saan nagsasakripisyo ng tao para patalinuhin nang sobra ang isang hayop. Ito rin ang tawag sa mga hayop na ito (imbes na "uplifted").

**Usa, Hes** Isa sa pinakaimpluwensiyal na miyembro ng **CENSOR**. Lider siya ng paksiyong nais isuko ng Censor ang karahasan nang sa gayon ay hindi maging salamin lamang ng kasamaan na siya namang gusto nilang labanan. Hinihinalang namatay nang bombahin ni **KRISTINA JAYA** ang **ISINUMPA NG DIYOS** mula sa langit.

Sa kanyang kabataan, isa si Hes sa pinakabayolenteng miyembro ng Censor. Siya ang nag-iwan ng lamparang bomba na pumatay sa mga dumalo sa isang party sa **KATAYAN**. Tinawag itong Lampara Massacre at kabilang sa mga biktima ay tatlong pari, isang donya, dalawang kusinero, at labindalawang matador. Dalawang batang miyembro ng Censor dapat ang katulong niya sa misyong ito: si **ISAGANI** at **PAULITA**, pero umatras silang pareho. Bilang parusa, pinapili ni Hes si Paulita kung sino sa kanila ni Isagani ang mamamatay. Pinili ni Paulita si Isagani, na sinakmal naman ni Hes. Pinilit niyang isuot ni Paulita ang isang kuwintas na gawa sa mga ngipin ni Isagani bilang paalala na dapat maging tapat ang babae sa Censor.

Sa nobelang Ang Kaharian ng mga Engkanto, ikinuwento kung paanong nagpanggap na miyembro ng **MANEKIN** si Hes, ang lover niya'y isang Magic 8-Ball, para mapasok ang **COMPANIA DE MERCADO**. Hindi niya natuloy ang kanyang balak dahil may mantsa ang kanyang baga, bagay na lumabas sa kanyang x-ray, na ilegal na kinuha ng Compania

pagpasok pa lang niya sa headquarters nito. Ang mantsa sa kanyang baga'y sapat nang dahilan ng Compania para i-blacklist si Hes sa alinmang subsidiary nila. Sinunog din nila ang reputasyon ni Hes para hindi siya makapasok sa ibang kompanya.

Fan si Hes ng **KINETIC MOTION DANCERS**, at ilang beses ding nagkansela ng atake ng Censor dahil lamang may gig ang KMD sa bayan, o karatig-bayan, na dapat ay objective ng misyon. Lubha itong kinainisan ni Paulita, na dahil sa trauma ay naging panatiko ng Censor. Na-promote nang na-promote si Paulita sa loob ng organisasyon dahil sa debosyon nito sa mga misyon. Nang makita ni Hes na panganib ang babae sa kanyang mga plano, itinulak niya ito mula sa tore ng isang lumang simbahan sa **BAGUIO**.

Binentahan ni Hes si **BEN ZAYB** ng **KIDLAT COBALT**. Napunta ang pera sa pagbili ng mga catapult at **ARGAN** ng Censor. Nang gamitin ng **LA BAMBA** ang sandata para pasabugin ang isang venue na dapat ay pagtatanghalan ng Kinetic Motion Dancers, natauhan si Hes. Ipinanukala niyang dapat maging mas maingat ang Censor sa mga aktibidad nito, pambobomba man o pananakop. At nang matunghayan ni Hes ang pagpugot sa ulo ni **MIKA P. ROSTRO**, naging buo na ang kanyang loob sa tunay na dapat maging landas ng Censor.

**Uwak** Fetish ni **ISABELLA PATA**. Sa **BAYANG MALAYO**, associated ang uwak sa pagiging tuso at panlilinlang. Ang ekspresyong "pag-itim ng uwak" ay nangangahulugang paggamit ng matatamis na salita sa masamang gawain.

# V

**Valhalla** Lungsod kung saan lumaki si **ETS JI BUENO**. Port area. Dito rin matatagpuan ang pinakamalaking koleksiyon ng iba't ibang uri ng race track, mula sa wacky (baha ng tsokolate) hanggang sa mapanganib (baha ng asido).

**Verne** Lungsod sa loob ng daigdig na hindi teritoryo ng mga **LAMANLUPA**. Malawak na disyerto, puro cactus at alakdan. Dito tinulungan ni **TAMMUZ** ang mga **TIKBALANG** na lumipat pagkatapos mawala ang **HARI NG KAMAO**.

**Vibrator** Ayon sa **HARI NG KAMAO**, madalas mas mabuti pang may vibrator kaysa lalaki, dahil mas garantisado ang orgasm sa vibrator.

**Vinluan High** Nexus ng Sansinukob, dito napapadpad ang lahat ng naglalakbay sa panahon, sadya man o patapon.

**Visage, Kuneho Ii** Ang clone ni **KUNEHO ROSTRO** na binuo ng mga siyentistang **TALYER** sa **DUBLIN** mula sa buhok at iba't ibang piraso ng laman ni Kuneho na nakolekta ni **BUNGISNGIS ROSTRO** sa blast site ng pinasabog na **BAGUIO DAM**. Gaano man niya subukan, hindi mahal ni Kuneho si Bungisngis. Ayon sa mga Talyer, ito'y dahil kaya man nilang kopyahin ang katawan at utak ng isang tao, hindi nila puwedeng doblehin ang kaluluwa nito.

# W

**We Print It in the Morning** Start up na sinimulan ni Gabby Lamang mula sa nakulimbat na pera, nagpo-provide ito ng self-publishing services sa mga manunulat na tinatamad sa tradisyonal at reaksiyonaryong sistema ng panitikan sa **BAYANG MALAYO**. Nang maging busy si Gabby, ipinasa niya ang pamamahala ng kompanya sa pinsan niyang si **JENNIFER LAMANG**, na pinatakbo ang We Print It in the Morning na parang tradisyonal at reaksiyonaryong publishing house. Tinanggihan niya ang "Incest Trilogy" ni **JORDAN NICOLAS** para protektahan, di-umano, ang magkapatid na **APIST**. Empleado rito si **HALAMAT MUSIKA**, na araw-araw nagbibigay ng seminar sa paggawa ng propaganda. Ni-reject ni Jennifer ang Ang Prinsipeng Ginahasa ni **HOMBRE LECHE** dahil sa pagkakahawig nito sa Panaginip ng Baha ni **BERRY MANANSALA**.

**Welcome Rotonda** Bantayog na nagmamarka ng boundary ng **QUEZON CITY** at **MANILA**. Pinagmunihan ng pilosopong si **JOYO TURUGA** kung bahagi ba ng Quezon City o ng Manila ang Welcome. Kung oo, paano ito naging boundary? Kung hindi, may sarili ba itong lungsod, hindi Manila at hindi rin Quezon City? Ginamit niya ang metapisikal na pagmumuni-muning ito para kuwestiyonin ang konsepto ng teritoryo sa edad ng globalisasyon at war on terror.

# X

**Xabayo, Anastasia** Ipinanganak na Anastasia Ivanovich. Isang Ruso, pagkatapos kainin ng hippopotamus ay lumipat sa **BAYANG MALAYO**. Pinalitan ng mga de-metal na piyesa ang kanyang dalawang braso at kaliwang binti. Para kay Anastasia hindi ito body horror kundi simpleng pagbabanyuhay lamang. Ikinukumpara ang sarili sa paruparo, nagpatuloy si Anastasia sa kanyang eksperimental na musika at advocacy para sa karapatang ng mga hayop.

Isa sa pinakamapaniil na kalaban ni Anastasia ay ang "sentido komun" na attitude ng mga tao pagdating sa pakikipagrelasyon sa kanilang hayop. Galit na galit siya sa nag-viral na video ng mga taong tinatakot ang aking alagang pusa gamit ang cucumber. Akala kasi ng mga pusa, ahas ang kanilang kaharap, kaya sinusubukan nilang takasan ang gulay na luntian. Walang pagod na nakipagdebate si Anastasia sa comments sections ng YouTube. Pare-pareho lang ang kanyang kinaharap na argumento, mga argumentong hindi argumento: "lighten up," "masaya rin naman 'yung pusa," "ganyan talaga ang nature." May mangilan-ngilan silang nakumbinsi na pang-aabuso ito ng hayop, pero karamihan ay dinismiss siya bilang "over acting."

Sinubukan ni Anastasia na gamitin ang sining para labanan ang kalupitan laban sa mga pusa. Gumawa siya ng kanta kung saan pusa ang persona, at humihingi ito ng pang-unawa sa mga tao (naka-pattern ang lyrics, pero hindi ang tunog, sa "Kahit na Konting Awa"). Pinost ito ni Anastasia sa Sound Cloud pero walang nakinig. Naisip niyang dahil viral videos ang kanyang kalaban, dapat ay video rin ang kanyang sandata. Gumawa siya ng MTV para sa kanyang kanta at pinost ito sa YouTube. Lumipas ang tatlong araw bago niya ma-realize na sarili lang pala niyang mga views ang nagpaparami sa views count ng video.

Nakipag-brainstorm si Anastasia sa local arts community sa **QUEZON CITY** at nakapag-develop sila ng ilang idea. Una, serye ng mga video kung saan tao ang tinatakot gamit ang cucumber. Bumenta ito, pero bilang katatawanan at hindi bilang advocacy art. Variation din ang

pangalawa nilang sinubukan, mga tao ang tinatakot at totoong ahas ang gamit na panakot. Muntik nang mademanda sina Anastasia, at kinailangan niyang magluwal mula sa sariling pitaka para lang patahimikin ang kanilang naging unang "biktima." Ang pangatlong proyekto nila ang pinakanagtagumpay: isang kuwentong pambata, isinulat at ginuhit ni Anastasia, kung saan isang kuting ang bida. Si Annie, ang kuting, ay laging pinapaalalahanan ng kanyang nanay na mag-ingat sa ahas. "Pag nakakita ka ng mahaba at luntian, tumakbo ka." Isang araw, may nag-ampon na lang kay Annie. Nawalay siya sa kanyang nanay, na ang huling habilin sa kanya ay ang pag-ingat sa ahas. Ang umampon kay Annie, madilim ang puso. Napanood nito ang video sa YouTube at pinagtripan paulit-ulit si Annie. Sa una, takot na takot siya sa cucumber. Pero pagkatapos ng isang dosenag engkuwentro nila ng gulay, natanto ni Annie na hindi naman ito mapanganib. Ngunit! Ang inisip niya, hindi naman mapanganib ang mga ahas. Isang araw, nakakita siya ng hayop na mahaba at luntian, at hindi siya tumakbo palayo. Tinuklaw ng ahas si Annie. Siya ay namatay.

Naging sikat na sikat ang kuwentong pambata ni Annie. Bagaman tinanggihan ng mga prestihiyosong publisher ng panitikang pambata (dahil sa pagiging malungkot at marahas ng kuwento), nagkaroon ito ng mahabang buhay sa Internet. Libreng i-download ang PDF nito mula sa website ni Anastasia, at print-on-demand ang hardcopy nito. Sinet ni Anastasia sa 1 cent ang "author's fee" (ang pinakamababang puwedeng maging tubo niya) para sa pinakamababang presyo maibenta ang "Ang Ahas sa Aming Hardin." Sinali ito ni Anastasia sa Gawad Palanca, pero hindi ito nanalo. Gayumpaman, nanatiling buhay bilang meme ang tagline nitong "maraming ahas sa hardin."

**Xabungero, Pedro** Siyentistang nagtatrabaho para kay **BASTARDO BERNABE**, espesyalisasyon ni Pedro ang mga **BIOROBOT**, pero marami pa siyang ibang interes sa loob at labas ng laboratoryo.

Mahilig si Pedrong pumatay ng mga peste sa bahay gamit ang iba't ibang gamit. Halimbawa, pag may linya ng langgam sa pader, hindi niya ito pinupunasan. Imbes, magpapatulo siya ng liquid washing soap at papanoorin kung paano ito tatakbuhan ng mga langgam. Kahit na hindi epektibo at sayang sa pera, ito lagi ang ginagawa ni Pedro. Pag nakakakita naman siya ng ipis sa banyo, susubukan niya ito laging buhusan ng shampoo. Mas lalo itong sayang sa pera, at ilang beses nang nauuntog si Pedro dahil pag lumipad ang ipis ay nakakatakot. Pero may kakaiba siyang saya pag nakikitang ginagapi ng shampoo (na malinis) ang ipis (na madumi).

Madalas ding dinadaga ang bahay ni Pedro. Meron siyang pusa, pero dahil Persian at pasosyal-sosyal ang alaga, hindi rin ito maabala para manghuli. Kaya madalas na nag-iimbento ng bitag para sa daga si Pedro. Pero laging ang mga nabibili sa Quiapo noon ang pinakaepektibo, at may koleksiyon siya ng mga ito. Gawa sa bakal ang trap, lalagyan lamang ng keso o kahit anong maamoy na pagkain sa loob (isda kadalasan ang ginagamit ni Pedro, lalo na ang ulo ng galunggong). Sasara ang pinto ng trap pag ginalaw ng daga ang pagkain. Pagkatapos, kailangan lang ilublob ni Pedro sa balde ng kumukulong tubig ang trap para malunod ang daga.

Lahat nang ito ay nagbago nang makakausap si Pedro ng isang animal rights advocate. Hindi na niya maalala kung saan niya naengkuwentro ang taong ito, kung babae ba ito o lalaki. Wala naman itong ibinigay na pamphlet at hindi rin naman gaanong mahusay sa pakikipagdebate. Pero nahuli si Pedro nang imahen na inilarawan ng kanyang nakausap, isipin daw niya kasi kung prituhan siya ng pusa. Dahil mahal ni Pedro ang kanyang Persian cat, Joshua ang pangalan nito, kapareho ng pangalan ng kanyang yumaong ama, nagitla siya sa kanyang naisip. Nakakaramdam ng sakit ang mga pinapatay niyang daga, nangingisay nga sila e. Paano pa kaya ang mga baboy na nakahawla, ang mga bakang pinipiga para sa gatas? At ang mga manok, sino ang may pakialam kung pinupugot ang kanilang mga tuka?

Mula noon ay nagbagong buhay na si Pedro. Hindi na siya kumakain ng hamburger, ng cheese, pati na rin ng hotdog. Ang pinakatinuligsa niya ay ang praktis ng sabong. Nagsaliksik siya sa robotics nang mas maigting, para mas piliin ng mga sugarol ang paglalaban ng mga de-makina imbes na de-lamang mandirigma. Nagtayo siya ng farm na santuwaryo ng mga asong kalye, pusang kalye, kuwago, kabayo, unggoy, at iba pang latak ng lipunan. Nag-draft din siya ng salin ng The Companion Species Manifesto ni Donna Haraway, pero hindi niya ito natapos. Nasa **NATIONAL MUSEUM** ang tanging kopya nito, na isinulat ni Pedro gamit ang typewriter.

Higit sa lahat, naging mas malapit sina Pedro at Joshua. Sa farm sanctuary man o sa laboratoryo, lagi niya itong kasama. Sa kanyang pagkain ng agahan hanggang sa siyesta sa sopa sa sala, ito ang lagi niyang hinahaplos at nilalambing. Isang hapon ng Biyernes, naalimpungatan si Pedro sa kanyang apartment. Nang hindi niya namamalayan, natapakan niya ang buntot ni Joshua, na natutulog din. Sa sobrang gulat ng pusa, nakalmot nito ang binti ni Pedro. Sa sobrang sakit, napatalon si Pedro at nauntog sa pader. Hilo, natapakan niyang

muli si Joshua, at dahil pangalawang beses nang nasasaktan ang pusa, mas matindi ang kalmot nito. Nawala sa balanse si Pedro sa sakit, at naumpog siya sa kanyang center table. Na-record itong lahat ng kanyang CCTV. Natagpuan ang kanyang bangkay tatlong araw pagkatapos, nang magreklamo ang mga kapitbahay tungkol sa amoy ng pagkaagnas. Natagpuan ng mga pulis ang mga maleta ni Pedro, sa tingin nila'y pupunta siya dapat sa farm sanctuary, na siya namang lagi niyang ginagawa pagkatapos ng isang linggo ng intense na pagtatrabaho sa lab. Si Joshua, samantala, ay hindi pa rin natatagpuan.

**Xagundong, Benigno** Isang anti-vegetarian na natutong maglakbay sa iba't ibang dimensiyon pagkatapos maengkuwentro si **BENIGNO DAGUNDONG**. Nang mapadpad sa **BAYANG MALAYO** na pinagmulan ni Dagundong, nagdesisyon si Benigno na mag-settle down. Ang pinakahilig niyang gawin ay mag-post sa Facebook at Instagram ng pictures ng mga lechon at crispy pata.

Madalas mapaaway si Benigno dahil sa kanyang agresibong paraan ng pakikipagtalo. Pag, halimbawa, may nagsalita tungkol sa pagsasamantala sa mga manggagawa, hihirit siya ng, "At paano ang pagkatay sa mga hayop?" Gayundin ang kanyang atake pag nakipag-usap sa feminista, queer theorist, at disability studies scholar. Ang hindi lang niya binabara ay iyong mga nasyonalista. Bilang illegal alien sa Bayang Malayo, lagi niyang iniiba ang usapan pag napupunta sa usapin ng citizenship at kung sino ang tunay na "nakapook." Isang beses nang matuklasang nasa parehong building siya ng isang cultural studies scholar na lumaki sa **ESTADOS UNIDOS**, umalis siya ng lugar kahit magkaibang conference naman ang kanilang kinabibilangan. Ilang beses na rin siyang naakusahan ng pang-uunggoy kay Coetzee.

Bagaman parehong wika ang sinasalita ni Benigno at ng mga mamamayan ng Bayang Malayo, pakiramdam niya ay tagalabas talaga siya. Iba kasi ang kanyang concerns. Para sa kanya, primaryang usaping etikal at politikal ang buhay at paghihirap ng mga hayop. Pagdating naman sa kanyang mga hobby, lalo na siyang alienated. Mahilig siya sa card games, video games, at sa avant-garde. Lagi niyang binabanggit si Yoko Ono sa mga usapan.

Meron ding mga fetish si Benigno na pilit niyang gustong ipasok sa mainstream. Sa ilang well-publicized na serye ng blog post, ipinagtanggol ni Benigno ang sadomasokismo. Pina-paraphrase si Bergson, sulat niya, "Tao lamang ang nakakaramdam ng sarap sa pananakit dahil tao lang ang may alam ng pagkakaiba ng meron at dapat." Dalawa ang kongklusyon ni Benigno. Una, dapat ay maging

priority ang teknolohiyang magbibigay sa tao ng kakayahang gumawa ng synthetic meat. Pangalawa, dapat kahit na kumakain ang tao ng hayop ay maging humane pa rin ang pagtrato sa mga ito (i.e. ayaw niya sa factory farming). Itinatahi niya ang mga argumento niya sa naratibo ng kanyang iba't ibang engkuwentro sa mga "dungeon" sa **QUEZON CITY**. Naging warm ang reception sa mga tekstong ito, at hinirang si Benigno bilang public intellectual.

Naging mahirap para sa kanya na i-sustain ang kasikatan. Samantalang ang ibang tao ay bumebenta ang mga hirit at patawa tungkol sa pag-ibig at nasyonalismo, hindi masundan ni Benigno ang kanyang initial hit. Naging estratehiya na lang niya tuloy ang mang-troll ng mga friend sa Facebook. Nahilig siya sa pakikisawsaw sa away ng iba, pati na rin sa pagba-blind item ng via vaguebooking. Nauwi tuloy na lahat na lang ng tao ay binlock siya, pero hindi pa rin nito natigil si Benigno. Gumawa na lang siya ng ibang account, nagnakaw ng profile pic ng kung sinong guwapo na public ang timeline sa Facebook, at nagpatuloy sa kanyang trolling. Bilang twist ng sansinukob, mas na-appreciate ng mga tao ang pekeng account na ito, dahil akala nila parodiya kay Benigno mismo. Nang ilahad niyang siya ang may kontrol sa account, muli na naman siyang binlock ng mga tao. At na-ban pa siya sa Facebook "for impersonation."

Sa labas ng Internet, ipinagpapatuloy pa rin ni Benigno ang kanyang advocacies. Nag-aampon siya lagi ng pusa. Sa huling bilang, meron siyang labinlimang pusa.

**Xalamander, Vladimir** Isang arms dealer. Naging kalaguyo ni **HALAMAT MUSIKA**. Pinaslang ng mga ahente ni **LENIN** sa Moscow.

Bagaman sagad hanggang buto ang pagiging Ruso, lumaki si Vladimir sa iba't ibang bahagi ng mundo. Embahador ang kanyang nanay, at dala-dala nito ang pamilya kung saan man madestino. Dahil dito, naging bukas ang isip ni Vladimir tungkol sa iba't ibang kultura, at naging mahusay din siya sa pagsasalita ng iba't ibang wika. Binata siya nang matunghayan ang kamatayan ng Unyong Sobyet, at itinatak ng pangyayaring iyon sa kanyang isip na maaaring magkaroon ng malaking pagbabago nang hindi inaasahan. Ang pananampalatayang ito ang nagbibigay ng kakaibang lakas sa kanyang mga sulatin hinggil sa karapatang ng mga hayop.

Hindi tulad ng maraming manunulat sa Russia, lantad ang pangalan ni Vladimir sa kanyang mga sanaysay at libro. Palibhasa, hindi niya tinutuligsa ang gobyerno mismo, kundi ang sangkatauhan. Ang

estratehiya ni Vladimir ay ang pagsangkot sa sarili niyang subjectivity sa kanyang mga diskusyon. "Lagi akong hinihiritan," panimula niya sa Hayop Tayong Lahat, "bakit daw akong arms dealer na kalaban ng buhay ang pagkakatiwalaan sa pagtatanggol ng mga hayop laban sa kamatayan." At ang kanyang kongklusyon, "Sa kasalukuyang takbo ng industriya ng pagkain, sa araw-araw na pagmasaker sa mga baka, baboy, at manok, lahat tayo arms dealer."

Ang ilan namang kritiko ni Vladimir, inaatake ang pagiging emosyonal imbes na intelektuwal ng kanyang lapit sa usapin ng karapatang panghayop. Puno ang kanyang mga gawa ng iba't ibang anekdota, tungkol sa pangingisda sa Alaska, pagpoprotesta sa **PAPLONA**, pagka-food poisoning dahil sa sushi sa Nagasaki, pero kakaunti, at paulit-ulit, ang pag-cite niya sa mga pag-aaral hinggil sa paghihirap ng mga hayop. Mayroon nga siyang binabanggit na estadistika--na mula 1995 pa!

Imbes na magbigay ng lohikal na argumento laban sa pagkain ng hayop, nagkukuwento si Vladimir tungkol sa paghaplos sa pusa, sa panonood sa mga hippopotamus na naliligo, sa pakikinig sa huni ng mga maya sa hapon, habang nagkakape. Para sa kanya, "ang mga hayop ay kaibigan, at kung hindi ka **CANNIBAL**, hindi ka kakain ng hayop." Siyempre pa, maraming fans ang ganitong paraan ng pagsusulat. Kadalasan, ang mga nagbabasa ng mga libro ni Vladimir at nag-eendoso ng kanyang paniniwala ay naninigaw na lang pag hindi maantig ang damdamin ng kadebate.

Marami ding naging collaborators ni Vladimir. Halimbawa, isang modelo, si Anika Lamova, ang naging kasama niya sa pagsulat ng Make Up Mo, Galing sa Torture, na hard-hitting exposé tungkol sa cosmetics industry. Isang doktor na nagtago sa pangalang "Dr. Anonymous" naman ang partner ni Vladimir sa pagsulat ng Nagamot nga ang Cancer Mo, Pumatay ka naman ng Daga, isang musical. Itinanghal ito sa iba't ibang bansa sa mundo, ang pinakahuli ay sa Moscow, anim na buwan pagkatapos patayin si Vladimir.

Minsan, napaghahalata ang pagiging troll ni Vladimir. Halimbawa, pagkatapos ng pag-atake sa Paris, nag-tweet siya nang paulit-ulit sa Twitter: "Araw-araw kaya milyong inosenteng hayop ang minamasaker. Sino ang nalulungkot para sa kanila?" Nang mag-trend ang #blacklivesmatter sa **ESTADOS UNIDOS**, sinubukang pairalin ni Vladimir ang hashtag na #mahalagarinangbuhaynghayop.

Maikli ang mga libro ni Vladimir. Kadalasan ay pinahahabang bersiyon lang ang mga ito ng kanyang mga sanaysay at polyeto. Gayumpaman,

nag-iwan siya ng katakot-takot na bilang ng journal. Sa estima ng mga editor, aabot ng 80 tomo ang kanyang Obras Completas. Karamihan dito ay hindi na tungkol sa karapatan ng mga hayop, kundi sa tamang paraan ng pagpapatakbo ng isang arm dealer business. Gayundin, daan-daang pahina ang devoted sa slash fiction. Sa isa sa kakaunting publikadong gawa ni Vladimir na hindi tungkol sa mga hayop, ang autobiographical na "Sampung Libong Taon," isinulat niya, "Ang nais ko ay maging imortal. Hindi sa pisikal na anyo, kundi sa antas ng diskurso." Dahil sa kanyang mga kontribusyon sa etika, pilosopiya, at humanismo, malamang sa malamang ay maabot ni Vladimir ang kanyang pangarap.

**Xalambo, Pablo** Isang kilalang ornithologist at animal rights activist, eksperto siya sa awit ng mga ibon. Kaya niyang kantahin ang mga imaheng print out ng visualizations ng iba't ibang bird calls. Ang paborito niyang gawai'y mag-search sa YouTube ng "lizard versus rat," at pagkatapos pakinggan ang iyak ng mga daga'y magko-comment tungkol sa pagiging hindi sibilisado ng mga poster at mga nagla-like ng video.

Guro sa **TECHNOLOGICAL UNIVERSITY OF LAOAG** si Xalambo. Doon niya nakilala ang business major na si Saline. Payat si Saline, medyo wavy ang buhok, at matangkad. Grade conscious ito kaya kahit ubod ng boring ang klase sa ilalim ni Xalambo, Bio 1, ay parating nagre-recite at humihingi rin ng special project. Nang katapusan ng semestre ay nagpunta ito sa opisina ni Xalambo para isumite nang harapan ang huling papel para sa klase. Inalok ito ng kape ni Xalambo, at pumayag naman ang babae. Nagsimula silang magkuwentuhan at nabanggit ni Saline ang hirap ng pagiging undergraduate, ubod ng dami kasi nitong kailangang tapusing papel at haharaping exam dahil "hell week" na. Nag-alok naman ng masahe si Xalambo para matanggal ang stress ni Saline. Akala ng babae ay magkakaroon sila ng engkuwentro ng guro, pero nang pumayag si Saline ay dinala siya ni Xalambo sa massage parlor ilang kanto lang mula sa **TUOL**. Doon sila nagpatuloy ng kuwentuhan habang sinisiko at tinutuhod ng dalawang lalaki.

Nagpatuloy ang komunikasyon ng dalawa. Binigyan ni Xalambo ng uno ang lahat ng naging estudyante niya sa semestreng iyon para walang magkuwestiyon sa pagbibigay niya ng uno kay Saline. Nang sem break, sinundan ni Xalambo si Saline sa **RASEL**. Bagaman hindi nagdeklarang manliligaw, bumisita ito sa bahay nina Saline at nagpakilala sa mga magulang ng babae. Nagpursige si Xalambo at dahil hindi naman isyu ang malaki nilang age gap, labinlimang taon, ibinigay ni Saline sa kanya ang matamis nitong oo.

Naganap ang kanilang unang away dahil sa mga paniniwala ni Xalambo. Hiniram ni Saline ang kanyang laptop at nakita ng babae ang mga death threat at “magka-cancer ka sana”-level attacks ng lalaki sa mga kaaway nito sa YouTube. Hindi tinanggap ni Saline ang excuse ni Xalambo na may nararamdaman din ang mga daga at hindi dapat ginagawang entertainment ang kanilang kamatayan sa Internet. Sa huli, nagdesisyon ang dalawa na magkompromiso. Nag-commit si Xalambo na hanggang mura na lang ang papakawalan laban sa mga nakaka-flame war, at nagsimulang mag-alaga ng komodo dragon si Saline.

Nagpatuloy sila bilang normal na couple. Wala namang opisyal na batas ang TUOL tungkol sa student-teacher relationships, kaya hanggang discreet sila’y walang naging problema si Xalambo sa administrasyon. Mas naghirap si Saline dahil puro hirit ng “daddy issues” at “hindi na tinitigasan” ang ibinabato sa kanya ng mga kakilala, kabarkada man o kaklase lang, na may alam tungkol sa kanilang relasyon. Tiniis niya ito dahil akala niya’y mahal niya si Xalambo, na “Pabs” kung kanyang tawagin.

Pero nasira ang kanilang relasyon nang sa wakas ay pumayag na siyang makipagtalik kay Xalambo, sa kanilang unang anibersaryo, at ilahad ng lalaki ang kanyang bird fetish. May dala pa itong costume na maraming balahibo at tuka para kay Saline. Tumakbo agad palabas ng motel ang babae, at kahit anong tawag at paghahabol ay hindi na nito muling kinausap si Xalambo.

**Xixard, Brujo** Iskolar ng **TINTA NG PAHINA**. Mataba, pulahin ang mukha, madalas naka-headband dahil mabilis humaba ang buhok pero tamad magpunta ng barberya, takot si Brujo sa asong matapang, lalo na sa rottweiler at German shepherd. Nang mabasa niya sa Huffington Post ang tungkol sa rottweiler na nginuya ang lalaking nag-ampon dito, pinadala niya ang link ng artikulo sa lahat ng kanyang kilala, mula sa mga dating estudyante hanggang sa mga karibal sa kanyang larangan.

Pero malambot din ang puso ni Brujo sa ibang aso. Isang beses sa kanyang paglalakad papuntang sakayan ng jeep, nakita niya ang isang asong nakatali sa poste sa border ng **BARANGAY ROXAS** at **BARANGAY PALIGSAHAN**. Dahil mahaba ang mga tenga ng aso, tinawag niya itong Snoopy Serna. Kumukahol ito noong araw na iyon, hindi galit na kahol kundi nanghihingi ng atensiyon, kasi kailangan ng tulong. Paano, iniwan ng malupit na amo si Snoopy Serna sa ibaba ng isang bloke ng kongkreto. Maikli lang ang tali nito sa poste. Kaya hindi puwedeng bumaba mula sa bloke si Snoopy Serna, kasi masasakal ito. Hindi rin

ito puwedeng humiga na lang sa bloke, kasi, muli, maikli ang tali, at maliit ang espasyo.

Tumingin si Brujo sa paligid. Hindi niya alam kung sino ang amo ni Snoopy Serna. Hindi naman ito pinapansin ng mga nagbebenta ng diyaryo sa kanto, na siyang pinakamalapit na tao sa paligid. Gusto sanang tulungan ni Brujo ang aso, lalo na't paos na paos na ang mga kahol nito. Pero late na siya sa meeting, at takot siyang pag may ginawa, magkakaroon siya ng kaaway.

Nang madaanan niya ulit ang puwesto sa kanyang pag-uwi kinagabihan, wala na si Snoopy Serna sa ibabaw ng bloke. Nakita niya rin kung sino ang amo nito, ang mga may-ari ng karinderya sa kabilang kalsada pa. Hindi maintindihan ni Brujo kung bakit kailangang itali si Snoopy Serna sa poste, gayong noong gabing iyon ay mahimbing naman itong natutulog sa kariton, i.e. may lugar naman para sa aso na malayo sa mga kostumer.

Pag uwi niya sa bahay, ginugel niya ang breed ng aso. Bassett hound pala ito at hindi beagle. Pero Snoopy Serna pa rin ang tawag niya rito sa kanyang isip.

Lumipas ang mga linggo. Pag nadadaan siya sa poste, tinitingnan niya lagi kung naroon si Snoopy Serna. Kadalasan, natutulog ito sa puwesto ng kariton. Minsan naman, pinapaliguan ng boy sa karinderya. Bakit nila papaliguan pagkatapos ay totortyurin? Pero hindi na inabala ni Brujo ang aso at ang amo nito. Marami siyang kailangang saliksikin, at isa pa, takot siya sa komprontasyon.

Isang hapong maagang nakauwi sa opisina, natagpuan niyang muli si Snoopy Serna. Muli, nakatayo ito sa bloke. Muli, humihingi ito ng tulong. Ayaw sana itong pansinin ni Brujo. Hindi niya naman ito responsabilidad. Hindi ba't ilang aso na ang nagkaroon ang kanyang pamilya mula pa noong bata siya, at naging mabait naman siya sa mga ito? Pag-aari ang aso, sabi niya sa kanyang sarili, ng mga may-ari ng karinderya, at kung mang-aaway siya'y baka lumaki pa ang gulo. At isa pa, hindi ba't mas maraming tao na naghihirap ang hindi niya pinapansin araw-araw? Bakit mas may simpatya pa siya sa aso?

Patawid na siya mulang Barangay Paligsahan papuntang Barangay Roxas nang tumigil ang pagkahol ni Snoopy Serna. Natigil din ang paglalakad ni Brujo, at lumingon siya. Nakita niyang nakatingin sa kanya ang aso. Nakalawit ang dila nito, humihingal nang tahimik. Hindi niya ito puwedeng iuwi, hindi naman niya ito maaalagaan.

Marami siyang pinagkakaabalahan, maraming pansariling problema at ayaw niyang may madamay pa. Pero hindi rin niya ito puwedeng talikuran pa. Hindi niya ito puwedeng hindi pansinin. Dalawa lang ang kanyang pagpipilian, ang pakawalan ito at hayaang tumakas, o patayin ito, nang matapos na ang pagdurusa. Naglabas si Brujo ng kutsilyo. Kung pinutol niya ang tali ni Snoopy Serna o ginilitan ito ng leeg ay walang nakakaalam. Hindi nakasulat sa **AKLAT NG SANSINUKOB** ang kanyang piniling landas.

# Y

**Yewun** Miyembro ng hukbo ng **CENSOR**. Sinunog nang buhay ni Gabby.

**Yosi Motel** Posh na hotel sa **QUEZON CITY**. Dito nakatira si **BENIGNO DAGUNDONG.**

# Z

**Zayb, Ben** Pinuno ng teroristang grupong **LA BAMBA**. Sa kanyang pamumuno, nakipagdigma ang La Bamba sa mga puwersa ng Censor at ng Kulto ng Gulo. Inutos niyang patayin ang tatay ng **HARI NG KAMAO**, noong bata pa lang ang Hari at Anne pa ang ginagamit na pangalan. Kilala siya ni **BABARIL ALAK** bilang **ASOG BAKLA**. Galanteng supporter ng sining at literatura, lalo na ng teatro. Marami siyang kaaway, at mas maraming sikreto. Balak pasukin ng port magnate na si **BASTARDO BASTANTE** ang kanyang isip.

**Zombie** Hindi patay pero hindi rin buhay, mga tao na walang ibang gustong gawin kundi kumonsumo.

**Zone Layer** Isa sa pinakasikat na disco sa buong mundo. Para sa ilan, simbolo ito ng decadence at ekonomikong karahasan.

# Postface

Humigit-kumulang isang dekada na mula nang simulan ko ang proyektong ito. Buhay pa ang tatay ko noon. Nagmumuni-muni pa ako noon tungkol sa metaporikal na makina na tulong sa pagsusulat. Ngayon, kung gugustuhin ko, pwede ko nang ipasulat ang isang nobela sa AI. Bagaman kulang pa ng ilang taon, naniniwala akong makakamit din, at mahihigitan, ng AI ang husay ng tao sa pagsusulat. Kung gayon, dalawa na lang ang pwedeng papel ng isang tao. Una, ang maging Usain Bolt sa pagsusulat. Si Bolt ang pinakamabilis na tao sa lupa (at kalawakan), pero kumpara sa kotse, mabagal siya. Ganito na rin tayo sa loob ng limang taon. Ako, si U Eliserio, ang pinakamabilis magsulat na Filipino, kunwari, nakakasulat ng 2,000 salita araw-araw. Pero, kumpara sa AI, mabagal ako.

Pangalawa, maaaring maging ang manunulat na direktor. Pwede na. Iskolar lang yata ang nakakakilala kay Miguel de Leon (at kinailangan ko pa siyang iwikipedia). Ang magiging papel natin, prompt engineer. Pare-pareho naman tayo ng AI na ginagamit, pero bakit mas magaling ang likha ng AI ko? Naroon na ang larang ng tunggalian.

Sabagay, sino naman kasi ang gagamit ng AI para magsulat ng nobela, kung pwede mong gamitin ang AI para lumikha ng pelikula? Kung ngayong 2024 pupunta ka sa YouTube para manood ng videos na cinurate para sa iyo ng algoritmo, sa 2030 pupunta ka sa TubeYou para sabihin ditong gawan ka ng episode ng Seinfeld na tungkol sa COVID-19.

Ang nakakatawa, hindi pa ang AI ang pinakamalaking panganib na kinakaharap ng manunulat sa kasalukuyang panahon. Ito na siguro ang pinakamainit na tag-init sa buhay ko, at pupusta akong hindi naman lalamig sa mga susunod na taon. Wala namang magkakaila sa krisis sa klima, pero pa rin, kahit na Filipino, kahit na kabataan, na nagkikibit-balikat na lang tungkol dito.

Sabagay baka hindi ko na abutan ang paglubog ng Maynila sa tubig, sakaling unahan ito ng diabetes o atake sa puso. Kasalanan ko at kumain ako ng maalat at uminom ng matamis. Kasalanan ng mga multinasyonal na kompanya at binentahan nila ako nito. Sakali mang hindi ako mamatay nang maaga, pwede pa ring para na lang akong hindi nabuhay, sa pag-ubos ko ng oras sa mga mas sniking ahente ng kapitalismong limbic: ang nabanggit nang YouTube, kasama ang mga bampirang social media platform. Itong huli, syempre, ay tahanan ng mga Tobias Funke at pBHL (Pinoy BHL). Napakalaking bagay bang hingin sa manunulat ang maging awtentiko? Binalaan na tayong lahat tungkol sa estetisasyon ng pulitika.

Napapatingin ako sa mga gawa ni Berry Manansala at napapaisip. Mayroon bang mahuhugot na kabatiran mula sa mga ito? Batis ba ito para sa personal at pulitikal (pero inuulit ko ang aking sarili) na pakikipagdigma? At kung hindi? A, sabi nga ni Babaril Alak: “Laban lang. Laban lang. Mamamatay din naman tayong lahat.”

# Pasasalamat

Salamat kina Nonoy, Mama, Kuya, Dedey, at Nini. Salamat kina Ann at Amber, Ninong Joseph at Tita Ninang.

Salamat kay Sir Bomen. Salamat kay Mam Chari. Salamat kay Sir Wendell. Salamat kay Florentino "Boy" Iniego. Salamat kay Sir Jun. Salamat kay Sir Roland.

Salamat kay Mam Will at Elyrah. Salamat kay Ron. Salamat kina Gerard, Arlo, at Tilde. Salamat kina April at Marie. Salamat kina Sir Omeng at Vlad. Salamat kay Sir Alwin at Sir Siao. Salamat kay Ate Susan. Salamat kina Tin at Mena.

Salamat sa UST CCWLS, lalo na kay Mam Ailil at Ned. Salamat sa PUP Creative Writing Center, kina Dekki, Sol, at MJ.

Salamat kay Mykel Andrada sa hindi pagsuko sa laban para hindi ako mapatalsik sa UP.

Salamat kay Maynard Manansala sa pagiging best writing partner (and director!) ever.

Salamat kay Chuckberry Pascual, kasabay ko sa pangangarap sa pagsusulat.

Ang librong ito ay alay kina Zarina at Morgan.

# Pagkilala

Ang mga entri para sa titik B ay unang lumabas sa Daluyan: Espesyal na Isyung Pampanitikan 2016; ang mga entri para sa titik C ay unang lumabas sa Tomas: The Journal of the UST Center for Creative Writing and Literary Studies, Volume 2, Issue 9, 1st Term 2016-2017; ang mga entri para sa titik H ay unang lumabas sa Entrada, Vol. II, Issue 2, 2015 ang mga entri para sa titik L ay unang lumabas sa Philippine Humanities Review, Vol 19, No 1 (2017); ang mga entri para sa titik M ay unang lumabas sa Tungkol sa Aso (Manila: UST Publishing House, 2019); ang mga entri para sa titik X ay unang lumabas sa Ani 39 2015-2016 (Manila: Cultural Center of the Philippines).

# Acknowledgement

This work was funded by the UP System Enhanced Creative Work and Research Grant (ECWRG-2015-2-026).

# Tungkol Sa May Akda

Si U Z. Eliserio ay awtor ng mga koleksyon ng maikling kwento at kritisismo. Ang mga dula niya ay naitanghal na sa Cultural Center of the Philippines. Isinalin niya sa Filipino sina Rousseau, Nietzsche, at Bakunin. Bisitahin siya sa ueliserio.com/books.

Makakatulong tiyak sa mga interesado sa panitikang Filipino. Inilalarawan ang mga pangunahin at minor na tauhan sa mga nobela ni Berry Manansala sa tuwiran at mayamang paraan. Inirerekomenda para sa mga mananaliksik ng kultura at lipunang Filipino. Para sa mga estudyante ng senior high school at kolehiyo.

**Sentro ng Wikang Filipino**
Unibersidad ng Pilipinas
Diliman, Lungsod Quezon